


## KABANATA 1

# ANG SIMULA...



ANG KUWENTONG ITO AY ISINALAYSAY SA ISANG LUMANG AKLAT, LIBU-LIBONG TAON NA ANG NAKALIPAS. ANG BAWAT SALITA NA AKING SASABIHIN SA INYO AY TOTOO. KARAMIHAN NITO AY MAHIRAP NA PANIWALAAN,
NGUNIT ANG KATOTOHANAN AY MADALAS NA HINDI KILALA KAY SA KATHA.


SA SIMULA BAGO PA NILIKHA ANG UNANG TAO; BAGO PA ANG DAIGDIG, ANG ARAW, ANG MGA BITUIN, KAHIT BAGO PA NILIKHA ANG LIWANAG AT PANAHON, NANDOON NA ANG DIYOS.


SIYA LAMANG ANG NABUHAY NA WALANG SIMULA, SUBALIT HINDI SIYA NAG-IISA. SIYA, BILANG TRINIDAD NG TATLONG BAHAGI, AY NAKIPAGNIIG SA KANYANG SARILI.
SUBALIT IBIG NG DIYOS NA IBAHAGI ANG KANYANG BUHAY. NAIS NIYA NG MGA KAIBIGAN AT MGA KAPITBAHAY.


ANG BIBLIYA AY NAGSASABI SA ATIN NA SA NAKARAAN NA WALANG HANGGAN, NILIKHA NG DIYOS ANG NAPAKARAMING URI NG MGA ANGHEL UPANG MAG- HANDOG NG MGA PAGPUPURI SA PALIBOT NG KANYANG TRONO NGUNIT ISA NA TINATAWAG NA LUCIFER AY NAGPASIMUNO SA IKATLO SA KANILA NG PAGHIHIMAGSIK. ITINAPON SILA NG DIYOS PALABAS SA LANGIT AT ANG PANGALAN NI LUCIFER AY PINALITAN NG SATANAS.



NGUNIT HINDI ITO ANG KANILANG KASAYSAYAN.
ITO AY KUWENTO NG DIYOS NA GUMAGAWA SA SANGKATAUHAN.
PARA SA DAGDAG KAALAMAN TUNGKOL KAY SATANAS TINGNAN ANG: ISAIAS 14:12-1-4; EZEKIEL 28:13-19; MATEO 25:41; LUKAS 10:18; APOKALIPSIS 12:4, 20:2


NANG PASIMULA NILIKHA NG DIYOS ANG LANGIT AT ANG LUPA. AT NANGYARI, ANG LUPA AY WALANG HUGIS AT WALANG LAMAN, AT ANG MAY LIKHA AY SUMASA IBABAW NG TUBIG.



BIGLANG NAGSALITA ANG DIYOS SA KADILIMAN
"MAGKAROON NG LIWANAG"



ANG "TEORIYA NG EBOLUSYON" AY ISANG MALING IDEYA NA INIISIP NG MGA TAO NA NAGTUTURO NA ANG SANGKATAUHAN AY NABUO GALING SA MABABANG URI NG BUHAY SA PAGDAAN NG ILANG MILYONG TAON. HINDI ITO AYON SA INIISIP NG TAO. HINDI GINAMIT NG MAYLIKHA ANG EBOLUSYON. SIYA AY NAGLIKHA SA LAHAT NG BAGAY SA PAMAMAGITAN LAMANG NG PAGSALITA SA KANILA UPANG IIRAL.


SA ANIM NA 24 NA ORAS NA MGA ARAW, GINAWA NG DIYOS ANG MGA HALAMAN AT MGA HAYOP UPANG MANIRAHAN SA LUPA.
GENESIS 1:2-3 (HUMIGIT-KUMULANG 4004 BC...)



SA IKAANIM NA ARAW BINUO NG DIYOS ANG BAGONG BAGAY GALING SA ALABOK SA LUPA.
BINUO NG DIYOS ANG KATAWAN NG TAO GALING SA ALABOK SA LUPA, AT PAGKATAPOS IHININGA ANG KANYANG SARILING BUHAY SA SISIDLAN NA LUWAD. ANG TAO AY KAKAIBA KAYSA SA MGA HAYOP AT NAGING BUHAY NA KALULUWA- SA MUKHA NG DIYOS.


TINAWAG NG DIYOS ANG BAGONG LIKHA AT IBINIGAY SA KANYA ANG PANGALAN NA ADAN.
TININGNAN NG DIYOS ANG LAHAT NG KANYANG NILIKHA AT SINABI, "ITO AY NAPAKABUTI."
GENESIS 1:31, 2:7


SA BAWAT ARAW, NAKIPAG-USAP ANG DIYOS KAY ADAN, AT ANG BUHAY AY KAHANGAHANGA. DINALA NG DIYOS ANG MGA HAYOP SA HARAP NI ADAM UPANG SIYA AY MAKAPAGBIGAY SA BAWAT ISA NG PANGALAN. HABANG ANG MGA HAYOP AY DUMADAAN, SI ADAN AY NAKAISIP NA SIYA AY WALANG KABIYAK KATULAD SA KANILA.


AT SINABI NG DIYOS...
AKO AY GAGAWA NG ISANG KABIYAK UPANG TUTULONG KAY ADAN.
GINAWA NG DIYOS KAY ADAM UPANG SIYA AY MAKARANAS NG ISANG MALALIM NA PAGKATULOG, AT PAGKATAPOS KINUHA ANG ISANG TADYANG GALING SA KANYANG GILID. SA PAMAMAGITAN NG TADYANG GINAWA NG DIYOS ANG ISANG MAGANDANG BABAE UPANG MAGING MAPAGMAHAL NA KATULONG NI ADAM.


GINISING NG DIYOS SI ADAN AT DINALA ANG BABAE SA KANYA. SINABI NIYA SA KANILA NA MAGKAROON NG MGA ANAK AT MAGPAKARAMI SA LUPA. AT TINAWAG NI ADAN ANG KANYANG MAGANDANG BAGONG ASAWA NA EVA.
SIYA AY BUTO NG AKING BUTO AT LAMAN NG AKING LAMAN.
SI SATANAS, ANG MASAMA AY NAKATINGIN.
SILANG DALAWA AY KAPWA HUBAD, NGUNIT, TULAD SA MGA BATA, SILA AY WALANG MALAY DITO.


SILA AY MASAYA SA HALAMANAN. WALANG KASALANAN, WALANG GUTOM; HINDI GAANONG MAINIT O GAANONG MALAMIG. SINABI NG DIYOS:
SINABI NG DIYOS TUNGKOL SA MGA PUNONG KAHOY, NA SINASABI...
KAYO AY MAARING KUMAIN SA LAHAT NG MGA PUNONG KAHOY SA HALAMANAN, NGUNIT HUWAG KUMAIN MULA SA ISANG PUNONG KAHOY SA LOOB NG HALAMANAN DAHIL SA ARAW NA KAYO AY KUMAIN KAYO AY MAMAMATAY.
GENESIS 1:28, 2:2, 16-22, 25

KINASUSUKLAMAN NI SATANAS ANG DIYOS AT GUSTO NIYANG WASAKIN ANG GINAGAWA NG DIYOS, SIYA AY NAGHANAP NG ISANG PARAAN PARA MAKA- USAP SI EVA, KAYA PINASOK NIYA ANG KATAWAN NG ISANG MAGANDANG NILIKHA NA HAYOP AT NAGSALITA SA PAMAMAGITAN NG KANYANG BIBIG.





SINABI NIYA NA KAMI AY MAKAKAKAIN SA BAWAT PUNO MALIBAN SA ISANG ITO, NGUNIT KUNG AMING ITONG HIHIPUIN, KAMI AY MAMAMATAY.
HA! HINDI KAYO MAMAMATAY. IKAW AY MAGING KATULAD SA MGA DIYOS SA PANAHON NA IKAW AY KAKAIN. IKAW AY MALILIWANAGAN KATULAD NAMIN AT MALALAMAN MO ANG LAHAT TUNGKOL SA MABUTI AT MASAMA.




HINDI PA ALAM NI EVA KUNG ANO ANG MABUTI AT MASAMA.


SINUWAY NI EVA ANG DIYOS AT KINAIN ANG BUNGA.
HULI NA, NAUNAWAN NA NGAYON NI EVA NA SIYA AY NALINLANG. NAGDULOT ITO SA KANYA NG PAGKAALAM NG MABUTI AT MASAMA, NGUNIT ANG MASAMA NA ANG NAGKONTROL.




GENESIS 3:1-6; APOKALIPSIS 20:2



SILA'Y NALIWANAGAN AT NAHIYA SA KANILANG PAGKAHUBAD.
HA, HA, HA, PAPATAYIN NIYA KAYO NGAYON! TINGNAN KUNG ANO ANG GINAWA NIYA SA AKIN.



ANO ANG ATING GINAWA?
SINUWAY NATIN ANG DIYOS. SIYA AY PAPARATING NA. TAYO'Y KAILANGAN MAGTAKIP SA ATING PAGKAHUBO'T HUBAD.



ADAM, NASAAN NA KAYO?
NARINIG KO ANG IYONG TINIG AT AKO'Y NATAKOT SAPAGKAT AKO'Y HUBO'T HUBAD.
SINONG NAGSABI SA IYO NA IKAW AY HUBO'T HUBAD? SINUWAY MO BA AKO AT KUMAIN NG IPINAGBABAWAL NA BUNGA?


GINAWA ITO NG BABAE NA INYONG IBINIGAY SA AKIN.
GENESIS 3:6-12



HISSSSS...
NILINLANG AKO NG AHAS. SINABI NIYA NA AKO AY HINDI MAMAMATAY; NA AKO AY MAGIGING KATULAD NIYO, NGUNIT AKO\ U2019Y HINDI NAGING KATULAD NIYO. KAKILA-KILABOT ANG AKING NARAMDAMAN.


KAYA SINUMPA NG DIYOS ANG AHAS AT SINABI SA KANYA..
AT PAPAGAALITIN KO IKAW AT ANG BABAE, AT ANG IYONG BINHI AT ANG KANYANG BINHI: ITO ANG DUDUROG NG IYONG ULO, AT IKAW ANG DUDUROG NG KANYANG SAKONG.
DAHIL ITO ANG GINAWA MO, IKAW AY GAGAPANG SA IYONG TIYAN AT KUKUHA NG ALIKABOK SA IYONG BIBIG.


ITO ANG PANGAKO SA DARATING NA DIGMAAN. ISANG PANAHON ANG DARATING NA ANG ANAK NG BABAE AY TATALO KAY SATANAS. ANG PERSONANG ITO'Y MAGTUTUBOS SA SANGKATAUHAN PABALIK SA DIYOS AT MAGLILIGTAS SA KANILA MULA SA SUMPA NG KASALANAN AT KAMATAYAN.
GENESIS 3:13-15
MAARING PUKSAIN KAAGAD NG DIYOS SI LUCIFER AT ANG LAHAT NG KANYANG MGA ANGHEL NA KASAMA, SUBALIT PINAHINTULUTAN NIYA NA MABUHAY SILA UPANG SUBUKIN ANG LAHI NG TAO O 'DI KAYA AY SUNDIN NILA SI SATANAS SA KANYANG PAG-REBELYON.



ISINUMPA NG DIYOS ANG SANGKATAUHAN NA NAGSASABI...
ADAM, BECAUSE YOU YIELDED TO YOUR WIFE'S PERSUASION AND DISOBEYED ME, I WILL CURSE THIS EARTH AND CAUSE THORNS AND THISTLES TO GROW BETTER THAN THE VEGETABLES, AND YOU WILL HAVE TO WORK HARD TO MAKE THE GROUND PRODUCE SOMETHING TO EAT. AS LONG AS YOU LIVE, YOU WILL HAVE SORROW, WORKING BY THE SWEAT ON YOUR FACE UNTIL YOU DIE AND RETURN TO THE GROUND FROM WHICH YOU WERE MADE.


NGAYON AY PANAHON NA UPANG SI ADAN AT EVA AY PATAYIN TULAD SA IPINANGAKO NG DIYOS. SA HALIP NA PATAYIN SILA, PUMATAY ANG DIYOS NG MGA HAYOP KAPALIT NG LUGAR NILA AT KINUHA ANG MGA BALAT UPANG GAWING MGA DAMIT PARA KAY ADAN AT EVA.


HINDI NIYA TAYO PINATAY! BUHAY PA TAYO!
PINATAY NIYA ANG MGA HAYOP SA HALIP NATIN!
SI ADAN AT EVA AY HINDI NAMATAY SA ARAW NA IYON SAPAGKAT ANG INOSENTENG MGA HAYOP ANG NAMATAY SA KANILANG LUGAR. NGUNIT ANG SENTENSIYA NG KAMATAYAN LUMAMPAS SA KANILA, AT SA KALAUNAN SILA RIN AY MAMAMATAY. ANG KAMATAYAN AY PARUSA SA KASALANAN.


SAPAGKAT SI ADAN AT EVA NGAYON AY MAKASALANAN NA, PINALABAS SILA NG DIYOS SA MAGANDANG HALAMANAN UPANG SILA AY HINDI NA MAKAKAIN SA PUNO NG BUHAY AT MABUHAY MAGPAKAILANMAN SA KANILANG KALAGAYAN BILANG MAKASALANAN.


INILAGAY NG DIYOS ANG ESPESYAL NA MGA ANGHEL NA TINAWAG NA KERUBIN, SA PASUKAN NG HARDIN UPANG MAPANATILING WALANG MAKAPASOK SA PUNO NG BUHAY. SA KALAUNAN SINIRA ANG HALAMANAN AT ANG PUNO KINUHA SA LUPA. ISANG ARAW ITO'Y DADALHIN PABALIK SA LUPA, SUBALIT MAYROON PA RING HIGIT PA SA KWENTONG ITO.
GENESIS 3:17-24; EZEKIEL 18:4



SI ADAN AT EVA AY NAGKAROON NG MARAMING ANAK. BANDANG HULI, ANG KANILANG MGA ANAK NA LALAKE AT MGA ANAK NA BABAE AY MAGPAPAKASAL SA BAWAT ISA AT MAGKAROON NG SARILI NILANG MGA ANAK.


ANG KANILANG UNANG ANAK NA LALAKE, SI CAIN, NAGTANIM NG MGA GULAY AT PRUTAS. ANG KANILANG PANGALAWANG ANAK NA LALAKE, SI ABEL, NAG-ALAGA NG MGA HAYOP. MAARI KAYA NA ANG ISA SA KANILA ANG MAGIGING IPINANGAKONG ANAK NA LALAKE NA LILIPOL KAY SATANAS?
ALAM NI CAIN AT ABEL ANG TUNGKOL SA DIYOS AT SA MGA NANGYARI SA HALAMANAN. NGUNIT ANG DIYOS AY HINDI NA LUMALAKAD AT NAKIKIPANAYAM SA SANGKATAUHAN. SI ADAN AT LAHAT NG KANYANG MGA SUPLING AY NAHIWALAY MULA SA DIYOS SA PAMAMAGITAN NG KANYANG PAGSUWAY. NAGING MAHIRAP ANG BUHAY NA WALANG DIYOS.


O DIYOS, AKO AY MAKASALANANG TAO; PINATAY KO ITONG BATANG TUPA AT INIHAHANDOG KO SA IYO SA LUGAR NG AKING SARILING KAMATAYAN.
DUMATING ANG ISANG ARAW NA ANG DALAWANG ANAK NA LALAKE NAGPASIYA NA SUMAMBA SA DIYOS. SINABI NG KANILANG AMA NA ANG DIYOS AY PUMATAY NG MGA HAYOP SA HALAMAN. KAYA SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA, SI ABEL AY PUMATAY NG ISANG HAYOP AT INIHANDOG ITO SA DIYOS.




GENESIS 4:1-4; ROMA 3:23; HEBREO 11:4


HINDI, CAIN
TINANGGIHAN NG DIYOS ANG MGA HANDOG NI CAIN SAPAGKAT ITO'Y WALANG DUGO.


NALUGOD ANG DIYOS KAY ABEL AT SA KANYANG HANDOG. NANG MAKITA NIYA ANG PAGBUHOS NG DUGO NG INOSENTENG BATANG TUPA, INALIS NG DIYOS ANG KASALANAN NI ABEL.
SINABI NG DIYOS KAY CAIN, “KUNG GAGAWIN MO ANG DAPAT MONG GAWIN MALULUGOD AKO SA IYO. AT PAMAMAHALAAN MO ANG IYONG KAPATID NA SI ABEL AT MAMUMUHAY SIYANG NAGPAPASAKOP SA IYO


IKAW BA AY MAS MAGALING KAY SA AKIN? ANG HALAGA NG AKING MGA PRUTAS AT MGA GULAY AY MAS HIGIT PA KAY SA IYONG MADUGONG BATANG TUPA. ANO BA ANG NAGPAPA-ESPESYAL SA IYO?
AKING KAPATID, MAYROON PANG PANAHON PARA MAKAPAG-ALAY KA NG ISANG SAKRIPISYO NA MAY DUGO.




SI ABEL AY NAMATAY, AT SINUBUKAN NI CAIN NA ITAGO ANG KANYANG SALA NG PAGPATAY.


SUBALIT HINDI MAKAPAGTAGO SI CAIN SA KANYANG MASAMANG GAWA MULA SA DIYOS. ANG DIYOS AY NAKAKITA AT NAKAKA-ALAM NG LAHAT.
CAIN, NASAAN ANG INYONG KAPATID NA LALAKE NA SI ABEL?
HINDI KO PO ALAM. HINDI AKO NAGBABANTAY SA AKING KAPATID NA LALAKE.
ANG DUGO NG IYONG KAPATID NA LALAKE NANDIYAN PA SA LUPA. ITO AY NAGPAKITA SA AKIN NG INYONG MASAMANG GAWA.



ALAM NG DIYOS ANG LAHAT. SIYA AY NAKAKAKITA SA BAWAT ISA SA LAHAT NG PANAHON. WALANG MAITATAGO MULA SA KANYA. NAKITA NIYA ANG GINAWA NI CAIN KAY ABEL. INILAGAY NG DIYOS KAY CAIN ANG ISANG SUMPA AT SIYA AY TUMAKAS PAPUNTA SA PARANG, NA KASAMA ANG KANYANG ASAWA. ANG KANYANG PAGKAKASALA ANG NAGBIGAY SA KANYA NG MALAKING DALAMHATI AT PAGHIHIRAP.
HINDI MAAARING SI CAIN ANG IPINANGAKONG TAGAPAGLIGTAS. SIYA MISMO AY NANGANGAILANGAN NG KALIGTASAN.





GENESIS 4:9-16, 5:4; MGA GAWA 17:24-28


NAGKAROON NG ANAK NA LALAKE SI SETH, AT ANG KANYANG ANAK NA LALAKE AY NAGKAROON DIN NG ANAK NA LALAKE, AT MARAMI PANG MGA ANAK NA LALAKE ANG ISINILANG, NGUNIT WALA PA RING DUMATING UPANG ALISIN ANG SUMPA SA KASALANAN AT LIPULIN ANG KAMATAYAN. HINDI NAGTAGAL, ANG LUPA AY TINAYUAN NG MARAMING LUNGSOD, MGA NAYON, AT MGA SAKAHAN.


SA BAWAT BAGONG HENERASYON, HABANG ANG MGA TAO AY DUMARAMI, ANG KASALANAN AY DUMARAMI. GINAWA NG MGA TAO ANG SEKSWAL NA KASALANAN AT NAGING MARAHAS. ANG BAWAT ISIP AY MAKASALANAN. WALANG ISANG NABUHAY NG MATUWID. GINAWA NI ADAN ANG ISANG SALA; NGAYON GINAWA NG MGA TAO ANG MARAMING KASALANAN.
SINABI NG DIYOS, "AKO'Y NAGSISISI NA AKING GINAWA ANG TAO SA LUPA. PAPATAYIN KO ANG BAWAT ISA NA MAY BUHAY SA LUPA. SI SATANAS, NA NAPOPOOT SA KAHARIAN NG DIYOS, AY MAGAGALAK NA TUMINGIN SA DIYOS NA PAPATAYIN ANG BAWAT ISA.


SIYAM NA HENERASYON (1,400) NA NGAYON ANG NAKALIPAS AT ANG SANLIBUTAN AY NAPUNO NG KASALANAN.
GINAWANG ALIPIN NG MGA TAO ANG KANILANG KABABAYAN.
MAGKAKAROON PA KAYA ANG DIYOS NG ISANG PAMILYA NA IIBIG AT SUSUNOD SA KANYA?
GENESIS 6:5-7; MGA TAGA ROMA 5:12


HUMIGIT-KUMULANG 2500 B.C.
SUBALIT MAYROONG ISANG TAO, SI NOA, NA NANINIWALA SA HUSTISYA AT PALAGING GINAGAWA ANG WASTONG BAGAY. NAGPASIYA ANG DIYOS NA MAGBIGAY NG BIYAYA SA KANYA AT HUWAG SIYANG PATAYIN O ANG KANYANG PAMILYA NANG PINATAY NIYA ANG LAHAT NG IBANG TAO.


NOA,
AKO AY MAGPAPADALA
NG MALAKING
BAHA SA BUONG KALUPAAN.
ANG LAHAT NG
BAGAY NA MAY HININGA AY
MAMAMATAY.
UPANG MAKALIGTAS KA,
ANG IYONG
PAMILYA AT ANG MGA
HAYOP, IKAW AY
GAGAWA NG ISANG
MALAKING DAONG.


DALHIN NIYO SA DAONG ANG ISANG PARES NG BAWAT HAYOP SA LUPA. DALHIN MO ANG PITO SA LAHAT NG MGA HAYOP NA PINAPAYAGANG KAININ. SASABIHIN KO SA IYO PAPAANO ANG PAGGAWA SA DAONG AT ANO ANG IYONG MGA KAKAILANGANIN UPANG PAGHANDAAN ANG BAHA.




GENESIS 6:8-9, 17-22, 7:2



SINASABI SA INYO NG ISANG BESES PA. WAWASAKIN NG DIYOS ANG MUNDO SA PAMAMAGITAN NG MALAKING BAHA. KAYO AY KAILANGANG MANIWALA SA AKIN AT SUMAMA SA AKIN SA DAONG.
NAGPALUNGKOT KAY NOA ANG PAG-IISIP NA ANG BAWAT ISA AY MAMATAY SA DARATING NA BAHA, KAYA GINUGOL NIYA ANG MALAKING PANAHON SA PAGBIBIGAY NG BABALA SA KANILA UPANG HUMINTO SA PAGKAKASALA.


BAKIT ANG ISANG NAGMAMAHAL NA DIYOS AY PAPATAYIN ANG KANIYANG MGA ANAK?
DAHIL SA KASALANAN. KAYO AY DAPAT HUMINTO NA SA PAGKAKASALA AT MAKITUNGO SA INYONG KAPITBAHAY NA MAY PAG-IBIG AT HUSTISYA.
MATANDANG HANGAL KA!


ISANG DAAN AT DALAWAMPUNG TAON PAGKATAPOS NA MABUO ANG DAONG, GINAWA NG DIYOS NA PUMUNTA ANG MGA HAYOP KAY NOA MULA SA BUONG BAHAGI NG DAIGDIG.
TINGNAN MO, DUMARATING PA RIN ANG MGA HAYOP. SILANG LAHAT AY NAGPUNTA SA KANILANG MGA SARILI LAMANG, NA WALANG ISANG NANGUNGUNA SA KANILA, NA TILA MAY ISANG TUMATAWAG SA KANILA.




GENESIS 7:7-9; 2 PEDRO 2:5


HALOS WALA NANG NATITIRANG MALAKING SILID PA.
ITO NA ANG HULING MGA HAYOP NA DUMATING.
NOA, PANAHON NA. PUMASOK KA NA SA DAONG KASAMA ANG LAHAT NG IYONG PAMILYA AT MGA HAYOP. SA MADALING PANAHON AY HULI NA PARA SA LAHAT NG TUMANGGI SA PAGHINTO SA PAGGAWA NG KASALANAN.


ISINARA NG DIYOS ANG PINTO NG DAONG, AT SA LOOB NG PITONG ARAW AY WALANG NANGYARI.
HA, HA, TINGNAN NIYO ANG MGA ULOL, NAKULONG SA MALAKING DAONG KASAMA NG LAHAT NG MGA HAYOP SA GITNA NG TUYONG KAPATAGAN, NAPAKALAYO MULA SA ANUMANG TUBIG.
MALAMANG KINAIN NA SILA NG MGA LEYON.
ISANG LINGGO NA SILANG NANDIYAN!


NGUNIT SA IKAPITONG ARAW NAGSIMULA NANG UMULAN, AT ANG TUBIG NA NAKAIMBAK SA ILALIM NG LUPA AY PUMAIBABAW.
HINDI PA TALAGA AKO NAKAKITA NG GANITO; SA PALAGAY NIYO BA ANG MGA ULOL NA TAO SA DAONG AY TAMA TUNGKOL SA DIYOS NA GUSTONG PATAYIN ANG LAHAT DAHIL SA KANILANG KASALANAN?






BAGO NG PANAHONG ITO, HINDI PA UMULAN KAILANMAN. ANG PANAHON AY PALAGING MAGANDA AT ANG AMBON AY LUMITAW GALING SA MUNDO UPANG TUBIGAN ANG LUPA. WALA PANG NAKAKITA O NAKARINIG NG ULAN. SI NOA AY WALANG DAHILAN UPANG MANIWALA NA UULAN MALIBAN SA SINABI NG DIYOS. MARAMING TAO ANG NAG-AKALA NA SI NOA AY NABALIW SA PAG-IISIP AT ANG TUBIG AY MAHUHULOG GALING SA LANGIT, NGUNIT SI NOA AY NANAMPALATAYA SA SINABI NG DIYOS.




GENESIS 7:9-12, 16

HUMIGIT-KUMULANG 2348 BC





GENESIS 7:12, 19-23, 8:9-12
AKO'Y MATUTUWA KAPAG ANG TUBIG AY BUMABA NA AT MAAARI NA NATING IWAN ANG DAONG NA ITO.
SA WAKAS, PINAKAWALAN NI NOA ANG ISANG KALAPATI AT ITO NAGBALIK DALA ANG ISANG SANGA SA KANYANG TUKA, NA ANG KAHULUGAN AY SA ISANG LUGAR MAYROON NANG ISANG PUNO NA TUMUTUBO. SA HULI, MULI NIYA ITONG PINAKAWALAN, AT SA PANAHON NA IYON ITO AY HINDI NA BUMALIK, NANGANGAHULUGAN NA ITO'Y NAKAKITA NA NG ISANG LUGAR PARA MABUHAY.


HINDI NAGTAGAL, ANG DAONG AY PUMIRMI SA TUTKTOK NG BUNDOK NA TINAWAG NA ARARAT. LUMABAS ANG BAWAT ISA SA ISANG BAGONG MUNDO- ISANG MUNDO NA WALANG KASALANAN.

ITINAYO NI NOA ANG ISANG ALTAR AT INIALAY ANG MGA HAYOP NA SAKRIPISYO SA DIYOS. BAGAMAT SI NOA AY ISANG MAKATUWIRANG TAO, MAYROON PA RING SALA SA KANYANG PUSO. ANG MGA DUGONG SAKRIPISYO NA ITO AY INIALAY SA DIYOS NA KAPALIT SA MGA BUHAY NI NOA AT LAHAT NG KANYANG PAMILYA.



ANG MGA HAYOP AY KUMAKATAWAN SA WALO NA DAPAT AY MAMATAY SA BAHA, NGUNIT NAAWAAN SA BIYAYA NG DIYOS. ITO'Y TULAD SA GINAWA NG DIYOS SA HALAMANAN NANG PINATAY NIYA ANG MGA HAYOP UPANG GAWING PANTAKIP KAY ADAN AT EVA.


BIBIGYAN KITA NG BAHAGHARI SA LANGIT NA ISANG PALATANDAAN NA HINDI KO NA KAILANMAN LILIPULIN MULI ANG LUPA SA PAMAMAGITAN NG TUBIG. IKAW AY DAPAT MAGKAROON NG MARAMING ANAK, MAGHIWA-HIWALAY KAYO, AT MULING MAGPAKARAMI SA BUONG LUPA.


GAGAWIN KONG MATATAKOT ANG MGA HAYOP SA TAO. MAARI KANG KUMAIN SA KAHIT ANONG NILIKHA NA BUHAY AT GUMAGAPANG SA LUPA, KATULAD LAMANG NANG KAYO AY KUMAKAIN NG MGA GULAY AT MGA PANANIM NA DAMO SA PARANG. NGUNIT KAYO AY HINDI KAKAIN SA DUGO NG KAHIT ANONG NILIKHA.HUWAG KAYONG PAPATAY KAHIT SINOMAN.
KUNG MAYROON MANG MATAGPUAN NA MAY KASALANAN SA PAGPATAY SA IBA, KUNG GAYON SIYA AY PAPATAYIN DIN NG IBANG TAO. KUNG ANG ISANG TAO AY NAGBUHOS NG DUGO NG IBANG TAO, KUNG GAYON ANG IBANG MGA TAO AY BUBUHOS DIN SA KANYANG DUGO UPANG IBAYAD SA KANYANG KRIMEN, DAHIL ANG BUHAY AY NASA DUGO.



SI NOA AY NAGING ISANG MAGSASAKA AT NAGTANIM NG MGA UBAS. ANG BAGONG SANLIBUTAN AY MALUNGKOT DAHIL APAT LAMANG ANG PAMILYA, SUBALIT SA HINDI NAGTAGAL ANG KANYANG MGA ANAK NA LALAKE NAGKAROON NG SARILI NILANG MGA ANAK.





NATUKLASAN NI NOA NA SA PAMAMAGITAN NG PAGLAGAY NG PRUTAS SA ISANG SISIDLAN AT HAYAAN ITO NG ILANG LINGGO ITO'Y NAGING INUMING MAY ALKOHOL NA NAGDULOT SA KANYA NG NAKAKATUWANG PAKIRAMDAM. NAGUSTOHAN NG HUSTO NI NOA ANG INUMIN KAYA PAMINSAN- MINSAN SIYA AY HINDI MAKAPAGTRABAHO. SIYA AY NATUMBA AT NAWALAN NG MALAY. DAHIL DITO, NAKAGAWA SIYA NG MGA BAGAY NA NAGPASAMA SA LOOB NG DIYOS.



ISANG ARAW SI NOA AY LUBHANG NALASING NA SIYA'Y NAGING HUBO'T HUBAD AT MAYA-MAYA NAWALAN NG MALAY. ANG KANYANG ANAK NA LALAKE, SI HAM, ANG NAKAKITA SA KAHIHIYAN NG KANYANG AMA AT NASIYAHAN ITO. SINABIHAN NIYA ANG KANYANG MGA KAPATID NA LALAKE NA MAY PABIRONG TONO SA KANYANG NAKITA.


NANG SI NOA AY NAGISING, SINABI NG KANYANG MGA ANAK NA LALAKE KUNG ANO ANG GINAWA NI HAM.
ANG IYONG ANAK NA LALAKENG SI CANAAN, AT LAHAT NG KANYANG MGA LAHI AY MAGIGING ALIPIN SA MGA LAHI NAMAN NG IYONG KAPATID NA SI SEM.


MARAMING TAON ANG NAKARAAN, ANG HULANG ITO AY NAGING TOTOO. ANG MGA TAGA CANAAN AY INOKUPA ANG PALESTINA AT NAUWI SA PAGIGING MGA ALIPIN NG MGA JUDEO.
GENESIS 9:21-27; I CRONICA 4:40
SALMO 78:51, 105:23,27,106:22


SETH
ADAM AT EVA
CAIN
ABEL
PINATAY NG DIYOS ANG BAWAT ISA MALIBAN SA WALONG KA-TAO.


SI NOA AT ANG KANYANG PAMILYA AY PINAGPAPALA SA BIYAYA NG DIYOS.
EUROPA
JAFET
TURKEY
SEM
ASIA
HAM
AFRIKA
EHIPTO
SA PAGLIPAS NG PANAHON SI JAPET AY NAPUNTA SA KANLURAN AT HILAGA UPANG MANIRAHAN AT MAGPAKARAMI. SI SEM NAPUNTA SA SILANGAN AT NANIRAHAN SA ASIA. SI HAM PUMUNTA SA TIMOG AT NANIRAHAN SA AFRIKA AT SA KATIMOGAN NG ASIA. ANG MGA LAHI NG KANYANG ANAK NA LALAKE, SI CANA, NANIRAHAN SA TINATAWAG NGAYON NA PALESTINA. AT SA GAYON ANG MUNDO AY MULING TINIRAHAN NG TAO.


HUMIGIT-KUMULANG 2247 B.C.
ANG ANAK NA LALAKE NI NOA, SI HAM, NAGKAROON NG ISANG ANAK NA LALAKE NA PINANGALAN NA CUSH, AT PAGKATAPOS SI CUSH NAGKAROON NG ANAK NA LALAKE NA PINANGALANAN NA NIMROD. SI NIMROD AY LUMAKI UPANG MAGING MALAKAS NA MANGANGASO AT NAGING KILALA SA BUONG LUPA. TINANGGIHAN NIYA ANG PAGSUNOD SA DIYOS AT NAGSIMULA NG KANYANG SARILING HUWAD NA RELIHIYON SA ISANG LUGAR NA TINAWAG NA BABILONIA.


ANG MGA TAO SA BABILONIA AY HINDI GUSTONG MAGHIWA-HIWALAY UPANG MAGPAKARAMI SA LUPA ALINSUNOD SA UTOS NG DIYOS, KAYA SILA AY NAGKAISA AT NAGTAYO ANG ISANG MALAKI AT MATAAS NA TORE BILANG SENTRO NG PAGSAMBA.


SUBALIT HINDI ANG KANILANG TAGAPAGLIKHA ANG SINAMBA. PINANGUNAHAN SILA NI SATANAS UPANG LUMIKHA NG KANILANG SARILING MGA DIOSDIOSAN MULA SA KAHOY, BATO AT BAKAL.

ANG DIYOS AY NAGALIT SA KANILANG PAGTANGGI NA MAGHIWA-HIWALAY SA BUONG MUNDO, KAYA GINAWA NIYA NA ANG MGA TAO AY MAKAPAGSALITA NG MARAMING MGA WIKA.



ANG MGA MANGGAGAWA AY HINDI NA MAGKAINTINDIHAN SA BAWAT ISA, KAYA HINDI NA NILA MAIPAGPATULOY ANG TRABAHO.



NG BAWAT GRUPO NG WIKA AY NAGTUNGO SA MAGKAIBANG DIREKSYON. ANG ILANG TAO AY PUMUNTA SA MALALAYONG LUGAR SA LUPA, ANG ILAN AY NAGLAKBAY SA MGA DAONG SA MALALAYONG ISLA, ANG ILAN SA HILAGA KUNG SAAN AY MALAMIG AT ANG ILAN AY PABABA SA MGA DISYERTO NA DOON AY MAINIT. AT SA GAYON ANG UTOS NG DIYOS NA MULING MAGPAKARAMI SA LUPA AY NATUPAD.



HABANG ANG LUPA AY NAPUNO NG MGA TAO, MULI RING DUMAMI ANG KASALANAN. ANG MGA TAO AY YUMUKO SA MGA DIYOSDIYOSAN AT NAKALIMOT SA BUHAY NA DIYOS.

GENESIS 10:6-10, 11:1-9




## KABANATA 2

# ABRAHAM


MAY ISANG TAO NA PINANGALANANG SI ABRAHAM NA HINDI NANINIWALA NA ANG REBULTO AY MGA DIYOS. ALAM NIYA NA ANG DIYOS ANG TAGAPAGLIKHA AT HINDI SINASAMBA SA PAMAMAGITAN NG MGA DIYOSDIYOSAN.



NAGSALITA ANG DIYOS SA KANYA, AT SINABI, "ABRAHAM UMALIS KA SA LUNGSOD NA ITO NG DIYOSDIYOSAN. IWANAN MO LAHAT ANG IYONG PAMILYA AT BAYAN AT IPAPAKITA KO SA IYO SAAN KA PUPUNTA. GAGAWIN KITANG AMA NG ISANG DAKILANG BANSA. PAGPAPALAIN KO SILANG NAGPAPALA SA IYO AT SUSUMPAIN KO SILANG NAGSUMPA SA IYO. SA IYO ANG ANG LAHAT NG MGA BANSA SA LUPA AY PAGPAPALAIN.





HUMIGIT-KUMULANG 1921 B.C.
ALAM NI ABRAHAM NA ANG BOSES NA NARINIG NIYA AY ANG BOSES NG DIYOS, KAYA SIYA AY SUMUNOD, NA WALANG ALAM SAAN SIYA PUPUNTA. ALAM NIYA NA IIWAN NIYA ANG DIYOSDIYOSAN AT SUSUNOD SA BUHAY NA DIYOS. HINDI NIYA KAILANGAN ANG DAGDAG NA KATIBAYAN UPANG MANALIG SA DIYOS, NGUNIT ISINAMA NIYA ANG KANYANG PAMANGKING LALAKE NA SI LOT.


ANG PAGLALAKBAY NI ABRAHAM AY NAGDALA SA KANYA SA LUPA NG CANAAN, NA KUNG SAAN ANG LALAKENG ANAK NI HAM AY NANIRAHAN. NGAYON ITO AY TINATAWAG NA PALESTINA. DOON ANG DIYOS AY NAKIPAG-USAP SA KANYA:
ABRAHAM, LAKARIN MO ANG LUPAING ITO MULA SA ISANG DULO HANGGANG SA KABILA. IBIBIGAY KO ANG LAHAT NG LUPAING ITO NG CANAAN SA MAGIGING ANAK MO. GAGAWIN KO SA IYO NA IKAW AY MAGKAROON NG NAPAKARAMING MGA ANAK NA HINDI MABIBILANG. SILA AY DADAMI NA PARANG ALIKABOK SA LUPA.




GENESIS 12:1-3, 13:14-17



HABANG NILAKBAY NI ABRAHAM ANG LUPAIN, PAMINSAN-MINSAN SIYA HUMINTO AT NAG-AALAY NG DUGO NA SAKRIPISYO SA DIYOS. KATULAD NI ABEL, GINAWA NIYA ANG SAKRIPISYO SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA, NA ALAM NA SIYA AY ISANG MAKASALANAN, KARAPATDAPAT SA KAMATAYAN.
ANG SAKRIPISYO NG ISANG BATANG TUPA AY HINDI MAKAKA- PAGALIS NG KANYANG KASALANAN, NGUNIT NANG MAKITA NG DIYOS ANG PANANAMPALATAYA NI ABRAHAM, INALIS NG DIYOS ANG SALA NI ABRAHAM.


SAMPUNG TAON ANG NAKARAAN.
ABRAHAM SAMPUNG TAON NA ANG NAKALIPAS NA SINABI SA IYO NG DIYOS NA IKAW AY MAGKAROON NG IYONG ANAK. AKO NGAYON AY 75 NA GULANG NA AT IKAW AY 85. TAYO AY TUMATANDA, NGUNIT WALA PA RING ANAK. HINDI MAGTATAGAL IKAW AT MASYADONG MATANDA NA UPANG MAGKAROON NG ISANG ANAK. NATITIYAK MO BA NA IKAW AY NAKARINIG MULA SA DIYOS?


ALAM KO NA ANG DIYOS NA NAGSALITA SA AKIN, NGUNIT HINDI KO MAINTINDIHAN BAKIT SIYA AY NAGHIHINTAY NG NAPAKATAGAL. SINABI NIYA NA AKO AY MAGIGING AMA NG ISANG DAKILANG BANSA, SUBALIT ANG LAHAT NG NASA AKIN AY ISANG MATANDANG KATAWAN, MATANDANG ASAWA NA HINDI NAGKAKA-ANAK AT ISANG MALAKING KAWAN NG TUPA.


HUWAG KANG MATAKOT, ABRAHAM, AKO ANG IYONG TAGAPAGTANGGOL AT DAKILANG GANTIMPALA.
ANO KAYANG GANTIMPALA ANG IYONG IBIBIGAY SA AKIN, YAMANG WALA NAMAN AKONG ANAK?
IKAW AT SI SARAH AY MAGKAKAROON NG ISANG ANAK.


HALIKA, ABRAHAM, PAGMASDAN MO ANG MGA BITUIN AT TINGNAN KUNG MAAARI MO SILANG BILANGIN. TULAD SA MGA BITUIN, ANG IYONG MGA ANAK AY MAGIGING NAPAKARAMI NA SILA AY HINDI MABIBILANG.
NANINIWALA AKONG ITO'Y MANGYAYARI TULAD NG IYONG SINABI.


GENESIS 15:1-6, 13-14
DAHIL IKAW AY NANIWALA SA AKIN, ITUTURING KO IYONG PANANAMPALATAYA NA ITO AY PARANG KATUWIRAN. MAGING TIYAK NA ANG IYONG MGA SUPLING AY MAGIGING DAYUHAN SA ISANG LUPAIN NA HINDI SA KANILA. PAGKATAPOS NG KANILANG PAGHIHIRAP BILANG MGA ALIPIN SA LOOB NG 400 NA TAON, PARURUSAHAN KO ANG BANSANG IYON AT ANG IYONG SUPLING AY LALABAS DOON KASAMA ANG MALAKING KAYAMANAN. PAGKATAPOS SILA'Y BABALIK DITO AT TITIRA SA LUPAING ITO.


NASAAN ANG PANGAKO NA ISANG ANAK? AKO'Y TUMATANDA SA BAWAT ARAW. DI MAGTATAGAL IKAW AY HINDI NA MAKAKAPAGLABAS NG BINHI. ABRAHAM, HINDI KO NA MAGAGAWANG MAKAPAGBIGAY SA IYO NG MGA ANAK.


ANG KAUGALIAN SA LUPAIN AY ANG AKING ALIPING BABAE AY PUWEDENG MAGKAANAK PARA SA AKIN.


ABRAHAM, HINDI MO BA NAKITA NA ITO NA ANG HULING PAGKAKATAON NA MAGKAROON NG ISANG ANAK? BAGO MAGING HULI ANG LAHAT, KAILANGAN GAMITIN MO SIYA AT MAGKAROON NG ANAK. ITO ANG KALOOBAN NG DIYOS. ANONG PARAAN PA BA PARA IKAW AY MAGING AMA NG ISANG DAKILANG BANSA?



GENESIS 16:1-4


MGA ILANG BUWAN ANG NAKARAAN
MAGKAROON AKO NG ANAK NI ABRAHAM
NANG NALAMAN NA NI HAGAR NA KANYANG DINADALA ANG ANAK NI ABRAHAM SIYA'Y NAGING MAYABANG AT HINAHAMAK SI SARAH. SI SARAH AY TUMATANDA NA HINDI MALIGAYA DAHIL SA PAGSELOS.



BINIGYAN NI SARAH NG MAHIRAP NA GAWAIN SI HAGAR AT NAGMALUPIT SA KANYA. HINDI NAGING LAYUNIN NG DIYOS NA ANG LALAKE AY MAGKAROON NG DALAWANG ASAWA O MAGKAROON NG MGA ANAK SA PAMAMAGITAN NG IBANG BABAE.
KAPAG IKAW TAPOS NA SA PAG-IGIB, MAGSIBAK KA NG KAHOY.
GUMAWA SI HAGAR NG PLANO NA LUMAYAS.


UMALIS SI HAGAR PALAYO KAY SARAH AT TUMAKAS PATUNGONG KAPARANGAN. NANG SIYA AY NAPAGOD AT HINDI NA MAKALAKAD NG MAS MALAYO PA, SIYA AY HINIMATAY. NAKITA NG DIYOS SI HAGAR SA KANYANG DALAMHATI AT NAGSALITA SA KANYA.
HAGAR, BUMALIK KA KAY SARAH AT MAGPASAKOP SA KANYA. IKAW AY MAGKAKAROON NG ISANG ANAK NA LALAKE AT ISHMAEL ANG IPANGALAN MO SA KANYA, NA ANG KAHULUGAN ANG DIYOS NAKINIG.



MAGMUMULA SA KANYA ANG MARAMING ANAK, NA HINDI MABIBILANG. SI ISHMAEL AY MAGIGING MAILAP NA TAO. SIYA AY PALAGING MAKIKIPAG-AWAY SA LAHAT AT ANG BAWAT ISA AY MAKIKIPAG-AWAY SA KANYA. SIYA AY PALAGING MANINIRAHAN MALAPIT SA LAHAT NG KANYANG MGA LALAKENG KAPATID.


NAGBALIK BAHAY SI HAGAR AT SA PAGLIPAS NG PANAHON ANG BATA AY ISINILANG.
SINABI NG DIYOS NA DAHIL ITONG BATA AY KAY ABRAHAM, SIYA AY MAGING AMA NG MARAMING BANSA.
SA HULI SI ISHMAEL AY NAGING AMA SA LAHAT NG MGA BANSANG ARABO.
GENESIS 16:4-16


SI ABRAHAM AY 86 NA TAON NANG SI ISHMAEL AY ISINILANG. HINDI NAGTAGAL PAGKATAPOS NG PAGSILANG KAY ISHMAEL, SI ABRAHAM AY NAGING MASYADONG MATANDA NA UPANG MAGKAANAK. SI ISHMAEL KAYA ANG IPINANGAKONG ANAK NG DIYOS KAY ABRAHAM? NGUNIT SINABI NG DIYOS ANG ANAK AY DARATING SA PAMAMAGITAN NI SARAH AT ABRAHAM.
PAANO TUTUPARIN NG DIYOS ANG KANYANG MGA PANGAKO KUNG SILANG DALAWA NI ABRAHAM AT SARAH AY SOBRANG TANDA NA UPANG MAGKAKAAAK.


NANG SI ISHMAEL AY NAGING 13 NA AT SI ABRAHAM AY 99 NA, NAGSALITA MULA ANG DIYOS SA KANYA.
ABRAHAM, AKO ANG MAKAPANGYARIHANG DIYOS. GAWIN MO LAHAT NG SASABIHIN KO SA IYO AT HUWAG MAGKASALA. TULAD NG SINABI KO SA IYO NOON, PARARAMIHIN KO ANG IYONG MGA ANAK, AT IKAW AY MAGIGING AMA NG MARAMING BANSA. ITATATAG KO ANG AKING KASUNDUAN SA IYO AT PAGKATAPOS SA IYONG MGA ANAK NA KASUNOD MO.


IBIBIGAY KO SA IYONG MGA ANAK ANG LUPAIN NG CANAAN NA ISANG PAGMAMAY-ARI MAGPAKAILANMAN. SI SARAH AY MAGBUBUNTIS AT MAGKAKAROON NG ANAK DAHIL SA AKING PANGAKO, ANG MAGIGING PANGULO SA MARAMING BANSA.
HA, HA. PAANO KAYA ITO MANGYAYARI? AKO NGAYON AY 99 TAONG GULANG NA AT SI SARAH AY 89. ANG AKING KATAWAN AY PARANG PATAY NA. HINDI NA KAMI MAGKAROON NG MGA ANAK. KUNG PAPAYAG KA, PAHINTULUTAN MO SI ISHMAEL NA MAGING IPINANGAKONG ANAK.


HINDI, DAHIL SA SINABI KO MULA PA NG SIMULA, IKAW AT SI SARAH AY MAGKAROON NG SARILI NIYONG ANAK, GALING SA INYONG MGA KATAWAN. ANG PANGAKO NG PAGPAPALA AY IPAPASA SA KANYA, HINDI KAY ISHMAEL. SA ISANG TAON, SI SARAH AY MAGSISILANG NG ISANG ANAK NA LALAKE.


POSIBLE KAYA ITO?.. OO! ANG DIYOS NA LUMIKHA SA KATAWAN NG TAO AY KAYANG PAGPALAIN ANG DALAWANG MATANDANG TAO AT PAHINTULUTAN SILA NA MAGKAROON NG MGA ANAK... SIGURADO. ANG DIYOS AY MAKAGAWA NITO.


ILANG ARAW ANG NAKALIPAS, TATLONG TAO ANG NAGPAKITA MULA SA DISYERTO. KUNG TINGNAN SILA AY HINDI NAGBIYAHE NANG MALAYO, NI SILA AY GALING SA MALAPIT NA LUGAR. SILA AY MGA MALAKAS, MAY PANANALIG, AT BATANG-BATA PA.


NAKATINGIN SI ABRAHAM SA KANILANG PAGDATING AT ALAM NA SILA'Y KAKAIBA, NGUNIT ANG HINDI NIYA ALAM AY ANG MGA BISITA AY HINDI GALING SA MUNDONG ITO.
ANG DALAWA SA KANILA AY MATUWID NA MGA ANGHEL, AT ANG PANGATLO AY ANG DIYOS MISMO, NA NAGPAKITA SA PORMANG ANGHEL UPANG SIYA AY MAKAPAGUSAP KAY ABRAHAM. LUMABAS SI ABRAHAMA AT SINALUBONG SILA.
GENESIS 17:1-21, 18:1-2


ABRAHAM, ANG IYONG ASAWA AY MAGKAKAROON NG ISANG ANAK NA LALAKE.
HE-HE-HE
SA MATANDANG KATULAD KO, KAHIT NA SI ABRAHAM, AKO BA AY MULING LILIGAYA?


BAKIT TUMAWA SI SARAH SA SINABI NGA DIYOS NA SIYA'Y MAGKAKAROON NG ISANG ANAK?
HINDI AKO TUMAWA.
TALAGANG IKAW AY TUMAWA. HINDI KA NANINIWALA. MAYROON BANG MAHIRAP GAWIN ANG DIYOS? BABALIK AKO SA TAKDANG PANAHON UPANG IKAW AY MAGBUNTIS AT IKAW AY MAGKAROON NG ISANG ANAK.


DAPAT KO BANG SABIHIN KAY ABRAHAM ANG AKING NALALAPIT NA GAGAWIN? SIYA'Y MAGIGING AMA NG MARAMING ANAK, AT SIYA AY MAGTUTURO SA KANYANG MGA ANAK AT SA KANYANG MGA APO NA SUMUNOD SA AKIN.
OO, DAPAT MALAMAN NIYA.


ANG KASALANAN NG SODOMA AT GOMORA AY LALONG NAGING MASAMA. LILIPULIN KO ANG BAWAT KALULUWA SA DALAWANG SIYUDAD, MGA LALAKE, MGA BABAE, AT MGA BATA.
NGUNIT ANG AKING PAMANGKING LALAKE NA SI LOT AT ANG KANYANG PAMILYA AY NAKATIRA DOON!
GENESIS 18:10-22


HINDI MAAARI SA DIYOS NA LILIPULIN NIYA ANG MABAIT KASAMA NG MASAMA. ANO KAYA KUNG MERONG 50 NA MABUTING TAO SA LUNGSOD? ILILIGTAS MO BA ANG BUONG LUNGSOD UPANG MALIGTAS ANG MABAIT. ALAM KO NA ANG HUKOM NG LAHAT NG TAO AY GAGAWA NG MATUWID.
KUNG AKO'Y MAKAKITA NG 50 NA MATUWID, ILIGTAS KO ANG LUNGSOD.


AKO'Y ALABOK LAMANG, HINDI NARARAPAT NA MAGSALITA SA DIYOS, NGUNIT KUNG MERONG 45 LAMANG NA TAONG MATUWID, LILIPULIN MO BA ANG LAHAT DAHIL KULANG SA LIMA?
KUNG MERONG 45 HINDI KO ITO LILIPULIN.
PAANO KUNG MERONG 20?
HINDI KO LILIPULIN ITO KUNG MERONG 40 NA MATUWID


HUWAG KANG MAGALIT SA AKIN. PAANO KUNG MERONG 30.
HINDI KO LILIPULIN ITO DAHIL SA 30.
HINDI KO LILIPULIN ANG MASAMANG LUNGSOD KUNG MERONG 20 NA MATUWID DITO.
PAANO KUNG 40 LAMANG ANG MATATAGPUAN?


KUNG MAARI HUWAG KANG MAGALIT. ITO NA ANG HULING TANONG KO. PAANO KUNG MERON NA LANG 10 MATUWID NA MGA TAO SA SIYUDAD? LILIPULIN NAMO PA BA ITO?
HINDI, KUNG AKO'Y MAKAKITA NG 10 KALULUWANG MATUWID HINDI KO LILIPULIN ANG LUNGSOD.
KUNG HINDI KA MAKAKITA NG 10, MAARI BANG BALAAN MO ANG AKING PAMANGKING LALAKE NA SI LOT?
BIBISITAHIN NAMIN SIYA NGAYONG GABI.


ANG DALAWANG ANGHEL AY PUMUNTA SA LUNGSOD NANG GABING IYON AT NAGLAKAD PATUNGO SA BAHAY NI LOT.
ITO'Y MASAMA; LUBHANG MASAMA KAY SA NAISIP KO.
NAUNAWAAN KO NA NGAYON KUNG BAKIT LILIPULIN NG DIYOS ANG BAWA'T ISA, KAHIT MGA BATA AT MGA HAYOP.


HOY, KAYONG MGA LALAKE HINDI KAYO TAGA-DITO, DI BA? MAKINIG KAYO, HINDI LIGTAS NA KAYO AY NANDIYAN SA LABAS NG DAAN. PASOK SA AKING BAHAY UPANG MAGPALIPAS NG GABI.
HOY, MGA POGI. SASABIHIN NAMIN SA IBANG MGA LALAKE TUNGKOL SA KANILA.
GENESIS 18:23-19:2


LOT, ILABAS MO ANG MGA LALAKE SA AMIN UPANG KAMI AY MAKIPAGTALIK SA KANILA.
INIISIP BA NIYA NA SIYA'Y MAS MABUTI KAY SA ATIN?
UMALIS KAYO; HINDI NINYO MAARING GAWIN ANG MASAMANG ITO.


BABASAGIN NAMIN ANG PINTO AT GAGAWIN NAMIN ANG MAS MASAMA SA INYO, MGA BANYAGA.
PUNO SIYA NG POOT!
HINDI NAMIN GUSTO ANG MGA ANAK NONG BABAE, GUSTO NAMIN ANG GWAPONG MGA LALAKE.


GAGAWIN KAYONG MGA BULAG NG PANGINOONG DIYOS.
NASAAN SILA?


BAKIT NAGING MADILIM?
HINDI AKO MAKAKITA! ANONG NANGYARI?
ANONG KAPANGYARIHAN ITO?



KAILANGAN NA KAYONG UMALIS SA LUNGSOD. BALAAN NINYO ANG LAHAT NA GUSTO NINYO. ANG DIYOS AY MABUTI AT HINDI NA MAKAPAHINTULOT SA KASALANAN.
MAGPAPAULAN BUKAS ANG DIYOS NG APOY MULA SA LANGIT SA LUGAR NA ITO. ANG BAWAT ISA SA SODOM AT GOMORRA AY MAMAMATAY.




GENESIS 19:4-17


HUWAG LILINGON!
EEEK!


O HINDI! ITAY SINUWAY NI INAY ANG DIYOS. SIYA'Y NAGING HALIGING ASIN.
HUWAG TUMINGIN! PATULOY SA PAGTAKBO!


ANG BAWAT BUHAY NA BAGAY SA SODOM AT GOMORRA AY NAMATAY NANG ARAW NA IYON. ANG DIYOS AY MATUWID AT SIYA'Y NAPOPOOT SA KASALANAN, LALO NA ANG MASAMANG RELASYON NG LALAKE SA LALAKE AT BABAE SA BABAE. ANG SEKSWAL NA KASALANAN NA KALAKIP ANG MGA BATA AY PINAKAMASAMA SA LAHAT. IPINANGAKO NG DIYOS NA HINDI NA TALAGA LILIPULIN ANG MUNDO SA PAMAMAGITAN NG TUBIG.


SA SUSUNOD ITO'Y SA PAMAMAGITAN NA NG APOY. ANG KAPARUSAHAN SA BAWAT KASALANAN AY KAMATAYAN: PISIKAL AT WALANG HANGGANG KAMATAYAN SA DAGAT NG APOY. SA BIYAYA NG DIYOS, NAKALIGTAS SI LOT SA PAGHATOL NG DIYOS HINDI NANIWALA ANG KANYANG ASAWA NA SERYOSO ANG DIYOS NG BALAAN NIYA SILA NA HUWAG LILINGON.
ANG PARUSA SA LAHAT NG KASALANAN AY PALAGING KAMATAYAN, WALANG MGA PINAGPAPALIBAN.




GENESIS 19:24-26; LEVITICO 18:22; ROMA 1:23-32, 6:23; 1 CORINTO 6:9-11; APOKALIPSIS 21:8


IPINANGAKO NG DIYOS NA SI SARAH AY MAGKAROON NG ISANG ANAK. SI ABRAHAM AT SARAH AY NAGSIMULANG NAKARAMDAM SA NAKALIMUTANG MGA PAGNANASA.
ABRAHAM, ANO ANG NAGYARI SA IYO? MARAMING TAON NA ANG NAKALIPAS NANG IKAW AY NAKATINGIN SA AKIN NG GANYAN.


ISANG HIMALA! MAYAMAYA, ANG BAWAT ISA AY NAKAALAM NA SI SARAH AY BUNTIS NA!


DAHIL SINABI NG DIYOS, TATAWAGIN NATIN SIYA NA ISAAC*. SIYA AY MAGIGING AMA NG ISANG DAKILANG BANSA.
OO, NANG SINABI NG DIYOS SA ATIN NA AKOY MAGKAKAROON NG ISANG ANAK, AKO'Y NATAWA. SINO ANG MAG-AAKALA NA SA AKING KATANDAAN AKO'Y MAG- AALAGA PA SA SARILING KONG ANAK?
TINUPAD NG DIYOS ANG KANYANG PANGAKO. PALAGI SIYANG TUMUTUPAD.


SI ISHMAEL, ANG ANAK NA LALAKE NI HAGAR KAY ABRAHAM, SA NGAYON AY 14 NA TAONG GULANG NA, AT SIYA AY NAPOPOOT SA BAGONG SANGGOL.
ANG MALIIT NA HANGAL AY KUMUKUTYA SA AKIN. AYOKONG MAGKAROON NG GANITONG TAGA-EHIPTO SA IISANG BAHAY NA KASAMA ANG AKING ISAAC.



PAALISIN ANG ALIPIN AT KANYANG ANAK NA LALAKE. SILA AY HINDI MAKAKATANGGAP NG ANUMANG PAMANA KASAMA NI ISAAC, ANG ANAK NG PANGAKO.
NAGSALITA ANG DIYOS KAY ABRAHAM AT SINABI, "SI SARAH AY TAMA. PAALISIN MO SI HAGAR AT ISHMAEL. HINDI KASAMANG TAGAPAGMANA SI ISHMAEL. NGUNIT HUWAG MO ITONG IKALUNGKOT, AALAGAAN KO SILA.






GENESIS 21:1-3, 9-14 *ANG PANGALANG ISAAC AY NANGANGAHULUGAN NA PAGTATAWA


IKAW AY ISANG HIMALANG ANAK. MAILILIGTAS MO BA ANG MUNDO MULA SA KASALANAN?
MINAHAL NI ABRAHAM ANG KANYANG ANAK NA LALAKE, SI ISAAC, AT HINDI NA SILA MAIHIHIWALAY.


AMA, BAKIT PO NIYO PINATAY ITONG MGA MALILIIT NA MGA BATANG TUPA AT SINUNOG SILA DIYAN SA TAMBAK NG MGA BATO?
ANG DIYOS NG LANGIT AT LUPA AY BANAL AT DALISAY, NAPAKA DALISAY PARA SA MAKASALANANG TAO NA TULAD KO. ANG UNANG TAO NA SI ADAN, SINUWAY ANG DIYOS AT MULA NOON ANG MGA TAO AY NAGING MAKASALANAN NA.
SINABI NG DIYOS KAY ADAN KAPAG SIYA AY NAGKASALA SIYA AY MAMAMATAY, SUBALI'T PAGKATAPOS MAGKASALA NI ADAN, PINATAY NG DIYOS ANG MGA HAYOP AT GINAMIT ANG KANILANG MGA BALAT UPANG ITAKIP SA KAHIHIYAN NI ADAN AT EVA.


KAPAG AKO'Y PUMATAY NG ISANG KORDERO AT IALAY ITO SA DIYOS, ITO AY PAGPAPAKITA NA AKING KINIKILALA SA AKING PAGKA MAKASALANAN AT IALAY SA SA INOSENTENG KORDERO UPANG MAMATAY SA AKING PUWESTO.


SI ISAAC AY LUMAKING MALAKAS AT NATUTONG MANALIG SA DIYOS SA KANYANG AMA. MINAHAL SIYA NI ABRAHAM NG BUONG PUSO AT SA MARAMING PANAHON SILA AY MADALAS MAGKASAMA UPANG MAGSAMBA AT MAG-ALAY NG MGA SAKRIPISYO. ANG KORDERO AY PINATAY AT INILAGAY SA ALTAR AT DOON SINUNOG.


ABRAHAM, GUSTO KO NA DALHIN MO ANG IYONG BUGTONG NA ANAK NA SI ISAAC, NA IYONG MINAMAHAL, AT IALAY SIYA SA AKIN BILANG HANDOG NA SUSUNUGIN.


O DIYOS, PAANO MO MAAARING HILINGIN SA AKIN NA GAWIN ANG ISANG BAGAY. HINDI KA GANITO. ANG MGA PAGANO AY NAG-AALAY NG MGA TAONG SAKRIPISYO! SINABI MO NA GAGAWA KA NG DAKILANG BANSA MULA SA AKING ANAK NA SI ISAAC. KUNG PAPATAYIN KO SIYA, ANG PANGAKO MO AY HINDI NA MATUTUPAD ...




GENESIS 22:2; ROMA 5:12


TATLONG ARAW NA PAGLALAKBAY ITO, KAYA KAMI AY MAWAWALA NG ISANG LINGGO.
MAG-INGAT. AKO'Y MANANALANGIN PARA SA AKING DALAWANG LALAKE.

PAGKALIPAS NG
TATLONG ARAW.




AMA, DALA NATIN ANG KAHOY, AT NAITAYO MO NA ANG ALTAR, NGUNIT NASAAN ANG SAKRIPISYO?
ISAAC, NAALALA MO PA BA ANG SINABI KO SA IYO NA ANG DIYOS AY NAGSALITA SA AKIN AT NAGDULOT SA IYONG INAY AT SA AKIN NA MAGKAROON NG ISANG ANAK SA MATANDANG EDAD NAMIN? NAGSALITA NA NAMAN SIYA SA AKIN.


SA PANAHONG ITO SINABI NIYA NA IAALAY KITA NA ISANG HANDOG NA SUSUNUGIN.
AKO? AMA, SIGURADO KA BA?


DI BA SINABI NG DIYOS SA IYO NA AKO'Y MAGIGING TAGAPAGMANA, PANGULO NGA ISANG DAKILANG NA BANSA, NA ANG AKING MGA ANAK AY MAGIGING KASING-DAMI NG MGA BITUIN SA LANGIT? KUNG AKO'Y MAMAMATAY NGAYON, ANO ANG MANGYAYARI SA PANGAKO NG DIYOS?
AKO'Y NATUTO NA ANO MAN ANG IPINANGAKO NG DIYOS AY KAYA NIYA ITONG TUPARIN. KUNG SIYA AY NAGSABI NA IKAW MAGIGING AMA NG ISANG DAKILANG BANSA, MANGYAYARI PA RIN ITO, KAHIT NA KAW AY MAMATAY.


NGUNIT PAANO ITO MANGYAYARI KUNG AKO'Y PATAY NA?
HINDI KO ALAM, MALIBAN NA BUHAYIN KA NIYANG MULI MULA SA MGA PATAY.
AMA, KAILANGAN NATING SUMUNOD SA DIYOS KAHIT ANO MAN ANG MANGYARI.
GENESIS 22:3-9


KAHIT NA ALAM NI ABRAHAM NA SIYA AY SUMUSUNOD SA DIYOS. ITO'Y MAARING NAGPALUNGKOT NG KANYANG PUSO AT ANG KANYANG MGA KAMAY AY NANGINGINIG HABANG SINUSUNOD NIYA ANG NORMAL NA PROSESO SA PAG-ALAY NG HANDOG NA SUSUNUGIN.
GINAPOS NIYA ANG MGA KAMAY AT MGA PAA NG KANYANG ANAK NA LALAKE AT INILAGAY SIYA SA ALTAR. ANG KASUNOD NA HAKBANG AY ANG PAGSAKSAK NG KUTSILYO SA KANYANG LALAMUNAN.


KASAMA ANG PANALANGIN NG PANANAMPALATAYA SA DIYOS, ITINAAS NI ABRAHAM ANG KUTSILYO. NANG SIYA AY MALAPIT NANG SUMAKSAK, BIGLA NA LANG SIYANG NAKARINIG NG TINIG MULA SA LANGIT:






ABRAHAM! ABRAHAM! HUWAG MONG SAKTAN ANG BATA.



NGAYON ALAM KO NA NA IKAW AY MAY TIWALA SA AKIN, DAHIL MALUWAG SA KALOOBAN MO ANG PAGSUNOD, KAHIT SA PUNTO NG PAGBIGAY SA AKIN NG IYONG BUGTONG ANAK NA LALAKE.


NANG SI ABRAHAM AY TUMINGALA, NAKAKITA SIYA NG ISANG LALAKENG TUPA NA NAKULONG SA ISANG SUKAL.
AMA, TINGNAN MO, ANG DIYOS AY NAGBIGAY NG ISANG LALAKENG TUPA UPANG IPALIT SA AKING PUWESTO.


ABRAHAM, DAHIL GINAWA MO ITO NA HINDI IPINAGKAIT ANG IYONG BUGTONG NA ANAK NA LALAKE, PAGPAPALAIN KITA AT PARARAMIHIN ANG IYONG MGA ANAK KATULAD SA MGA BITUIN NG LANGIT AT ANG IYONG MGA ANAK ANG KUKUHA SA LUPAING ITO AT LILIPUL SA IYONG MGA KAAWAY. AT SAKA, SA PAMAMAGITAN NG ISA SA IYONG MGA ANAK NA ISISILANG PA, ANG LAHAT NG MGA BANSA SA LUPA AY MABIBIYAYAAN.
AMA, SIYA AY MAHABAGING DIYOS, KATULAD SA SINABI MO!
GENESIS 22:9-18; MGA HEBREO 11:17-19


KAYA SA PANAHONG IYON, SI ABRAHAM AY NAGKAROON NG DALAWANG ANAK NA LALAKE, SI ISMAEL AT ISAAC. SI ISAAC ANG ANAK NA LALAKE NA PINILI NG DIYOS UPANG MAGDALA SA PANGAKONG GINAWA KAY ABRAHAM. PAGKATAPOS SI ISAAC AY NAGKAROON NG ISANG ANAK NA LALAKE NA ANG PANGALAN AY JACOB, BANDANG HULI ANG KANYANG PANGALAN AY PINALITAN NG ISRAEL. SI JACOB AY NAGKAROON NG 12 ANAK NA LALAKE. SA PAGLIPAS NGA PANAHON, SI JACOB AT ANG KANYANG 12 ANAK NA LALAKE AT ANG KANILANG MGA PAMILYA AY PUMUNTA SA EHIPTO NA KUNG SAAN SA KALAUNAN SILA AY NAGING MGA ALIPIN. (1706 B.C.)


GENESIS 21:5, 13, 24:67, 25:12-18, 21-26, 29:23-30
ANG 12 NA ANAK NA LALAKE NI JACOB AY SIYANG NAGING 12 NA TRIBU NG ISRAEL
SI ISMAEL AY NAGKAROON NG 12 NA PRINSIPE AT NAGGING MGA TAONG ARABO.
ISMAEL
ABRAHAM
ISAAC
1896 B.C.
JACOB
1836 B.C.





## KABANATA 3

# MOSES


1706 B.C.
SA PANAHON NG TAG-GUTOM, SI JACOB, NA ISANG APONG LALAKE NI ABRAHAM, DINALA NIYA ANG KANYANG 12 ANAK NA LALAKE AT LAHAT NG KANILANG MGA ANAK AT MGA ALIPIN PABABA SA EHIPTO UPANG MANIRAHAN. SA EHIPTO SILA AY DUMAMI KATULAD NG ALIKABOK SA LUPA.


SA HINDI NAGTAGAL ANG MGA ANAK NA LALAKE NI JACOB, NA ANG PANGALAN AY BINAGO SA ISRAEL, HUMIGIT SA MGA TAGA-EHIPTO.


SI FARAON, ANG HARI NG EHIPTO, GINAWANG MGA ALIPIN ANG MGA ANAK NI JACOB. PINILIT AT PINAGMALUPITAN SA PAGGAWA NG BRIKS. PAGKATAPOS NA MAMALAGI DOON NG HIGIT SA 300 NA TAON, SILA'Y NAKALIMOT SA MGA PANGAKO NG DIYOS KAY ABRAHAM AT SA KANILANG MGA NINUNO.


SINABI NG DIYOS KAY ABRAHAM NA ANG MGA JUDIO AY MAGLALAKBAY SA ISANG BANYAGANG LUPAIN AT MAGING MGA ALIPIN DOON. ANG DIYOS AY NANGAKO RIN NA PAGKATAPOS NG 400 NA TAON SIYA AY HAHATOL SA BANSANG IYON AT DADALHIN ANG MGA JUDIO PABALIK SA LUPA NG PANGAKO.


TOTOO ITO! PINAPATAY NI FARAON ANG LAHAT NG MGA BATA DAHIL SIYA AY NAG-IISIP NA TAYO AY DUMARAMI. ANG ATING MGA LALAKE AY LUMALAKAS MULA SA MAHIRAP NA GAWAING PINAPAGAWA SA KANILA.
HINDI NILA MAARING PATAYIN ANG AKING SANGGOL. ANG DIYOS ANG KAKALINGA SA KANYA.
HA! ANO ANG MAGAGAWA NG DIYOS LABAN SA KAPANGYARIHAN NI FARAON?




SI FARAON, AY NATAKOT NA ANG MGA JUDEO AY MAGING SOBRANG DAMI, KAYA NAGPASIYA SIYA NA IPAPATAY ANG LAHAT NG BAGONG SILANG NA LALAKI.

GENESIS 46:5-7; EXODO 1:1-12,22



NGUNIT INAY, ANO ANG AKING SASABIHIN SA MGA SUNDALO AT SA MGA KAPITBAHAY KUNG SILA AY MAGTATANONG SAAN ANG ATING SANGGOL
SABIHIN MO SA KANILA ANG TOTOO. ANG KANYANG SARILING INA ANG NAGHAGIS SA KANYA SA ILOG KAYA ANG MGA SUNDALO AY HINDI GAGAWA NITO

HUMIGIT-KUMULANG 1525 B.C.




MAKIKITA PA BA NATIN MULI ANG LALAKING KAPATID KO? O, ANG MGA MASAMANG MGA EHIPCIO!
ANG DIYOS ANG MAG-IINGAT SA KANYA. MANATILI KA SA MALAPIT AT MAGBANTAY.

ANG ANAK NA BABAE NI FARAON AY DUMATING SA ILOG UPANG MALIGO.




MAARING ISA SIYANG SANGGOL NG MGA HEBREONG ALIPIN.
O, DI BA KYUT SYA?
MAARING GUTOM NA SIYA.



AALAGAAN KO SIYA KUNG MERONG ISA NA MAGPASUSO SA KANYA.
WALA KANG MAPILI. HINDI MO SIYA MAARING ITAGO SA LAHAT NG PANAHON. ANG MGA SUNDALO AY MAARING MAKAKITA SA KANYA AT PAPATAYIN SIYA. MANATILI KA LANG NA MANANALIG SA DIYOS.


PUPUNTAHAN KO KUNG MERONG ISA NA MAKAPAGPSUSO SA KANYA. ALAM KO ANG ISANG BABAENG HEBREO NA ANG KANYANG SANGGOL AY ITINAPON SA ILOG. MERON PA SIYANG MARAMING GATAS.

EXODO 2:3-9


ANO BA ANG NAGAWA KO? MAKIKITA KO PA BA SIYANG MULI? MAY MALASAKIT BA ANG DIYOS?
WALA KANG MAGAGAWA. HINDI MO SIYA MAARING ITAGO SA LAHAT NG PANAHON. ANG MGA SUNDALO AY MAARING MAKITA AT PAPATAYIN SIYA. MANATILI KA LANG NA MAGTIWALA SA DIYOS.
INAY, INAY!


INAY, ANG BABAENG ANAK NI FARAON AY NAGPUNTA SA ILOG AT NAKITA ANG AKING KAPATID. GUSTONG NIYANG ALAGAAN SIYA NA MAGING KANYANG SARILI, AT SIYA'Y NAGHAHANAP NG ISA NA MAKAPAGPASUSO SA KANYA! SIYA AY PAPUNTA NA DITO NGAYON!
PURIHIN ANG DIYOS MAGPAKAILA NMAN.


NARINIG KONG ANG IYONG SANGGOL AY NAWALA. AKO'Y NALUNGKOT. NAKITA KO ANG BATANG ITO SA ILOG. AKO'Y MAGBABAYAD SA IYO UPANG PASUSUHIN MO SIYA PARA SA AKIN.
SIYA'Y AKING KUKUNIN MULI KAPAG NATAPOS ANG TAKDANG PANAHON NG KANYANG PAGSUSO.
SAMANTALANG SI MOSES AY LUMALAKI, TINURUAN SIYA PATUNGKOL SA TUNAY NA DIYOS NG KANYANG MGA MAGULANG. ANG DIYOS AY MAY ESPESYAL AT DAKILANG LAYUNIN PARA SA KANYA.


SUMAKAY KA, MUNTING PRINSIPE, AT TAYO AY PUPUNTA SA PALASYO.
GAANO SILA KALAKAS TUMAKBO?
SALAMAT SA PAGPAPASUSO MO KAY MOSES. MUKHA SIYANG MALUSOG NA MALUSOG. SIYA AY LALAKI UPANG MAGING MAYAMAN AT MAKAPANGYARIHAN.
EXODO 2:8-10


BILANG INAMPON NA LALAKENG ANAK NG BABAENG ANAK NI FARAON, SI MOSES AY LUMAKI UPANG MAGING BANTOG NA TAO SA EHIPTO. SIYA'Y ITINAKDA NA MAGING MAYAMAN AT MAKAPANGYARIHAN SUBALIT HINDI NIYA KINALIMUTAN ANG KANYANG PINANGGALINGANG LAHI.


SASABIHIN KO SA IYO, MOSES, ANG DIYOS NG ATING MGA NINUNO NA SINA ABRAHAM, ISAAC, AT JACOB, AY NAGSABI KAY ABRAHAM NA ANG KANYANG BINHI AY DADAMI AT SILA AY MAGIGING MGA BANYAGA SA ISANG LUPAIN NA HINDI SA KANILA. O, HETO NANDITO TAYO!
OO, AT SINABI RIN NIYA KAY ABRAHAM NA TAYO AY PAHIHIRAPAN SA BANYAGANG LUPAIN NA IYON NG 400 NA TAON. NGAYON TAYO AY NANDITO NA SA 359 NA TAON- 41 NA TAON NA LAMANG HANGGANG ANG PROPESIYA AY MATUPAD


IYAN AY PARANG HINDI KAPANI-PANIWALA. SI FARAON AY HINDI MAGPAHINTULOT SA LAHAT NG KANYANG MGA ALIPIN NA AALIS, AT SIGURADONG SIYA AY HINDI MAGPAHINTULOT SA KANILA NA AALIS NA MAY MALAKING KAYAMANAN. SUBALIT MARAHIL MERONG ISANG PARAAN. BAKIT MAGHINTAY PA NANG 41 NA TAON?
SINABI RIN NIYA KAY ABRAHAM NA SIYA AY MAGHUHUKOM SA BANSANG IYON DAHIL SA MASAMANG GAGAWIN NILA SA ATIN, AT TAYO AY AALIS NANG MAY MALAKING KAYAMANAN AT BABALIK SA LUPAIN NA BINIGAY NG DIYOS SA ATING MGA NINUNO.


ANG HEBREONG MGA ANAK AY NAGHIRAP SA ILALIM NG PAMAMAHALA NG KANILANG MGA AMO. KINAKAILANGAN SILANG GUMAWA NG BRIKS SA MAPUTIK NA HUKAY . SI MOSES AY HINDI MAKATIIS SA KANILANG PAGHIHIRAP KAYA SIYA AY NAGDESISYON NA GAGAWA NG ISANG BAGAY TUNGKOL DITO.
TUMAYO KA BAGO KA MAMATAY SA PALO.
TAYO, KAYONG MGA MARUMING BABOY!
EBER, TUMAYO KA.
EXODO 2:10-11


.. ISANG ARAW NAKITA NI MOSES ANG ISANG EHIPCIO NA MALUPIT NA NAMAMALO SA ISA SA KANYANG SARILING LAHI.
ANG PANAHON NG KALIGTASAN AY DUMATING. KAILANGANG ITO AY MAHINTO.


WAKK!
WALA NANG KASUNOD!
PINATAY NI MOSES ANG EHIPCIO AT INILIBING ANG KATAWAN, NGUNIT MAY ISANG NAKAKITA SA KANYA AT IBINALITA ITO SA FARAON.


O DIYOS! ANO ANG NAGAWA KO?
HINTO, IKAW AY KAILANGANG TUMAYO SA HUKUMAN DAHIL SA PAGPATAY!
SI MOSES IYON!


HUMIGIT-KUMULANG 1491 B.C.
UMALIS SI MOSES SA EHIPTO AT LUMISAN PATUNGONG PARANG. SIYA AY NAG-IISA, NA WALANG PAMILYA O MGA KAIBIGAN. HINDI NIYA NAILIGTAS ANG KANYANG LAHI. KAHIT SIYA MISMO AY KINAKAILANGANG MAILIGTAS.
EXODO 2:11-15



SI MOSES AY NAGLAKAD NG MARAMING ARAW NA HINDI ALAM KUNG SAAN PATUTUNGO.SIYA AY NAKAKITA NG ISANG KAMPO NG MGA PASTOL
TINGNAN NIYO! MAY ISANG LALAKE!
MUKHANG SIYA'Y MALAPIT NANG MAMATAY. MAGDALA NG TUBIG.
SIYA AY ISANG EHIPCIO!

SI MOISES AY NAMUHAY NG ISANG BAGONG BUHAY SA MGA TAGA MIDIA. SIYA'Y NATUTO SA MGA PARAAN SA DISYERTO, NAG-ASAWA, AT NAGING ISANG PASTOL. NAKARAAN ANG 40 NA TAON ANG EHIPTO AY NAGING MALAYO NA SA KANYANG KAISIPAN. INISIP NI MOISES NA HINDI NA NIYA MAKIKITANG MULI ANG KANYANG LAHI.




ITO'Y TALAGANG KATAKATAKA! PAANO ANG MABABANG PUNONGKAHOY NASUSUNOG, AT BAKIT HINDI ITO NAUUBOS? ITO'Y PALAGING NASUSUNOG AT NASUSUNOG.


MOISES, TANGGALIN MO ANG IYONG SAPATOS. NAKATAYO KA SA BANAL NA LUPAIN. AKO ANG DIYOS NG IYONG MGA AMANG, SI ABRAHAM, SI ISAAC, AT JACOB.


NAKITA KO ANG PAGHIHIRAP AT NARIRINIG KO ANG MGA PANALANGIN NG AKING MGA TAO SA EHIPTO. PANAHON NA UPANG ILIGTAS SILA GALING SA KANILANG KAAPIHAN AT DALHIN SILANG MULI SA KANILANG LUPAIN NA AKING IPINANGAKO SA KANILANG MGA AMA.
AKO ANG MAGPAPADALA SA IYO KAY FARAON AT IKAW ANG MAGDADALA SA AKING MGA TAO PALABAS SA KANILANG PAGKA- ALIPIN. SABIHIN MO SA KANYA NA PALABASIN NIYA ANG AKING MGA TAO, AT SIYA AY HINDI MAGPAHINTULOT. AT PAGKATAPOS IPAPAKITA KO ANG AKING KAPANGYARIHAN SA EHIPTO. PAGKATAPOS NITO SIYA AY MAGPAHINTULOT SA KANILA NA LUMABAS.
EXODO 2:16-3:10


NGUNIT SILA'Y HINDI MANINIWALA NA IKAW ANG NAGSUGO SA AKIN. SILA'Y TATAWA LANG.


IHAGIS MO ANG IYONG TUNGKOD SA LUPA.


ANO? ANG AKING TUNGKOD?


ITO'Y NAGING MAKAMANDAG NA AHAS!


DAMPUTIN MO ANG AHAS SA KANYANG BUNTOT.


ITO'Y BUMALIK NA SA PAGIGING TUNGKOD!


PUMUNTA KA SA EHIPTO. ITUTURO KO SA IYO KUNG ANO ANG IYONG SASABIHIN AT KUNG ANO ANG IYONG GAGAWIN. ANG IYONG KAPATID NA LALAKE SI AARON ANG TUTULONG SA IYO.
EXODO 4:1-4, 12-16



1445 BC
ANG NAKALIPAS AY 40 NA TAON NA. ANG LAHAT NG MAY ALAM SA AKING NAKARAAN AY PATAY NA. WALA NANG ISA NA MAKAKILALA SA AKIN.
IKAW AY BABALIK SA EHIPTO! NGUNIT PAPAANO KUNG IKAW AY MAKITA NG MGA TAONG GUSTONG PUMATAY SA IYO.
HANGGANG SI FARAON AY MAGPAHINTULOT NA LUMABAS ANG LAHI NG DIYOS
HANGGANG GAANO KA KATAGAL NA MAPALAYO?



TAWAGIN ANG LAHAT NG MGA MATATANDA! ISANG ORAS NG PAGLILIGTAS AY DUMATING NA!
IYAN SI AARON ANG LEVITA. ANG ISA AY KATULAD NATIN, NGUNIT SIYA AY HINDI ALIPIN.
SIYA SI AARON ANG LEVITA. ANG ISA AY KATULAD NATIN, NGUNIT SIYA AY HINDI ALIPIN.


MAGSILAPIT KAYO, KAYONG LAHAT NG MGA MATATANDA NG ISRAEL.
ISINILANG SI MOISES 80 TAON NA ANG NAKARAAN SA PANAHON NG MALUPIT NA PAGPATAY NANG SINIMULANG IPAPATAY NI FARAON ANG MGA LALAKENG SANGGOL. ITINAGO SIYA NG KANYANG INA SA ISANG SISIDLAN SA ILOG. SA PATNUBAY NG DIYOS, NATAGPUAN NG ANAK NA BABAE NI FARAON SI MOISES AT PINALAKI SIYA BILANG ISANG EHIPCIO.

EXODO 4:29-31


40 NA TAON ANG NAKARAAN, NAGPASIYA SI MOISES NA MAGBATA KASAMA NG KANYANG BAYAN SA HALIP NA MAGING PINUNO NG MGA EHIPCIO. SINIKAP NIYANG ILIGTAS TAYO NG KANYANG LAKAS AT NABIGO. SA NAKARAANG 40 TAON, NAKATIRA SIYA SA DISYERTO NG LUPAING IPINANGAKO NG DIYOS SA ATING MGA NINUNO. KAMAKAILAN LAMANG, NANGUSAP SA KANYA ANG DIYOS AT IPINAKITA SA KANYA KUNG PAANO TAYO ILIGTAS KAY FARAON! NGAYON, IPAPAKITA SA INYO NI MOISES ANG MGA TANDA NA GAGAMITIN NIYA PARA HIKAYATIN SI FARAON NA PAALISIN TAYO.


ANG DIYOS NI ABRAHAM AY NAGSALITA SA AKIN MULA SA NAG-AAPOY NA PUNO AT ISINUGO AKO UPANG UPANG PANGUNAHAN KAYO PABALIK SA LUPAIN NG ATING MGA NINUNO. ITO ANG TANDA.


NGI! ANG KANYANG TUNGKOD AY NAGING ISANG AHAS.
HUWAG MATAKOT.


PANOORIN ITO.


ANG DIYOS AY NAGPADALA NG ISANG TAGPAGLIGTAS.
OO, MASISINDAK NIYAN SI FARAON.


ITO'Y ISANG MILAGRO!
NGAYON TAYO AY PUPUNTA KAY FARAON UPANG KAUSAPIN SIYA!
DIYOS NI ABRAHAM!
EXODO 4:17-30


WALANG NABAGO SIMULA NANG AKO'Y UMALIS DITO 40 NA TAON ANG NAKARAAN. TANDAAN MO LAMANG NA SABIHIN ANG AKING MGA SINABI SA IYO.



ANG DIYOS NG ISRAEL AY NAGSALITA KAY MOISES. NAGSABI ANG DIYOS NA IKAW AY MAGPAHINTULOT SA AKING MGA TAO NA MAGLAKBAY SILA NG TATLONG ARAW PAPUNTANG DISYERTO UPANG MAGSAMBA AT MAG- ALAY NG MGA SAKRIPISYO.
HA! ANG DIYOS NG ISRAEL? HA HA HA HA. HINDI KO ALAM ANG INYONG DIYOS. SINO ANG DIYOS NA ITO UPANG AKO'Y SUMUNOD SA KANYA? IYAN AY KATAWA-TAWA. HINDI AKO MAGPAHINTULOT SA AKING MGA ALIPIN NA GAWIN ANG TATLONG ARAW NA PAGLAKBAY PATUNGONG DISYERTO.


NARINIG KO PAANONG IKAW AY NAKIPAGSALITA SA AKING MGA TAO, NA NAGING DAHILAN PARA SILA'Y BALISA, NAGING DAHILAN SA KANILA UPANG HUMINTO SA PAGGAWA. AT NGAYON GUSTO NILANG GAWIN ANG TATLONG ARAW NA PAGLAKBAY UPANG MAGSAMBA SA ISANG DIYOS NA HINDI KO ALAM. SISIKAPIN KO NA SILA'Y MARAMING GAGAWIN DITO.
SIMULA NGAYON, SILA'Y MAGHANDA NG KANILANG SARILING DAYAMI PARA SA PAGGAWA NG MGA LARYO. NGAYON LUMAYO KAYO SA AKING PANINGIN AT BUMALIK KUNG SAAN KAYO NANGGALING.

EXODO 5:1-7


PANINIWALAAN NIYO BA ANG KANILANG KATAPANGAN?
NAKAKATAWA. SILA'Y PUMASOK DITO NA AKALA MO SILA MISMO ANG DIYOS.


SINASABI MO BA SA AMIN NA ANG LAHAT NG IYONG NAGAWA AY PARA MA-DOBLE ANG BIGAT NG AMING GAGAWIN? HINDI IYAN KALIGTASAN. AT INIISIP MO NA IKAW AY IPINADALA NG DIYOS?
MAS ESPESYAL BA SIYA KAY SA AMIN?
TAYO'Y NANIWALA SA KANYANG MGA PAGLINLANG.
ISA SIYANG PANATIKO!


KAYA PALA KAYO'Y WALANG SAPAT NA GAWIN? GUSTO NINYONG UMALIS UPANG SUMAMBA SA INYONG DIYOS. TUTURUAN NAMIN KAYO NA HUWAG MAGING TAMAD.


JEHOVAH, SIMULA NANG AKOY DUMATING NA NAGSASALITA SA IYONG PANGALAN, ANG MGA BAGAY AY LALONG NAGING MASAMA. BAKIT NIYO AKO PINADALA DITO?
AKO SI JEHOVAH, ANG DIYOS NG IYONG MGA NINUNO, AT NAKITA KO ANG PAGHIHIRAP AT NARINIG KO ANG MGA IYAK SA AKING BAYANG ISRAEL.
PANAHON NA UPANG MATUPAD ANG AKING PANGAKO KAY ABRAHAM AT DALHIN ANG MGA TAONG ITO SA LUPAIN NG CANAAN. IKAW, MOISES, ANG MANGUNA SA KANILA.


SUBALIT AKO'Y HINDI MAKAPAGSALITA NG MAAYOS. HINDI AKO PAKIKINGGAN NI FARAON.
SI AARON ANG MAGSASALITA; IKAW AY MAKINIG KA LANG SA AKIN AT MAGSABI SA KANYA ANO ANG SASABIHIN. SA SIMULA, SI FARAON AY HINDI MAKIKINIG SA IYO, SUBALIT AKO'Y MAGPAPAKITA NG LALONG DAKILANG PALATANDAAN HANGGANG MAKILALA NG MGA EHIPCIO NA AKO ANG TANGING DIYOS NA TOTOO.


HA, HA, ANO NA NAMAN ANG GINAGAWA NINYO DITO?
SINASABI NI JEHOVAH, "PAHINTULOTAN MONG LUMABAS ANG AKING MGA TAO.


HETO ANG ISANG PALATANDAAN NA NAGSALITA SI JEHOVAH.
HA, HA, HA! IYAN AY ISANG SALAMANGKANG PANLINLANG LAMANG. HINDI IYAN MAKAKAPATAKOT SA AKIN. TAWAGIN ANG LAHAT NG ATING SALAMANGKERO.




EXODO 5:10-29, 7:7-11


HALIKA MAGMADALI AT DALHIN MO IYONG SALAMANKANG LINLANG NA KUNG SAAN GINAWA MONG AHAS ANG IYONG TUNGKOD.


ANG AMING DIYOS SA MGA SERPIYENTE, SI NESERT, NAGPADALA SA AMIN UPANG SABIHIN SA INYO NA GAGAWA NG MARAMING MGA BRIKS. HA, HA, HA.


MOISES, ANO ANG GAGAWIN NATIN NGAYON? MUKHANG MGA SIRA ULO TAYO.


TINGNAN NIYO!
ANG KANYANG MGA AHAS AY GUSTONG MAKIPAG-AWAY SA ATING MGA AHAS.


ANG KANYANG MGA AHAS AY KINAIN ANG MGA ATIN!


NILUNOK NITONG LAHAT ANG ATING AHAS


HUWAG MONG SABIHIN ITO'Y KAKAIN PA NG ISA! ANG ATING DIYOS, SI NESERT, AY MAGAGALIT.


KINAIN NG KANYANG AHAS ANG BAWAT AHAS NATIN!
PAANO NANGYARI ITO!



SI JEHOVAH ANG DIYOS NG MANLILLIKHA. SINABI NIYA, “PAHINTULUTAN MO ANG AKING MGA TAO NA LUMABAS.”


EXODO 7:12




EXODO 7:13: AT PINATIGAS NIYA (DIYOS) ANG PUSO NG FARAON, KAYA HINDI SIYA NAKINIG SA KANILA, GAYA NG SINABI NG PANGINOON."


BAKIT TAYO'Y PINADALA NI JEHOVAH KASAMA ANG PALATANDAAN NA ANG MGA SALAMANGKERO NG FARAON AY MAKAKOPYA? SA IILANG MINUTO, TAYO'Y NAGING PARANG MGA LUKO-LUKO.
HINDI KO ALAM, NGUNIT SINABI NG DIYOS NA PATITIGASIN NIYA ANG PUSO NG FARAON. SIGURADO ITONG NAGING GANOON. NAKITA MO BA KUNG PAANO SIYA NAGALIT NANG KINAIN NG AKING TUNGKOD ANG KANYANG ALAGANG MGA AHAS?
KAILANGAN KONG MAKAHANAP NG LUGAR UPANG MAKIPAG-USAP KAY JEHOVAH. HINDI KO ALAM ANO ANG SUSUNOD NA GAGAWIN.


NAKIPAGTAGPO ANG DIYOS KAY MOISES MULI AT SINABI SA KANYA KUNG ANO ANG SUSUNOD NA GAGAWIN. ANG MGA EHIPCIO AY KUMUKUTYA KAY MOISES. ANG KANYANG SARILING MGA TAO AY TUMANGGI SA KANYA DAHIL LALONG NAGING MATINDI ANG PAGMAMALUPIT NI FARAON SA KANILA. NGUNIT SI MOISES AY NANIWALA SA DIYOS AT SUMUNOD KAHIT NA HINDI NYA NAIINTINDIHAN.
NAGSALITA SI JEHOVAH, “DAHIL IKAW AY TUMANGGI NA ANG AKING MGA TAO AY LUMABAS, UPANG MALAMAN MO NA AKO ANG TOTOONG DIYOS, ANG LAHAT NG MGA TUBIG SA EHIPTO AY MAGING DUGO.”


NGAYON IYAN AY KAHANGA-HANGA. PAANO NIYA GINAWA IYAN.
PUNTAHAN NINYO. KUNIN ANG AKING MGA SALAMANGKERO. ANG DIYOS SA NILE AY SIYANG MAGPAHINTO NITO.

EXODO 7:15-21


TINGNAN NINYO? ANG AKING MGA SALAMANGKERO AY MAKAGAWA RIN NITO. HINDI AKO MAHIMOK DAHIL SA INYONG MGA SALAMANGKANG LINLANG.


DI PA AKO NAKAKITA NG KAHIT ANO NA GANITO SA AKING BUHAY. KAHIT NA ANG MALILIIT NA MGA LAWA AY NAGING DUGO. ANO ANG SINABI NIYA ANG PANGALAN NG KANYANG DIYOS?
DI KO TALAGA NARINIG NA SINABI NILA. ANO ANG KAIBAHAN ANG MAGAWA NITO? TAYO'Y MERONG LIBU-LIBONG DIYOS. ANG DIYOS SA ILOG NILE AY MAGAGALIT.


IYANG TAONG SI MOISES NAGSASABI NA ANG KANYANG DIYOS AY ANG NAG-IISANG DIYOS.
ISANG DIYOS? IYAN AY NAKAKATAWA.


PITONG ARAW PAGKATAPOS NA ANG TUBIG AY NAGING DUGO, NAGDALA NA NAMAN NI MOISES NG PAGHATOL NG DIYOS SA EHIPTO.
PAHINTULUTAN NA ANG MGA TUBIG AY MAGLUWAL NG MARAMING MGA PALAKA.




EXODO 7:21-25, 8:6


ANG AKING BAHAY AY PUNO NG MGA PALAKA.


ANG BUONG EHIPTO AY NAPUNO NG MGA PALAKA. ANG MGA DIYOS AY GALIT!
SAAN BA ANG ATING MGA PARI? WALA BA SILANG MAGAWA?


VEAAIII!


BAKIT SILA GUMAGAWA PA NG MARAMING PALAKA? DI BA MARAMI NANG BINIGAY SI MOISES SA ATIN. NGAYON NAGBIBIGAY PA SA ATIN NG DAGDAG SI FARAON.
NAKITA MO BA, FARAON? KAMING MGA SALAMANGKERO AY NAKAGAWA RIN NG MGA PALAKA?


BAKIT DI MO NA SILA PAYAGAN NA PUMUNTA SA DISYERTO TULAD NG HINIHINGI NILA? DI NA NATIN KAYANG MADAGDAGAN PA ITO.


TAWAGIN SI MOISES. GUSTO KONG MAKIPAG-USAP SA KANYA.
OPO, PANGINOON, TULAD NG SINABI MO


SABIHIN KAYJEHOVAH NA ALISIN ANG MGA PALAKA. KUNG GAGAWIN NIYA ANG GANOON, PAHINTULUTAN KO ANG MGA TAO NA UMALIS AT MAGSAKRIPISYO.
SABIHIN MO SA AKIN KUNG KAILAN MO GUSTONG MAMAMATAY ANG MGA PALAKA AT ITO'Y MANGYAYARI.


BUKAS NG UMAGA.
SABIHIN MO SA AKIN KAILAN MO GUSTO ANG MGA PALAKA NA MAMAMATAY AT ITO'Y MANGYAYARI.

EXODUS 8:7-10


NANG MAKITA NI FARAON NA ANG MGA PALAKA AY NAMATAY SA PANAHON NA ITINAKDA NIYA, SIYA'Y NAGMATIGAS SA KANYANG PUSO SA PAGPAHINTULOT SA MGA HEBREO NA UMALIS.
ANONG KLASENG DIYOS ITONG SI JEHOVAH NA NAGPUNO SA ATING LUPAIN NG MGA PALAKA?
ANONG NAGPAISIP SA IYO NA ISANG DIYOS ANG GUMAWA NITO? MAARING ITO'Y ISANG NATURAL NA PANGYAYARI.


SAMAKATUWID PAANONG SI MOISES NAKAALAM NA ITO'Y MANGYAYARI UPANG SIYA AY MAKAPANGHULA NITO? AT PAANO NIYA NALAMAN ANG TAKDANG ORAS NA SILANG LAHAT AY MAMAMATAY?
O, TUMAHIMIK KA AT MAGPALA, BAKA TAYO'Y DI MAKATAPOS.


AT SINABI NI JEHOVAH KAY MOISES,SABIHIN KAY AARON, IUNAT ANG IYONG KAMAY AT HAMPASIN MO ANG ALIKABOK NG LUPA UPANG ITO'Y MAGING MGA KUTO SA BUONG LUPAIN SA EHIPTO."


AT LAHAT NG ALIKABOK SA EHIPTO AY NAGING MGA KUTO.
IEEEEEE!


ANONG IBIG MONG SABIHIN NA HINDI KAYO MAKAGAWA NG MGA KUTO? ANG MGA TAO AY MAG-IISIP NA ANG KANYANG DIYOS AY MAS MAKAPANGYARIHAN KAY SA ATIN! SALAMANGKANG LINLANG, YAN LANG BA ANG LAHAT NG MAGAGAWA NINYO.
NGUNIT KAMAHALAN, SIGURADONG ITO'Y GAWA NG DIYOS. WALANG TAO NA MAKAGAWA SA MGA BAGAY NA GINAWA NUNG DALAWA. WALA TAYONG KAPANGYARIHAN.


MERONG NATURAL NA PAGPAPALIWANAG, NGUNIT HINDI NATIN MAPAGTIISAN NA MAKADAGDAG PA ITO. TAWAGIN SI MOISES. SABIHIN SA KANYA NA KUNG ANG KANYANG DIYOS AY AALISIN ANG MGA KUTO PAHIHINTULUTAN KO ANG MGA HEBREO NA UMALIS UPANG MAGSILBI SA KANILANG DIYOS.
EXODO 8:13-19


ANG MGA KUTO AY NAWALA NA, NGUNIT HINDI AKO PAPAYA NA UMALIS ANG MGA ALIPIN. PAGKATAPOS NG LAHAT, ANO PA ANG MAGAGAWA NG KANYANG DIYOS?


NAGSALITA ANG DIYOS KAY MOISES. ANG DIYOS ANG NAGSABI, "AKO AY MAGPAPADALA NG PULU-PULUTONG NA MGA LANGAW SA EHIPTO. ANG INYONG MGA BAHAY AY MAPUPUNO NG MGA LANGAW. NGUNIT SA PANAHONG ITO AKO AY MAGLAGAY NG KAIBAHAN SA PAGITAN NG MGA EHIPCIO AT MGA HEBREO.
WALANG LANGAW SA AKING BAYAN. SA PAMAMAGITAN NITO ANG BAWAT ISA AY MAKAALAM NA AKO ANG DIYOS SA BUONG LUPAIN.


DADDY, BAKIT ANG ATING MGA PARI AY HINDI MAPAHINTO ANG TAONG ITO? NASAAN ANG KANILANG KAPANGYARIHAN?
WALA AKONG ALAM KAHIT ANO SA RELIHIYON. INIISIP KO LANG ANG SARILI KONG NEGOSYO.


ITO'Y TULAD SA SINABI NIYA; WALANG LANGAW SA MGA HEBREO. MAAARING ITO'Y GAWA NG KANILANG DIYOS.
HANAPIN MO SI MOISES.


KUNG GAYON UMALIS KAYO, AT MAGSAKRIPISYO SA INYONG DIYOS, NGUNIT HUWAG UMALIS SA LUPA NG EHIPTO.
KAILANGAN NAMING UMALIS AT MAGLAKBAY NG TATLONG ARAW.
SINABI KO MAKA-KAALIS KAYO NGUNIT HINDI KAYO MAKA-KAALIS NG SOBRANG LAYO. NGAYON KAUSAPIN MO ANG IYONG DIYOS NA ALISIN ANG MABAHONG LANGAW NA ITO


WALA NANG NA ISANG LANGAW PA NA NAIWANG BUHAY SA BUONG EHIPTO. NGAYON IYAN AY ISANG MILAGRO.
TUMAHIMIK. KAYO AY NAGSASALITA NA PARANG KAYO AY NANINIWALA SA TAONG ITO.
MULING PINATIGAS NI FARAON ANG KANYANG PUSO AT TUMANGGING PALABASIN ANG BAYAN.

EXODO 8:20-32


ANG DIYOS AY NAGPADALA MULI NG ISANG SALOT SA EHIPTO. LAHAT NG KANILANG MGA BAKA, MGA TUPA, MGA KABAYO, AT MGA KAMEL, LAHAT AY NAGKAROON NG KUMAKALAT NA SAKIT AT NAMATAY. SUBALIT ANG MGA HAYOP NG MGA HEBREO AY HINDI NAGKASAKIT.
ANG AMING MGA HAYOP AY NAMAMATAY LAHAT AT ANG SA INYO AY MALULUSOG. PAANO MO IYAN MAIPAPALIWANAG?
SINABI NI MOISES ITO ANG DIYOS NG ATING MGA AMA DUMATING UPANG ILIGTAS TAYO GALING SA MALUPIT SA PAGKA-ALIPIN, NGUNIT AKO'Y ISANG ORDINARYONG TAO; WALA AKONG ALAM SA MGA BAGAY NA IYAN.


ANG ATING MGA PARI AY NAG-AALAY NG MGA SAKRIPISYO SA ATING MGA DIYOS. ANG ATING BANAL NA TORO AY MAGAGALIT AT IPAPAHINTO NIYA ITO.


NASAAN ANG MGA DIYOS NG MGA EHIPCIO. WALA BA SILANG KAPANGYARIHAN?
SABIHIN KAY FARAON NA HULI NA. ANG LAHAT NATING MGA BANAL NA TORO AY NAMATAY LAHAT. ANG MGA TAO AY NAGALIT NANG MALAMAN NILA NA ANG ATING MGA DIYOS AY HINDI MAKAPAGTANGGOL SA KANILANG MGA SARILI GALING SA MULTONG DIYOS NG MGA HEBREO.



NGUNIT ANG FARAON AY NAGMATIGAS SA KANYANG PUSO.
EXODO 9:6-7


MULI ANG DIYOS AY NAGSALITA KAY MOISES AT SINABI SA KANYA NA MAGSABOG NG ABO SA IBABAW NG SIYUDAD AT ANG MGA EHIPCIO AY MAPUPUNO NG MGA PIGSA
SINABI NG DIYOS, "DAHIL HINDI KA NAGPAHINTULOT SA AKING BAYAN NA LUMABAS, AKO AY MAGPAPADALA NG NAKAKATAKOT NA MGA PIGSA NA BABALOT SA INYO AT SA INYONG MGA HAYOP."
O HINDI, AYAN NA NAMAN.



TAWAGIN ANG MGA SALAMANGKERO. SABIHIN SA KANILA NA TAWAGIN ANG LAHAT NG KANILANG KAPANGYARIHAN. MAGSAKRIPISYO SA MGA DIYOS. IPAHINTO ITO.


PINATAWAG MO AKO, KAMAHALAN?
IKAW AY MERON DING MGA PIGSA? WALA KA BANG KAPANGYARIHAN LABAN SA DIYOS NA ITO NI MOISES?


LUMAYAS KAYO SA AKING PANINGIN, KAYONG WALANG KAPANGYARIHANG LIPON NG MGA HUWAD. GUMAGAWA KAYO NG SALAMANGKERO AT NILOLOKO ANG MGA TAO,NGUNIT ALAM KO NA KAYO AY NANDADAYA. NASAAN ANG INYONG MGA DIYOS?


BUMANGON KA NANG MAAGA AT TUMAYO SA HARAPAN NI FARAON AT SABIHIN, "ANG DIYOS NG MGA HEBREO NAGSABI, "PAYAGAN MO ANG AKING BAYAN NA LUMABAS. SAPAGKAT ANG SUSUNOD NA SALOT AY MAS MASAMA. ITO'Y MAGDADALA NG PAGKAWASAK AT PAPATAY SA KARAMIHAN SA IYONG MGA TAO. SA PAMAMAGITAN NITO MALALAMAN MO NA WALANG IBANG DIYOS NA TULAD KO.
DI MO ALAM ITO NGUNIT AKO ANG GUMAWA SA IYO UPANG MAGING FARAON. KITA MO, ALAM KO NA IKAW AY MAGMAMATIGAS SA IYONG PUSO AT TUMANGGI SA PAGPAYAG SA AKING BAYAN NA LUMABAS.


ANG IYONG PAGMAMATIGAS AY NAGBIBIGAY SA AKIN NG PAGKAKATAON NA IPAMALAS ANG AKING KAPANGYARIHAN AT MAGDALA NG HUKOM SA EHIPTO DAHIL SA INYONG MALUPIT NA PAGTRATO SA AKING BAYAN. IKAW AY NAGTAGUYOD SA IYONG SARILING KAPAKINABANGAN AT TUMUTOL SA PAGGAWA SA AKING KALOOBAN,
...KAYA BUKAS SA GANITONG ORAS AKO AY MAGPAPADALA NG ULANG YELO AT APOY NA WALANG KATULAD NA NAKITA SA LUPA NOON PA MAN.


"AKO'Y NAGSABI SA IYO UPANG IKAW AY MAKAPAGBABALA SA BAWAT ISA UPANG ILAGAY NILA SA LOOB ANG KANILANG MGA SARILI O ANG KAHIT ANONG MGA HAYOP, SAPAGKAT ANG LAHAT NA NASA LABAS AY MAMAMATAY."
EXODO 9:8-19


MANGYAYARI ITO GAYA NG SINABI NI JEHOVAH.


PAANO NANGYARI ANG BAGAY NA IYAN, ANG APOY AT YELO NAGHALO?
MAKAPANGYARIHAN ANG DIYOS SET, ILIGTAS MO KAMI.
AHHHH!
ANG HINDI PUMANSIN SA BABALA AT INABUTAN NA NASA LABAS AY NAMATAY.


ITAY, PAANONG ANG TAONG SI MOISES NAKAGAGAWA NITO? ANG KANYANG DIYOS BA AY MAS MAKAPANGYARIHAN KAY SET, ANG PANGINOON NG KAGULUHAN AT MGA BAGYO?
INAANGKIN NIYA NA MERON LAMANG IISANG DIYOS AT ITONG MGA HEBREO AY KANYANG MGA ANAK.
SUBALIT WALA NI ISA NA NAKAKITA SA KANYANG DIYOS, KAHIT NA ANG MGA HEBREO. ANG KANYANG DIYOS, NA INANGKIN NA ISANG ESPIRITO LAMANG, AY NAGTANGKA SA PAGKUMBINSI SA FARAON UPANG SILA'Y PAYAGAN SA PAGLABAS PAPUNTA SA DISYERTO UPANG SUMAMBA.


O MAKAPANGYARIHANG SET, PANGINOON SA KAGULOHAN AT MGA BAGYO, KAMI AY NAGSUSUMAMO SA IYO, PAHINTUIN MO ITONG NAKASISINDAK NA MGA BAGYO. SIGURADONG IKAW AY MAS HIGIT KAYSA DI MAKITANG DIYOS NI MOISES.
EXODO 9:23-26


HINDI ITO LALAPIT SA ATIN- MALAPIT LAMANG SA MGA EHIPCIO.
TATAY, NATATAKOT AKO. ANG APOY BA AT YELO AY MAHULOG SA ATIN?


HINDI ANAK, SI JEHOVAH AY NAGPAPARUSA SA MGA EHIPCIO DAHIL SA HINDI PAGSUNOD SA KANYA. SIYA AY NAGPAPAKITA SA KANILA NA ANG KANILANG DIYOS SA MGA BAGYO, SI SET, AY WALANG KAPANGYARIHAN UPANG TUMULONG SA KANILA.
TALAGANG NAKAKATAKOT.


AKO'Y NAGKASALA LABAN KAY JEHOVAH. ANG DIYOS NG MGA HEBREO AY MATUWID AT AKO AT ANG AKING BAYAN AY MASAMA. HINGIN KAY JEHOVAH NA IPAHINTO ANG APOY AT YELO, AT AKO'Y PAPAYAG SA IYONG MGA TAO NA AALIS KAAGAD.


PAGKATAPOS NA AKO'Y MAKALABAS SA LUNGSOD, IUUNAT KO ANG AKING MGA KAMAY SA LANGIT AT ANG SALOT AY HIHINTO. SA PAMAMAGITAN NITO MALALAMAN MO NA ANG LUPA AY PAG-AARI NI JEHOVAH, SUBALIT HINDI MO TUTUPARIN ANG IYONG PANGAKO. WALA KA PANG RIN TAKOT SA DIYOS.
NANG MAKITA NI FARAON NA ANG BAGYO AY NAKALAMPAS NA, SIYA'Y NAGKASALA PANG MULI AT NAGMATIGAS SA KANYANG PUSO. HINDI NIYA PINAYAGAN NA LUMABAS ANG MGA TAO.


NAGPADALA PA ANG DIYOS NG ISANG SALOT. ANG MGA BALANG AY DUMATING AT KINAIN ANG BAWAT BERDENG BAGAY NA HINDI NASIRA SA BAGYO. PAGKATAPOS ANG MGA BALANG NGUMUYA PATUNGO SA MGA BAHAY.
EXODO 9:26-35, 10:13-15


MAMA, MAMA!
AHHHHEEE!
TANG-GAPIN MO IYAN!



GEB, DIYOS SA MGA HALAMAN, HINDI MO BA NAKITA ANO ANG GINAWA NG DIYOS NITONG MGA HEBREO SA AMING MGA PANANIM?
OSIRIS, IPAKITA ANG IYONG SARILI NA MALAKAS SA ARAW NA ITO.
PINATAWAG NI FARAON SI MOISES AT NANGAKO NA PAPAYAGAN NA ANG MGA TAO NA HUMAYO, NGUNIT NANG KINUHA NG DIYOS ANG MGA BALANG, SI FARAON AY MULING NAGMATIGAS SA KANYANG PUSO AT TUMANGGING ISUKO ANG KANYANG MGA ALIPIN.
EXODO 10:14-20



PAGKATAPOS NAGDULOT ANG DIYOS NG ISANG MAKAPAL NA DILIM NA BUMABA SA IBABAW NG EHIPTO. SA LOOB NG TATLONG ARAW NAGING MAS MAITIM KAY SA MAULAP NA GABI, NGUNIT SA BAHAY NG MGA HEBREO AY WALANG KADILIMAN.
GUSTO KO NANG IPAPATAY KAYO NOON PA MAN, NGUNIT ITO'Y MAGPAPATIBAY NA ANG AMING DIYOS AY WALANG KAPANGYARIHAN LABAN SA INYONG DIYOS.


LUMAYAS KA SA PANINGIN KO. DI KO NA MAKIKITA MULI ANG MUKHA MO, DAHIL SA ARAW NA IYON KAYO AY MAMAMATAY.
SINABI MO ANG TOTOO NG MINSAN. DI NA TAYO MAGKIKITA PANG MULI.


RA, DAKILANG DIYOS SA ARAW. MAKINIG KA.SA LOOB NG TATLONG ARAW NAGTAGO KA SA IYONG SARILI. DI MO BA MATATALO ANG DIYOS NG MGA HEBREO?


ITO NA! ISANG KATAPUSANG SALOT AT ANG FARAON AY MASAYANG TAYO AY LUMISAN SA EHIPTO. SA HATINGGABI SA GABING ITO, ANG MAMIMINSALA AY DADAAN SA BUONG LUPAIN SA EHIPTO. ANG PANGANAY NA ANAK NA LALAKE SA BAWAT PAMILYA AY MAMAMATAY. PARUSAHAN NG DIYOS ANG KASALANAN SA GABING ITO.
NGUNIT PAANO ANG ATING MGA PANGANAY? SILA BA AY MAMAMATAY RIN?


ANG DIYOS AY NAGHANDA NG KALIGTASAN SA LAHAT NA MANIWALA, HUMAYO KAYO NGAYON AT KUMUHA NG ISANG BATANG LALAKENG KORDERO O KAMBING, KATAYIN ITO SA GABING ITO AT ILAGAY ANG DUGO NG KORDERO SA GILID O SA IBABAW NG PINTO.
SINABII NI JEHOVAH, "HABANG AKO'Y DADAAN SA BUONG LUPAIN SA GABING ITO, PAPATAYIN KO LAHAT NG MGA PANGANAY NA LALAKE, KAPAG MAKITA KO ANG DUGO SA LABAS SA INYONG MGA PINTUAN AKO'Y DADAAN SA BAHAY NA IYAN, AT ANG PANGANAY AY DI MAMAMATAY. MAGHINTAY SA INYONG BAHAY SA GABING ITO, AT KAININ ANG KORDERO NA INYONG KINATAY."
EXODO 10:22-29, 11:4-5, 12:3-7


PUMUNTA KAYO NGAYON SA INYONG MGA PANGINOONG EHIPCIO AT MANGHIRAM SA KANILANG MAMAHALING,GINTO, MGA ALAHAS, AT PILAK. ANG DIYOS AY NAGPALAMBOT SA KANILANG MGA PUSO. SILA'Y MAGBIBIGAY NANG LIBRE AT MARAMI?
MAG-IMPAKE KAYO NG INYONG MGA GAMIT AT MAGHANDA SA PAG-ALIS BUKAS NG UMAGA. HINDI NA KAYO BABALIK DITO MULI. ITO'Y PAGPAALAM NA SA EHIPTO SA WALANG HANGGAN. ITO ANG SIMULA NG PANAHON PARA SA INYO- ANG INYONG UNANG ARAW.


ITAY, ISA LAMANG ANG ATING KORDERO. DI BA MAARING GUMAMIT NA LANG TAYO NG PULANG PINTURA O ANONG BAGAY?
ANAK, SINABI NG DIYOS NA MAGKATAY NG ISANG KORDERO AT ILAGAY ANG DUGO NITO SA MGA POSTE SA PINTO. KAILANGAN NATING GAWIN NA SAKTO GAYA NG SINABI NIYA. NAKITA MO PAANO SIYA NAGHATOL SA MGA HINDI SUMUNOD SA KANYA. ANG KORDERONG ITO ANG MAG LILIGTAS SA IYO GALING SA KAMATAYAN.


KUNG GAYON ANG KORDERONG ITO AY NAMATAY PARA SA AKIN?
PARA SA AKIN DIN. AKO, RIN, AY ISANG PANGANAY NA LALAKE.


MAMA, BAKIT SI DADDY NAGPINTA SA ATING PINTO NG DUGO?
SINABI NI JEHOVAH, “KAPAG AKO’Y MAKAKITA NG DUGO DIYAN SA INYONG MGA PINTO, MALALAMAN KO NA KAYO AY NANIWALA SA AKIN AT HINDI KO PAPATAYIN ANG KAHIT SINO SA LOOB NG BAHAY.”
EXODO 12:26-28, 35-36


BAKIT HINDI NINYO PINATAY ANG KORDERO AT KAYO NAGLAGAY NG DUGO SA INYONG PINTO?
HA, KAYO'Y NANIWALA SA LAHAT NG PAMAHIIN NA IYAN? PAANO ANG KAUNTI NA DUGO SA POSTE NG PINTO AY MAGPAPAHINTO SA PAGDATING NG KAMATAYAN? ANG AKING ANAK NA LALAKE AY HINDI NATATAKOT. TAKOT KA BA, JOIKIM?


HINDI A, SA PALAGAY MO BA AKO'Y BAKLA? ANG RELIHIYON AY PARA SA MGA MAHIHINA. ANG MABUTING DIYOS AY HINDI PAPATAY DAHIL LAMANG SA DI PAGLAGAY NG KAUNTING DUGO SA PINTO. PAANO NA IYONG DI NAKARINIG?


ITAY, BAKIT ANG GABING ITO AY IBA SA LAHAT NG MGA GABI?
DAHIL SA GABING ITO ANG DIYOS AY MAGPAPADALA SA KAYANG MANINIRA UPANG PATAYIN ANG LAHAT NG MGA PANGANAY NA LALAKE NA DI NANIWALA SA KANYA. NGUNIT KUNG SIYA AY MAKAKITA NG DUGO, SIYA AY DADAAN SA BAHAY NA IYAN.
ITO ANG SIMULA SA PANIBAGONG ARAW SA ATIN. SA BAWAT TAON TAYO AY MAGDIRIWANG SA PASKUWA UPANG ALALAHANIN ANG PAGLILIGTAS NG DIYOS SA ATIN SA KAMAY NI FARAON.


O ITAY, MAKINIG SA MGA HIYAW! ANG NAMIMINSALA AY NANDITO NA!
HUWAG KAYONG MATAKOT. SUMUNOD TAYO SA DIYOS. ANG DUGO AY NASA POSTE NG PINTUAN. KINAKAIN NA NATIN ANG TUPA.


ANG AKING ANAK NA LALAKE AY NAMATAY! O DIYOS KO, TULUNGAN NIYO KAMI. TAWAGIN SI MOISES.
EXODO 12:28


IEEE!
HINDIIII!
HINDI, O DIYOS HUWAG ANG AKING SANGGOL!


IKINALULUNGKOT KO, NGUNIT HULI NA ANG LAHAT. KAYO AY BINALAAN, SUBALIT KAYO AY HINDI NANIWALA. AKO'Y NATATAKOT NA MARAMI ANG MAMAMATAY SA GABING ITO
HABANG ANG NAMIMINSALA AY DUMAAN SA LUNGSOD NG GABING IYON, LIBU-LIBO ANG NAMAMATAY. YAONG NANIWALA AT NAGLAGAY NG DUGO SA KANILANG PINTO AY NABUHAY.


ANG ATING ANAK NA LALAKE AY PATAY NA!
MAGMADALI! DALHIN SI MOISES DITO KAAGAD.


ANO ANG...?
SIYA ANG PANGANAY SA KANILANG PAMILYA!
EXODO 12:29-31



PINATAWAG MULI NI
FARAON SI MOISES.


NGUNIT ANG FARAON AY DI TUMINGIN SA MUKHA NI MOISES.




GAYA NG SINABI NG DIYOS SA KANILANG MGA NINUNO, PAGKATAPOS NG 400 NA TAON SILA'Y AALIS SA EHIPTO. ANG MGA EHIPCIO AY NAGBIGAY SA MGA HEBREO NG GINTO AT MGA ALAHAS AT PAGKAIN, KAHIT ANO ANG KANILANG GUSTO AT KAYANG DALHIN. ITO'Y ISANG MASAYANG OKASYON PARA SA MGA ANAK NA HEBREO; ANG UNANG ARAW NG ISANG BAGONG BANSA.




EXODO 12: 21-22; 31-38



# KABANATA 4

# EXODO


SINUNOD NILA HANGGANG SILA AY NAKARATING SA MGA BUNDOK AT SA DAGAT NA PULA. DOON SILA NAGKAMPO HABANG SILA'Y NAG-UUSAP PAANO SILA TATAWID SA MALAWAK NA KATAWAN NG TUBIG.


NANG MATAPOS NA ANG PAGDALAMHATI NI FARAON SA KANYANG ANAK NA LALAKE, ANG KANYANG POOT AY NARAGDAGAN KAY SA UNA. HINDI NIYA MAINTINDIHAN BAKIT NIYA PINALAYA ANG MGA ALIPIN.
IHANDA ANG MGA KARWAHE. HABULIN ANG MGA HEBREO. PATAYIN SILANG LAHAT, O DALHIN SILA PABALIK.
ITO'Y MANGYAYARI GAYA NG IYONG SINABI, KAMAHALAN.
EXODUS 14:5-7


TINGNAN NINYO, ANG MGA SUNDALONG EHIPCIO AY DUMARATING! TAYO'Y NAKULONG SA DISYERTONG ITO!
DINALA TAYO NI MOISES DITO UPANG MAMATAY. MAS MABUTI PA ANG BUHAY-ALIPIN KAY SA MAMATAY DITO SA LUGAR NA PINABAYAN TAYO NG DIYOS.


NANG MAKITA NG MGA EHIPCIO ANG MGA KAAWA-AWANG HEBREO AT NAALALA NILA ANG LAHAT NG KAHIRAPAN NA GINAWA NI MOISES SA EHIPTO, SILA'Y HANDA NANG PUMATAY.
WALANG NANG MAGAGAWA PA ANG DIYOS NGAYON UPANG TAYO AY ILIGTAS
NASA GILID NATIN ANG MGA BUNDOK AT ANG TUBIG NAMAN AY NASA HARAP NATIN. TAYO AY NAKULONG.



TUMAYO KUNG NASAAN KAYO. ILILIGTAS TAYO NG DIYOS SA PARAAN NA MAKAPANGYARIHAN.
PINATIGAS NG DIYOS ANG PUSO NG FARAON NG ISA PANG BESES. PAGKATAPOS NG ARAW NA ITO, HINDI NIYO NA TALAGA MAKIKITA ANG MGA SUNDALONG EHIPCIO.
EXODO 14:5-13


NANG TILA PARANG SUSUGOD NA SANA ANG MGA SUNDALONG EHIPCIO SA MGA HEBREO, BIGLA NA LANG BUMABA MULA SA LANGIT ANG ISANG MALAKING HALIGI NG APOY AT HUMARANG SA KANILANG DAAN. NANG GABING IYON, ANG MGA HEBREO AY MAY LIWANAG NGUNIT ANG MGA EHIPCIO AY NASA MAKAPAL NA KADILIMAN.




EXODO 14:15-22


ITO AY MAS MAGANDA KAY SA ANONG BAGAY NA NAKITA NATIN SA EHIPTO.
AH, ANG ATING DIYOS ANG PINAKAMAGALING SA LAHAT! TAYO'Y NASA GITNA NG DAGAT.


JOSIAS! HUWAG KANG PASAWAY! UMALIS KA DIYAN. ALAM MONG DI KA MARUNONG LUMANGOY!


GUSTO KO LANG MAHIPO ANG MAGANDANG ISDA.



EXODO 14:22-23


NGAYON NAKITA NINYO ANG KAPANGYARIHAN NI *JEHOVAH.*
TINGNAN NINYO, BUMABALIK NA ANG TUBIG. SILANG LAHAT AY *MALULUNOD.*


ANG BAWAT EHIPCIONG SUNDALO AY NALUNOD SA DAGAT. ANG KANILANG MGA DIYOS NA KAHOY AT BATO AY HINDI SILA NAILIGTAS.
EXODO 14:27-28


TINGNAN ANG LAHAT NG MGA KATAWAN. ANG DAGAT AY NAPUNO NG MGA PATAY NA EHIPCIONG SUNDALO.
SIGURADO, SI JEHOVAH LAMANG ANG TANGING PANGINOONG DIYOS. WALANG IBANG MAKAKAGAWA NG GANITONG BAGAY. PALAGI NATING MATATANDAAN ANG ARAW NA ITO MAGPAKAILANMAN.

NANG INIWANAN NA ANG DAGAT AT ANG MGA PATAY NA EHIPCIONG SUNDALO, ANG MGA HEBREONG ANAK AY SUMUNOD KAY MOISES AT SA ULAP PAPUNTA SA MALAWAK NA ILANG. SILA'Y NAGPATULOY SA PAGKAIN AT PAG-INOM NG KANILANG MGA DINALA MULA SA EHIPTO.




PAGKATAPOS NG MARAMING ARAW NG PAGLALAKBAY, ANG ULAP NA NANGUNA SA KANILA AY HUMINTO SA MGA BALON NG TUBIG. ANG MGA HEBREO AY NAGKAMPO DOON HANGGANG ANG KANILANG PAGKAIN AY NAUBOS. WALA NANG IBANG LUGAR NA MAPAGKUKUNAN PA NG DAGDAG. MUKHANG WALA NANG PAG-ASA.


NANATILI NA LANG SANA KAMI SA EHIPTO AT NAMUHAY NANG MAS MABUTI KAY SA RITO. BILANG ALIPIN KAMI AY MAY SAPAT NA MAKAKAIN. DITO AY WALA.
OO, DINALA MO BA KAMI DITO UPANG MAMAMATAY SA GUTOM?



MAKINIG KAYO SA AKIN. HINDI KAYO DUMARAING LABAN SA AKIN, NGUNIT LABAN SA *DIYOS* NA ATING SINUSUNOD.
SABI NI JEHOVAH SIYA AY MAGPAPAULAN NG *TINAPAY* GALING SA LANGIT. SA BAWAT UMAGA MAKIKITA NINYO ITO NA TINATAKPAN ANG LUPA. ANG GAWIN LAMANG NINYO AY PULUTIN ITO AT KAININ.


ANONG SABI NI MOISES? PAANO TAYO MAKAKUHA NG PAGKAIN? ANG MGA BATA AY NAHIHIRAPAN NA SA GUTOM.
SINASABI NIYA NA SI JEHOVAH AY MAGPAPA... ULAN NG TINAPAY MULA SA LANGIT TUWING UMAGA.


MALAPIT NA ANG ORAS ANG ARAW AY SISIKAT NA. NANIWALA KA BA NA MAGKAKAROON NG TINAPAY SA LUPA GAYA NG SINABI NI MOISES?
TAYO AY MAGHIHIRAP SA GUTOM KUNG WALA.
HINDI, NI ALINMAN HINDI PA AKO NAKARINIG NG ISANG DAANAN SA DAGAT. MAAARING ITONG DIYOS NI MOISES ANG MAY LIKHA NG SANDAIGDIG. DI KO IPINAGPAPALAGAY NA GANONG KAHIRAP PARA SA KANYA ANG PAGGAWA NG TINAPAY NA MAHULOG MULA SA HIMPAPAWID. HALIKA, ORAS NA. TINGNAN NATIN.
NAKARINIG KA NA BA NG TINAPAY NA NAHUHULOG GALING SA HIMPAPAWID?
EXODO 14:21-22,30, 16:2-3, 7-8


TINAPAY GALING SA LANGIT, GAYA NG SINABI NIYA.
BAKIT NATIN DAPAT PAGDUDUDAHAN?



TINGNAN! ITO'Y NASA LAHAT NG DAKO.
O ITO'Y MASARAP! LASANG PULUTPUKYU TAN.
TOTOO NGA, SI JEHOVAH AY DIYOS AT SI MOISES ANG KANYANG PROPETA.


HABANG SILA AY NASA ILANG, ANG DIYOS AY NAGPAKAIN SA KANILA NG MAKALANGIT NA PAGKAIN NG MGA ANGHEL, TINAWAG NA MANNA! ANG MANNA AY ISANG HEBREONG SALITA NA ANG IBIG SABIHIN, "ANO ITO?"
HABANG ANG ULAP AY NAKATAYO SA IBABAW NG KANILANG KAMPO, ANG MGA HEBREO AY NANATILI MALAPIT SA MGA BATIS NG TUBIG AT KUMAKAIN NG MAKALANGIT NA TINAPAY, NGUNIT KAPAG ANG ULAP AY NAGSIMULANG KUMILOS, SILA'Y NAG-IIMPAKE NG KANILANG MGA TOLDA AT SINUSUNOD ITO SA HINDI ALAM NA ILANG.


SUBALIT DUMATING ANG ORAS NA SILA'Y NAUBUSAN NG TUBIG.
BINIGYAN NGA TAYO NG TINAPAY, NGUNIT NGAYON AY PAPATAYIN NAMAN TAYO SA UHAW.
ANG AKING MALIIT NA ANAK NA BABAE AY MAMAMATAY KUNG TAYO AY WALANG TUBIG HANGGANG MAYAMAYA.




EXODO 16:14-15, 17:2-4;
SALMO 78:24-25


SINABI NG DIYOS KAY MOISES ANG DAPAT GAWIN.
HALIKAYO AT TINGNAN ANG KAPANGYARIHAN NI JEHOVAH. HINDI KAYO NANINIWALA SA KANYA. KAYO AY NAGHIHINAKIT AT NAGREREKLAMO.


SIYA AY NAGBIGAY SA INYO NG TINAPAY, AT NGAYON SIYA AY MAGBIBIGAY SA INYO NG TUBIG MULA DITO SA TUYONG *BATO*.



WAKKK!
IEEEE!
EXODO 17:5-6


ANG TUBIG AY UMAAGOS NA PARANG ILOG.


MULING KUMILOS ANG ULAP, AT ANG MGA HEBREO AY NAG-IMPAKE AT SINUNOD ITO SA ILANG SA ISANG BUNDOK NA TINAWAG NA SINAI.




EXODO 17:6, 19:1-6,9


SABIHIN SA KANILA NA KUNG SILA AY SUSUNOD SA AKING KAUTUSAN, SILA AY AKING MAGIGING ESPESYAL NA LAHI NG HIGIT SA LAHAT NG MGA BANSA SA BALAT NG LUPA. KUNG SILA'Y SUSUNOD, SILA'Y MAGIGING ISANG KAHARIAN NG MGA SASERDOTE.
MOISES, KAPAG AKO'Y MAGSASALITA SA IYO, AKO AY DARATING SA ISANG MAKAPAL NA ULAP UPANG ANG MGA TAO AY MAKAKITA AT MAKARINIG AT MAKAALAM NA AKO NGA ITO.


SI MOISES AY BUMABA SA BUNDOK AT SINABIHAN ANG MGA TAO NG LAHAT NG MGA SINABI NG DIYOS.
KAMI AY SUSUNOD. GAGAWIN NAMIN ANG LAHAT NG SASABIHIN NG DIYOS.
KAYA LUMAKAD NA KAYO, LABHAN ANG INYONG MGA DAMIT AT MALIGO; IHANDA ANG INYONG MGA SARILI SA PAGSAMBA SA DIYOS. TATLONG ARAW SIMULA NGAYON ANG DIYOS AY BIBISITA SA INYO.


GAYA NG INIUTOS NG DIYOS, SA IKATLONG ARAW ANG LAHAT NG MGA TAO AY MAGTITIPON SA HARAP NG BUNDOK UPANG HINTAYIN ANG DIYOS NA MAGSALITA. ANG KAHANGA-HANGANG ULAP AY BUMABA SA BUNDOK AT PAGKATAPOS...
MOISES, UMAKYAT KA SA BUNDOK.


MOISES, AKO ANG DIYOS NA JEHOVAH, NA NAGDALA SA INYO MULA SA LUPAIN NG EHIPTO. PAG IKAW AY BUMABA, MAGLAGAY KA NG MGA BAKOD PALIBOT SA BUNDOK NA ITO.
KUNG MERON MAN IBANG MGA TAO NA HUMIPO SA BUNDOK NA ITO, SILA AY MAMAMATAY. BIBIGYAN KITA NG SAMPUNG KAUTUSAN NA KAILANGAN MONG SABIHIN SA MGA TAO.
EXODO 19:7-25


HUWAG KANG MAGKAKAROON NG IBANG DIYOS MALIBAN SA AKIN.
HINDI KANG GAGAWA NG LARAWAN NG KAHIT SINO MAN UPANG GAMITIN NA KATULONG SA PAGSAMBA.
HUWAG SABIHIN ANG AKING PANGALAN NG WALANG KATAPATAN AT PAGKASERYOSO.
ANG IKAPITONG ARAW SA ISANG-LINGGO AY KAILANGAN ISANTABI UPANG SUMAMBA SA AKIN. IGALANG MO ANG IYONG AMA AT INA.
HUWAG KANG PAPATAY.
HUWAG GUMAWA NG SEKSWAL NA MGA GAWA KASAMA ANG KAHIT SINO MALIBAN SA IYONG PINAKASALANG KABIYAK.
HUWAG KANG MAGNAKAW.
HUWAG KANG MAGSALITA NG MALING BALITA NG IBANG TAO.
HINDI KA DAPAT MAGNAIS NG PAG-ANGKIN SA KAHIT ANONG BAGAY NA PAG-AARI NG IBANG TAO.

EXODO 20:3-17


NANG SI MOISES AY NAKABABA SA BUNDOK, TINIPON NIYA ANG PITUMPUNG MGA LIDER SA ISRAEL AT SINABI SA KANILA ANG KAUTUSAN NG DIYOS.
GAGAWIN NAMIN ANG MGA ITO
ANG MGA ITO AY MABUBUTING UTOS
KAYONG PITUMPUNG KALALAKIHAN AY BABALIK SA BUNDOK KASAMA AKO. ANG DIYOS AY MAKIKIPAGTAGPO SA INYO DOON TULAD SA AKIN. MAKIKITA NG INYONG MGA SARILI. NGUNIT AKO'Y KAILANGAN MUNANG MAGSULAT SA ISANG AKLAT ANG KAUTUSAN NA SINABI NG DIYOS SA AKIN.

SI MOISES AY NAGING MAINGAT SA PAGSULAT SA BAWAT ISA GAYA NG SINABI NG DIYOS. ANG ESPIRITO NG DIYOS AY TUMULONG SA KANYA UPANG HINDI MAKAGAWA NG KAHIT ANONG MALI.





NANG SI MOISES AY NAKATAPOS SA PAGSULAT NG MGA SALITA. TINIPON NIYA ANG MGA TAO NA SAMA-SAMA AT BINASA ANG SALITA NG DIYOS SA KANILA.
ANG LAHAT NG SINABI NG DIYOS AY MABUTI, AT KAMI AY SUSUNOD DITO.
KAYA ANG BANSANG ISRAEL AY GUMAWA NG ISANG KASUNDUAN SA DIYOS. SIYA AY MAGPAPALA SA KANILA, MAGBIGAY SA KANILA NG BUHAY, AT ILIGTAS SILA MULA SA MGA KAAWAY, AT SILA'Y MAGIGING MASUNURIN SA LAHAT NG KANYANG KAUTUSAN, NA NAMUMUHAY SA KATUWIRAN.

INUTUSAN NG DIYOS SI MOISES NA MAG-
ALAY NG ISANG DUGONG SINAKRIPISYO
AT IWISIK NG DUGO SA MGA TAO.




ANG LAHAT AY MAKASALANAN, KARAPATDAPAT SA KAMATAYAN, KAHIT NA SI MOISES AT AARON. NGUNIT ANG DIYOS AY MAHABAGIN. SIYA AY NAGBIGAY NG ISANG DAAN SA PAGTAKAS.


SA PAMAMAGITAN NG PAGPATAY SA INOSENTENG KORDERO AT PAGWISIK SA DUGO SA BANSA, ANG DIYOS ANG MAGTATAKIP SA KANILANG KASALANAN AT HINDI SILA PAPATAYIN AYON SA NARARAPAT. ANG KORDERO NA HINDI NARARAPAT SA KAMATAYAN AY NAMATAY SA HALIP NG KARAMIHAN NA MAKASALANAN NA KARAPATDAPAT SA KAMATAYAN.
NGAYON NA ANG INYONG MGA KASALANAN AY NATAKPAN. KAYONG 70 AY AAKYAT SA BUNDOK AT INYONG MAKIKITA ANG KALUWALHATIAN NG DIYOS.
EXODO 24:1-8


KAYA ANG 70 MGA MATATANDA SA ISRAEL AY SUMUNOD KAY MOISES PAAKYAT SA BUNDOK NA KUNG SAAN ANG DIYOS AY NAGSALITA KAY MOISES.

BIGLA NA LANG, SA HARAPAN NILA AY NAGPAKITA ANG TRONO NG DIYOS.




ANG 70 MGA MATATANDA AY NAGMASID HABANG SI MOISES AY UMAKYAT SA BUNDOK AT NAWALA SA KUMIKINANG NA KALUWALHATIAN NG DIYOS.
ANG GAYONG KAGANDAHAN!
AT KALUWALHATIAN.
WALANG IBANG TAO GAYA NI MOISES NA NAGSALITA SA DIYOS MUKHA SA MUKHA.
EXODO 24:9-10



MOISES, IKAW AY MAGPAGAWA SA MGA TAO NG TABERNAKULO UPANG AKO'Y SAMBAHIN. ITO'Y MAGKAKAROON NG ALTAR UPANG MAG-AALAY NG MGA SAKRIPISYO AT ISANG BANAL NA LUGAR KUNG SAAN AKO'Y MAKIKIPAGTAGPO SA MATAAS NA SASERDOTE ISANG BESES SA ISANG TAON SA BUONG LAHI NIYO.
SASABIHIN KO SA IYO ANG SAKTONG PARAAN PAANO GUMAWA NG TABERNAKULO. ANG TRIBU NI LEVI AY MAGING AKING MGA SASERDOTE, AT SI AARON, AT ANG KANYANG MGA ANAK NA LALAKE, ANG MAGIGING MATAAS NA SASERDOTE. SILA'Y MAGTUTURO SA MGA TAO UPANG MAGING MATUWID AT SILA AY MAG-AALAY NG MGA SAKRIPISYO KAPAG ANG MGA TAO AY MAGKASALA.


MGA ILANG LINGGO NA ANG NAKARAAN NANG SIYA AY NAGLAHO SA APOY SA BUNDOK SA IYON. BAKA PATAY NA SIYA NGAYON.
OO, HINDI TAYO MAARING NAKATAYO LANG DITO SA ILANG NA ITO NG MAGPAKAILANMAN.
KAILANGAN NATIN NG ISANG DIYOS NA MAMUMUNO SA ATIN GAYA NI MOISES.
TAYO AY GUMAWA NG ISANG GINTONG LARAWAN NG ATING DIYOS.


SI MOISES AY PATAY NA. SI AARON ANG GAGAWA SA ATIN NG ISANG DIYOS NA GINTO UPANG MANGUNA SA ATIN PABALIK SA EHIPTO.
IBIGAY SA AMIN ANG INYONG GINTO.


SA PAMAMAGITAN NG KANILANG SARILING MGA KAMAY, ANG MGA MANGMANG AY LUMIKHA NG ISANG IMAHEN NG ISANG TORO AT TINAWAG ITO NA ISANG DIYOS. ANG ORIHINAL NA LARAWAN NI SATANAS NANG HINDI PA SIYA NAGKASALA AY PARANG ISANG TORO. KAHIT NA HINDI ALAM NG MGA TAO, SI SATANAS AY NAGBIGAY INSPIRASYON SA KANILA UPANG SUMAMBA SA KANYA.
SI AARON AY SUMUNOD SA KAGUSTUHAN NG MGA TAO AT TINULUNGAN SILA SA PAGPANDAY SA DIYOS NA GINTO.
EXODO 20:4, 25:8-9, 28:1-3, 32:1-4; EZEKIEL 1:10, 10:11, 28:14


SI AARON AY SOBRANG MANG-MANG. ALAM NIYA NA ANG LARAWAN AY HINDI ISANG DIYOS. NGUNIT SIYA AY NATAKOT SA MGA TAO.
NARITO ANG INYONG DIYOS NA NAGDALA SA INYO GALING SA LUPAIN NG EHIPTO. BUKAS TAYO AY MAGPROKLAMA NG ISANG MALAKING SAKRIPISYO AT PAGSAMBA KAY JEHOVAH.
NAGUTOS NA ANG DIYOS SA KANILA NA HUWAG GUMAWA NG KAHIT ANONG LARAWAN NA ISANG KATULONG SA PAGSAMBA, NGUNIT SILA AY SUMUSUNOD SA KANILANG SARILING IMAHINASYON.


SUMAYAW ANG MGA TAO AT GINAWANG HUBAD ANG KANILANG SARILI. SILA'Y NALASING AT NANGALUNYA. ANG DIYOS AY HANDA NA UPANG PATAYIN SILANG LAHAT AT IPADALA SILA SA MGA APOY NA INIHANDA NIYA PARA SA MGA DIYABLO AT MGA ANGHEL.
NAKIPAG-USAP ANG DIYOS KAY MOISES AT SINABI, "BUMABA KA NA NGAYON. ANG MGA TAO AY GUMAWA NG ISANG MALAKING KASALANAN. SILAY AY HUBO'T HUBAD SA KANILANG SARILI AT SILA'Y SUMAYAW SA HARAP NG ISANG DIYOS-DIYOSAN. PAPATAYIN KO SILANG LAHAT. ANG KANILANG MGA PUSO AY MATIGAS. HINDI SILANG GUMAGAWA NG KATUWIRAN."
EXODO 32:5-10


NAGALIT SI MOISES NANG MAKITA NIYA ANG MGA TAO NA NAKALIMOT NA SA DIYOS AT GUMAWA NG KANILANG SARILING DIYOS-DIYOSAN.
HINDI NINYO TINUPAD ANG KAUTSAN NG DIYOS!


BINASAG NI MOISES ANG BATONG TAPYAS KUNG SAAN ISINULAT ANG KAUTUSAN.


DI BA SINABI NIYA NA HUWAG MAGKAROON NG IBANG MGA *DIYOS* MALIBAN KAY JEHOVAH? ANG *REBULTO* BA NA GAWA NG INYONG SARILING MGA KAMAY MAAARI NINYONG TAGAPAGLIKHA?
PINUKPOK NI MOISES ANG GINTONG BAKA AT DINUROG UPANG MAGING PULBOS.
EXODO 20:3-4; 32:15-20


KUNG KAYO AY NASA PANIG NI JEHOVAH, PUMUNTA DITO AT TUMAYONG KASAMA KO. KUNG NAIS NINYONG SUMAMBA SA MGA DIYOS SA EHIPTO, KUNG GAYON MANATILI KUNG SAAN KAYO.
HINIHILING NAMING NA SUMUNOD SA DIYOS NA HUMAWI SA DAGAT NA PULA, KAHIT NA SIYA AY WALANG LARAWAN.
KAMI AY SUSUNOD SA DIYOS NI ABRAHAM, ISAAC, AT JACOB.



ANG PARUSA NG KASALANAN AY **KAMATAYAN**. SABI NI JEHOVAH SILA'Y KAILANGANG MAMATAY. NGAYON DALHIN NINYO ANG INYONG MGA TABAK AT PATAYIN LAHAT YAONG GUMAMIT NG MGA LARAWAN NA KATULONG SA PAGSAMBA.


TATLONG LIBONG SUMAMBA SA DIYOS-DIYOSAN AT MGA NANGALUNYA AY PINATAY SA ARAW NA IYON.
HIWAIN!
HUWAGGG!
MAAWA KA!
EXODO 32:26-28

UMAKYAT SI MOISES SA BUNDOK, AT MULI, SINULAT NG DIYOS ANG SAMPUNG KAUTUSAN SA DALAWANG TAPYAS NA BATO. NANG SI MOISES AY BUMABA , IPINAKITA NIYA SA MGA TAO ANG KAUTUSAN NG DIYOS, AT SILANG LAHAT AY NAGKASUNDO SA PAGSUNOD NITO.




SABI NG DIYOS KAYO AY MATITIGAS ANG PUSO AT REBELDENG MGA TAO. NANG KAYO AY NAGKASALA, SINABI NIYA NA GUSTO NIYANG PATAYIN KAYONG LAHAT, SUBALIT AKO'Y NANALANGIN PARA SA INYO, AT AALISIN NIYA ANG INYONG KASALANAN. SI JEHOVAH AY TALAGANG MAAWAIN AT MAPAGPATAWAD.


BINIGAY NG DIYOS ANG MGA DIREKSYON UPANG GUMAWA NG ISANG TABERNAKULO. KUNG TAYO AY GAGAWA NITO AYON SA KANYANG KAGUSTUHAN, KAKATAGPUIN NIYA TAYO DOON. DAHIL TAYONG LAHAT AY MAKASALANAN, ANG DIYOS AY NAGHANDA NG PARAAN KUNG SAAN TAYO AY MAKAKALAPIT SA KANYA.
ANG MGA LEVITA AY MAG-AALAY NG MGA DUGONG SAKRIPISYO SA BAWAT ARAW. ISANG BESES BAWAT TAON, ANG DUGO AY ILALAGAY SA ARKO NG KASUNDUAN. KAPAG NAKITA NG DIYOS ANG DUGO SA ARKO, KATULAD NG GINAWA NIYA SA EHIPTO, KUKUNIN NIYA ANG ATING KASALANAN, AT TAYO AY HINDI MAMAMATAY. ITO ANG PARAAN NG DIYOS SA PAGPAPATAWAD.


AT NATAPOS ANG TABERNAKULO, AT ANG MGA SASERDOTE AY NAGSIMULA SA PAG-ALAY NG ARAW-ARAW NA MGA SAKRIPISYO. KAPAG NAKITA NG DIYOS ANG PANANAMPALATAYA NG MGA NAG- AALAY SA DUGO NG MGA HAYOP, INAALIS NIYA ANG KANILANG MGA KASALANAN.
NGUNIT ANG MGA TAO AY HINDI NASIYAHAN SA KANILANG PAMAMALAGI SA ILANG, KAYA SILA AY NAGREREKLAMO SA LAHAT NG PANAHON.
DUMATING ANG ISANG ARAW NA ANG KANILANG MGA REKLAMO AT HINDI PAGPANIWALA AY NAGING SANHI UPANG ANG DIYOS AY MAGDALA NG HATOL SA KANILA.




EXODO 34:28-32, 39:32; MGA BILANG 21:5-6


HINDI NAGTAGAL ANG KAMPO AY NAPUNO NG MGA MAKAMANDAG NA AHAS.


DIYOS KO TULUNGAN MO KAMI!


KAHIT SA SILID NG MGA TOLDA ANG MGA AHAS AY NAKAPASOK SA GABI.
SHISSSS


TULUNGAN NIYO AKO. NATUKLAW AKO.


HUWAG!





KAHIT ANG MGA BATA
AY NAGHIRAP DAHIL SA
KASALANAN NG MAGULANG.

MGA BILANG 21:6


MULA SA BUONG KAMPO ANG MGA IYAK NG PAGHIHIRAP AT PAGDALAMHATI AY MARIRINIG. ANG KABAYARAN NG KASALANAN AY NAKAKATAKOT.
GANITO SA BUONG KAMPO AT LALONG NAGIGING MASAMA SA BAWAT MINUTO. MARAMI NA ANG NAMATAY.
KAILANGAN HANAPIN NATIN SI MOISES. SIGURADONG ITO'Y GAWA NG DIYOS. SIYA AY GALIT SA MGA TAO DAHIL SA KANILANG MGA KASALANAN.
WAKK!


KAILANGAN MONG MAKIPAG-USAP SA DIYOS. KAMI AY KARAPAT-DAPAT SA PARUSANG ITO, NGUNIT HILINGIN MO SA KANYA NA MAGPAKITA NG AWA.
KAILAN BA MATUTUTO ANG MGA TAO NA ANG DIYOS AY SERYOSO TUNGKOL SA KASALANAN? KAILANGAN NILANG SUMUNOD SA KANYANG MGA KAUTUSAN AT MAGING BANAL NA BANSA.


O DIYOS, KAAWAAN MO ANG IYONG BAYAN. PATAWARIN MO ANG KANILANG MGA KASALANAN.
HUMAYO KA, GUMAWA KA NG ISANG AHAS NA TANSO, KAGAYA NG MGA KUMAGAT SA MGA TAO. ILAGAY MO ITO SA ISANG HALIGI UPANG ANG LAHAT AY MAKAKITA. SABIHAN SILA NA TUMINGIN LAMANG SA TANSO NA AHAS AT SILA AY GAGALING KAAGAD.
MGA BILANG 21:7-8


NAGBIGAY ANG DIYOS NG ISANG PARAAN. TUMINGIN LAMANG SA TANSONG SERPIYENTE AT KAYO AY GAGALING.


SIYA AY MAMAMATAY.
HINDI! ANG DIYOS AY NAGBIGAY NG PARAAN. BUKSAN MO LANG ANG IYONG MGA MATA AT TUMINGIN. TUMINGIN AT MABUBUHAY KA!



MILAGRO ITO!
KAILANGAN NATIN SABIHAN ANG IBA.
ITO'Y NANGYARI SA AKIN! SABIHAN KO ANG IBA.


TUMINGIN AT MABUHAY!
MGA BILANG 21:9


BAKIT KA NAGBIRO SA KANYA NG MALING PAG-ASA?
ANG IBA AY NAKATINGIN NA AT GUMALING NA.
DI MO BA NAKIKITA NA AKO'Y MAMAMATAY NA? BAKIT KA PA NAG-ABALA SA AKIN SA PAMAMAGITAN NG KALOKOHAN IYAN?



PATAY NA SIYA!
NALULUNGKOT AKO AYAW NIYANG MANIWALA.
MAARAMI SIYANG PAGMAMATAAS.


MINSAN PA NAKITA ULI NG MGA TAO ANG KAPANGYARIHAN NG DIYOS. ANG KAMPO AY KUMILOS PALAYO SA MGA AHAS AT ANG BUHAY AY NAGBALIK SA NORMAL.
SUBALIT ANG MGA TAO AY NAGPAPATULOY SA PAGGAWA SA KANILANG MGA SARILING PARAAN, MADALAS NA NABIBIGO SA PAGSUNOD SA KAUTUSAN NG DIYOS.


ANG MGA ANAK NG ISRAEL AY SUMUNOD SA ULAP. PINAKAIN SILA NG DIYOS SA PAMAMAGITAN NG MANNA GALING SA LANGIT AT NAGBIGAY NG TUBIG SA KANILA UPANG MAKAINOM.
NAIS SANA NIYA NA MANGUNA PAPUNTA SA LUPANG PANGAKO, NGUNIT SILA AY MASUWAYIN AT AYAW NILANG SUMUNOD SA KANYANG KAUTUSAN, KAYA ANG DIYOS AY NAGDULOT SA KANILA NA MAGPALIBOT-LIBOT SA ILANG SA LOOB NG 40 KA TAON.
MGA BILANG 21:9, 32:13



MOISES, SA TINGIN MO AY IKAW LAMANG ANG MALAPIT SA DIYOS. KAMI RIN AY BANAL NA KATULAD MO. SA TOTOO LANG, ANG BUONG KONGREGASYON AY BANAL. WALA NANG MAKASALANANG NAIWAN SA AMIN. AT ANG DIYOS AY NAKATIRA SA AMIN. HINDI NA NAMIN KAYO KAILANGAN NI AARON NA MAGPALIBUT-LIBOT, SABIHIN SA AMIN KUNG ANO ANG GAGAWIN AT PARA GAWIN ANG INYONG MGA SARILI NA MGA HUKOM SA IBABAW NAMIN. KAMI RIN AY MAY KAKAYAHAN NA MAGING MGA HUKOM KATULAD SA NIYO.
OO, AKO AY PAGOD NA SA LAHAT NG PAGLILIBOT SA DISYERTO NA PINAPATAY KAMI NG DIYOS DAHIL SA MALIIT NA BAGAY.
OO, ITO'Y KAMALIAN NI MOISES. SIYA'Y MASYADONG MARAMING INAASAHAN SA AMIN.


PUMUNTA SI MOISES SA TABERNAKULO AT NAGTANONG SA DIYOS ANO ANG GAGAWIN.



NAGSALITA ANG DIYOS: "UMAAKO KAYO NG SOBRANG RESPONSIBILIDAD SA INYONG MGA SARILI, MGA ANAK NA LALAKE NI LEVI. GUSTO NINYONG MAGING SASERDOTE ANG IBANG TAO PERO HINDI NAMAN SILA HINIRANG NG DIYOS."
BUKAS ANG PANGINOON ANG HAHATOL SA PAGITAN NATIN LAHAT AT MALALAMAN NATIN KUNG SINO ANG MGA SASERDOTE NG DIYOS; KUNG SINO ANG BANAL AT HINDI. PUMUNTA KAYO SA TABERNAKULO BUKAS NG UMAGA. DALHIN NINYO ANG INSENSARYO NA MAY APOY SA LOOB.
MGA BILANG 16:2-6


NG SUMUNOD NA ARAW.
LUMAPIT KAYO, KAYONG NAGPAPAHAYAG NG IYONG KABANALAN, KAYONG NAGNANAIS MAGING SASERDOTE AT MANGUNA SA MGA TAO.


ANG DIYOS AY MAKIKIPAGTAGPO SA ATIN NGAYON DITO, AT SIYA ANG PIPILI. MAKIKITA NATIN ANG KANYANG KAPANGYARIHAN AT KALUWALHATIAN.


IHIWALAY ANG INYONG MGA SARILI MULA SA MASASAMANG TAONG ITO. AKO'Y HANDA NANG PATAYIN SILA.


LUMAYO KA MULA SA KANILANG MGA TOLDA. HUWAG LIMAPIT SA KANILA, KUNG HINDI, KAYO AY MAMAMATAY KASAMA NILA.
MGA BILANG 16:19-24



NANDITO ANG ISANG PAGSUBOK. KUNG ANG MGA TAONG ITO AY MAMAMATAY SA NORMAL NA KAMATAYAN, SAMAKATWID MALALAMAN NINYO NA AKO'Y ISANG HUWAD NA PROPETA NA ANG DIYOS AY HINDI NAGSALITA SA PAMAMAGITAN KO.
NGUNIT KUNG NGAYON KAYO AY MAKAKITA NG BAGONG BAGAY, KUNG ANG LUPA AY BUBUKA AT LULUNOK SA KANILA AT SA LAHAT NG KANILANG MGA PAG-AARI PABABA SA HUKAY NG IMPYERNO, KUNG GAYON MALALAMAN NINYO NA SILA AY NAGKASALA LABAN SA DIYOS AT AKO ANG KANYANG PROPETA.


TULONG!
YIEEEEE!
HINDI!


MGA BILANG 16:28-33
AT ANG LAHAT NG MGA LALAKE NA NAGHANGAD NA MAGING MGA SASERDOTE AY KINAIN NG BUHAY NG APOY SA IMPYERNO NA INIHANDA PARA SA DIYABLO AT SA KANYANG MASAMANG MGA ANGHEL.


PULUTIN ANG KANILANG MGA TANSONG INSENSARYO AT GAWIN NINYONG PANTAKIP PARA SA ALTAR.
PAG MAKIKITA NIYO ANG TANSONG TAKIP SA ALTAR, MAAALALA NIYO ANG ARAW NA ITO, NA WINALANG-BAHALA NG MGA TAO ANG KAUTUSAN NG DIYOS AT HINANGAD SA KANILANG MGA SARILI NA MAGING SASERDOTE.
YAN ANG ISANG ARAW NA HINDI MAKAKALIMUTAN NG MGA ANAK NG ISRAEL. NILINAW NG DIYOS NA SI MOISES AY KANYANG PROPETA, AT YAONG MGA TAO LAMANG NA KANYANG HINIRANG AY MAAARING MAGING SASERDOTE.


ANG KALUWALHATIAN NG DIYOS AY PALAGING NAKATAYO SA IBABAW NG TABERNAKULO AT MALUWAG SA KALOOBAN NG MGA TAO NA SUMUNOD KAY MOISES PAPUNTA AT PABALIK SA ILANG SA LOOB NG 40 NA TAON.
ANG KALUWALHATIAN NG DIYOS AY NASA ATIN AT NAGBIBIGAY SIYA NG TINAPAY MULA SA LANGIT.
PATULOY ANG PAGPAPAULAN NG DIYOS NG TINAPAY MULA SA LANGIT, AT SIYA NAGLAAN SA KANILA NG TUBIG GALING SA MALAKING BATO. ANG HALIGI NG APOY ANG NAGTAKIP SA KANILA SA GABI AT ANG ULAP SA ARAW. SILA AY NATUTONG SUMUNOD SA KAUTUSAN NG DIYOS.
MGA BILANG 16:37-38



ANG MGA SASERDOTE AY NAG-
LILINGKOD SA TABERNAKULO
AT NAG- AALAY ARAW-ARAW
NA MGA SAKRIPISYO GAYA
SA INUTOS NI MOISES.


PAGKATAPOS NG 40 TAON SA ILANG, HABANG ANG BAWAT ISA AY NAGHAHANDA SA PAGPASOK SA LUPANG IPINANGAKO, TINAWAG NG DIYOS SI MOISES PAAKYAT SA BUNDOK. DOON, PAGKATAPOS NG HULING PAKIKIPAG-USAP SA DIYOS, SIYA AY HUMIGA AT TAHIMIK NA NAMATAY.


KAAGAD, ANG KANYANG ESPIRITU AY PINAPASOK SA PRESENSYA NG DIYOS. MANANATILI SIYA DOON HANGGANG SA KATAPUSAN NG PANAHON KAPAG SIYA AY SUMAMA NA ULI SA KANYANG BAYAN SA LUPAIN NA IPINANGAKO KAY ABRAHAM.
(HUMIGIT-KUMULANG 1451 BC) DEUTERONOMIO 34:4-5


HALOS 500 TAON NA ANG NAKALIPAS NANG TINAWAG NI JEHOVAH SI ABRAHAM UPANG UMALIS SA KANYANG BAYAN AT LUMAKAD SA LUPAIN NA IBIBIGAY NG DIYOS AY SA KANYA.
ANG PANGAKO NG DIYOS KAY ABRAHAM AT SARAH UPANG MAGING DAKILANG BANSA MULA SA KANILANG ANAK NA LALAKE NA SI ISAAC AY NATUPAD. ANG 12 ANAK NA LALAKE NI JACOB, NA ANG KANYANG PANGALAN AY NAGING ISRAEL, AY NAGING 12 TRIBU AT MARAMING TAO.


SILA AY INILIGTAS MULA SA PAGKA ALIPIN, GUMALA SA DISYERTO KASAMA SI MOISES, TUMANGGAP NG KAUTUSAN NG DIYOS, AT NGAYON SA KATAPUSAN AY PUMAPASOK SA LUPANG PANGAKO. SA BUONG PANAHON NG PAGLALAKBAY SA ILANG, ISANG BATANG LALAKE ANG PALAGING NASA TABI NI MOISES, NAGMASID AT NATUTO SA PAMUMUNO SA BANSANG ISRAEL.


ANG BATANG LALAKENG SI JOSUE AY LUMAKI UPANG MAGING MALAKAS NA MANDIRIGMA.


PAGKATAPOS MAPUNTA SI MOISES SA DIYOS, SI JOSUE AY NAPILI NG DIYOS UPANG MAMUNO SA MGA TAO PAPUNTA SA LUPANG IPINANGAKO NG DIYOS KAY ABRAHAM.
ANG MGA TAO AY NAKAALALA SA HULA NA SILA AY MAGIGING DAYUHAN SA ISANG BANYAGANG LUPAIN AT PAGKATAPOS SA 400 NA TAON SILA AY DADALHIN PABALIK SA LUPA NG KANILANG MGA NINUNO. TINUPAD NG DIYOS ANG KANYANG SALITA.


SA ARAW NA SILA AY TUMAWID SA JORDAN, ANG MANNA GALING SA LANGIT AY HUMINTO NA AT SILA AY KUMAIN SA SARIWANG PAGKAIN MULA SA LUPAIN.
O KABIYAK KO, ITO'Y ISANG KAHANGA-HANGANG LUPA NA IBINIGAY SA ATIN NG DIYOS.
OO, ITO'Y ISANG MAGANDANG LUGAR SA PAGPAPALAKI ANG ATING MGA ANAK AT TURUAN SILA NA MAMUHAY SA KABANALAN AT KAPAYAPAAN.
DEUTERONOMIO 34:9; JOSHUA 5:12



## KABANATA 5

# MGA PROPETA




ANG MGA TAONG NAKATIRA SA PALESTINA, ANG LUPAIN NA KUNG SAAN ANG MGA ANAK NI ISRAEL AY DUMATING, AY MASAMA. SILA AY TINATAWAG NA CANAANEO AT MAY IBANG WIKA KAY SA MGA ISRAELITA. SILA AY NAG- AALAY NG MGA TAONG SAKRIPISYO AT YUMUYUKO SA HARAP NG MGA DIYOS NA GAWA SA GINTO, PILAK, TANSO, AT KAHOY.




DEUTERONOMIO 18:9-11



ANG MGA TAONG SUMASAMBA SA MGA DIYOSDIYOSAN NA NAKATIRA SA LUPAING IPINANGAKO AY TUMUTOL SA PRESENSYA NG MGA ANAK NI ISRAEL AT NAKIPAG-AWAY UPANG MAPANATILI ANG KANILANG LUPAIN, SUBALI'T BINIGYAN NG DIYOS NG KAPANGYARIHAN ANG MGA ISARAELITA UPANG MATALO SILA.


BAKIT NANGAHAS KANG PUMASOK DITO SA BANAL NA TEMPLO!
PINATAY MO NA ANG IYONG HULING SANGGOL.


NANG MATAPOS ANG MADUGONG DIGMAAN, TINALO NG MGA HEBREO ANG KANILANG MGA KAAWAY, AT NASA KANILA NA ANG PAGKONTROL NG LUPAI. NAGSALITA SI JOSUE SA MGA TAO.
ANG ATING PINAKAUNANG NINUNO, SI ABRAHAM, NANGGALING SA ISANG LAHI NG MGA SUMASAMBA SA MGA DIYOSDIYOSAN.


NAGSALITA ANG DIYOS SA KANYA AT NANGAKO UPANG GAWIN SIYANG DAKILANG BANSA. SINABI RIN NG DIYOS NA ANG KANYANG BAYAN AY BABABA SA EHIPTO AT DOON MANATILI SA LOOB NG 400 NA TAON, NA PAGKATAPOS NITO SIYA ANG MANGUNA SA KANILA PABALIK SA LUPAIN NA NGAYON KAYO AY NAKATAYO. NANDITO NA TAYO NGAYON, PAGKARAAN NG HIGIT 500 NA TAON AT TINUPAD NG DIYOS ANG KANYANG MGA PANGAKO KAY ABRAHAM. NGAYON PUMASOK NA KAYO AT MANIRAHAN SA BUONG LUPAIN. HUWAG KAYONG SUMUNOD SA HALIMBAWA NG MGA MAKASALANAN NA NAMUHAY SA LUPAING ITO NANG WALA PA KAYO, SAPAGKAT HAHATULAN KAYO NG DIYOS KATULAD NG HATOL NIYA SA KANILA.

JOSUE 24:2-14


SA BAGONG LUPAIN SILA AY TAHIMIK. ANG BAWAT ISA AY NAGMAMAY-ARI SA KANYANG SARILING SAKAHAN AT MARAMI ANG PAGKAIN. ANG PINAGPALA SILA NG DIYOS NG HIGIT SA LAHAT NG TAO.
ANG IYONG HAPUNAN AY HANDA NA.
PAGKATAPOS NA MAKUHA AGAD ITONG MALAKING BATO.



GAYA NG IPINANGAKO NG DIYOS, ANG MGA HEBREO AY DUMAMI HANGGANG SA MAPUNO NILA ANG LUPAIN. ANG KANILANG MGA LUNGSOD AY BUHAY SA MABUTING PAKIKISAMA AT HUSTISYA. ANG BAGONG BANSA AY TINAWAG NA ISRAEL.
KAPAYAPAAN SA IYO, AKING KAPATID NA BABAE. KAMUSTA ANG ISDA NGAYON?
GAYA NG DATI, ITO'Y SARIWA MULA SA DAGAT



TINALO NI JEHOVAH ANG INYONG MGA KAAWAY, SUBALI'T MERON PA RIN PAGSAMBA NG DIYOSDIYOSAN SA LUPAING ITO. PILIIN NINYO SA ARAW NA ITO KUNG SINO ANG INYONG PAGLILINGKURAN, KUNG ANG HUWAD NA MGA DIYOS NG MGA TAONG ITO, NA SA KANILANG LUPAIN KAYO NANIRAHAN, O SA DIYOS NI ABRAHAM. PARA SA AKIN AT NG AKING SANGBAHAYAN, KAMI AY MAGLILINGKOD SA PANGINOON.
IPINAGBAWAL NG DIYOS NA KAMI AY TUMALIKOD SA PANGINOON UPANG MAGLINGKOD SA IBANG MGA DIYOS; DAHIL SA DAKILANG KAPANGYARIHAN INILIGTAS KAMI NI JEHOVAH MULA SA PAGKAALIPIN SA EHIPTO AT KAMI AY INALAGAAN SA DISYERTO.
NANGANGAKO KAMI NA MAGLILINGKOD SA PANGINOON.



AT PINAALIS NG PANGINOON SA HARAPAN NATIN ANG LAHAT NG MGA TAO, KAHIT NA ANG AMORRHEO NA NAKATIRA SA LUPAING ITO. KAYA KAMI RIN AY MAGLILINGKOD SA PANGINOON; DAHIL SIYA ANG AMING DIYOS.
ANG DIYOS AY ISANG BANAL NA DIYOS; SIYA AY ISANG SELOSONG DIYOS; KUNG KAYO AY TATALIKOD SA KANYA AT SUMUNOD SA MGA DIYOSDIYOSAN, SIYA AY MAGBABAGO, SASAKTAN AT UUBUSIN KAYO.



KAYO AY MGA SAKSI SA BAWAT ISA NA INYONG PINILI ANG PANGINOON, UPANG MAGLINGKOD SA KANYA.
KAMI AY MGA SAKSI.
ISUSULAT KO SA AKLAT ANG KASUNDUAN NA IYONG GINAWA SA DIYOS SA ARAW NA ITO.
GAYA NG PAGSUNOD NAMIN KAY MOISES SA LAHAT NG BAGAY, SA GAYON KAMI AY SUSUNOD SA INYO; KASAMA MO LAMANG ANG PANGINOONG DIYOS, GAYA NANG SIYA AY KASAMA NI MOISES. KAHIT SINO MANG MAGREBELDE LABAN SA KAUTUSAN NG DIYOS AY PAPATAYIN.


ANG MGA TAO AY PINAMAHALAAN NG MGA HUKOM NA NAKIPAGSALITA SA DIYOS AT NAGBABASA NG MGA SALITA NI MOISES. SILA'Y NAGPAPALIWANAG NG BATAS NG DIYOS SA MGA TAO AT NANGUNGUNA SILA SA PAGSUNOD SA DIYOS.
ANO ANG SABI NG BATAS NG DIYOS TUNGKOL SA ISANG BAKA NA NANUWAG SA ISANG TAO?
SINABI NI MOISES NA ANG MAY-ARI ANG MAY PANANAGUTAN SA NANGYARI AT ANG BAKA AY KAILANGANG PATAYIN.
EXODO 21:28-29; JOSUE 24:15-24


SA MAIKLING PANAHON, ANG MGA TAO AY NAKAALALA SA MGA MILAGRONG GINAWA NG DIYOS SA MGA PANAHON NI MOISES AT JOSUE. SILA AY NAGPAPASALAMAT DAHIL SA PAGLAYA MULA SA PAGKA-ALIPIN NG MGA EHIPCIO. SILA AY NAGLINGKOD KAY JEHOVAH NA DIYOS AT NAG-ALAY NG MGA SAKRIPISYO DAHIL INIUTOS SA KANILA.
ITAY, BAKIT PAPATAYIN NG MGA SASERDOTE ANG ATING TUPA? ANG TAGALIPUL BA AY DADAAN GAYA NG GINAWA NIYA NANG ANG ATING MGA NINUNO AY NASA EHIPTO?
HINDI ANAK. ANG TAGALIPUL AY HINDI DARATING, NGUNIT ANG DUGO NG BATANG TUPA AY TATAKIP SA ATING MGA KASALANAN AT GAGAWIN TAYONG KATANGGAP TANGGAP SA PANINGIN NG DIYOS.


SILA'Y NANGAKO KAY JOSUE NA SILA AY SASAMBA SA DIYOS AT TUTUPAD SA KANYANG KAUTUSAN, NGUNIT HINDI LAHAT AY NAGPATULOY SA PAGSAMBA KAY JEHOVAH.
NANG HUMINTO ANG MGA HIMALA, ANG SUMUNOD NA HENERASYON AY NAKALIMOT SA BUHAY NA DIYOS AT SUMAMBA SA HARAP NG WALANG BUHAY NA MGA LARAWAN. SINAMBA RIN NILA ANG KANILANG MGA NINUNO.


GAYA NG BABALA NI JOSUE, PINADALA NG DIYOS ANG MGA PAGANO UPANG LIPULIN ANG ISRAEL.
HUWAG! ILIGTAS MO AKO BAAL!
YAHHHH!
MGA HUKOM 3:7-8,12-13, 4;1-2, 10:6-7



NANG DUMATING ANG HATOL SA MGA TAO NG DIYOS, SILA AY NAKAALALA SA KANYANG BATAS AT IPINAHAYAG ANG KANILANG KASALANAN.
O JEHOVAH, PATAWARIN MO KAMI SA AMING MGA KASALANAN AT IBALIK ANG AMING KAPAYAPAAN.
NANG SILA'Y NANGUMPISAL SA KANILANG KASALANAN, PINATAWAD NIYA SILA AT IBINALIK ANG DATING KALAGAYAN NG KANILANG LUPA.


ANG MGA TAO AY NAPAGOD NA SA PAGSUNOD SA MGA HUKOM NA NAGHAHANAP SA DIYOS AT NANGANGASIWA SA MGA TAO NG DIYOS MULA SA AKLAT NG DIYOS, KAYA SILA AY NAGPASIYA NA MAGKAROON NG ISANG HARI UPANG MAMAHALA SA KANILA.
ANG IYONG MGA LUPAIN AY KUKUMPISKAHIN PARA SA KABUTIHAN NG KAHARIAN. IWANAN NIYO DITO ANG INYONG ANAK NA BABAE. KAMI ANG MAG-AALAGA SA KANILA.


ISANG PROPETA AT HUKOM NA PINANGALANANG SAMUEL AY NAGBABALA SA KANILA NA SA KAPAG NAGKAROON SILA NG ISANG HARI SILA AY TUMATANGGI SA DIYOS BILANG KANILANG PINUNO, NGUNIT AYAW NILANG LUMAKAD SA PANANAMPALATAYA. SI HARING SAULO AY UMABUSO SA KANILA, KINUHA ANG KANILANG PERA, KANILANG ARI-ARIAN, GINAWANG ALIPIN ANG KANILANG MGA ANAK NA LALAKE AT INABUSO ANG KANILANG MGA ANAK NA BABAE.


NANG SI HARING SAULO AY TUMANDA NA, ANG MASAMANG ESPIRITU AY DUMATING SA KANYA AT SIYA AY NAGKAROON NG HINDI MAKONTROL NA GALIT.
ISANG ARAW, SINUBUKAN NIYANG SIBATIN ANG ISANG BATANG PINANGALANANG SI DAVID NA TUMUTUGTOG NG ALPA PARA SA KANYA.
I SAMUEL 8
SI SAULO AY LALO PANG NAGKASALA. SIYA'Y NAGING SELOSO SA BAWAT ISA AT MATAKUTIN. ANG MASAMANG MGA ESPIRITU AY NANGAKONG MAGBIBIGAY SA KANYA NG KAPANGYARIHAN AT KAYAMANAN, SUBALI'T SILA'Y NAGDALA LAMANG NG DAGDAG NA LUNGKOT AT PAGHIHIRAP SA KALULUWA.



SI SAULO AY TUMALIKOD SA BUHAY NA DIYOS AT NAGKONSULTA SA MGA MANGKUKULAM.
KADILIMAN ANG NAKIKITA KO. HINDI ITO MABUTI. IKAW AY MAMAMATAY SA DIGMAAN AT IBA ANG HAHALILI SA IYO.
SI SAULO AY NAMATAY SA DIGMAAN AT ANG KANYANG KALULUWA AY PUMUNTA SA IMPYERNO.


PUMILI ANG DIYOS ANG ISANG BATANG LALAKE UPANG IPALIT KAY SAULO BILANG ISANG HARI. SIYA AY ISANG PASTOL NG MGA TUPA NA NAGMAMAHAL SA DIYOS AT TINUPAD ANG KANYANG KAUTUSAN; ANG TAONG SINUBUKAN PATAYIN NI SAULO.
ANG PANGINOON AY AKING PASTOL, HINDI AKO MAGKUKULANG. PINAHIHIGA NIYA AKO SA LUNTIANG MGA PASTULAN. PINANUNUMBALIK NIYA ANG AKING KALULUWA.
SI DAVID AY MATUWID AT MINAMAHAL NG DIYOS. SIYA KAYA ANG TAO NA MAGLILIGTAS SA SANGKATAUHAN MULA SA KASALANAN AT KAMATAYAN? SI DAVID KAYA ANG IPINANGAKO?
I SAMUEL 16;1-13, 18:10-11, 31:4; SALMO 23:1-3


SINULAT NI DAVID: MAPALAD ANG TAO NA HINDI LUMALAKAD SA PAYO NG MGA MASAMA, NI TUMATAYO SA DAAN NG MGA MAKASALANAN, NI UMUUPO SA UPUAN NG MGA MANUNUYA. NGUNIT ANG KANYANG KAGALAKAN AY NASA BATAS NG PANGINOON; AT SA KANYANG BATAS SIYA AY NAGBUBULAY-BULAY SA ARAW AT GABI.


AT SIYA AY KAGAYA NG ISANG PUNONGKAHOY NA ITINANIM SA TABI NG MGA AGOS NG TUBIG, NA NAGDADALA NG KANYANG BUNGA SA KANYANG PANAHON; ANG KANYANG DAHON NAMAN AY HINDI NALALANTA; AT SA KAHIT ANONG KANYANG GINAGAWA AY MAGTATAGUMPAY.
ANG MGA MASAMA AY HINDI GAYON: NGUNIT PARANG IPA NA ANG HANGIN ANG NAGTATABOY. KAYA ANG MGA MASAMA AY HINDI TATAYO SA HUKUMAN, NI ANG MGA MAKASALANAN SA KAPULUNGAN NG MGA MATUWID. SAPAGKAT ANG PANGINOON AY NAKAKAALAM SA DAAN NG MGA MATUWID: NGUNIT ANG DAAN NG MGA MASAMA AY MAMAMATAY. (SALMO 1)



NANG SI SAULO AY NAMATAY, SI DAVID AY NAGING HARI AT PINANGUNAHAN ANG MGA TAO UPANG SUMAMBA SA DIYOS AT TUMUPAD SA KANYANG KAUTUSAN.
IBALIK ANG LUPAIN NG BABAENG ITO SA KANYA AT TIYAKIN NA HINDI NA SIYA DAPAT BUWISAN.
SA ILALIM NG PAGHAHARI NI DAVID, ANG BANSA AY UMUNLAD AT NAMUHAY NG MATUWID.
2 SAMUEL 2:4; SALMO 1; MGA GAWA 13:22-23


NAGSALITA ANG DIYOS KAY DAVID AT IPINAKITA ANG MARAMING MGA BAGAY TUNGKOL SA HINAHARAP. ISINULAT NI DAVID ANG HULA NA IYON SA AKLAT NG MGA AWIT. KARAMIHAN SA MGA ITO AY NATUPAD NA.
SIYA AY MAGHAHATOL NG KATUWIRAN SA IYONG BAYAN, AT ANG IYONG DUKHA NG MAY PAGHATOL. ILILIGTAS NIYA ANG MGA ANAK NG NANGANGAILANGAN, AT DUDURUGIN ANG MAPANG-API. SA KANYANG MGA ARAW ANG MGA MATUWID AY DADAMI; AT KASAGANAAN NG KAPAYAPAAN HABANG ANG BUWAN AY NANATILI. SIYA NAMAN AY MAGHAHARI SA MULA SA DAGAT HANGGANG SA DAGAT, AT MULA SA ILOG HANGGANG SA MGA DULO NG LUPA.


TUNGKOL SA DARATING NA TAGAPAGLIGTAS, SINULAT NI DAVID:
OO, ANG LAHAT NG MGA HARI AY YUYUKO SA HARAPAN NIYA: ANG LAHAT NG MGA BANSA AY MAGLILINGKOD SA KANYA. SIYA AY MAGLILIGTAS NG KANILANG KALULUWA MULA SA PAGLINLANG AT KARAHASAN: AT SIYA AY MABUBUHAY. ANG MGA PANALANGIN AY GAGAWIN PARA SA KANYA NG TULOY- TULOY; AT SA ARAW-ARAW SIYA AY PUPURIHIN. ANG KANYANG PANGALAN AY MANANATILI MAGPAKAILANMAN: ANG KANYANG PANGALAN AY PANATILIHIN GAYA NG ARAW: ANG MGA TAO AY MABIBIYAYAAN SA KANYA: ANG LAHAT NG MGA BANSA AY TATAWAGIN SIYA NA MAPALAD.


SINABI NG DIYOS KAY DAVID: "PAGKATAPOS NA IKAW AY MAMATAY, ITATATAG KO ANG IYONG KAHARIAN SA ILALIM NG IYONG ANAK NA LALAKE. SIYA AY MAGPAPATAYO NG ISANG TEMPLO NA AKO AY SASAMBAHIN, AT AKING PANANATILIHIN ANG KANYANG KAHARIAN NA MAGPAKAILANMAN."
PAGKATAPOS NA SI DAVID AY NAMATAY, SI SOLOMON NA KANYANG ANAK NA LALAKE ANG NAGING HARI (971 B.C.) SANG- AYON SA MGA IPINAGBILIN NG DIYOS KAY DAVID, ITINAYO NI SOLOMON ANG TEMPLO (966 B.C.) UPANG MAPALITAN NA ANG LUMANG TABERNAKULO NA GINAMIT NILA SA DISYERTO.



ANG BAYAN NG ISRAEL AY LALONG UMUNLAD KAYSA DATI. TUNAY NA TINUPAD NG DIYOS ANG KANYANG PANGAKO NA DALHIN SILA SA LUPAIN AT PAGPALAIN SILA DOON.
2 SAMUEL 7:12-16; SALMO 72:1-20
SUBALIT MERON PANG ISANG PANGAKO NG DIYOS NA HINDI PA NATUPAD - ANG PAGDATING NG ISANG TAGAPAGLIGTAS NA LILIPUL SA MGA GAWA NG DIYABLO. ANG MGA TAO AY NAGKASALA PA RIN, AT ANG DUGO NG HAYOP AY INAALAY PA RIN UPANG IBAYAD SA KASALANAN. NGUNIT SILA'Y NAGPAPASALAMAT NA ANG DIYOS AY NAGBIGAY SA KANILA NG PARAAN UPANG ITAKIP SA KANILANG KASALANAN HANGGANG SA PANAHON NA ITINAKDA NA ANG TAGAPAGLIGTAS AY MAG-AALIS SA KASALANAN MAGPAKAILAN PAMAN.





SINULAT NI DAVID ANG MARAMING MGA BAGAY TUNGKOL SA DARATING NA TAGAPALIGTAS:

SINABI NG PANGINOON SA AKING PANGINOON, UMUPO KA SA AKING KANAN, HANGGANG AKING GAWIN ANG IYONG MGA KAAWAY NA TUNTUNGAN NG IYONG PAA.
(SALMO 110:1)

ANG IYONG TRONO, O DIYOS, AY MAGPAKAILANMAN: INIIBIG MO ANG KATUWIRAN, AT KINASUSUKLAMAN ANG KASAMAAN: KAYA ANG DIYOS, ANG IYONG DIYOS, AY PINAHIRAN KA NG LANGIS, LANGIS NG KAGALAKAN NA HIGIT KAYSA IYONG MGA KASAMAHAN.
(SALMO 45:6-7)


MARAMI PANG MGA HULA SA DARATING NA TAGAPAGLIGTAS:
GAGAWIN KO RIN SIYA NA AKING PANGANAY, MAS MATAAS KAYSA MGA HARI SA LUPA.
(SALMO 89:26-27)
AKO'Y NALULUGOD SA PAGGAWA NG IYONG KALOOBAN, O DIYOS KO: OO, ANG IYONG BATAS AY NASA LOOB NG AKING PUSO.
(SALMO 40:8)
AKO'Y MAGBUBUKAS NG AKING BIBIG SA ISANG TALINGHAGA: AKO'Y MAGBIBIGKAS NG MALABONG PANANALITA SA NAKARAANG PANAHON:
(SALMO 78:2)


SINULAT NI DAVID ANG ISANG KAKAIBANG BAGAY TUNGKOL SA DARATING SA MESIYAS:
AKO AY IBINUHOS NA PARANG TUBIG, AT LAHAT NG AKING MGA BUTO AY NAKAKALAS SA PAGKAKABIT: ANG AKING PUSO AY PARANG PAGKIT; ITO'Y NATUNAW SA LOOB NG AKING DIBDIB. ANG AKING LAKAS AY NATUYO PARANG BASAG NA BANGA; AT ANG AKING DILA AY DUMIDIKIT SA AKING NGALANGALA; AT DINALA MO AKO SA ALABOK NG KAMATAYAN. ANG PANGKAT NG MASAMA AY NAKAPALIGID SA AKIN; ***BINUTASAN NILA ANG AKING MGA KAMAY AT AKING MGA PAA.*** PINAGHATIAN NILA ANG AKING MGA KASUOTAN SA KANILA, AT NAGSAPALARAN PARA SA AKING MGA DAMIT.
(SALMO 22:14-18)


SI SOLOMON AY NAGKAROON NG MAHABA AT MASAGANANG PAGHAHARI, NGUNIT PAGKATAPOS NA SIYA AY NAMATAY ANG KALAHATING HILAGA NG KAHARIAN AY HUMIWALAY AT GINAWA ANG MASAMANG SI JEROBOAM NA KANILANG HARI (975 B.C.)
ITO ANG DIYOS NA NAGLABAS SA IYO MULA SA EHIPTO, AT HETO ANG KANYANG MGA SASERDOTE.
NGUNIT PAANO ANG BATAS NI MOISES AT ANG TEMPLO NA PINATAYO NG DIYOS SA JERUSALEM?
1 MGA HARI 12:20, 28-29; SALMO 2:7, 12, 22:6, 14-18, 40:8, 45:6,7, 89:26-27, 110:1,4, 132:11


ANG HILAGANG KAHARIAN AY MALAYO MULA SA TEMPLO SA JERUSALEM, KAYA GUMAWA SILA NG KANILANG SARILING LUGAR SA PAGSAMBA, KOMPLETO SA MGA DIYOSDIYOSAN SA IMAHEN NG MGA GINTONG BAKA.
MARAMING DAAN PATUNGO SA DIYOS. MAY ILAN NA TUMATAWAG SA KANYA NG JEHOVAH, ANG ILAN ALLAH, ANG ILAN CHEMOSH, NGUNIT TAYO'Y TATAWAG SA KANYA NG BAAL.
NGUNIT PAANO ANG BANAL SA KASULATAN NA BINIGAY NG DIYOS SA KANYANG MGA PROPETA? ITO'Y NAGUUTOS SA ATIN NA HUWAG MAGKAROON NG IBANG DIYOS. NAGSASABI ITO NA ISA LAMANG ANG DIYOS AT ISANG DAAN PATUNGO SA KANYA.


SA PALAGAY MO BA MAKITID ANG ISIP NG DIYOS?
AYAW KO NANG MARINIG PA NITO! ANG PAGSAMBA KAY BAAL NA ANG OPISYAL NA RELIHIYON SA LUPAIN. ANG MGA WALANG PANANAMPALATAYA AY PATAYIN!


NANG PINILI NG MGA SASERDOTE ANG TORO NA IMAHEN SA PAGSAMBA, SILA AY WALANG KAALAM-ALAM NA PINILI NILA ANG IMAHEN NI LUCIFER, ANG MAKASALANANG KERUBIN. SILA'Y SUMAMBA SA DIYABLO, AT SIYA AY NASIYAHAN, DAHIL INILAYO NIYA ANG MGA TAO MULA SA PANGAKO NG DIYOS TUNGKOL SA DARATING NA TAGAPAGLIGTAS.
O BAAL TANGGAPIN MO ITONG MGA SAKRIPISYO GALING SA MAPAGKUMBABANG MGA KAMAY.
PURIHIN KA REYNA NG KALANGITAN, INA NG DIYOS, PAKINGGAN MO ANG AMING MGA DALANGIN AT PATAWARIN MO KAMI SA AMING KASALANAN.


ANO ANG GINAGAWA MO DITO SA BANAL NA LUPA?
SA PANGALAN NI JEHOVAH, NA KUNG SAAN KAYO AY TUMALIKOD, MAKINIG KA SA SALITA NG PANGINOON. ISANG BATA ANG ISISILANG NA BINHI NI DAVID. MULA SA KANYANG LAHI AY DARATING ANG TAGAPAGLIGTAS. ANG KANYANG PANGALAN AY JOSIAS, AT SA ALTAR NA ITO SUSUNUGIN NIYA ANG MGA PARI NI BAAL.
1 MGA HARI 12:28, 13:1-2; JEREMIAS 44:17-25


PAANO KA NAKAPAGSALITA NG GANYANG BAGAY? WALANG MAKAKAPAGSABI SA HINAHARAP MALIBAN ANG MGA DIYOS LAMANG.
SA PAMAMAGITAN NG SALITA NG PANGINOON SINASABI KO SA IYO NA ANG MGA BUTO NG MGA PARING ITO AY SUSUNUGIN NI JOSIAS SA ALTAR NA ITO.


ANG DIYOS AY MAGBIBIGAY SA INYO NG ISANG PALATANDAAN NA AKO'Y NAGSASALITA PARA SA KANYA. SA ARAW NA ITO ANG MAGANDANG ALTAR NA IYONG PINAGAWA UPANG SUMAMBA SA PIPING DIYOSDIYOSAN AY MABIBIYAK AT ANG MGA ALABOK AY KAKALAT.


HA, HA, HA! MAKINIG SA BANAL NA SIGAW NG ASNO. AKALA NIYA SIYA LANG ANG TAMA AT ANG BAWA'T ISA AY MALI!
SUNGGABAN SIYA! PATAYIN SIYA. NAGLAKAS LOOB SIYANG NAGSALITA KONTRA SA RELIHIYON NG IBANG TAO!


ANG AKING BISIG AY NATUYO! HINATULAN AKO NI JEHOVAH. IPANALANGIN MO NA PAGALINGIN NIYA AKO.


PANGINOONG DIYOS IPAKILALA MO ANG IYONG SARILI SA ARAW NA ITO. PAGALINGIN MO ANG BISIG NG HARI.




1 MGA HARI 13:2-6


KRASH!
BOOOOM!
IEEE!
HINDI!
NAGSALITA SI JEHOVAH


SA TOTOO IKAW AY ALAGAD NG DIYOS! WALANG PROPETA NI BAAL ANG MAKAKAGAWA NG GANOONG BAGAY. SUMAMA KA SA AKIN. TAYO AY MAGPALAMIG NG ATING MGA SARILI NG MGA PAGKAIN AT INUMIN AT MAMAYA AKO'Y MAGBIBIGAY SA IYO NG KAYAMANAN AT KARANGALAN PARA SA IYONG MALAKING SERBISYO SA DIYOS SA ARAW NA ITO.
HUWAG, HINDI AKO MAAARING SUMAMA SA IYO. SINABI NG DIYOS NA HINDI AKO KAKAIN AT IINOM SAMANTALANG AKO'Y NASA ISRAEL, AT HINDI NA BABALIK SA PAREHONG DAAN NA AKO'Y PUMUNTA DITO.


SINIRA NIYA ANG AKING RELIHIYON. WALANG NATIRA.
PERO SINABI MO NA ANG MGA BUTO NG PARI AY SUSUNUGIN SA ALTAR. ANG ALTAR AY WALA NA AT WALA NAMANG NAMATAY.
HINDI KO RIN MAINTINDIHAN. ALAM KO LANG NA ANG DIYOS ANG NAGSASALITA AT HINDI AKO.
1 MGA HARI 13:5, 7-9


KAYA GAYA NG SINABI NG DIYOS, ANG PROPETA NG DIYOS AY NAGBALIK SA IBANG ROTA. WALA SIYANG PAGKAIN O TUBIG SA LOOB NG DALAWANG ARAW AT SIYA AY TALAGANG UHAW AT GUTOM. DALAWANG BATANG LALAKE, NA SUMASAMBA SA GINTONG BAKA SA ARAW NA IYON, SUMUNOD SA KANYA UPANG MAKITA KUNG SAANG DAAN SIYA PUPUNTA.




ITAY, HINDI SANA AKO MANINIWALA KUNG HINDI KO NAKITA ITO. *KATULAD ITO NG MGA UNANG PROPETA SA ISRAEL.*
*MAGMADALI!* UPUAN ANG ASNO! KAILANGANG MAKITA KO SIYA!
ITAY, SA PALAGAY MO BA TOTOO ANG SINABI NIYA? SI JEHOVAH LAMANG BA ANG BUHAY NA DIYOS? ANG ATIN BANG MGA DIYOSDIYOSAN AY MGA KAHOY AT GINTO LAMANG?


NAKITA NIYA ANG PROPETA NI JEHOVAH NA NAKAUPO SA ILALIM NG ISANG PUNONGKAHOY. GUSTO NIYANG MAPALAPIT SA TAONG ITO NA MAY KAPANGYARIHAN. DATI RIN SIYANG PROPETA NI JEHOVAH, NGUNIT NANG ANG KAHARIAN AY NAHATI SINUNOD NIYA ANG PAGSAMBA SA DIYOSDIYOSAN NG KANYANG MGA KALAHI. ANG NAGING DAHILAN NIYA, “DI BA PAREHO LANG ANG LAHAT NG MGA RELIHIYON?”


MAAARING IKAW ANG ALAGAD NG DIYOS NA GALING SA JUDA. MUKHANG PAGOD KA. HALIKA SUMAMA KA SA AKIN AT BIBIGYAN KITA NG PAGKAIN AT INUMIN.
HINDI AKO PWEDE; SINABI SA AKIN NG DIYOS NA AKO'Y HINDI KAKAIN AT IINOM SA LUGAR NA ITO.
ALAM MO BA, AKO RIN AY ISANG PROPETA NA KATULAD MO, AT SA UMAGANG ITO ISANG ANGHEL NI JEHOVAH ANG NAGSALITA SA AKIN AT SINABI SA AKIN NA IKAW AY DALHIN SA AKING BAHAY UPANG KUMAIN AT UMINOM.
SALAMAT SA DIYOS, AKO'Y TALAGANG UHAW NA.


ITO'Y MASARAP NA PAGKAIN, NGUNIT AKO'Y KAILANGAN BUMALIK NA SA JUDA.
SINABI NI JEHOVAH 'DAHIL HINDI KA TUMUPAD SA KAUTUSAN NI JEHOVAH NA DIYOS, NGUNIT KUMAIN AT UMINOM SA LUGAR NA ITO, ANG IYONG BANGKAY AY HINDI BABALIK SA JUDA UPANG ILIBING SA SEMENTERYO NG IYONG PAMILYA."
PAPA NAGHUHULA KA. NAGSALITA RIN BA ANG DIYOS SA IYO?
OO ANAK KO, HETO ULI ANG UNANG PAGKAKATAON SA MARAMING TAON.


IBIG MONG SABIHIN SIYA'Y MAMAMATAY?
AKO'Y NATATAKOT AT ITO'Y AKING PAGKAKAMALI.
1 MGA HARI 13:10-22


ANG PROPETA AY UMALIS NA MABIGAT ANG KALOOBAN, ALAM NIYA NA ANG DIYOS PALAGING TUMUTUPAD SA KANYANG SALITA. ALAM DIN NIYA SA SIYA AY MAMAMATAY. HINDI LANG NIYA ALAM NA GANOON KAAGA, O SA GANITONG PARAAN.
EIIIII!


HINDI PA AKO NAKAKITA NG GAYA NITO. PINATAY SIYA NG LEYON NGUNIT NAKAUPO LAMANG SIYA DOON AT HINDI SIYA KINAIN.
ITO'Y MAS KATAKATAKA NA ANG LEYON AT ANG ASNO AY NAKAUPO DOON NA PARANG SILA'Y NAGBABANTAY SA KATAWAN.
HINDI PA AKO NAKAKITA NG GAYA NITO. PINATAY SIYA NG LEYON NGUNIT NAKAUPO LAMANG SIYA DOON AT HINDI KAKAIN SA KANYA.


KINUHA NG BULAANG PROPETA ANG ALAGAD NG DIYOS AT INILIBING SIYA SA KANYANG SARILING LIBINGAN KASAMA NG MGA PROPETA NI BAAL, MALAPIT SA LUGAR NA SINIRA NG DIYOS ANG ALTAR.
PINATAY SIYA NG DIYOS DAHIL SA KANYANG PAGSUWAY. TUNAY NA ANG LAHAT NA KANYANG HINULAAN AY MATUTUPAD.
ANG ALAGAD NG DIYOS AY INILIBING AT MADALING SIYANG NAKALIMUTAN NG LAHAT NGUNIT MAY KAUNTI NA HINDI. ANG ALTAR AY INAYOS AT SA HALOS 300 NA TAON ITO'Y GINAMIT PA RIN NG MGA SUMASAMBA KAY BAAL, NGUNIT WALANG ISA SA KANILA ANG NAGSUNOG NG KANILANG MGA BUTO SA ALTAR GAYA NG HINULAAN NG ALAGAD NG DIYOS .
1 MGA HARI 13:23-31; 2 MGA HARI 21:24, 22:8-11, 23:1-3


TATLONG DAANG TAON ANG NAKALIPAS, ISANG HARI ANG PINANGALANANG SI JOSIAS ANG UMUPO SA TRONO SA JUDA (640 B.C.). SIYA AY NAGPUNTA SA TEMPLO AT NAKAKITA NG ISANG KOPYA NG BIBLIA. ITO'Y NAGPALUNGKOT SA KANYA NANG MALAMAN NIYA NA ANG BANSA AY NAKALIMOT SA BUHAY NA DIYOS AT SUMUNOD SA MGA DIYOSDIYOSAN, KAYA INIUTOS NIYA SA LAHAT NG MGA MATATANDA, MGA PROPETA, MGA SASERDOTE, AT SA LAHAT NG MGA NAKATIRA SA JERUSALEM NA MAGTIPON UPANG MAKINIG SA PAGBASA NG AKLAT.




TINUPAD NG MGA TAO ANG BATAS NG DIYOS AT SINIRA ANG LAHAT NG MGA DIYOSDIYOSAN SA LUPAIN. PINATAY NILA ANG LAHAT NG MGA PARI NA NAGSUSUNOG NG INSENSO SA ARAW, BUWAN, MGA PLANETA, AT SA REYNA NG LANGIT.
BANAL NA INA, *ILIGTAS MO KAMI!*


ANG BATAS NG DIYOS, NA BINIGAY NI MOISES, NAGBABAWAL SA GAWAIN NG MGA BADING, KAYA LAHAT NG SODOMITA AY PINAALIS SA BAYAN.
MGA WALANG PAKI-ALAM NA KALOG.


NILINIS DIN NILA ANG LUPA SA LAHAT NG MGA NAGKOKONSULTA SA MASASAMANG ESPIRITO, ANG MGA TAGAPAMAGITAN, AT MGA MANGKUKULAM.
BASAGIN ANG KANYANG BOLANG KRISTAL AT SUNUGIN ANG BAHAY.
2 MGA HARI 23:5, 7, 10


INAKYAT NI JOSIAS ANG MGA MATAAS NA LUGAR NA KUNG SAAN ANG PROPETA AY NAKAHARAP SI JEROBOAM, ISANG HARI NG ISRAEL, 300 NA TAON ANG NAKALIPAS.
IISA LAMANG ANG DIYOS AT HINDI SIYA DAPAT SAMBAHIN SA PAMAMAGITAN NGA MGA LARAWAN. ITONG MGA BULAANG SASERDOTE AY INAKAY ANG MGA TAO PAPALAYO KAY *JEHOVAH*.
GINIBA NILA ANG ALTAR, SINIRA ANG LAHAT NG MGA DIYOSDIYOSAN, AT PINUTOL ANG LAHAT NG MGA KAHOY, GINILING ITO UPANG MAGING ALABOK.


IKAW AY KAILANGANG MAMATAY.
MINSAN PA ANG ALTAR AY NABIYAK AT ANG MGA ALABOK AY NABUHOS.


ANG LAHAT NG MGA BULAANG PROPETA AY PINATAY AT ANG KANILANG MGA KATAWAN AY SINUNOG SA LUGAR NG MGA GUMUHONG ALTAR.
SA MALAPIT NA LIBINGAN PARA SA MGA BULAANG SASERDOTE. UPANG MAILAYO ANG MGA TAO NA SUMAMBA SA KANILANG MGA LIBINGAN, HINUKAY NI JOSIAS ANG KANILANG MGA BUTO AT SINUNOG SA ALTAR.
2 MGA HARI 23:15-16


KAYA ANG 300 NA TAONG PAGHULA AY NATUPAD DIN SA WAKAS. GAYA NG SINABI NG ALAGAD NG DIYOS.
SUNUGIN ANG LAHAT NG MGA BUTO.
NGUNIT KAMAHALAN, ITO ANG LIBINGAN NG ALAGAD NG DIYOS NA NAGPUNTA GALING SA JUDA 300 NA TAON NA ANG NAKALIPAS AT HINULAAN ANG ARAW NA ITO. SINABI NIYA NA ISANG TAONG PINANGALANANG JOSIAS - AT IKAW IYON - AY DARATING AT GAGAWIN ANG MGA BAGAY NA GINAWA MO SA ARAW NA ITO.
KAYA IWAN MO NA LANG KANYANG MGA BUTO. SUNUGIN ANG IBA. ANG PAGSAMBA SA MGA DIYOSDIYOSAN NA ITO AY KAILANGANG MATAPOS NA KUNG ANG DIYOS AY PAGPAPALAIN TAYO.


NGAYON NA ANG PAGSAMBA NG DIYOSDIYOSAN AY NAWALA NA, INUTOS NI HARING JOSIAS NA ANG LAHAT NG MGA TAO AY MANGILIN SA PASKUWA SA PAG-ALAALA KAY JEHOVAH, NA NAGLABAS SA KANILANG MGA NINUNO MULA SA EHIPTO AT NAGBIGAY SA KANILA ANG LUPAING ITO.
IKAW AY PURIHIN, O PANGINOONG NAMING DIYOS, HARI NG SANLIBUTAN, NA NAGBIBIGAY NG PAGKAIN MULA SA LUPA.


2 MGA HARI 23:17-18, 21-22
ITAY, BAKIT ANG ARAW NA ITO AY IBA SA IBANG MGA ARAW?
KAYA SINABI NG AMA SA KANILA ANG KUWENTO KUNG PAANO SILA INILIGTAS NG DIYOS MULA SA PAGKA-ALIPIN SA EHIPTO AT IBINIGAY SA KANILA ANG BATAS AT ANG TABERNAKULO. SINABI NIYA SA KANILA KUNG PAANO ANG DUGO SA MGA POSTE NG PINTO AY NAGLIGTAS SA MGA PANGANAY NA LALAKE MULA SA ANGHEL NA PUMAPATAY. ITO ANG PINAKADAKILANG PASKUWA NA NANGYARI.




# KABANATA 6

## ELIAS



MAYROONG ISANG MAHINANG TAO NA PINANGALANANG AHAB NA DUMATING SA TRONO NG ISRAEL, ANG KALAHATING HILAGA NG KAHARIAN (918 B.C.). SIYA AY NAKATIRA SA SAMARIA NA MALAPIT SA MGA TAGA ZIDON. ANG MGA TAGA ZIDON AY MGA SUMASAMBA KAY BAAL. SI AHAB AY IKINASAL KAY JEZEBEL, ANG BABAENG ANAK NI ETHBAAL, ANG HARI NG MGA TAGA ZIDON.



SI JEZEBEL AY NAKILALA DAHIL SA KANYANG RELIHIYOSONG KASIPAGAN. SIYA AY NAMUMUHI SA DIYOS NG ISRAEL AT ITINAGUYOD ANG PAGSAMBA KAY BAAL SA BUONG LUPAIN.



HANAPIN ANG LAHAT NG MGA PROPETA NI JEHOVAH AT PATAYIN SILA. SI BAAL ANG MAGIGING DIYOS NATIN.
ANG HARI AY MAYROONG ISANG LINGKOD SA PANGALAN NI OBADIAS NA SUMASAMBA KAY JEHOVAH.
KAILANGAN KONG HANAPIN ANG MGA PROPETA NG DIYOS AT BIGYAN SILA NG BABALA.


ITINAGO NI OBADIAS ANG 100 NA PROPETA SA ISANG KUWEBA, BINIGYAN NIYA SILA NG PAGKAIN AT TUBIG
1 MGA HARI 16:28, 31, 18:4


SUBALIT MAYROONG ISANG PROPETA NG BUHAY NA DIYOS ANG HINDI NAGTAGO: SI ELIAS.


O HARING AHAB. DAHIL IKAW AY TUMALIKOD SA DIYOS NG IYONG MGA NINUNO AT SINUNOD ANG IYONG ASAWANG SI JEZEBEL SA PAGGAWA NG KASAMAAN, SI JEHOVAH AY NAGSABI NA WALANG ULAN O HAMOG SA IBABAW NG LUPA SA ISRAEL HANGGANG AKO AY MAG-UTOS NITO.
HA HA! IKAW AY NAGSABI NA IKAW AY ISANG PROPETA. AKO AY MAYROONG 1,000 PROPETA AT SILA AY WALANG SINABING TAGTUYO. KAMI AY NAGKAROON NG MASAGANANG ULAN NITONG MGA NAKARAANG TAON. IKAW NA RELIHIYOSONG MANLILINLANG, UMALIS KA NGA SA AKING LANDAS.


HABANG ANG TAGGUTOM AY LALONG SUMAMA, ANG MGA TAO AY NAGSIMULANG MAGUTOM. ANG MGA BULAANG PROPETA AY NANALANGIN KAY BAAL, NGUNIT SI BAAL AY HINDI MAKASAGOT. ANG TAGTUYO AY NAGPATULOY NA WALANG ISANG PATAK NG ULAN O HAMOG. ISINUGO NG DIYOS SI ELIAS SA BAHAY NG ISANG BALO, NA NAGSASABI SA KANYA NA BIBIGYAN SIYA NG ISANG SILID AT PAKAKAININ SIYA HANGGANG SA MATAPOS ANG TAGTUYO.
MAARI BANG MAGDALA KA SA AKIN NG INUMIN NA TUBIG, AT ISANG MALIIT NA TINAPAY?
SINASABI KO SA IYO ANG KATOTOHANAN- AKO AY MAYROONG SAPAT NA HARINA AT LANGIS UPANG GUMAWA NG DALAWANG MALILIIT NA PIRASO NG TINAPAY. ILULUTO KO NA SANA ITO PARA SA AKING ANAK NA LALAKE AT SA AKIN. KAKAININ NAMIN ITO AT HIHIGA UPANG MAMATAY. WALANG NG PAG-ASA. PINAPARUSAHAN KAMI NG DIYOS DAHIL SA AMING MGA KASALANAN.


HUWAG KAYONG MATAKOT. ANG DIYOS ANG MAG-AALAGA SA INYO.
IHURNO MO ANG TINAPAY NA IYONG SINABI AT DALHIN MO MUNA SA AKIN. PAGKATAPOS IKAW AT ANG IYONG ANAK NA LALAKE AY MAKAKA-KAIN. DAHIL DITO, SINASABI NI JEHOVAH, ANG DIYOS NG ISRAEL, "ANG IYONG SISIDLAN NG HARINA AT IYONG BANGA NG LANGIS AY HINDI MAUUBUSAN HANGGANG SA ARAW NA ANG DIYOS AY MAGPADALA NG ULAN SA ISRAEL.




1 MGA HARI 17:1, 10-16


HINDI NA NATIN ITO MAIBUHOS LAHAT! PATULOY PA RIN ANG PAGDATING!
ITO'Y ISANG HIMALA! ANG DIYOS AY MABAIT.
SA SUMUNOD NA DALAWANG TAON, SILANG TATLO AY NAKAKAIN NG TINAPAY MULA SA ISANG BARILES NG PAGKAIN.


ISANG ARAW SI ELIAS AY UMUWI SA KANYANG SILID SA BAHAY NG BALO AT NAKITA NA ANG KANYANG ANAK NA LALAKE AY NAMATAY.
SIYA AY NAGKAROON NG LAGNAT AT *NAMATAY!*


ANO BA ANG AKING NAGAWA UPANG IKAW AY MASAKTAN? IKAW BA AY NAGPUNTA DITO UPANG AKO AY PAALALAHANAN NG AKING KASALANAN AT PARA PATAYIN NG DIYOS AKING ANAK NA LALAKE?
MAYROON PA RIN ISANG DIYOS SA ISRAEL.


O JEHOVAH PAHINTULUTAN MO ANG KALULUWA NG BATANG ITO NA BUMALIK SA KANYANG KATAWAN.


DININIG NG DIYOS ANG PANALANGIN NI ELIAS AT PINABALIK ANG KALULUWA NG BATA UPANG PUMASOK ULIT SA PATAY NA KATAWAN.




1 MGA HARI 17:17-24



ANG TAGGUTOM AY NAGPATULOY NG TATLONG TAON. ANG MGA TAO AY GINUGUTOM, SUBALI'Y SILA'Y NAGPATULOY SA PAGSAMBA SA BULAANG DIYOS NA SI BAAL.
BAKIT HINDI TAYO DININIG NI BAAL AT MAGPADALA NG ULAN?
MARAHIL SI BAAL AY ISANG DIYOSDIYOSAN NA PIPI. WALA SIYANG KAHIT ANONG PANDINIG.

SINISI NI JEZEBEL AT AHAB SI ELIAS DAHIL SA TAGGUTOM. PINADALA NILA ANG MGA SUNDALO SA BUONG LUPAIN AT KAHIT SA MGA KATABING BANSA UPANG HANAPIN SI ELIAS. ANG UTOS SA KANILA AY PATAYIN SIYA SA ORAS NA SIYA AY MAKITA.




AHAB. HINAHANAP MO BA AKO?
IKAW BA ANG NANGUGULO SA ISRAEL SA PAMAMAGITAN NITONG TAGGUTOM?
IKAW ANG TUNAY NA NANGGUGULO SA ISRAEL KASAMA NG IYONG MGA DIYOSDIYOSAN. MAGKAROON TAYO NG ISANG PALIGSAHAN SA PAGITAN NI JEHOVAH AT BAAL. DALHIN MO ANG IYONG 850 NA MGA PROPETA AT MAKIPAGTAGPO SA AKIN SA BUNDOK NG CARMEL.
ISANG PALIGSAHAN ANG SINASABI MO? NAKAKA-AKIT PAKINGGAN. GAGAWIN KO.


MGA ILANG ARAW PA SA BUNDOK NG CARMEL.
GAANO KATAGAL KAYO MAG-IISIP SA PAGITAN NG DALAWANG OPINYON? IISA LAMANG ANG DIYOS. KUNG SI JEHOVAH ANG DIYOS, SIYA LAMANG ANG DAPAT SAMBAHIN. KUNG SI BAAL ANG DIYOS, SAMBAHIN SIYA. GUMAWA KAYO NG ISANG DESISYON.
HINAHAMON KO KAYO MGA PROPETA NI BAAL SA ISANG PALIGSAHAN. MAKIKITA NATIN KUNG SINO ANG TUNAY NA DIYOS.
OO ISANG PALIGSAHAN SA PAGITAN NG MGA DIYOS. ANO ANG GAGAWIN NAMIN?
1 MGA HARI 18:1, 17-21


KAYO AY MANALANGIN SA INYONG BAAL AT AKO AY MANALANGIN KAY JEHOVAH. ANG DIYOS NA SUMASAGOT SA PAGPADALA NG APOY SA SAKRIPISYO ANG MAGING TOTOONG DIYOS AT TAYO AY MAGSAMBA SA KANYA LAMANG. DAHIL KAYO AY MAS MARAMI KAY SA AKIN, KAYO AY MAUUNA.
KAYO AY MAGTAYO NG ISANG ALTAR PARA NI BAAL AT AKO AY MAGTAYO NG ISA PARA NI JEHOVAH. MAGLAGAY TAYO NG KAHOY SA ATING MGA ALTAR AT MAGLAGAY TAYO NG SAKRIPISYO SA KAHOY, NGUNIT HINDI NATIN LAGYAN NG APOY SA ILALIM.



O BAAL MAKINIG KA SA AMIN SA ARAW NA ITO. KAMI AY NAG-AALAY NITONG SAKRIPISYO SA IYONG DAKILANG PANGALAN.



O BAAL, ANG DAKILA AT MAKAPANGYARIHAN.
O REYNA NG LANGIT, HALIKA AT TULUNGAN MO SI BAAL SA ARAW NA ITO.


KUNG SI BAAL AY ISANG DIYOS, HINDI SIYA NAGBIBIGAY NG PANSIN SA INYO. MARAHIL SIYA AY NAKIKIPAG-USAP AT HINDI KAYO NARIRINIG, O BAKA SIYA AY NAGLALAKBAY, O NATUTULOG.
IKAW NA MARUMING BABOY, WALA KANG NAGAGAWANG MABUTI.
1 MGA HARI 18:22-27



GANUN NGA! SIYA AY TULOG, AT KAYO AY KAILANGAN NGANG SUMIGAW SA KANYA UPANG MAGISING SIYA.
HINDI TAYO SUSUKO, MGA KALALAKIHAN. MARAHIL KUNG SUSUGATAN NATIN ANG ATING MGA SARILI SI BAAL AY MASISIYAHAN.


ANG MGA PROPETA NI BAAL AY NAGING DESPERADO AT INIHAGIS ANG KANILANG MGA SARILI SA LUPA, HINIHIWA ANG KANILANG MGA KATAWAN AT HUMIHIYAW UPANG MARINIG SILA NI BAAL.
EIIIII!
EEEEEEEEEKK!
IAALAY KO ANG AKING DUGO, O BAAL. PALINGGAN MO KAMI. MAGPADALA NG APOY! IPAGTANGGOL MO ANG IYONG SARILI!
YAAAIIIEEE!



HA, HA! TINGNAN NINYO ANG INYONG MGA SARILI! SA LOOB NG SIYAM NA ORAS KAYO AY TUMATAWAG SA ISANG DIYOS NA HINDI SUMASAGOT. KUNG SIYA'Y ISANG DIYOS, SIGURADONG KUKUNIN NIYA ANG PAGKAKATAON UPANG PATUNAYAN ITO.
AKO NAMAN NGAYON. HALIKAYO AT TINGNANG MABUTI KUNG ANO ANG AKING GAGAWIN.
O BAAL, BAKIT HINDI KA SUMASAGOT?
1 MGA HARI 18:28-30


BAKIT SIYA AY NAGHUHUKAY NG GANOONG KALALIM NA BUTAS?
SIYA AY NAGHIHINTAY LAMANG, UMAASANG DUMILIM NA.
KAILAN KAYO MAGSIMULANG MANALANGIN? HINDI ITO PALIGSAHAN SA PAGHUHUKAY.
HUMAYO KAYO AT KUMUHA NG APAT NA BARILES NG TUBIG AT IBUHOS ITO SA HANDOG NA SUSUNUGIN AT SA KAHOY.
TUBIG? HINDI ITO MASUSUNOG KUNG ITO'Y BABASAIN MO.


HINDI PA ITO BASANG-BASA. BUHUSAN PA NG APAT NA BARILES NG TUBIG SA IBABAW NITO.
ANG PROPETANG ITO'Y ISANG BALIW. HINDI NA SIYA MABUBUHAY UPANG MAKITA ANG PAGLUBOG NG ARAW.
NASIRA NA BA ANG ISIP NIYA? BAKIT ANG HARI NAKIKIPAG-AWAY SA KANYA?
1 MGA HARI 18:32-34


HA HA. MAY BAGAY BA NA MAHIRAP GAWIN NG BUHAY NA DIYOS? IBUHOS PA ANG APAT NA BARILES NG TUBIG. MALALAMAN NINYO NA MAY ISANG DIYOS SA ISRAEL AT ANG PANGALAN NIYA AY HINDI BAAL.
SI AHAB ANG KUKUHA NG KANYANG ULO SA NANGYAYARING ITO.


MAGSITA BI KAYO.
MAS MALAYO PA.
KUMILOS, UMATRAS KAYO.



JEHOVAH, DIYOS NI ABRAHAM, ISAAC, AT ISRAEL, PAHINTULUTAN MONG MALAMAN SA ARAW NA ITO NA IKAW LAMANG ANG TOTOONG DIYOS, NA AKO ANG IYONG ALAGAD, AT IKAW ANG NAGLIPAT NG KANILANG MGA PUSO PABALIK SA IYO.




1 MGA HARI 18:35-38


DIOS NI ABRAHAM!
NAKAKASUNOG NA INIT!
APOY MULA SA LANGIT!
SAKLOLO!


ANG DIYOS NI ABRAHAM AT ISAAC AY SUMAGOT SA PAMAMAGITAN NG APOY.
PATI ANG MALALAKING BATO AT ALABOK, NASUNOG!
ANONG KLASE NG DIYOS ITO NA WALANG LARAWAN PERO NAKAGAWA NITO?




1 MGA HARI 18:38-40


PATAYIN SILA! ANG LAHAT NA 850.
NGUNIT HINDI NAMIN ALAM.
PATAYIN SILA NG TABAK. NGAYON DIN!
PINATAY ANG LAHAT NG PROPETA NI BAAL.


O HARI, KAILANGAN MONG KUMAIN AT UMINOM AT PAGKATAPOS MAGMADALI SA PAG-UWI. NARIRINIG KO ANG TUNOG NG MASAGANANG ULAN.



TATLO AT KALAHATING TAON ANG NAKARAAN, SINABI NI ELIAS KAY AHAB NA HINDI MULING UULAN SA ISRAEL HANGGANG IPAG-UTOS NI ELIAS. DAHIL SA PAGKAMATAY NG MGA PROPETA NI BAAL AT ANG MGA TAO AY MULING SUMAMBA SA DIYOS, INUTOS NI ELIAS NA UMULAN.
ISANG MALAKAS NA ULAN ANG NAGPABAHA SA MGA ILOG AT HUMADLANG SA KANILANG PAG-UWI, KAYA SILA AY NAGMADALI DAHIL MAPANGANIB ANG BAHA.
SI ELIAS, NA BINIGYAN NG KAPANGYARIHAN NG DIYOS, TUMAKBO SA UNAHAN NG MGA KABAYO PARA SA 20 MILYANG PAGLALAKBAY PABALIK SA PALASYO NG HARI.


HINDI MAHAL. SI ELIAS AY NASA LABAS. SIYA AY TUMAKBONG NAUNA SA AKING KARWAHE SA HABA NG DAAN MULA SA BUNDOK NG CARMEL.
SA PALAGAY KO NAMAN AY PINAPATAY MO NA ANG ELIAS NA YAN. NAKITA KONG SI BAAL AY NAGPAPADALA NG ULAN.
IYAN AY KATAWA-TAWA. WALANG MAKAKATAKBO NG GANOONG KALAYO NA NAUUNA PA SA KARWAHE. NASAAN ANG MGA PARI NI BAAL. KAILANGAN TAYONG MAGDIWANG SA PAGDATING NG ULAN.
1 MGA HARI 18:40-41,44-46, 19:1


PINAPATAY KO SILANG LAHAT. SILA'Y MGA *SINUNGALING* AT MGA MANLOLOKO.


ANO ANG GINAWA MO? *TANGA!* SANA SI *ELIAS ANG PINAPATAY MO!*


SUMAGOT KASI NG APOY ANG KANYANG DIYOS! ITO'Y ISANG HIMALA. ANG ATING MGA PARI AY WALANG KAPANGYARIHAN. ANG LAHAT NG MGA TAO AY BUMALIK KAY JEHOVAH.


NGUNIT, MAHAL, ANO ANG AKING MAGAGAWA? NATAKOT AKO SA MGA TAO.
PINATAY MO ANG AKING MGA PARI.
IKAW AY TANGA!


WALANG MILAGRO ANG MAKAKAPAGTANGGOL KAY ELIAS MULA SA POOT NI BAAL. KUNG HINDI
KO MAPAPATAY SI ELIAS DAHIL DITO, PAHINTULOTAN SANA NG MGA DIYOS ANG KATULAD NITO NA MANGYARI SA AKIN AT HIGIT PA.
KAILANGAN KO NANG LUMAYO.





1 MGA HARI 19:1-4


O DIYOS, NAGAWA KO NA ANG AKING MAKAKAYA. PAHINTULUTAN MO AKONG MAMATAY BAGO AKO MATAGPUAN NI JEZEBEL.
IKINAHIHIYA KO ANG AKING SARILI. NABIGO AKONG MAGTIWALA SA IYO. HINDI AKO MAS MABUTI KAYSA AKING MGA NINUNONG MAKASALANAN. PAHINTULUTAN MO NA LANG AKONG MAMATAY.


SI ELIAS AY TUMAKAS SA LOOB NG 40 ARAW, SA PINAKAMALAYONG LUGAR NG DISYERTO, UPANG MAGTAGO SA ISANG KUWEBA. PUMUNTA SIYA SA BUNDOK NG SINAI, ANG BUNDOK KUNG SAAN TINANGGAP NI MOISES ANG SAMPUNG KAUTUSAN. DOON NAKIPAG-USAP SA KANYA ANG DIYOS.


ELIAS, ANO ANG GINAGAWA MO DITO?
ITINAKWIL NG BAWAT ISA ANG IYONG BATAS MALIBAN SA AKIN. ANG LAHAT NG IYONG MGA PROPETA AY PINATAY. AKO NA LAMANG ANG NATIRA NA SUMASAMBA SA IYO, AT TINUTUGIS NILA ANG AKING BUHAY.
PUMUNTA KA SA BUNDOK AT TUMAYO SA HARAPAN NG PANGINOON.


1 MGA HARI 19:4,8-12
HABANG SI ELIAS AY NAKATAYO SA HARAPAN NG PANGINOON, DUMATING ANG MALAKAS NA HANGIN, NGUNIT ANG DIYOS AY WALA SA HANGIN.
PAGKATAPOS DUMATING NAMAN ANG LINDOL, NGUNIT ANG DIYOS AY WALA SA LINDOL.
SA KATAPUSAN, NAGKARON NG APOY MULA SA LANGIT, NGUNIT ANG DIYOS AY WALA SA APOY.
IPINAKITA NG DIYOS KAY ELIAS NA SIYA AY MAS KAKILA-KILABOT KAYSA KAY JEZEBEL.


PAGKATAPOS NA HUMINTO ANG HANGIN, LINDOL, AT APOY, NARINIG NI ELIAS ANG DIYOS NA NAGSASALITA SA ISANG MATAHIMIK AT MALIIT NA TINIG. TINANONG NIYA SI ELIAS NG PAREHONG TANONG NA TINANONG NIYA NOON.
ELIAS ANO ANG GINAGAWA MO DITO?
WALA PA RING NATUTUNAN SI ELIAS NA KAHIT ANO. DINARAMDAM PA RIN NIYA ANG KALUNGKUTAN SA KANYANG SARILI, KAYA SIYA AY SUMAGOT NG KATULAD DIN NOON.
ITINAKWIL NG BAWAT ISA ANG IYONG BATAS MALIBAN SA AKIN. ANG LAHAT NG IYONG MGA PROPETA AY PINATAY. AKO NA LAMANG ANG NATIRA NA SUMASAMBA SA IYO, AT TINUTUGIS NILA ANG AKING BUHAY.


O SIGE, KUNG GANITO ANG GUSTO MO, HUMAYO KA AT PAHIRAN MO NG LANGIS SI ELISEO UPANG SIYA ANG MAGING KAPALIT MO NA AKING PROPETA.
AT KAHIT DI MO ALAM ITO, MERONG 7,000 SA ISRAEL NA HINDI YUMUKO SA MGA REBULTO NI BAAL AT HINDI HUMALIK SA KANYANG MGA PAA. NGAYON, UMALIS KA NA; ANG BUONG PAMILYA NI AHAB AY MAMAMATAY.


NAKITA NI ELIAS SI ELISEO NA NAG-AARARO KASAMA NG KANYANG MGA BAKA AT PINAHIRAN NIYA SIYA NG LANGIS UPANG MAGING ISANG PROPETA.
SINABI NG DIYOS NA IKAW AY DAPAT MAGING PROPETA NIYA.
IA-AALAY KO ANG AKING MGA BAKA SA PANGINOON AT AKO'Y SUSUNOD KAAGAD SA IYO.
1 MGA HARI 19:12-21


KATABI NG PALASYO NI AHAB AY ISANG UBASAN NA ANG MAY-ARI AY SI NABOT. MALIMIT DUMUNGAW SI AHAB SA BINTANA AT HINANGAAN ANG KAGANDAHAN NITO, NA NAGNANAIS NA ITO'Y SA KANYA SANA. SA MARAMING BESES NA ITO'Y KANYANG INIISIP AY LALO PA NIYANG GINUSTO ANG LUPAIN. ANG UTOS NG DIYOS AY NAGSASABI, "HUWAG KANG MAG-IIMBOT," SUBALIT HINDI IGINALANG NI AHAB SI JEHOVAH.



MARAMING PERA SI AHAB, KAYA NAGDESISYON SIYANG BILHIN NA LANG ANG UBASAN.
IBENTA MO SA AKIN ANG UBASAN NA ITO. KATABI NITO ANG AKING BAHAY AT BIBIGYAN KITA NG MAS MAGANDANG UBASAN SA IBANG LUGAR.
AYAW PAHINTULUTAN NG DIYOS ANG BAGAY NA ITO.


ANG LUPAING ITO AY NASA PAMILYA KO NA SA LOOB NG 500 NA TAON. ANG BATAS ANG NAG-UTOS SA AMIN NA HINDI DAPAT IPAGBILI ANG LUPAIN SA LABAS NG PAMILYA.


SABIHIN MO SA AKIN MAHAL, BAKIT HINDI KA *KUMAKAIN?* BAKIT LABIS ANG PAGKALUNGKOT MO?
DAHIL AYAW IPAGBILI NI NABOTH ANG KANYANG UBASAN SA AKIN.


EXODO 20:17, 1 MGA HARI 21;1-7
IKAW ANG HARI. MAY KAPANGYARIHAN KA SA PAGGAWA NG KAHIT ANONG BAGAY NA MASISIYAHAN KA. HUWAG MONG HAYAAN NA ANG ISANG MABABANG URI NG MAGSASAKA AY ILAYO KA SA IYONG KALIGAYAHAN. KUKUNIN KO ANG UBASAN PARA SA IYO.


BABAYARAN KO KAYO NG MAS HIGIT PA KAPAG NATAPOS NIYO NA ANG PINAPAGAWA KO. NGAYON PANATILIHIN NIYONG NAKASARA ANG INYONG MGA BIBIG BAKA KAYO AY MATULAD SA KANIYA.


ANG BATAS NI MOISES AY NAGSASABI: " HUWAG KANG MAGDADALA NG MALING SAKSI LABAN SA IYONG KAPITBAHAY.
KLINK


AYUN SIYA.
OO, SINABI NIYA NA ANG HARI AY KAILANGANG *MAMATAY.*
AT SINABI NIYA NA ANG DIYOS AY NAGPADALA NG MGA DIYABLO UPANG SANIBAN ANG HARI.
KAYA DAPAT SIYA AY *MAMATAY.*
DINALA NILA SI NABOTH PALABAS AT PINATAY SIYA.



AYAN, MAHAL. NGAYON IKAW AY MAYRON NANG UBASAN. HINDI KA AASENSO SA MUNDONG ITO MALIBAN NA IKAW AY MAGING MALUPIT. MANANTILI KANG MALAKAS.
MAGANDA ITO, DI BA? KARAPATDAPAT LANG ITO SA AKIN, DI BA?
ALAM NI JEZEBEL NA ANG KANYANG DIYOS, SI BAAL, AY WALANG MATA UPANG MAKAKITA, NGUNIT MERONG ISANG DIYOS SA LANGIT NA NAKATINGIN SA BAWAT GAWAIN AT HINDI TALAGA NAKAKALIMOT.
EXODO 20:16; 1 MGA HARI 21:10-16


ELIAS, SI AHAB AY PUMUNTA SA UBASAN NI NABOTH UPANG ANGKININ ITO. PUNTAHAN AT HARAPIN MO SIYA DOON. IHATID MO SA KANYA ANG AKING SALITA.


AHAB, SINABI NG DIYOS SA AKIN NA PAGSABIHAN KA NA PINATAY MO ANG ISANG INOSENTENG TAO AT KINUHA ANG KANYANG ARI-ARIAN. DAHIL DITO AT SA IBA MO PANG KASALANAN, SA LUGAR NA HINIMOD NG MGA ASO ANG DUGO NI NABOTH, HIHIMURIN NILA ANG SARILI MONG DUGO.
NATAGPUAN BA AKO NG KAAWAY KO DITO?


DI KA MAKAKAPAGTAGO MULA SA DIYOS. DAHIL IPINAGPALIT MO ANG IYONG KALULUWA SA MGA ARI-AARIAN, ANG DIYOS AY MAGDADALA NG KASAMAAN SA IYONG PAMILYA. ANG LAHAT NG IYONG MGA ANAK AT MGA KAMAG-ANAK AY MAMAMATAY, KAHIT ANG MGA MALILIIT.
GINALIT MO ANG DIYOS. KAKAININ NG MGA ASO SI JEZEBEL SA TABI NG PADER NG IYONG BAHAY. KAPAG MAY ISANG KASAPI NG IYONG PAMILYA ANG MAMAMATAY, KAKAININ NG MGA ASO ANG KANYANG LAMAN. KAPAG SILA AY NAMATAY SA PARANG, ANG MGA BUWITRE ANG KAKAIN SA KANILA. WALANG ILILIBING NA MAY PARANGAL.


ITO ANG SALITA NG PANGINOON. ITO AY MAGAGANAP.
KUNG MAARI, MAGSISIMULA AKONG MAG-ALAY KAY JEHOVAH.
1 MGA HARI 21:17-26


ANG LAHAT NG SINABI NI ELIAS AY NANGYARI.
SI AHAB NGAYON AY NAG-ALAY KAY JEHOVAH, NGUNIT HINDI SIYA SUMUNOD NA MAY DALISAY NA PUSO.


HIGIT SA BANDANG HULI ANG MGA BULAANG PROPETA AY NAGPAYO KAY AHAB TUNGKOL SA PAKIKIPAGDIGMA.
HUMAYO AT MAKIPAG-AWAY SA RAMOT-GILEAD AT BIBIGYAN KA NG DIYOS NG DAKILAING TAGUMPAY .
LAHAT BA NG MGA PROPETA AY SUMASANG- AYON DITO?


HARING AHAB, KINAUSAP AKO NI JEHOVAH. PAG IKAW AY UMAKYAT SA RAMOT-GILEAD, DOON KA MAMAMATAY SA DIGMAAN.
HUWAG NINYONG PAKINGGAN SI MICAIAS. HINDI LAMANG SIYA ANG PROPETA NI JEHOVAH. MERONG 400 SA ATING MGA PROPETA NA NAGSASABI NA MERONG MALAKING KAYAMANAN AT TAGUMPAY SA RAMOT-GILEAD.
ANG TANGING BAGAY NA SINASABI SA AKIN NI MICAIAS AY MASASAMANG BAGAY.


HARING AHAB, NAKAGAWA KA NG MASAMA SA PANINGIN NG DIYOS. IKAW AY KUMUNSULTA SA MGA BULAANG PROPETA NA TUMATANGGAP NG PERA SA KANILANG SERBISYO. SILA AY NANGANGARAL NG MGA KASINUNGALINGAN.


NAKITA KO ANG DIYOS NA NAKAUPO SA TRONO AT ANG LAHAT NG MGA ANGHEL SA LANGIT AY NAKATAYO SA HARAPAN NIYA. NAGTANONG SIYA, "DAHIL SINABI NI ELIAS KAY AHAB NA SIYA AY MAMAMATAY SIYA AY NAGING MAINGAT NA HINDI MALAGAY SA NAKAKASAMA NA SITWASYON. SIYA AY KAILANGANG MAAKIT SA PAGPUNTA SA DIGMAAN. SINO ANG MAKAKA-AKIT KAY AHAB NA PUMUNTA SA DIGMAAN SA RAMOT-GILEAD NA KUNG SAAN SIYA AY MAMAMATAY?"
AT SINABI NG ISA ANG ISANG BAGAY AT ANG IBA NAMAN AY NAGBIGAY NG MUNGKAHI. MATAPOS ITONG PAGUSAPAN, ISA SA MGA ANGHEL ANG PUMUNTA SA HARAPAN AT SINABI:


MERON AKONG ISANG IDEYA NA MABISA; AKO'Y BABABA AT MAGIGING SINUNGALING NA ESPIRITU SA BIBIG NG LAHAT NG KANYANG MGA PROPETA. SASABIHIN KO SA KANILA NA SI AHAB AY KAILANGANG PUMUNTA SA DIGMAAN.
1 MGA HARI 21:27, 22:6-22
ITO'Y ISANG MAGANDANG IDEYA. SILA AY MAGHUHULA NA SIYA AY MAGIGING MATAGUMPAY, NGUNIT KAPAG SIYA AY NASA DIGMAAN NA, AKO ANG GAGAWA UPANG SIYA AY PATAYIN. HUMAYO KA NA!


INISIP MO BA NA ANG ESPIRITU NI JEHOVAH AY UMALIS SA AKIN AT KINAUSAP KA?
PAKKK!



MALALAMAN MO KUNG SINO ANG MAY ESPIRITU NI JEHOVAH SA ARAW NA IKAW AY PAPASOK SA PINAKALOOB NA SILID UPANG *MAGTAGO* DAHIL SA *PAGKATAKOT NG IYONG BUHAY.*
ANO ITO, IBA NA NAMANG HULA? *HA!*


IPASOK ANG TAONG ITO SA PIITAN AT PAKAININ SIYA NG TAMA LAMANG UPANG SIYA AY MABUHAY HANGGANG AKO AY MAKABALIK MULA SA DIGMAAN. AT SAKA NATIN SIYA PATAYIN.
KUNG IKAW AY BABALIK NA BUHAY GALING SA DIGMAAN KUNG GANUN AKO AY BULAANG PROPETA AT NARARAPAT NA MAMATAY.



IYAN AY ISANG MAGANDANG IDEYA, NAGKUNWARI KA BILANG ISANG ORDINARYONG KAWAL. HINDI NILA MALALAMAN NA IKAW ANG HARI, AT ANG ATING MGA TAUHAN AY NKIKIPAGLABANG MABUTI. HINDI NA AKO MAKAPAGHINTAY UPANG MAKITA ANG MUKHA NG PROPETANG IYON KAPAG IKAW AY NAKABALIK NG BUHAY.
OO, ANG KASUOTAN NA ITO AY MAGBIBIGAY PROTEKSYON SA AKIN LABAN SA KAHIT ANONG URI NG PANA.
1 MGA HARI 22:24-30


ISANG KAWAL ANG TUMIRA NG ISANG PANA PAPUNTANG ITAAS, NA WALANG ISA NA TINITIRA, UMAASA LAMANG NA MAKATAMA NG ISA SA KANYANG MGA KAAWAY.











THUD!
UGGGHH!
ANO?


MAGMADALI KA, MALUBHA ANG PAGDUDUDUGO.
KUMAPIT KA!
1 MGA HARI 22:34


AKO'Y NANGANGAM BANG PATAY NA SIYA.
ANG PANA AY TUMAMA SA ISANG BAHAGI NA WALANG PROTEKSYON ANG BALAT KASUOTAN. PALAGAY KO IYON NA ANG KANYANG PANAHON NA MAMATAY.
O DIYOS, HINDI!


ILAGAY ANG KANYANG KATAWAN SA UBASAN NI NABOTH HANGGANG TAYO AY MAY SAPAT NA PANAHON PARA AYUSIN IYAN.


GAYA NG SINABI NI ELIAS, ANG MGA ASO AY HINIHIMOD ANG DUGO NI AHAB SA ILALIM NG BINTANA NI JEZEBEL. SIYA ANG UNA SA KANYANG BUONG SANGBAHAYAN; ANG IBA AY SUSUNOD RIN.


PAGKATAPOS HUGASAN ANG DUGO GALING SA KARWAHE NI AHAB ANG KAWAL AY BUMALIK SA PALASYO.
NASAAN SI HARING AHAB? SIYA BA AY NAGDIDIWANG NG KANYANG TAGUMPAY?
1 MGA HARI 22:37-38; 2 MGA HARI 9:8-10


IKAW NA ULOL! IKAW AY HINDI PROPETA NG DIYOS. IKAW AY SINUNGALING! SI AHAB AY PATAY NA GAYA NG IPINAHAYAG NI MICAIAS NA PROPETA NI JEHOVAH.
NGUNIT HINDI ITO ANG DAPAT NA MANGYARI. ANG LAHAT SA MGA RELIHIYOSO AY NAGKASUNDO. SI AHAB AY MAGTATAGUMPAY.
HINDI LAHAT. HINDI SI MICAIAS NA IYONG SINAMPAL AT IPINABILANGGO. KAPAG NALAMAN ITO NG MGA TAO KUKUNIN NILA ANG IYONG BUHAY.


IKAW AY MALAYA NANG LUMABAS. SI AHAB AY PATAY NA.
OO, ALAM KO, AT WALANG DUDA NA HINIMOD NG MGA ASO ANG KANYANG DUGO GAYA NG SINABI NG DIYOS. SI *JEZEBEL* ANG SUSUNOD AT LAHAT NA MAY RELASYON KAY AHAB. SINABI NG DIYOS.


KAILANGAN KONG MAGTAGO.


OH HINDI! SINABI NI MICAIAS NA MALALAMAN KO KUNG SINO ANG MAY ESPIRITU NG DIYOS SA ARAW NA AKO AY MAGTAGO SA PANLOOB NA SILID.


ANG MGA ANAK NA LALAKE NI AHAB ANG NAGHARI KAPALIT NIYA, AT 12 TAON ANG LILIPAS NA SI JEZEBEL PA RIN AY BUHAY BILANG REYNA. ANG ISRAEL AY PATULOY PA RIN SA PAGSAMBA SA MGA HUWAD NA DIYOS AT SUMUWAY SA KAUTUSAN NG DIYOS.
NAGSALITA ANG DIYOS LABAN SA SANGBAHAYAN NI AHAB, NA NAGSASABI, "ANG PANAHON AY DUMATING NA. ANG LAHAT SA PAMILYA NI AHAB AY MAMAMATAY, KAHIT ANG MALILIIT NA MGA BATA. WALANG MAIIWANG BUHAY. SI JEZEBEL AY KAKAININ NG MGA ASO, AT WALANG ISA NA MAGDADALAMHATI SA KANYA O MAGLILIBING SA KANYA."




2 MGA HARI 9:30


TATAYO AKO DITTO NA KUNG SAAN AY MAKIKITA NILA NA AKO ANG NAMAMAHALA.


SINO ANG PANIG SA AKIN?



KAMI AY KASAMA MO HENERAL.
KAYA IHAGIS NYO PABABA SI JEZEBEL.
HINDI MO MAAARING GAWIN IYAN. AKO ANG REYNA.




2 MGA HARI 9:32-33


HAYAANG NAKAHIGA ANG KATAWAN.



KINAIN NG MGA ASO SI JEZEBEL AT HINIMURAN ANG KANYANG DUGO SA LUGAR NA KUNG SAAN NILA AY HINIMOD ANG DUGO NG KANYANG ASAWANG LALAKE, KATULAD SA SINABI NG PROPETA NG DIYOS.
GRRRRRR!


2 MGA HARI 9:33-37
SUBALIT HINDI KINAIN NG MGA ASO ANG MARUMING MGA KAMAY NA GUMAWA NG LUBHANG MARAMING KASAMAAN.
KAGAYA NG SINABI NG MGA PROPETA, ANG LAHAT NG NAIWAN SA MGA ANAK NI AHAB AY PINATAY LAHAT NG MGA TAO SA LUNGSOD, HANGGANG SA WALA NANG NAIWAN SA KANYANG PAMILYA.
YAONG MGA NAMATAY SA MGA PARANG AY KINAIN NG MGA BUWITRE AT YAONG MGA NAMATAY SA LUNGSOD AY KINAIN NG MGA ASO. WALANG NAIWAN UPANG ILIBING. TUNAY NGA NA ANG KABAYARAN NG KASALANAN AY KAMATAYAN.


HABANG SI ELIAS AY NANANALANGIN, ANG MGA BATANG PROPETA AY NAKARATING KAY ELISEO UPANG MAGHATID NG ISANG MENSAHE.
ANG DIYOS AY NAGSALITA SA ILANG MGA BATANG PROPETA. ALAM MO BA NA NGAYON KUKUNIN PAPUNTA SA LANGIT ANG IYONG AMO NA SI ELIAS? ?
OO, SINABI RIN SA AKIN NG DIYOS, NGUNIT TUMAHIMIK KA NA; HUWAG KA NANG MAGSALITA PA.


ELISEO, MANATILI KA DITO. AKO'Y MAGLALAKBAY PABABA PATUNGO SA JERICO.
HABANG BUHAY ANG DIYOS, HINDI KO PAHIHINTULUTANG MAWALA KA SA AKING PANINGIN. PUPUNTA AKO KUNG SAAN KA PUPUNTA.


ALAM MO BANG ANG IYONG AMO NA SI ELIAS AY KUKUNIN PAPUNTANG LANGIT NGAYON?
OO, ALAM KO ITO. NGAYON HUWAG NIYO NA KAMING ABALAHIN. HUWAG NA NINYONG SABIHAN ANG IBA NG INYONG NALALAMAN. HINDI SIYA DAPAT MAWALA SA AKING PANINGIN.


IKAW AY MANATILI DITO SA JERICO. KAILANGAN KONG GAWIN ANG ISANG MAIKLING PAGLALAKBAY PABABA SA ILOG NG JORDAN.
SA KATIYAKANG BUHAY ANG DIYOS AT BUHAY KA RIN, HINDI KITA IIWAN.


ANDIYAN ANG MGA BATANG PROPETA, NA PATULOY NA SUMUSUNOD SA ATIN.
PAANO TAYO MAKAKATAWID SA ILOG? MATAAS ANG AGOS NGAYON.
SA TUYONG LUPA.
2 MGA HARI 2:3-7


SLAP!
AHH!
NAKITA MO BA IYAN! ANG TUBIG AY TUMIGIL AT NAHATI SA GITNA UPANG SILA AY MAKADAAN.
OO, KATULAD KAY MOISES.
NAGAGALAK AKONG MAKAKITA NG GANITO.
HANGAD KO SANANG MAKITA ITO NG MGA PROPETA NI BAAL!


ANO ITONG GUSTO MONG GAWIN KO PARA SA IYO BAGO AKO UMALIS?
BIGYAN MO AKO NG DOBLENG BAHAGI NG ESPIRITU NG DIYOS NA NASA SA IYO.
IKAW AY HUMINGI NG ISANG MAHIRAP NA BAGAY, NGUNIT ITO'Y MANGYAYARI KAPAG NAKITA MO AKONG KINUHA PAPUNTA SA LANGIT.

2 MGA HARI 2:8-11





ROWRRR
ANG KARWAHE NA APOY AY SIYANG NAGPAHIWALAY KAY ELIAS MULA KAY ELISEO.



SI ELIAS AY KINUHA PAAKYAT SA LANGIT SA IPO-IPO.


PAGKATAPOS AY BUONG KATAHIMIKAN. SI ELIAS NGAYON AY NASA KINAROROONAN NA NG DIYOS.
ANG NAIWAN NA LANG AY ANG KANYANG BALABAL. ITO ANG KANYANG GINAMIT PARA MAHATI ANG MGA TUBIG.
2 MGA HARI 2:11-13


NASAAN ANG DIYOS NI ELIAS?



ANG ESPIRITU NI ELIAS AY NAKAY ELISEO!
WOP!
ITO'Y ISANG KAHANGA-HANGANG ARAW!



SI ELISEO AY PATULOY NA GUMANAP NG MGA HIMALA DALAWANG BESES NA MAS MARAMI KAY SA NAGAWA NI ELIAS. SIYA AY MATAPAT SA DIYOS, NGUNIT ANG MGA TAO AY HINDI LUBUSANG TUMALIKOD SA KANILANG PAGSAMBA SA MGA DIYOSDIYOSAN.
SAAN NAGTUNGO SI ELIAS?
KAILANGAN TAYONG HUMAYO AT HANAPIN SIYA!
WALANG SILBI. NASA LANGIT NA SIYA.
2 MGA HARI 2:14-16



KABANATA 7


# ANG MGA PROPESIYA NI CRISTO


PAGKATAPOS NI ELISEO, ANG DIYOS AY NAGTAYO PA NG IBANG MGA PROPETA KATULAD NI ISAIAS, JEREMIAS, AT AMOS NA TATAWAG SA MGA TAO NA TUMALIKOD MULA SA KANILANG DIYOSDIYOSAN AT KASALANAN. NAGSALITA ANG DIYOS SA PAMAMAGITAN NITONG MGA PROPETA, NA NAGPASULAT SA KANILA NG MARAMING HULA SA MGA BAGAY NA DARATING.
SI ISAIAS AY ISANG PROPETA SA PANAHON NG PAGHAHARI NG MGA HARING SINA UZZIAS, JOTHAM, AHAZ, AT HEZEKIAS (HUMIGIT-KUMULANG 760-700 B.C.). NAGSALITA ANG DIYOS SA PAMAMAGITAN NI ISAIAS, "AKO'Y NAG-ALAGA AT NAGPALAKI NG MGA BATA, SUBALIT SILA'Y NAGREBELDE LABAN SA AKIN. ANG HINDI NAKAKAPAGSALITANG BAKA AY NAKAKAKILALA NG KANYANG MAY-ARI, NGUNIT ANG ISRAEL AY HINDI NAKAKAKILALA SA AKIN. KAYO AY ISANG MAKASALANANG BANSA, ISANG BAYAN NA PUNO NG KASAMAAN, MGA ANAK NA GUMAGAWA NG KASAMAAN..."


ALISIN NINYO ANG KASAMAAN NG INYONG MGA GAWA AT PAGINHAWAIN ANG MGA INAAPI, ALAGAAN ANG MGA ULILA SA AMA, AT MAGBIGAY PARA SA MGA BIYUDA, IBABALIK AT PAGAGALINGIN KO KAYO, NGUNIT KUNG KAYO AY HINDI BABALIK SA AKIN, KAYO AY PAPATAYIN SA PAMAMAGITAN NG TABAK. ANG IYONG BUONG LUPAIN AY MASISIRA, AT ANG IYONG MGA LUNGSOD AY SUSUNUGIN NG APOY. AT DADALHIN NILA ANG LAHAT NG IYONG MGA ANAK NA LALAKE SA BABILONIA, AT DOON SILA AY GAGAWING MGA BATING UPANG MAGSILBI SA PALASYO NG HARI NG BABILONIA."




SI JEREMIAS AY ISANG PROPETA SA PANAHON NG PAMAMAHALA NG MGA HARI NA SINA JOSIAS, JOHIAKIM, AT ZEDEKIAS (HUMIGIT-KUMULANG 630-590 B.C.). SINABI NIYA, GANITO ANG SINABI NG PANGINOON, TINGNAN NINYO, AKO AY NAGLAGAY SA HARAPAN NINYO NG DAAN NG BUHAY, AT NG DAAN NG KAMATAYAN. ANG TUMATAHAN SA LUNGSOD AY MAMAMATAY SA TABAK, AT SA TAGGUTOM, AT SA SALOT: NGUNIT SIYA NA LALABAS, AT PUPUNTA SA MGA CALDEO NA SUMALAKAY SA INYO, SIYA AY MABUBUHAY, NGUNIT SIYA AY MAGIGING ALIPIN SA BABILONIA. SAPAGKAT AKING ITANAKDA ANG AKING MUKHA LABAN SA LUNGSOD NA ITO DAHIL SA KASAMAAN, SABI NG PANGINOON: ITO'Y IBIBIGAY KO SA KAMAY NG HARI NG BABILONIA, AT SUSUNUGIN NIYA ITO SA PAMAMAGITAN NG APOY."


ANG PANGINOON AY NAGSALITA SA PAMAMAGITAN NI JEREMIAS NA NAGSASABI, "AT AKO MISMO AY LALABAN SA INYO NA MAY NAKAUNAT NA KAMAY AT MALAKAS NA BISIG, KAHIT SA GALIT, SA BAGSIK, AT SA MATINDING POOT. AT PUPUKSAIN KO ANG MGA NANINIRAHAN SA LUNGSOD NA ITO, ANG TAO AT ANG HAYOP:

SILA'Y MAMAMATAY SA MATINDING SALOT, MULA SA TABAK, AT MULA SA TAGGUTOM, SA KAMAY NI NEBUCADNEZAR NA HARI NG BABILONIA, AT SA KAMAY NG KANILANG MGA KAAWAY, AT SA KAMAY NG MGA TUMUTUGIS SA KANILANG BUHAY: AT HAHAMPASIN NIYA SILA SA PAMAMAGITAN NG TALIM NG TABAK; HINDI NIYA SILA KAHAHABAGAN, NI PATATAWARIN, NI KAAAWAAN MAN. ANG AKING MATINDING POOT AY SUSUNOG GAYA NG APOY AT WALANG MAKAKAPATAY NITO. AT DADALHIN ***NILA KAYO BILANG MGA ALIPIN SA BABILONIA*** AT PAPATAYIN KAYO SA PAMAMAGITAN NG TABAK. KARAMIHAN SA MGA PUPUNTA SA BABILONIA AY MAMAMATAY AT ILILIBING DOON.


JEREMIAS 20:4-6; 21:5-7, 10-12


SI AMOS AY ISANG PROPETA SA PANAHON NG PAGHAHARI NG MGA HARING SI UZZIAS AT JEROBOAM 2 (HUMIGIT-KUMULANG 765–750 B.C.) SINABI NG DIYOS SA PAMAMAGITAN NI AMOS, "ANG INYONG MGA BABAE AY PARANG MGA BAKA NA NANGANGAILANGAN NG KANILANG MGA ASAWANG LALAKE NA MAGTUSTOS NG MAINAM SA KANILA NG INUMIN. HINDI NA KAYO MAGDOMINA SA INYONG MGA ASAWANG LALAKE. KAYO AY DADALHIN PALAYO NA MAY TAGA SA INYONG MGA KATAWAN UPANG MAGING MGA ALIPIN SA BABILONIA.



KAYO AY NAKAHIGA SA MAMAHALING MUWEBLES AT KUMAIN NG MASARAP NA MGA PAGKAIN NA PUNO NG TABA. KAYO AY NAKIKINIG NG MUSIKA HABANG KAYO AY UMIINOM NG MARAMING ALAK. TINATAPON NINYO ANG PAGKAMAKATUWIRAN SA LUPA, KAYO AY YUMURAK SA MGA DUKHA, UMAAPI SA MATUWID AT KUMUHA NG LAGAY, AT INAGAWAN ANG DUKHA NG HUSTISYA. KAYO AY NAGTANIM NG UBASAN, NGUNIT ANG INYONG MGA KAAWAY AY ANG IINOM NG ALAK. ANG INYONG MGA SUNDALO AY MATATALO AT KAYO AY DADALHIN PALAYO UPANG MAGING MGA ALIPIN SA ISANG BANYAGANG LUPAIN.


SABI NG DIYOS, "LILIPULIN KO ANG MGA ALTAR SA BETHEL AT WAWASAKIN ANG INYONG BAHAY NG TAGLAMIG KASAMA SA INYONG BAHAY SA TAGINIT. KAYO AY YUMURAK SA DUKHA, KUMUHA NG MGA LAGAY, AT INAPAKAN YAONG MAY KAILANGAN. PINIGILAN KO ANG ULAN, PINADALA ANG TAGGUTOM AT MGA SAKIT AT SUBALIT KAYO AY DI NAGSISISI. KAYO AY MAGTATANIM NG MGA UBASAN UPANG GUMAWA NG MARAMING ALAK, NGUNIT KAYO AY HINDI MAKAKAINOM NITO.
AMOS 4-6
INAY, GUTOM NA AKO.


753 B.C.
SI HOSEA AY ISANG PROPETA SA PANAHON NG PAGHAHARI NG MGA HARING SINA UZZIAS, HEZEKIAS, JOTHAM, AT AHAZ (HUMIGIT-KUMULANG 785–725 B.C.) HINULA NIYA, "ANG ISRAEL AY MABUBUWAL SA PAMAMAGITAN NG TABAK, ANG KANILANG MGA SANGGOL AY IPUPUKOL SA LUPA, ANG KANILANG NAGDADALANTAO AY PUPUNITIN."
UBASTA
"ANG ARAW AY DARATING NANG ANG DIYOS AY MAGPAPATAWAD SA KANYANG MGA KASALANAN, AT MAGMAMAHAL SA ISRAEL NG MALAYA. MINSAN PA ANG ISRAEL AY MAMUMULAKLAK GAYA NG LIRYO. SIYA AY LALAGO GAYA NG ISANG PUNO NG OLIBO AT MAGKAKAROON NG BANGO GAYA SA SEDAR NG LEBANON."


IBASTA
SA MGA TAON NA DARATING, PAGKATAPOS NG BABILONIA, KAYO AY IKAKALAT SA MGA BANSA AT DOON SILA AY UUSIG SA INYO, KUKUHA SA INYONG ARIARIAN, AT KAYO AY HINDI MAKAKAKITA NG LUGAR NG KAPAHINGAHAN.






ISAIAS 10:21, 35, 51:11; JEREMIAS 30:11; EZEKIEL 17:21;
HOSEA 13:16,14:1-6; JOEL 3:2



ALINSUNOD SA DOKUMENTONG ITO, ANG LAHAT NG MGA JUDEO AY DAPAT UMALIS SA BAYAN AT HINDI KAYO MAAARING MAKAPAGDALA NG KAHIT ANOMANG ARIARIAN NINYO.
MATAGAL KO NA TALAGANG GUSTO ANG BAKA NA ITO.
DAHIL ANG BANSANG ISRAEL AY TUMANGGI SA SALITA NG DIYOS. SILA AY IKAKALAT SA LAHAT NG MGA BANSA SA MUNDO; NGUNIT SILA AY HINDI MAKAKAKITA NG KAPAHINGAHAN HANGGANG ANG DIYOS AY MAGDADALA ULI SA KANILA PABALIK SA LUPAIN NG KANILANG MGA NINUNO.


ANG BUONG LUPAIN NG ISRAEL AY MAGING ISANG LAGIM, AT KAYO AY MAGSISILBI SA HARI NG BABILONIA NG PITUMPONG TAON. NGUNIT PAGKATAPOS NG PITUMPONG TAON, PARURUSAHAN KO ANG BABILONIA DAHIL SA KANILANG KASAMAAN AT DADALHIN KO ANG MGA NATIRA PABALIK SA LUPAING ITO UPANG MULI ITONG ITAYO."
ANG JERUSALEM AY LUBHANG PABABAYAAN NA ITO'Y AARARUHIN NA PARANG ISANG BUKID."


ANG HULANG ITO AY NANGYARI. INARARO NGA NG KAAWAY ANG JERUSALEM. NGUNIT SA MGA HULING ARAW ANG TEMPLO AY MULING ITATAYO, AT ANG MGA TAO AY AAGOS PAPUNTA DITO.
ANG PROPETA MICA, NA NABUHAY MULA SA 750-686 B.C., AY NAGHULA:



AT MARAMING MGA BANSA ANG DARATING, AT MAGSASABI, HALIKA, AT TAYO AY AAKYAT SA BUNDOK NG PANGINOON, AT SA BAHAY NG DIYOS NI JACOB; AT SIYA AY MAGTURO SA ATIN SA KANYANG MGA DAAN, AT TAYO AY TUTURUAN NIYA NG KANYANG MGA DAAN AT TAYO AY LALAKAD SA KANYANG MGA LANDAS: DAHIL ANG BATAS AY LALABAS SA ZION, AT ANG SALITA NG PANGINOON MULA SA JERUSALEM."
AT SIYA AY MAGHAHATOL SA GITNA NG MARAMING MGA TAO, AT SASAWAY SA MALAKAS NA MGA BANSANG MALAYO; AT SILA AY MAGPAPANDAY NG KANILANG MGA TABAK UPANG MAGING MGA ARARO AT NG KANILANG MGA SIBAT UPANG MAGING KARIT:



ANG MGA BANSA AY HINDI MAGTATAAS NG TABAK LABAN SA BANSA, NI SILA'Y MATUTO PA NG DIGMAAN. NGUNIT SILA AY UUPO, ANG BAWAT TAO SA ILALIM NG KANYANG UBASAN AT ILALIM NG KANYANG PUNO NG IGOS; AT WALANG TATAKOT SA KANILA: DAHIL ANG BIBIG NG PANGINOON NG MGA HUKBO ANG NAGSALITA NITO."
AT KAMI AY LALAKAD SA PANGALAN NG PANGINOON NAMING DIYOS NG WALANG HANGGANAN. SA ARAW NA IYON, NAGSALITA ANG PANGINOON, TITIPUNIN KO SIYA NA PINALAYAS, AT AKO AY GAGAWA NG ISANG MALAKAS NA BANSA: AT ANG PANGINOON AY MAGHAHARI ITAAS NILA SA BUNDOK NG ZION MULA NGAYON, KAHIT SA WALANG HANGGAN."
JEREMIAS 25:11-12; MIKAS 3:12,4:17


HINULAAN NI JEREMIAS:
SI HARING ZEDEKIAS AY NAKAGAWA NG KASAMAAN SA HARAP NG PANGINOON. SIYA AY HINDI PAPATAYIN. SIYA AY PUPUNTA SA BABILONIA NA KUNG SAAN SIYA AY MABUBUHAY NG MATAGAL KASAMA NG KANYANG BAYAN, NGUNIT SA PAMAMAGITAN NG KANYANG MGA MATA HINDI NIYA MAKAKITA ANG BABILONIA. SIYA AY MABUBULAG. KAYO AY MANANATILI DOON SA BABILONIA SA LOOB NG 70 NA TAON.
SA KATAPUSAN NG 70 NA TAON, ANG BABILONIA AY MATATALO NG ISANG HUKBO MULA SA NORTE AT ANG NATIRA SA ATING BAYAN AY BABALIK SA LUPAING ITO UPANG MULING ITAYO ANG LUNGSOD AT ANG TEMPLO.



PAGKATAPOS NG PANAHON NG PAGHATOL, PATATAWARIN SILA NG DIYOS SA KANILANG MGA KASALANAN AT ANG JERUSALEM AY MATITIRAHAN NG LAHAT NG HENERASYON.
DALHIN ANG AKLAT NA ITO SA BABILONIA AT BASAHIN ITO DOON SA HARAP NG MGA TAO. IPAALAM SA KANILA NA KAILANGAN NILANG MAGTIIS BAGO SILA MAKABALIK.
ISASAULI KO ANG TRONO NI DAVID AT KAYO AY BABALIK AT AANGKININ ANG LAHAT NG INYONG LUPAIN.


SI EZEKIEL NAGHULA: SILA AY IKAKALAT SA MGA BANSA, NGUNIT GAYA NG PAGPAPAKALAT NG DIYOS SA KANILA, SA KATAPUSAN SIYA ANG MAGDADALA SA KANILA PABALIK SA LUPAIN."
IPINANGAKO NG DIYOS KAY ABRAHAM NA ANG KANYANG BINHI ANG MAGMAMANA SA LUPA NG WALANG KATAPUSAN, AT SIYA AY HINDI SISIRA SA KANYANG PANGAKO. GAYUN PA MAN, PAGKA ANG MGA TAO AY MAGKAKASALA, DADALHIN SILA NG DIYOS UPANG MAGING BIHAG NG MGA BANSA NA KUNG SAAN SILA AY MAGSISILBI SA MGA BANYAGANG DIYOSDIYOSAN, NGUNIT SA BANDANG HULI SIYA ANG MAGDADALA SA KANILA PABALIK."
JEREMIAS 34:3, 39:7, 51:60-61, 52:11 (627-586 B.C.) EZEKIEL 12:15-16; JOEL 3:20-21; AMOS 9:11-15



ANG EHIPTO NAMAN ANG HAHATULAN NG BABILONIA, AT SA LOOB NG 40 NA TAON ANG EHIPTO AY HIHIMLAY NA PABABAYAAN. PAGKATAPOS NILANG BUMALIK MULA SA BABILONIA, ANG EHIPTO AY HINDI NA MAGIGING BANTOG KAGAYA NG UNANG MGA ARAW, NGUNIT ITO AY MAGPAPATULOY HANGGANG SA KATAPUSAN. AT SA HULING MGA ARAW ANG EHIPTO AT ASSYRIA AY MAKIKISAMA SA AKING BAYAN ANG ISRAEL SA ISANG KASUNDUAN PANGKAPAYAPAAN NG TATLONG BANSA AT AKO AY MAGPAPALA SA KANILA.”


ANG FILISTINO AY PUPUKSAIN AT MAWAWALA NA. KAGAYA NG ASHDOD, EKRON, AT AMMON MAWAWALA NA RIN. ANG EDOM AY LUBOS NANG PABABAYAAN. ANG TIRO AY PUPUKSAIN AT LAHAT NG MGA BATO AT MGA KAHOY AY IHAHAGIS SA DAGAT. ITO'Y HINDI NA MATITIRAHAN PANG MULI AT ANG LUPA AY MANANATILING MAKINIS GAYA NG ISANG MALAKING BATO, ISANG LUGAR PARA SA MGA MANGINGISDA UPANG ILATAG ANG KANILANG MGA LAMBAT."


NGUNIT ANG PERSIA (IRAN) TURKEY, ETIOPIA, AT LIBYA AY MANANATILI HANGGANG SA KATAPUSAN, AT SA PANAHON NA IYAN SILA AY MAGTATANGKANG LUSUBIN ANG ISRAEL, NGUNIT SILA AY MAMAMATAY SA MGA BUNDOK NG ISRAEL."


ANG BIBLIA AY PALAGING GANAP NA TAMA SA KANYANG MARAMING MGA HULA. ANG MGA LUNGSOD AT MGA BANSA NA HINULAAN NA MAWAWALA SA PAG-IRAL AY NANGYARI. ANG MGA BANSA NA MAGTATAGAL HANGGANG SA KATAPUSAN AY KASAMA PA RIN NATIN SA NGAYON.
JEREMIAS 25:15-26; EZEKIEL 25, 26:15-19, 29:12-16, 30:1-8, AMOS 1


SA TAON 605 B.C. ANG ISRAEL AY SINAKOP NG BABILONIA, GAYA NG PAGHULA NG MGA PROPETA.
O PANGINOON, DAHIL SA MGA KASALANAN NG AMING MGA NINUNO KAMI AY PINAPARUSAHAN. TULUNGAN MO KAMI NA SUMUNOD SA IYONG KAUTUSAN KAHIT NGAYONG ANDITO KAMI SA DI KILALANG LUPAIN.



MAHIGIT SA 5,000 NA JUDEO ANG DINALA SA BABILONIA NA BILANGGO SA DIGMAAN. DINALA NILA ANG MGA BATA AT MGA EDUKADO, UMAASANG MAPAPA- KINABANGAN NILA SA PAGLINGKOD SA KAHARIAN. KABILANG SA KANILA AY ISANG BINATILYO NA PINANGALANANG SI DANIEL. SIYA AY PALAGING TUMUTUPAD SA KAUTUSAN AT LUMALAKAD SA PAGSUNOD SA DIYOS NI ABRAHAM.


KAMI AY NAGPAPASALAMAT SA IYO, O PANGINOON NG LANGIT AT LUPA, HARI NG SANLIBUTAN, NA IKAW ANG NAGBIBIGAY NG TINAPAY MULA SA LUPA.
SI DANIEL AY ISANG BILANGGO SA ISANG DI KILALANG LUPA. DATAPWA'T NAGDESISYON SIYA NA MANATILING MATAPAT SA KANYANG DIYOS. ANG KANYANG TAGABIHAG AY NAKITA NA SIYA AY MAY MABUTING ESPIRITU, KAYA INILAGAY SIYA SA ESPESYAL NA POOK BILANG ISA SA MGA MARUNONG NA TAO SA BABILONIA.


NEBUCADNEZZAR, ANG HARI NG BABILONIA, AY NAGISING DAHIL SA ISANG PAMBIHIRANG PANAGINIP.
ANO ANG KAHULUGAN NITO? SIGURADO ANG GANOONG PANAGINIP AY PINADALA NG MGA DIYOS UPANG IPAHAYAG ANG KINABUKASAN.




DANIEL 1:2-7, 17-21, 2:1-11


ALAM KO NA KAYO AY MGA HUWAD. ANG MGA DIYOS AY HINDI NAGSASALITA SA INYO. KAYONG LAHAT AY PAPATAYIN KASAMA ANG INYONG MGA PAMILYA, AT ANG INYONG MGA BAHAY AY GAGAWING MGA BUROL NG DUMI NG MGA HAYOP.



IKINALUNGKOT KO DANIEL, NGUNIT BUKAS IKAW AT LAHAT NG MGA MARUNONG NA TAO AY PAPATAYIN. ANG HARI AY HINDI NANIWALA SA KANYANG SARILING MGA PARI.
NGUNIT SI JEHOVAH NA DIYOS AY MAKAKAPAGHAYAG SA PANAGINIP NG HARI AT ANG PALIWANAG. KAILANGAN KO NA MAKAPAG-ISA UPANG MANALANGIN. HILINGIN MO SA KANYA NA MAGHINTAY NG ISANG ARAW.


PANGINOON, IKAW LAMANG ANG DIYOS AT HARI NG SANLIBUTAN. KUNG MAARI IPAKITA SA IYONG ALAGAD ANG MGA BAGAY NA DARATING. WALANG IBANG DIYOS NA KATULAD MO.
DANIEL, MAKINIG KA SA AKIN...


MAGMADALI, DALHIN MO AKO SA HARI!
KUNG HINDI MO MASASABI SA HARI ANG KANYANG PANAGINIP, PAPATAYIN NIYA AKO DOON MISMO.


HUWAG MONG SAYANGIN ANG AKING PANAHON. MASASABI MO BA ANG AKING PANAGINIP O HINDI?
O HARI, IKAW ANG HARI SA LAHAT NG MGA HARI, SAPAGKAT ANG DIYOS SA LANGIT ANG SIYA NGA ANG GUMAWA SA IYO. SIYA ANG NAGBIGAY SA IYO NG PANGITAIN KUNG ANO ANG MANGYAYARI SA MGA HULING ARAW.
ANG TOTOONG DIYOS, ANG MAYLIKHA NG SANLIBUTAN, AY IPINAHAYAG ANG IYONG PANAGINIP SA IYONG LINGKOD.
DANIEL 2:12-30


O HARI, NAKITA MO ANG ISANG PANGITAIN SA ISANG MALAKING IMAHEN. ANG IMAHEN NA ITO AY SUMASAGISAG SA IYONG KAHARIAN AT SA TATLO NA SUSUNOD.
*TOTOO ITO!* WALANG AKONG PINAGSABIHAN! ANG IYONG DIYOS AY SIYANG TANGING DIYOS.


IKAW ITONG ULO NA GINTO, ANG HARI NG MGA HARI. BAGO MO PA NATALO ANG JUDA, ANG AMING MGA PROPETA AY NAGSABI SA AMIN NA ANG DIYOS AY HAHATOL SA AMIN DAHIL SA AMING MGA KASALANAN AT PAGKATAPOS IBIBIGAY SA IYO ANG KAHARIAN. NGAYON ANG IYONG PAGHAHARI AY MAGIGING MALUWALHATI.


ANG DIDDIB NA PILAK AY SUMASAGISAG NG ISA PANG KAHARIAN, ANG MGA MEDES AT ANG MGA PERSIAN. PAGKATAPOS NG IYONG KAMATAYAN, SASAKUPIN NILA ANG BABILONIA AT MAGHAHARI SA MUNDO NA KATULAD MO.


O HARI, PAGKATAPOS NG ULO NA GINTO AT ANG DIBDIB NA PILAK, IKAW AY NAKAKITA NG TIYAN NA TANSO. ANG TANSO SUMSAGISAG SA IKATLONG KAHARIAN, ANG MGA GRIYEGO. ITO AY DARATING PAGKATAPOS NG PERSIA AT MAGIGING MABILIS AT MABANGIS.
ANG IKAAPAT NA KAHARIAN AY HINDI KATULAD SA IBA, ANG MGA PAA AY GAWA SA BAKAL, AT ITO'Y TATAPAK AT DUDUROG SA MARAMING BANSA. NGUNIT NAKITA MO NA ANG BAKAL NA MGA DALIRI NG PAA AY HINALUAN SA PUTIKAN. SA HULING MGA ARAW ANG KAHARIAN AY MAHAHATI SA SAMPUNG PARAAN AT ITO'Y MAGIGING MAHINA.
DANIEL 2:31-33, 39-43



PAGKATAPOS, O HARI, NAKITA MO ANG ISANG BATO NA TINABAS MULA SA ISANG BUNDOK, NGUNIT HINDI SA PAMAMAGITAN NG MGA KAMAY NG TAO. ITO'Y GUMULONG SA BUNDOK AT HUMAMPAS SA PAANAN NG IMAHEN AT SINIRA ANG LAHAT NG MGA KAHARIAN SA ISANG SAGLIT.



ANG MALAKING BATO NA IYAN AY NAGLALARAWAN SA ANAK NG DIOS NA DARATING SA LUPA AT MAGTATAYO NG ISANG MALUWALHATING KAHARIAN.
SA KATAPUSAN NG PANAHON, ANG LAHAT NG MGA PATAY AY MAGIGISING UPANG TUMAYO SA PAGHATOL. YAONG MGA GUMAWA NG MASAMA AY TATANGGAP NG KAHIHIYAN AT WALANG HANGGANG PAGHAMAK. YAONG SUMAMPALATAYA SA ANAK NG DIYOS AY TATANGGAP NG BUHAY NA WALANG HANGGAN.





NAGPATULOY SI DANIEL NA TUMIRA SA BABILONIA SA LOOB NG 68 NA TAON. BINIGYAN NIYA NG KAHULUGAN ANG MARAMING PANAGINIP AT HINULAAN ANG KINABUKASAN NG MARAMING BESES. PAGDATING NG PANAHON, SI HARING NEBUCADNEZZAR AY NAMATAY, AT ANG KANYANG ANAK NA LALAKE, SI BELSHAZAR ANG PUMALIT SA KANYANG LUGAR.


ISANG GABI SAMANTALANG SI BELSHAZZAR AY NAGSASAGAWA NG SALU-SALONG PAG-IINUMAN, ISANG MAHIWAGANG KAMAY ANG NAGPAKITA AT NAGSULAT SA DINGDING. SI DANIEL AY PINATAWAG UPANG BIGYANG LIWANAG ITO. ANG DIYOS AY NAGBIGAY SA KANYA NG PANG-UNAWA SA DI KILALANG WIKA.
O HARI, IKAW AY NAGKASALA LABAN SA DIYOS. GAYA NG PAGHULA NOON NG MGA PROPETA, ANG IYONG KAHARIAN AY AALISIN MULA SA IYO SA GABING ITO AT IBIBIGAY SA MGA MEDES AT MGA PERSIANO.


ECCLESIASTES 12:13-14; ISAIAS 9:6-7, 45:1 DANIEL 2:34-35, 44-48, 5:1-29; APOKALOPSIS 20:11-21:5
HINULAAN NG MGA PROPETA NA ANG KAAWAY NA ITO AY SASAKOP SA BABILONIA SA PAMAMAGITAN NG PAGDAAN NG LIHIM SA DALAWANG DAANAN NG TUBIG PAPASOK SA LUNGSOD. HINDI ITO MAPAPANSIN NG MGA TAGA BABILONIA SA MATINDING KALASINGAN. NAITALA SA KASAYSAYAN ANG PAGKATALO NG BABILONIA SA GANOON NA PARAAN.


PAGKATAPOS NA MATALO NG MGA MEDES AT MGA PERSIANO ANG BABILONIA, NATUKLASAN NI DANIEL ANG ISANG LUMANG AKLAT NA SINULAT NI PROPETA JEREMIAS, ISA SA MGA AKLAT SA BIBLIA. HABANG BINABASA NIYA ITO, SIYA AY NABIGLA SA PAGKATUKLAS NA ANG DIYOS SA SIMULA PA LAMANG AY NAGHULA NA ANG PAGKABIHAG NILA AY AABOT LAMANG NG 70 NA TAON.
PAGKATAPOS, ANG MGA NATIRA AY BABALIK SA JERUSALEM UPANG ITAYO MULI ANG MGA PADER AT ANG TEMPLO. SA PATULOY NA PAGBABASA, NATUKLASAN NIYA NA NOONG 200 NAKARAANG TAON ANG PROPETANG SI ISAIAS AY NAKAPAGBIGAY NA NG PANGALAN NG PERSIANONG HARI NA MAG-UUTOS SA KANILA UPANG BUMALIK.


NGAYON AY MALAPIT NA ANG IKA-69 NA TAON... ISANG TAON NA LAMANG ANG NATITIRA. SINABI NITO NA SI CYRUS AY ALAGAD NG DIYOS, NA GUMAGAWA NG KALOOBAN NG DIYOS. SIYA AN G MAG-UUTOS NA KAMI AY BABALIK SA ATING LUPANG TINUBUAN! PURIHIN KA, O PANGINOON NAMING DIYOS, HARI NG SANDAIGDIG.



GAYA NG IPINANGAKO NG DIYOS KAY ABRAHAM, IBINIGAY NIYA SA ATIN ANG LUPAING ITO UPANG MAGING ARIARIAN NA WALANG HANGGAN. BINALAAN NIYA ANG ATING MGA NINUNO NA TAYO AY IBIBIGAY SA MGA KAMAY NG ATING MGA KAAWAY KAPAG TAYO AY NAGSILBI SA IBANG MGA DIYOS, SUBALIT IPINANGAKO NAMAN NIYA NA SIYA AY HINDI MAKAKALIMOT SA KANYANG SALITA. TINUPAD NG DIYOS ANG KANYANG SALITA. NGAYONG TAYO AY NAKABALIK NA, KAILANGAN NA TAYONG SUMUNOD SA KANYA.
PINALAYA NI CYRUS ANG MGA JUDEO PAGKATAPOS NA MAGSIMULA ANG 70 NA TAON NG KANILANG PAKABIHAG, GAYA NG PAGKAHULA SA KASULATAN, AT 52,000 ANG BUMALIK UPANG ITAYO MULI ANG LUNGSOD.






ISAIAS 44:28; DANIEL 9:1-2; JEREMIAS 25:11-12, 29:10


SI DANIEL AY TUMANDA NA NG HUSTO, KAYA HINDI NA SIYA BUMALIK KASAMA ANG IBA. SIYA AY MAY GINAMPANAN PA RIN NA TUNGKULIN NA MAGBIGAY PAYO SA MGA HARI NG MGA MEDO- PERSIANONG IMPERYO, NA NGAYON AY MATATAGPUAN SA LUNGSOD NG BABILONIA. BINIGYAN SIYA NG DIYOS NG MARAMI PANG PANGITAIN TUNGKOL SA HINAHARAP, KAHIT NA HANGGANG SA KATAPUSAN NG MGA PANAHON. SA ISANG PANAGINIP NAKAKITA SIYA NG ISANG HAYOP NA GAWA SA BAKAL. ISANG ANGHEL ANG NAGSABI SA KANYA KUNG ANO ANG KAHULUGAN NITO.




PINAPAKITA SA IYO NG DIYOS KUNG ANO ANG MANGYAYARI SA MGA HULING ARAW. INIHAYAG NIYA KAY NEBUCADNEZZAR NA MAGKAKAROON NG APAT NA KAHARIAN. NAGKAROON NA NG DALAWA. PAGKATAPOS NITONG MEDO-PERSIANONG IMPERYO AY DARATING ANG MGA GRIYEGO. ITO'Y MABILIS NA SASAKOP NGUNIT SA DI KATAGALAN AY BABAGSAK DIN AT MAHAHATI SA APAT NA KAHARIAN AT MAG AAWAY-AWAY SA KANILANG MGA SARILI HANGGANG SA DALAWANG NA LAMANG ANG MATIRA. SILA AY PAULIT-ULIT NA MAG-AAWAY NG MARAMING TAON HANGGANG SA SILA AY MASAKOP NG IKA-APAT NA KAHARIAN, NA KUNG SAAN ANG KUMAKATAWAN AY ITONG HAYOP NA GAWA SA BAKAL.


DANIEL 7:17-28; MATEO 24:4-25
ANG IKAAPAT NA KAHARIAN ANG MAGIGING KATULAD NG BAKAL, MAS MAKAPANGYARIHAN AT MAS MABANGIS KAY SA LAHAT NG NAGDAANG MGA KAHARIAN. ITO AY SASAKOP SA LAHAT, NGUNIT SA HULING MGA ARAW ANG KAHARIAN NA ITO AY MAHAHATI SA SAMPUNG BANSA. PAGKATAPOS MERONG LILITAW NA TAO NA MAGSASALITA NG KAPAYAPAAN. SIYA ANG HULING SUNGAY NA TUTUBO MULA SA ULO NG HAYOP. SA MGA HULING ARAW, SIYA AY MANGBOBOLA AT MANGANGAKO NG KAPAYAPAAN, UPANG MANLUPIG LAMANG AT MANLIPUL. PAGKATAPOS SIYA AY MAGTATAYO NG KASUKLAM-SUKLAM NA BAGAY SA BANAL NA LUGAR SA TEMPLO NG MGA JUDEO, NA MAGPAPARUMI SA MGA SEREMONYAS UPANG ANG PAGHAHANDOG AY MAHINTO. PAGKAPATAPOS DARATING ANG MALAKING KAHIRAPAN SA BUONG MUNDO, NGUNIT ANG MGA MATUWID AY ILILIGTAS.


DANIEL, NAIS NG DIYOS NA MALAMAN MO KUNG ANO ANG MANGYAYARI AT KAILAN. MULA SA PANAHON NA ANG KAUTUSAN AY IBINIGAY UPANG IBALIK AT MULING ITAYO ANG TEMPLO, MAGKAKAROON NG 483 NA TAON, NA PAGKATAPOS NITO ANG MESIYAS AY PAPATAYIN PARA SA PAGBABAYAD SA KASALANAN NG MGA TAO, AT PAGKATAPOS AY MULING MASISIRA ANG TEMPLO.
ANG HULA NA ITO AY MATUTUPAD, AT ANG MESIYAS AY PAPAHIRAN. MAGKAKAROON NG MULING PAGKAKASUNDO PARA SA KASALANAN, AT ANG WALANG HANGGANG KATUWIRAN AY IPAGKAKALOOB SA MGA TAO.




GENESIS 49:9-10; SALMO 22, 53; ISAIAS 7, 9:1-2, 49:6; 53; DANIEL 9:25-26, MIKA 5:2; ZECARIAS 9:9; MATEO 24:1-2; HEBREO 2:9

HINDI KAY JAPHETH AT HINDI KAY HAM. SINABI NG DIYOS KAY ABRAHAM NA ANG TAGAPAGLIGTAS AY MAGMUMULA SA KANYANG MGA SUPLING SA PAMAMAGITAN NG KANYANG ANAK NA SI ISAAC.

SINABI NG DIYOS KAY ISAAC NA ANG IPINANGAKO NIYA AY DARATING SA PAMAMAGITAN NG KANYANG ANAK NA LALAKE NA SI JACOB, AT SINABI NIYA KAY JACOB NA SI CRISTO AY DARATING SA PAMAMAGITAN NI JUDA.

MARAMING PARTIKULAR NA HULA SA BUHAY NG IPINANGAKONG TAGAPAGLIGTAS ANG IBINIGAY NG DIYOS SA IBA'T-IBANG MGA PROPETA.

SINABI NILA NA ANG KANYANG AKTIBONG PRESENSYA AY MULA SA WALANG HANGGAN; NA SIYA AY ***ISISILANG NG ISANG BIRHEN*** SA LUNGSOD NG ***BETHLEHEM*** SA JUDA; ANG KANYANG ANYO AY MAPAGPAKUMBABA; AT MAAMO NA SASAKAY SA ISANG ASNO.

ILALAGAY NG PANGINOON ANG KANYANG
ESPIRITU SA KANYA, AT SIYA MAGDADALA
NG PAGHATOL SA MGA HENTIL.

SIYA AY MAGIGING TANGLAW SA MGA
HENTIL AT MAGDADALA NG KALIGTASAN
SA LAHAT NG NASA LUPA.

SIYA ANG MESIYAS NA MAGBABATA
AT ITATAKWIL NG KANYANG BAYAN, AT
MAMAMATAY NA ANG KANYANG MGA
KAMAY AT MGA PAA AY IPAPAKO.

SIYA AY NAKABITING HUBAD AT UUHAWIN
NG TUBIG NGUNIT SUKA ANG IBIBIGAY
UPANG INUMIN.

SIYA AY MAMAMATAY SA PAGITAN NG
MGA MAGNANAKAW AT ILILIBING SA
LIBINGAN NG ISANG MAYAMAN.

ANG MGA HULA NI DANIEL TUNGKOL SA APAT NA KAHARIAN AY GANAP NA NATUPAD GAYA NG KANYANG PAGKAHULA. NOONG 330 B.C., SI ALEXANDER NA DAKILA, MULA SA GRECIA, AY NAGSIMULA NG ISANG LABANAN NA TUMAGAL NG PITONG TAON, NA KUNG SAAN SINAKOP NIYA ANG KILALANG MUNDO NOON, KASAMA NA ANG MALAWAK NA MEDO-PERSIANONG IMPERYO.

ANG GRECIA AY MAY TAGLAY NA KAPANGYARIHAN HANGGANG SA 167 B.C.

NANG ANG IKA-APAT NA KAHARIAN SA MUNDO, ANG ROMA, AY NAGSIMULANG SUMAKOP. ANG ROMA, NA SUMAGISAG SA PANAGINIP NI NEBUCADNEZZAR BILANG MGA PAA AT BINTI NA BAKAL, AT SA PANGITAIN NI DANIEL BILANG ISANG HAYOP NA GAWA SA BAKAL, PINALAKI NITO ANG KANYANG KAPANGYARIHAN AT SINASAKUPAN, GAYA NG PAGKAHULA NG MGA PROPETA. NOONG 5 B.C., PINAMAHALAAN NITO ANG ISRAEL SA PAMAMAGITAN NG KAMAY NA BAKAL.

# HIGIT SA 500 TAON

ANG NAKALIPAS SIMULA SA MGA HULA NI DANIEL. SA 6 B.C. ANG MGA ROMANO AY NAGPAHINTULOT SA MGA JUDEO NG KALAYAAN SA RELIHIYON NGUNIT BINUWISAN SILA NG MABIGAT. ANG TEMPLO AY MULING ITINAYO AT NAGING SENTRO SA BUHAY NG MGA JUDEO. ANG KARAMIHAN AY NAKALIMOT SA MGA HULA SA DARATING NA MESIYAS. NGUNIT MAY ILANG TUMUPAD SA BATAS AT NAGMASID SA CRISTO. KASAMA SA MGA ITO ANG ISANG MATANDANG PINANGALANANG SIMEON. SIYA AY BANAL NA TAO NA UMAASANG MAKAKITA SA TAONG BINANGGIT NG MGA PROPETA. MARAMING TAON NIYANG BINASA ANG MGA HULA AT NALAMAN NA ANG PANAHON AY MALAPIT NA. SUBALI'T MATANDA NA SIYA NGAYON AT MAARING HINDI NA MAGTAGAL ANG KANYANG BUHAY. 4,000 TAON NA ANG NAKARAAN MULA NG IPINANGAKO NG DIYOS KAY EVA NA ANG KANYANG BINHI AY DARATING AT SIYANG WAWASAK SA MGA GAWA NG MASAMA.

***NGAYON PANAHON.*** HIGIT 350 NA MGA HULA AY HANDA NANG MATUPAD.



## KABANATA 8


# BAGONG TIPAN



6 B.C.
O DIYOS NI ABRAHAM, ISAAC, AT JACOB, AKO'Y NAGHINTAY SA TAGAPAGLIGTAS, NGUNIT AKO'Y HINDI NA MABUBUHAY PA NG MATAGAL.
SA KATUNAYAN, HINDI KA NA MABUBUHAY NG MATAGAL, NGUNIT MAKIKITA MO ANG IPINANGAKONG TAGAPAGLIGTAS BAGO KA MAMAMATAY.


SIMEON, IKAW AY PUMUPUNTA DITO ARAW-ARAW. NAIS KO SANA NA LAHAT NG MGA PARI AY MAGING DEBOTO KATULAD MO.
SINALIKSIK NI SIMEON ANG MGA KASULATAN AT NAKITA ANG MARAMING MGA HULA PATUNGKOL NI CRISTO.
ANO ANG NASA ISIP MO TUNGKOL SA HULA NI ISAIAS TUNGKOL SA CRISTO? NASASABI NA ANG ISANG BIRHEN AY MAGDADALANTAO AT MAGSISILANG NG ISANG ANAK NA LALAKE. ITO NA TALAGA ANG BINHI NG BABAE, NA SINABI KAY EVA.
OO, AT SI ISAIAS NAMAN AY NAGSABI NA SIYA AY TATAWAGIN NA MAKAPANGYARIHANG DIYOS. SUBALIT MAHIRAP MAINTINDIHAN ANG MGA HULA .


ALINSUNOD SA MIKA 5:2 ANG ANAK AY WALANG HANGGAN, GAYA NG DIYOS, AT ANO NA MAN ANG HULA SA MGA AWIT 45:6 NA KUNG SAAN ANG DIYOS AY TINATAWAG NA DIYOS ANG ANAK?
MAKIKITA MO NG KAUNTI LAMANG ANG SASANG-AYON SA IYO, KAYA KUNG BAKIT HINDI KA DAPAT MAGSALITA PATUNGKOL DITO SA PUBLIKO; IKAW AY BABATOHIN PARA MAMATAY.
MAKIKITA MO. BAGO PA AKO MAMATAY, ANG MESIYAS AY DARATING SA TEMPLO NA ITO AT MAKIKITA KO SIYA.


ALAM MO, MAAARING TAMA SIYA.
AT SINO KA? ANO ANG ALAM MO SA MGA BAGAY NA ITO?


DI KO MAPIGILAN NGUNIT SA PAGKARINIG KO SA INYONG PAG-UUSAP. AKO, RIN, AY NAG-ARAL NG MGA KASULATAN, AT 500 TAON NA ANG NAKALIPAS SI DANIEL AY MAY KAAKIT-AKIT NA MGA PAHAYAG TUNGKOL SA PANAHON NG PAGDATING NG MESIYAS.
ANO ANG ALAM MO NA HINDI ALAM NG MGA ESKRIBA?
GENESIS 3:15; SALMO 45:6; ISAIAS 7:14, 9:6; DANIEL 9:25-26; MIKA 5:2; LUKAS 2:25-26


ANG TATAY KO AY ISANG ESKRIBA AT IPINAKITA NIYA SA AKIN SA MGA HULA. SINABI NG DIYOS KAY DANIEL NA SIMULA SA PANAHON NA ANG KAUTUSAN AY INILABAS UPANG ITAYONG MULI ANG JERUSALEM HANGGANG PATAYIN ANG MESIYAS AY 483 TAON.
NGAYON AY 449 TAON NA MULA NG GINAWA ANG BATAS. ANG NALALABI DYAN AY 34 TAON, NA IBIG SABIHIN ANG MESIYAS AY MAARING NAGLALAKAD NA NGAYON SA DAAN.
PAANO MO NALAMAN ANG MGA BAGAY NA IYAN?
HINDI, WALA PA. ANG BANAL NA ESPIRITU AY NAGPAHAYAG SA AKIN NA BAGO AKO MAMATAY AY MAKIKITA KO ANG MESIYAS DITO SA TEMPLONG ITO.
MAKIKITA MO

HABANG SI SIMEON AY TUMATANDA AT NAGHINTAY SA TEMPLO, UMAASA SA IPINANGAKONG CRISTO, ISANG PARI NA MAY PANGALANG SI ZACARIAS AY NAGPUNTA SA TEMPLO UPANG MAGDASAL. SIYA AT ANG KANYANG ASAWANG BABAE AY MATANDA NA, NGUNIT SILA'Y HINDI NAGKAROON NG KAHIT ISANG ANAK.


ISANG ANGHEL ANG BIGLANG NAGPAKITA SA KANANG BAHAGI NG ALTAR!
HUWAG KANG MATAKOT. ANG IYONG PANALANGIN AY NARINIG AT ANG IYONG ASAWANG BABAE AY MAGKAKAANAK NG ISANG LALAKE, TATAWAGIN MO SIYA SA PANGALANG JUAN.
MARAMI ANG MAGAGALAK SA KANYANG PAGSILANG, DAHIL SIYA ANG MAGHAHANDA SA MGA TAO PARA SA PAGDATING NG MESIYAS. SIYA AY HINDI IINOM NG ALAK O MATAPANG NA INUMIN TAGLAY NYA ANG ESPIRITU AT KAPANGYARIHAN NI ELIAS.


AKO SI GABRIEL, NA NAKATAYO SA PRESENSYA NG DIYOS, AT AKO'Y PINADALA UPANG SABIHIN SA IYO ANG MGA BAGAY NA ITO. GUSTO MO NG ISANG PALATANDAAN? IKAW AY HINDI MAKAPAGSALITANG MULI HANGGANG SA MAKITA MO ITO NA MAGAGANAP.
AKO SI GABRIEL, NA NAKATAYO SA PRESENSYA NG DIYOS, AT AKO'Y PINADALA UPANG SABIHIN SA IYO ANG MGA BAGAY NA ITO. GUSTO MO NG ISANG PALATANDAAN? IKAW AY HINDI MAKAPAGSALITANG MULI HANGGANG IKAW AY MAKAKITA NITO NA NANGYARI.


AKO AY MAGALAK NANG TAYO AY MAKAPAG-USAP TUNGKOL DITO. ANG BAHAY NA ITO AY SOBRANG TAHIMIK. KAILANGAN HINDI KA SUMASAGOT SA MGA ***ANGHEL***, ALAM MO NA.
ZACARIAS, MAHIRAP PA RIN MANIWALA. KATULAD NI SARAH, ANG INA NG ATING BANSA, ANG DIYOS NAKARINIG SA ATING MGA PANALANGIN, AT NGAYON AKO ANG MAGING INA SA ISANG DAKILANG PROPETA.

SA LOOB NG 4,000 TAON ANG MGA PROPETA ANG NAGHULA SA DARATING NA MESIYAS. PITONG DAANG TAON ANG NAKALIPAS, ANG PROPETA ISAIAS AY NAGSABI; "TINGNAN, ISANG BIRHEN ANG MAGDALANGTAO, AT MAGSILANG NG ISANG ANAK NA LALAKE, AT SIYA AY TATAWAGIN NA EMMANUEL, ANG DIYOS AY KASAMA NATIN."




SI MARIA AY IPINANGAKO UPANG MAPANGASAWA NI JOSE. SIYA AY WALANG MATALIK NA RELASYON NI KAHIT SINO. SIYA AY MASUNURIN SA LAHAT NG MGA BATAS NI MOISES.


ISANG ANGHEL ANG BIGLANG NAGPAKITA KAY MARIA!
MARIA, IKAW AY NAKASUMPONG NG MALAKING PABOR SA PANINGIN NG DIYOS. IKAW AY MAGDADALANGTAO SA IYONG SINAPUPUNAN AT MAGSISILANG SA ANAK NG DIYOS.
PAANO ANG BAGAY NA ITO MANGYARI DAHIL AKO AY WALANG RELASYON NI KAHIT SINONG LALAKE?
IKAW AY LULUKUBAN NG BANAL NA ESPIRITU.ANG BINHI SA IYONG SINAPUPUNAN AY ANG ANAK NG DIYOS. ANG IYONG PINSAN NA SI ELIZABETH, NA TINAWAG NA BAOG, AY NGAYON NAGDADALANGTAO. ITO ANG KANYANG IKAANIM NA BUWAN

ISAIAS 7:14; LUKAS 1:5-20, 26-40




ELIZABETH!
MARIA, ANG AKING ANAK!


PINAGPALA KA SA MGA BABAE, AT PINAGPALA ANG BUNGA NG IYONG SINAPUPUNAN. SINO AKO NA ANG INA NG AKING PANGINOON AY PUMUNTA DITO UPANG DUMALAW? SAPAGKAT NANG AKING MARINIG NG IYONG TINIG, ANG AKING SANGGOL AY GUMALAW SA AKING SINAPUPUNAN DAHIL SA TUWA.
ANG AKING KALULUWA NAGPUPURI SA DIYOS AT ANG AKING ESPIRITU AY NAGAGALAK SA DIYOS NA AKING TAGAPAGLIGTAS. PAGKATAPOS NITO, ANG LAHAT NG HENERASYON AY TATAWAGIN AKONG MAPALAD DAHIL ANG DIYOS AY GUMAWA NG DAKILANG BAGAY.
ITINATAAS NG DIYOS TAYO NA GALING SA MABABANG PINANGGALINGAN. GAYA NG PAKIKIPAG- USAP NIYA KAY ABRAHAM, SIYA AY MAAWAIN SA ATIN.
SI MARIA AY NAKITIRA KAY ELIZABETH NG MGA TATLONG BUWAN.


ANG PANAHON AY DUMATING UPANG SI ELIZABETH AY MAGSILANG.
SI ZACARIAS AY NAKATITIYAK NA ITO'Y ISANG BATANG LALAKE; SINABI NIYA NA ISANG ANGHEL ANG NAGSABI SA KANYA.
HETO NANDITO NA SIYA. TATANUNGIN NATIN SIYA.
MABUTI, KUNG ITO'Y ISANG LALAKE SA AKING ISIP ANG KANYANG PANGALAN AY ZACARIAS KASUNOD SA KANYANG AMA.


SINABI NIYA NA ANG ANGHEL GINAWA SIYANG PIPI DAHIL HINDI SIYA NANIWALA.
ANO ANG IPAPANGALAN SA IYONG ANAK?
GUSTO NIYA NG ISANG SUSULATANG MESA.


SABI NIYA ANG KANYANG PANGALAN AY TATAWAGING JUAN, GAYA NG INUTOS NG ANGHEL.
NGUNIT WALANG ISA SA PAMILYA NA TINAWAG SA PANGALAN NA JUAN.


ITO'Y SANGGOL NA LALAKE, ISANG MABALAHIBONG LALAKE.



ANG KANYANG PANGALAN AY JUAN ALINSUNOD SA SALITA NG PANGINOON. SIYA ANG MANGUNA SA MESIYAS SA ATING LAHI SA ISRAEL.
NAKAPAGSALITA NA SIYA! PAGKATAPOS NG MGA ILANG BUWAN, NAKAPAGSALITA NA!
ITO KAYA ANG ELISHA SA PROPESIYA?
LUKAS 1:41-64



SAMANTALA, SI JOSE AY NAKADISKUBRE NA SI MARIA AY NAGDADALANGTAO, AT ALAM NIYA NA ITO'Y HINDI KANYANG SANGGOL.
INAY, HINDI PA RIN AKO MAKAPANIWALA NITO. WALANG MGA LALAKE NA NAKAPALIGID SA KANYA. SIYA AY NASA PRESENSYA NG KANYANG PAMILYA SA BAWAT MINUTO, AT BAWAT ISA NAKAALAAM NA MAKADIYOS SIYANG BABAE. *HINDI AKO ANG MAY GAWA NITO!* NGUNIT ANG KATIBAYAN AY NANDIYAN. SIYA AY *NAGDADALANGTAO.*


OH JOSE, ANO ANG IYONG GAGAWIN?
HINDI KO SIYA MAAARING PAKASALAN NGAYON, NGUNIT HINDI KO RIN GUSTO NA ISAPUBLIKO ANG BAGAY NA ITO. SIYA AY MAARING BATUHIN DAHIL SA PAKIKIAPID. MARAHIL TAHIMIK NATING PUTULIN ANG KASUNDUANG PAKASAL.


SINABI BA NIYA KUNG SINO ANG AMA?
SABI NIYA NA ANG AMA NG BATA AY ANG DIYOS, ITINANIM SA KANYANG SINAPUPUNAN SA PAMAMAGITAN NG BANAL NA ESPIRITU NA WALANG PISIKAL NA PAGTATALIK.


OH! NAWALA NA BA SIYA SA KANYANG PAG-IISIP?
SABI NIYA ANG BATA AY SIYANG MAGING TAGAPAGLIGTAS SA MUNDO, ANG ANAK NG DIYOS.
IYAN AY ISANG LAPASTANGANG BAGAY NA SABIHIN NG ISANG BABAE NA KATULAD NIYA. KAILANGAN KONG ILAYO SIYA KAAGAD NG WALANG NAKAKAALAM



NANG GABING IYON HABANG SI JOSE AY NATUTULOG, ISANG ANGHEL ANG NAGPAKITA SA KANYA.
JOSE, IKAW NA ANAK NI DAVID, HUWAG MATAKOT SA PAGKUHA KAY MARIA NA IYONG ASAWA, DAHIL ANG SANGGOL NA KANYANG DINADALA AY SA PAMAMAGITAN NG BANAL NA ESPIRITU. SIYA AY MAGSISILANG NG ISANG LALAKE AT TATAWAGIN SIYA SA PANGALANG JESUS, DAHIL SIYA AY MAGLILIGTAS SA MGA TAO SA KANILANG MGA KASALANAN.



ITO ANG KATUPARAN SA HULA NI ISAIAS: "ISANG **BIRHEN** ANG MAGDADALANGTAO AT MAGSISILANG NG ISANG LALAKE NA TATAWAGIN NA **EMMANUEL,** NA IBIG SABIHIN'ANG DIYOS AY SUMASA NATIN.'"


MARIA, PAANO MO AKO MAPAPATAWAD SA PAGDUDUDA KO SA IYO?
ALAM KO, ITO'Y HINDI LAHAT KAPANI-PANIWALA. SA LAHAT NG MGA BABAE SA ISRAEL AT SA BUONG SIGLO, NA AKO AY PILIIN NG DIYOS UPANG MAGDALA SA MESIYAS DITTO SA MUNDO.


ANO KAYA ANG SANGGOL? DAHIL SIYA AY MAGIGING DIYOS SA LAMAN, SIYA BA AY MAGSASALITA PAG SIYA AY ISINILANG? ALAM NA BA NIYA KUNG PAANO ANG PAGBASA?
O JOSE, DI KO ALAM. NGUNIT ALAM NG DIYOS. MAGHINTAY NA LANG TAYO AT MAKIKITA NATIN.


GENESIS 3:15; ISAIAS 7:14, 9:7; MATEO 1:18-23; LUKAS 1:32-33
TAYONG DALAWA AY PAREHONG SA LAHI NI DAVID, AT ANG MGA PROPETA AY NAGSALITA NA ANG MESIYAS AY MULA SA BINHI NI DAVID.
IBA NAMAN ANG INIISIP KO. SA HARDIN NG EDEN, IPINANGAKO NG DIYOS NA ANG BINHI NG BABAE AY DUDUROG SA ULO NG AHAS. *NAKITA KO NA NGAYON!* ANG SANGGOL NA ITO AY HINDI BINHI NG LALAKE, KUNDI BINHI LAMANG NG BABAE. AH! ANG DIYOS AY NAGPLANO NITO SA SIMULA PA LANG.


SI JOSE AT MARIA AY NAKATIRA SA NAZARETH SA GALILEA, NGUNIT MERONG ISANG LUMANG HULA NA NAGSABI NA ANG MESIYAS AY ISISILANG SA BETHLEHEM SA JUDEA (MIKA 5:2). SA DI KALAUNAN, SI MARIA AY MAGSISILANG SA MALING BAYAN. SILA'Y IGNORANTE SA HULA, AT WALANG DAHILAN NA GAWIN ANG MAHABANG BIYAHE PAPUNTANG JERUSALEM.
*MAKINIG KAYO, MAKINIG KAYO,* SA PAMAMAGITAN NG OPISYAL NA PROKLAMASYON GALING SA EMPERYO NG ROMA, NA PINIRMAHAN MISMO NI CAESAR, ISANG SENSUS ANG ISASAGAWA AT LAHAT NG MGA TAO SA ISRAEL AY BABALIK SA BAYAN NA KANILANG KAPANGANAKAN UPANG IREHISTRO SA PAGBUWIS.



JOSE, IYAN AY NANGANGAHULUGAN NA IKAW AY KAILANGANG PUMUNTA SA BETHLEHEM. IKAW AY WALA SA PAGSILANG NG SANGGOL.
HINDI MAIINTINDIHAN NG MGA TAO KUNG AKO AY WALA. ISASAMA NA KITA.



MARIA, HINDI KITA DAPAT ISINAMA SA BIYAHENG ITO. MARAHIL KAILANGAN NATING *BUMALIK*.
***HINDI,*** KAILANGAN NA KASAMA KITA KAPAG ANG SANGGOL AY ISINILANG. WALA NANG IBA PANG MAKAKAUNAWA.


LAGPAS NG ISANG LINGGO ANG PAGBIYAHE NA HALOS ABUTIN NG 100 MILYA.
KAILANGAN NATING MAGMADALI KUNG KAYA MO. SA TINGIN KO PANAHON NA.
TITINGNAN KO KUNG AKO AY MAKAKUHA NG ISANG SILID SA BAHAY- PANULUYAN.


MARIA, AKO'Y NAKAHANAP NG ISANG KOMADRONA NA TUTULONG SA ATIN.
WALA BANG SILID SA BAHAY-PANULUYAN?
WALA, PUNO NA.



MAGANDA ANG PAGKA-PANGANAK MO SA IYONG UNANG SANGGOL. NAKAKAAWA LANG NA SIYA AY ISINILANG SA ISANG PASABSABAN.
HUWAG KANG MABAHALA SA BAGAY NA IYAN. ISANG ARAW, SIYA AY MAGHAHARI SA MUNDO.
SA TINGIN KO, SIYA AY KATULAD LAMANG SA ISANG PANGKARANIWANG SANGGOL.
LUKAS 2:1-7


ANO? ISANG ANGHEL!
LIBU-LIBONG MGA ANGHEL!
HUWAG MATAKOT, SAPAGKAT ANG DIYOS AY NAGSUGO SA AKIN UPANG SABIHAN KAYO NG MAGANDANG BALITA PARA SA LAHAT NG MGA TAO. PARA SA INYO AY ISINILANG SA ARAW NA ITO SA LUNGSOD NI DAVID ANG ISANG TAGAPAGLIGTAS, NA SIYANG JUDEONG MESIYAS, ANG PANGINOON.
KALUWALHATIAN SA DIYOS NA PINAKAMATAAS! ANG DIYOS AY NAGPADALA NG KAPAYAPAAN SA LUPA, DAHIL SIYA AY MAYROONG MABUTING NAIS SA MGA TAO.


ITO ANG PALATANDAAN SA INYO; KAYO AY MAKAKAKITA NG ISANG SANGGOL NA NAKABALOT SA LAMPIN, AT SIYA AY NAKAHIGA SA ISANG PASABSABAN.


MANINIWALA BA KAYO NITO? ANG MGA ANGHEL AY NAGPAKITA SA ATIN?
NARINIG MO ANG SINABI NIYA? ANG MESIYAS AY ISINILANG SA ISRAEL.
MAGHINTAY HANGGANG AKO'Y MAKAPAGSABI SA ASAWA KO!
GUSTO KONG PUMUNTA UPANG MAKITA.
*ISANG TAGAPAGLIGTAS! KAPAYAPAAN SA MGA TAO!* ISANG SANGGOL? *PUNTAHAN NATIN AT TINGNAN SIYA!*


ANG MESIYAS!
IPAGPAUMANHIN ANG PANG-AABALA NAMIN SA INYO, NGUNIT ISANG ANGHEL ANG NAG-ANYAYA SA AMIN NA PUMUNTA.
SINO ANG MAG-AAKALA NITO, ANG DIYOS AY NAGING ISANG SANGGOL?
LUKAS 2:27-38


ANG PANAHON AY DUMATING NA UPANG IHARAP NI MARIA AT JOSE ANG BAGONG SILANG NA SANGGOL SA SASERDOTE AT MAG-ALAY NG MGA SAKRIPISYO NA SINABI NG BATAS.
JOSE ITO ANG KANYANG UNANG PAGKAKATAON NA PUMUNTA SA TEMPLO, AT WALANG ISA ANG NAKAKAALAM DITO NA SI JESUS AY ANG CRISTO.
AT SA PALAGAY KO, HINDI DAPAT SABIHAN ANG KAHIT SINO MAN. MAGHINTAY TAYO HANGGANG SIYA AY MALAKI NA.


SI SIMEON AY NASA LOOB NG TEMPLO.
SINO SIYA MARIA?
HINDI KO ALAM. WALANG ISA ANG NAKAKAKILALA SA ATIN DITO.
NANDITO NA SIYA! KAMI AY NAGHINTAY NG MATAGAL.


PURIHIN KA, O PANGINOON NAMING DIYOS. NGAYON AKO'Y MAARING MAMATAY NA, SAPAGKAT NAKAKITA KO NA ANG IYONG KALIGTASAN, GAYA NG IYONG IPINANGAKO. SIYA AY MAGIGING LIWANAG SA MGA HENTIL AT KALUWALHATIAN NG ISRAEL.
NGUNIT, PAANO MO NALAMAN?


MAKINIG SA AKIN, ANG SANGGOL NA ITO AY MAGIGING SANHI NG MARAMI SA ISRAEL UPANG BUMANGON AT BUMAGSAK, AT SIYA AY PAGSASABIHAN NG SALUNGAT.
OO, AT ANG IYONG SARILING PUSO AY MABIBIYAK DAHIL MAKIKITA MO ANG MANGYAYARI SA KANYA.


TINGNAN!
ANG MESIYAS. SIYA AY DUMATING SA KANYANG TEMPLO. ITO SIYA NA SINABI NG MGA PROPETA.
IYAN SI ANNA. BUONG BUHAY NIYANG HININTAY ANG MESIYAS.



BINATA, ANG SANGGOL NA ITO AY ANG *CRISTO*, ANG TAGAPAGLIGTAS NG MUNDO. ILILIGTAS NIYA ANG ISRAEL MULA SA KANILANG KASALANAN.
MULA SA PUNTONG IYON, SI ANNA AY NAGSALITA PATUNGKOL SA KANYA SA KANILANG LAHAT NA UMAASA NG KALIGTASAN.

LUKAS 2:8-20


SA MGA BANSANG SILANGAN NG ISRAEL, MERONG MGA PANTAS NA TAO NA NAG- ARAL SA LUMANG SULAT AT NAGHAHANAP UPANG MAKAALAM TUNGKOL SA DIYOS. SILA'Y MAY ALAM SA PROPESIYA SA DARATING NA MESIYAS. SA MGA PANAGINIP AT MGA PANGITAIN, ANG DIYOS AY NAGPAPAHAYAG SA KANILA NA ANG IPINANGAKO AY ISINILANG NA. PAGKATAPOS SILA'Y NAKADISKOBRE SA ISANG DI KARANIWANG BITUIN NA NAKATUTOK SA BANSA NG ISRAEL.
TAYO AY MALAYO NA. ITO'Y ISANG BANYAGANG LUPA NA NAPUNTAHAN NATIN. NAGBIYAHE TAYO NG MARAMING LINGGO NA.
ANG BITUIN AY PALAGING GUMAGALAW. SUNDIN NATIN ITO HANGGA'T MAARI.


HARING HEROD, MAYROONG TATLONG MAYAYAMANG MGA LALAKE GALING SA MALAYONG SILANGAN. SABI NILA SILA AY NAGHAHANAP SA BAGONG SILANG NA HARI SA ISRAEL, NA ISANG SANGGOL.
ISANG SANGGOL? AKO ANG HARI. PAPASUKIN SILA AT DALHIN ANG PANGULONG MGA PARI AT MGA ESKRIBA SA AKIN.
ANG ISRAEL AY WALANG HARI SA PANAHON NA IYON DAHIL ANG ROMA ANG NAMAMAHALA SA KANILA,NGUNIT ANG NAKATAKDANG HARI SA MGA JUDEO, SI HEROD, NAGHAHARI SA JERUSALEM. ANG MGA MARUNONG NA TAO AY NAGTANONG KAY HEROD UPANG TANUNGIN SIYA TUNGKOL SA BAGONG SILANG NA HARI.


SABI MO IKAW AY NARITO UPANG TINGNAN ANG ISANG SANGGOL NA HARI? PAANO MO NALAMAN ANG MGA BAGAY NA IYAN?
NAKITA NAMIN ANG KANYANG BITUIN SA SILANGAN AT NARITO KAMI UPANG SAMBAHIN SIYA.
NASAAN SIYA?
HINDI NAMIN TALAGA ALAM KUNG SAAN. KAYA NANDITO KAMI SA IYO.
PINATAWAG KO ANG MGA TAONG MAY MALAKING KAALAMAN. TINGNAN NATIN KUNG ANO ANG KANILANG NALALAMAN TUNGKOL DITO. SUMAMA KAYO SA AKIN SA ISANG PRIBADONG SILID.


SABI NILA SILA'Y PUMARITO UPANG SUMAMBA SA HARI NG MGA JUDEO, ANG HINULAAN NA DARATING AT MAGLILIGTAS SA MGA TAO. ANG INYO BANG MGA KASULATAN MAY SINASABI NG KAHIT ANO TUNGKOL SA ISANG HARI?
OPO, MARAMING MGA PROPETA ANG NAGSABI SA KANYANG PAGDATING, SUBALI'T KAMI AY HINDI NANIWALA NA ANG MGA HULANG IYON AY PANIWALAAN NA LITERAL.
WALA AKONG PAKIALAM SA INYONG MGA NATUTUNANG OPINYON. ANO TALAGA ANG SAKTONG SABI NG HULA?
ANG PROPETA MIKAS NAGSABI NA ANG MESIYAS AY ISISILANG SA ***BETHLEHEM*** MULA SA TRIBU NI ***JUDA***.

MATEO 2:9-12




SI HEROD AY NATAKOT SA ISANG HARI NA ISINILANG, KAYA NAISIP NIYANG PATAYIN ANG BATANG SANGGOL KAPAG SIYA AY NAHANAP.


HINDI KAPANI-PANIWALA ANG ANG SAKTONG KAALAMAN NG MGA ESKRIBA KUNG SAAN ISISILANG ANG SANGGOL. NGUNIT SILA AY WALANG MALASAKIT SA KANILANG SARILING MGA PROPETA.
ANG SULAT NG MGA PROPETA NG ISRAEL AY WALANG KATULAD. WALA PA AKONG NAKITANG GANOONG KADETALYADONG MGA HULA.


TINGNAN NINYO! ANG KAPAREHONG BITUIN NA NAKITA NATIN SA SILANGAN!
AT GANUN PA MAN, HINDI ITO KATULAD SA KAHIT ANONG BITUIN NA NAKITA NATIN. ITO'Y HINDI KUMIKILOS KASAMA NG IBANG MGA BITUIN, AT ITO'Y MAS MALIWANAG.
MARKAHAN ANG KANYANG POSISYON, AT BUKAS TAYO AY SUSUNOD DITO.


HAYUN, NAKATAPAT SIYA SA BAHAY NA IYAN. NGUNIT HINDI ITO ANG JERUSALEM! MARAMING BUWAN NA ANG NAKALIPAS. MARAHIL ITO AY LUMIPAT.
MATAGAL DIN ANG BIYAHE AT TAYO AY HALOS MALAPIT NA.
SA KATUNAYAN, ITO'Y KAKAIBANG BITUIN TALAGA. ITOY HINDI MAAARING MAS MATAAS PA KAY SA MGA ULAP.


HINDI NAMIN NAIS NA MAKA-ABALA SA INYO, NGUNIT KAMI AY NAGLAKBAY NG ILANG LINGGO UPANG MAKITA AT SUMAMBA SA BAGONG SILANG NA HARI.
PAANO NINYO NALAMAN?
NAGBASA KAMI SA BANAL NA KASULATAN SA LAHAT NG MGA TAO. ANG INYONG MGA PROPETA AY NAGHULA SA KANYANG PAGDATING, AT PAGKATAPOS ISANG BITUIN ANG NAGPAKITA UPANG MAGGIYA SA AMIN DITO. ITO'Y NAKATAYO SA IBABAW NG INYONG BAHAY KAHIT NGAYON.



KASAMA ANG PAGPAPAKUMBABA KAMI AY MAG-AALAY NITONG MGA MALILIIT NA MGA HANDOG SA KARANGALAN NG TAGAPAGLIGTAS NG MUNDO. SIYA AY MAGPAPABAGO SA MARAMI SA *PAGKAMATUWID*.
NANG GABING IYON, ANG DIYOS AY NAGSALITA SA MGA PANTAS NA LALAKE SA ISANG PANAGINIP AT SINABI SA KANILA NA HINDI SABIHAN KAY HEROD KUNG SAAN NILA NAKITA ANG BATA, NGUNIT GAGAMIT NG IBANG DADAANAN PABALIK SA KANILANG MGA LUPA. SINABI RIN NG DIYOS KAY JOSE NA TUMAKAS SA EHIPTO, DAHIL SI HEROD AY NAGHAHANAP UPANG PATAYIN ANG BATA.
MATEO 2:-18; MIKA 5:2


IYONG MGA TAO GALING SA SILANGAN AY **NAGLINLANG** SA AKIN. SILA'Y DUMAAN SA IBANG DAAN PAUWI. NANGANGAHULUGAN NAKITA NILA ANG BATA AT SILA'Y NATAKOT NA BUMALIK DITO.
IPADALA ANG AKING ESPESYAL NA HUKBO SA JERUSALEM. SABIHAN SILA NA ***PATAYIN ANG BAWAT BATANG LALAKE*** NA MAY EDAD DALAWANG TAON PABABA.


MARAMING TAON NOON PA, ANG MGA PROPETA AY NANGHULA NITONG NAKALULUNGKOT NA PANGYAYARI NA MAGAGANAP SA JERUSALEM.


DINALA NI JOSE AT MARIA ANG SANGGOL NA SI JESUS SA EHIPTO. ANG MGA HANDOG NG MGA PANTAS NA TAO AY NAKATULONG SA KANILA UPANG MAKAPAGLAKBAY AT MAKAPANIRAHAN SA EHIPTO SA LOOB NG 2 TAON DOON.
PAGKATAPOS NI HERODES MAMATAY, NANG SI JESUS AY DALAWANG TAON NA, ANG DIYOS AY NAG-UTOS SA KANILA UPANG BUMALIK SA ISRAEL. ITO NAMAN, AY KATUPARAN SA PROPESIYA NG BIBLIA: “TINAWAG KO ANG AKING ANAK GALING SA EHIPTO.”


NANG SILA'Y NAKABALIK GALING SA EHIPTO, ISANG ANGHEL ANG NAGSALITA KAY JOSE NA LUMIPAT SA ISANG MALIIT NA LUNSOD SA NAZARETH.
ITO RIN, AY ISANG KATUPARAN SA PROPESIYA NA SINABI NA SIYA AY TATAWAGING ISANG NAZARENO.
ANG AKIN BANG LIMANG LALAKE AY MAGTATRABAHO SA BUONG ARAW? HALIKA AT KUMAIN KAYO.
NAGTRABAHO SI JESUS KASAMA ANG KANYANG AMAIN NA SI JOSE SA ISANG TALYER NA NAGKA-KARPENTERO. LUMAKI SIYA SA KATAWAN AT ESPIRITU, NAGING NAPAKA RUNONG
JEREMIAS 31:15; HOSEA 11:1; MATEO 2:13-23


NANG SI JESUS AY 12 TAON NA, DINALA NI JOSE ANG PAMILYA SA JERUSALEM UPANG MAGDIWANG SA PASKWA. DINALA NILA ANG KANILANG KORDERO NA ISANG ALAY PARA SA KANILANG MGA KASALANAN.
ITAY, MAARI BANG AKOY MAKASAMA NI JESUS NA MAKITA ANG *TEMPLO?*
JESUS, MAARI MONG DALHIN ANG KORDERO SA MGA SASERDOTE. KAILANGAN NILANG APRUBAHAN ITO BAGO IHALAY BUKAS. MAGHANAP TAYO SA PALIBOT UPANG MAKAPAG KAMPO SA GABI.


MARAMING ARAW ANG NAKALIPAS, PAGKATAPOS NG PAG-AALAY.
JOSE, HINDI KO MAKITA SI JESUS KAHIT SAAN. WALANG NAKAKITA SA KANYA SA BUONG ARAW.
NGUNIT ALAM NIYA NA TAYO AY PAALIS. SA ISIP KO SIYA AY KASAMA SA ILANG MGA KAPAMILYA NATIN.
SA ISIP KO NAIWANAN NATIN SIYA SA JERUSALEM.
BABALIK TAYO AT HANAPIN SIYA.


KAYO AY SANG-AYON NA ANG MESIYAS AY MAGING ANAK NI DAVID. IYAN ANG SABI NG MGA PROPETA. KAYO RIN AY SUMANG- AYON NA SI DAVID AY NAGTAWAG SA KANYA NA PANGINOON, NA KUNG ANG MESIYAS AY KANYANG DIYOS. BAKIT ANG MESIYAS AY NAGING ANAK NI DAVID AT KANYANG PANGINOON SA PAREHONG PANAHON, O KUNG HINDI...
KAILANGAN KANG MAG-INGAT SA IYONG LINYA NG PANGANGATWIRAN, ANG KONGKLUSYON AY MAARING ISANG PAGLAPASTANGAN.
NGUNIT IKAW AY NAGPALAGAY NA WASTO ANG IYONG INTERPRETASYON. ANG MGA MATATANDA AY MAS KWALIPIKADO SA PAG-INTINDI SA MGA MALALALIM SA KATOTOHANAN.


ISAIAS 9:7; LUKAS 2:42-46; 2 TIMOTEO 3:16-17
MAARING ANG KASULATAN AY TOTOO O SILA'Y MALI. NANINIWALA LANG BA TAYO SA NAAAYON SA ATING MGA TRADISYON?
ANG KATOTOHANAN BA AY MALALIM? DI BA ANG KASULATAN AY IBINIGAY PARA SA ATING PANG-UNAWA
NGUNIT HINDI MO PWEDENG ANG LAHAT NG BAGAY AY GAWING LITERAL. ANG SABI NG TALMUD...
*NANDI YAN SIYA.*


JESUS, KAMI AY NAGHAHANAP SA IYO SA KAHIT SAAN. BAKIT MO ITO GINAWA SA AMIN?
KASAMA NAMIN SIYA SA DALAWANG ARAW. KAYO AY NAGKAROON NG PINAKA PAMBIHIRANG ANAK NA LALAKE.


BAKIT KAYO NAGHANAP SA KAHIT SAAN. DI NIYO BA ALAM NA KAILANGAN AKO AY NASA GAWAIN NG AKING AMA?



DI PA AKO NAKAKITA NG ISANG BATANG LALAKE NA SOBRANG DAMI ANG ALAM SA KASULATAN.
ANO ANG IBIG SABIHIN NIYA NA, "SIYA AY KAILANGAN NASA GAWAIN NG AMA?" DI BA KANYANG AMA ANG NAGHAHANAP SA KANYA?


BUMALIK SI JESUS KASAMA ANG KANYANG MGA MAGULANG AT NAGPAILALIM SA KANILA. SIYA'Y NAGPATULOY SA PAGGAWA SA PAGAWAAN NG KARPENTERO AT LUMAGO SA KARUNUNGAN AT PANGANGATAWAN.
DAHIL SIYA AY LUMALAKAD SA KATWIRAN AT PALAGING HINAHANAP ANG KABUTIHAN SA KANYANG KAPWA TAO, SIYA AY NAGUSTUHAN NG LAHAT.


KAPAG ANG MGA BATANG LALAKE AY NAGKAKASALA, SI JESUS AY SUMUSUNOD SA KAUTUSAN NG DIYOS NG BUONG PUSO.
IKAW AY LAGING SOBRANG PATAS, AT WALANG MAS MABUTING KARPENTERO SA NAZARET. AKO'Y KUKUHA NG ANIM PA NA GAYA NITO.
LUKAS 2:46-52


KAYO AY KAILANGAN TUMALIKOD SA INYONG MASAMANG MGA DAAN AT SUNDIN ANG DIYOS, DAHIL ANG KAHARIAN NG DIYOS AY MALAPIT NG IPATUPAD, KUNG INYONG IHANDA ANG INYONG MGA PUSO SA PAGTANGGAP SA MESIYAS, AKO AY MAGBAUTISMO SA INYO SA TUBIG.
TANDAAN NA SI ELIZABETH AY NAGSILANG SA ISANG ANAK NA LALAKE ANIM NA BUWAN BAGO PA SI MARIA. ANG ANGHEL NAGSALITA KAY ZACARIAS NA PANGALANAN SIYA NA JUAN, AT SIYA ANG MAGHAHANDA SA MGA PUSO NG MGA TAO PARA SA PAGDATING NG MESIYAS. ITO RIN AY MAAGANG HINULA 500 TAON SA PAMAMAGITAN NG MARAMING PROPETA.


NGUNIT MERONG ISA NA DARATING KASUNOD KO NA MAS G INUSTO BAGO PA AKO, DAHIL SIYA AY NANDIYAN NA BAGO PA AKO. SIYA AY MAGBAUTISMO SA INYO HINDI SA TUBIG, NGUNIT SA ESPIRITU NG DIYOS MISMO. TUMALIKOD KAYO GALING SA INYONG MGA KASALANAN BAGO PA MAHULI ANG LAHAT.
ANO ANG DAPAT NAMING GAWIN JUAN? ANO ANG KAILANGAN NG DIYOS SA AMIN UPANG KAMI AY MAGING MABUTI?


KUNG KAYO AY MERONG DALAWANG TUNIKA AT KAYO AY NAKATAGPO NG ISANG TAO NA WALA, IBIGAY SA KANYA ANG ISA SA INYONG MGA KAPA. KUNG KAYO AY MERONG PAGKAIN AT MAY ISANG NAGUGUTOM, KAYA PAKAININ SIYA.
HANAPIN ANG HUSTISYA PARA SA LAHAT NG MGA TAO.



JUAN, ANO ANG KAILANGAN NAMING GAWIN NA NAGTRABAHO SA GOBYERNO UPANG MAPASAYA ANG DIYOS? AKO AY ISANG KOLEKTOR NG BUWIS AT SI NABAL DITO AY TRABAHANTE SA KUSTOM.
HUWAG TUMANGGAP NG SUBURNO. HUWAG GAMITIN ANG IYONG OPISINA UPANG MANGHINGI NG PERA GALING NI KAHIT SINO. MAGING PATAS AT MABUTI SA LAHAT NG INYONG MGA PAMALAKAD.


AKO AY HINDI GALING SA INYONG LAHI O RELIHIYON. NGUNIT AKO RIN, GUSTONG MAPASAYA ANG DIYOS. ANO ANG DAPAT KONG GAWIN?
HUWAG MAGING MARAHAS SA KANILA NA IYONG PINAMUNUAN, AT HUWAG MAGNAKAW O GAMITIN ANG IYONG POSISYON SA PAGKUHA NG PERA O BAGAY GALING NI KAHIT SINO. MAGKAKONTENTO NA MAMUHAY SA IYONG MGA SAHOD.





MALAKIAS 3:1; LUKAS 3:2-18, 7:24,27



HINDI AKO ANG MESIYAS.
SINO KA NA DUMATING NA NAGPAPAHAYAG SA MESIYAS? ANONG MASABI MO SA IYONG SARILI?
HINDI, GAYA NG SINABI NI PROPETA ISAIAS, "AKO ANG BOSES SA PARANG, IHANDA ANG DAAN PARA SA MESIYAS."
KAYO BA ANG PROPETA NA SABI NI MOISES, ANG SIYANG DARATING AT MANGUNA SA MGA TAO PABALIK SA DIYOS?


SINO ANG NAGBIGAY SA IYO NG KAPANGYARIHAN UPANG MAGBAUTISMO SA MGA TAO?
AKO AY ISANG MENSAHERO LAMANG NA MAGHAHANDA SA DAAN PARA SA MESIYAS, NGUNIT KAYO AY MGA ANAK NG MGA AHAS. SA ISIP NINYO NA DAHIL KAYO AY MGA JUDEO AT MGA ANAK NI ABRAHAM NA KAYO AY MGA ANAK NG DIYOS.
KAILANGAN NINYONG ITAKWIL ANG INYONG MGA KASALANAN SA KAYABANGAN AT PAGMAMATAAS. ANG PALAKOL AY NAKALAGAY NA SA UGAT NG MGA KAHOY, AT KAYO AY PUPUTULIN AT ITATAPON SA MGA APOY SA KAPAHAMAKAN KUNG KAYO AY HINDI MAGBAGO SA INYONG MGA PUSO.


JUAN, SINABI MO ANG MESIYAS AY MALAPIT NANG DUMATING. PAANO MO MALALAMAN KAPAG SIYA AY DUMATING?
SINABI NG ANGHEL NG DIYOS SA AKIN NA SA KUNG KANINO KO MAKITA ANG ESPIRITU NG DIYOS NA BUMABABA GAYA NG KALAPATI, SIYA ANG MESIYAS NG ISRAEL, ANG TAGAPAGLIGTAS SA MUNDO.


SI JUAN AY NANGARAL NA NG ANIM NA BUWAN AT SI JESUS AY 30 TAONG GULANG.
ALAM KO ANG PANAHON NA ITO AY DARATING. ANG ANGHEL NA SI GABRIEL NAGSABI SA AKIN NA AKO AY MAKAKARANAS NG MATINDING KALUNGKUTAN. HANGAD KO SANA ANG IYONG AMA, ANG IBIG KONG SABIHIN ANG IYONG AMAIN AY BUHAY PA UPANG MAKITA ITO.
ANO ANG GAGAWIN MO? PAPAANO MO SISIMULAN? PUPUNTA KA BA SA TEMPLO?
DI KO ALAM. IPAKITA NG AKING AMA SA AKIN. UNA KAILANGAN KONG MAGPUNTA MAGPAKITA KAY JUAN AT MAGPABAUTISMO SA KANYA. SIYA AY NAGHANDA NG MARAMI PARA SA ARAW NG PAGBABAGONG BUHAY.


BABALIK KA BANG MULI UPANG MAKITA AKO?
OPO, INAY. DI KO KAYO IIWANAN, SUBALIT KAILANGAN MONG MAGING MALAKAS. ANG MGA BAGAY NA DARATING SA AKIN AY HINDI MAGING MADALI PARA SA IYO.
ISAIAS 40:3; MATEO 3:1-12; LUKAS 3:15-18, 23; JUAN 1:19-27,33


MAGHANDA SA PAGDATING NG MESIYAS. KAYONG MGA AMA KAILANGAN ITUON ANG INYONG MGA PUSO SA INYONG MGA ANAK. KAYO AY KAILANGANG MAGING MARUNONG AT MAGLAAN NG INYONG PANAHON AT LAKAS SA PAGTUTURO SA KANILA SA MGA BATAS NG DIYOS. KUNG ANG INYONG MASUWAYING MGA ANAK AY MAKAKITA SA INYONG KATAPATAN, ITO AY MAGPAPABAGO SA KANILANG MGA PUSO SA INYO AT ANG INYONG MGA PAMILYA AY MALUNASAN.
KUNG ITO ANG IYONG PUSO, AT IKAW AY KUSANG SUMUNOD SA MESIYAS KAPAG SIYA AY DUMATING, KAYA BUMABA KA DITO SA TUBIG AT AKO AY MAGBAUTISMO SA IYO SA BAUTISMO NG PAGSISISI, AT KAPAG ANG MESIYAS AY DUMATING, SIYA AY MAGPAPATAWAD SA IYONG MGA KASALANAN.


JUAN, MAARI BANG IBAUTISMO MO AKO?
MAS ANGKOP KUNG IKAW ANG MAGBAUTISMO SA AKIN. IKAW AY ISANG TUNAY NA MABUTING TAO.
JUAN, AKO AY KAILANGANG SUMUNOD SA LAHAT NG MGA BATAS NG DIYOS. GAGAWIN KO KAGAYA NG INUTOS NG AKING AMA SA KANYANG MGA TAO.








MATEO 3:13-17; LUKAS 3:21-22



IKAW ANG MESIYAS! NALAMAN KO SANA.


ITO ANG AKING PINAKAMAMAHAL NA ANAK NA KUNG SAAN AKOY NALULUGOD NA LUBOS.
ITO SIYA, ANG KORDERO NG DIYOS, NA MAGTUTUBOS SA KASALANAN NG BUONG MUNDO.





LUKAS 3:22; JUAN 1:29-34; 1 JUAN 2:1-2



SA PAGDATING NG PANAHON, NGUNIT SIYA AY KAILANGAN PUMASA SA ***PAGSUBOK***.
SAAN SIYA PUPUNTA? DI BA NIYA ***TUTUBUSIN*** ANG BANSA?
*ANONG PAGSUBOK?*
SI ***ADAN*** AT ***LAHAT*** NG KANYANG LAHI AY ***NAGKASALA***.. SIYA'Y KAILANGANG MAKITAGPO SA PRINSIPE NG KADILIMAN.


SINABI NG AMA SA KANYANG ANAK NA SI JESUS NA MAG-AYUNO SA LOOB NG 40 ARAW. SIYA AY WALANG KINAIN NA KAHIT ANO. NANG ANG KANYANG KATAWAN AY NAGING MAHINA, SINUBOK SIYA NI SATANAS NA SUMUWAY SA KANYANG AMA NA KUMAIN PARA MABUSOG.
ANG UNANG TAO, SI ADAN, SINUWAY ANG DIYOS AT NAWALA SA KANYA ANG PRIBILIHEYO. SI JESUS AY NANDIYAN NA GALING SA WALANG HANGGAN, NGUNIT NGAYON SIYA AY ISANG MORTAL NA KATAWAN. MAKAPASA KAYA SA PAGSUBOK SA PAGTUKSO NA KUNG SAAN ANG LAHAT AY BUMAGSAK?

SA HULI NG 40 ARAW NA PAG-AYUNO, SI JESUS AY NAGUTOM AT NANGHINA. SIYA NGAYON AY NAKAINTINDI PAANO MAGING KATULAD NA NASA KAHIRAPAN, ANG MAGUTOM,MAG- ISA, MANGULILA,MAGKASAKIT AT MANGHINA.



SA MARAMING ARAW, INATAKE NI SATANAS ANG ISIP NI JESUS NA ANG ISIPAN AY NAG-ALINLANGAN AT NATAKOT. SA PAGKAALAM NA ANG PAGTUKSO AY MALAPIT NANG MATAPOS, AT SI JESUS AY NASA KANYANG PINAKA MAHINANG PUNTO, GINAWA NI SATANAS ANG MINSAN LANG NIYANG NAGAWA; SIYA AY NAGPAKITA SA HARAPAN NI JESUS.




MATEO 4:1-3; LUKAS 4:1-3; ROMA 3:23, 5:12-21; HEBREO 4:15



TINUKSO NI SATANAS ANG UNANG TAO, SI ADAN, SA PAGKAIN SA PINAGBABAWAL NA PRUTAS. SIYA NGAYON AY SUMUSUBOK SA PAREHONG PAGTUKSO SA ISANG NANGHIHINA AT GUTOM NA ANAK NG TAO.
AT NG SIYA'Y MAKAPAGAYUNONG APAT NA PUNG ARAW AT APATNAPUNG GABI, SA WAKAS AY NAGUTOM SIYA.


ANG MANUNUKSO AY DUMATING AT NAGSABI SA KANYA, KUNG IKAW ANG ANAK NG DIYOS, IPAG-UTOS MO NA ANG MGA BATONG ITO AY MAGING TINAPAY.


DATAPUWA'T SIYA'Y SUMAGOT, AT SINABI, NASUSULAT HINDI LAMANG SA TINAPAY NABUBUHAY ANG TAO, KUNDI SA BAWA'T *SALITA NA LUMALABAS SA BIBIG NG DIYOS.*
NANG MAGKAGAYO'Y DINALA SIYA NG DIABLO SA BAYANG BANAL; AT INILAGAY SIYA SA TALUKTOK NG TEMPLO.


AT SA KANYA'Y SINABI,KUNG IKAW ANG ANAK NG DIYOS AY MAGPATIHULOG KA:SAPAGKA'T NASUSULAT, SIYA'Y MAGBIBILIN SA KANYANG MGA ANGHEL TUNGKOL SA IYO AT AALALAYAN KA NG KANILANG MGA KAMAY, BAKA MATISOD KA NG IYONG PAA SA ISANG BATO.
BINANGGIT MO ANG KASULATAN, AT SABI NG KASULATAN NA ANG MGA ANGHEL AY AALALAY SA IYO SA KANILANG MGA KAMAY AT BABANTAYAN KA UPANG DI TATAMA ANG IYONG PAA SA BATO. NGAYON ANG PANAHON UPANG IPAKITA MO ANG IYON KAPANGYARIHAN.
SINABI SA KANYA NI JESUS, NASUSULAT DIN NAMAN, *HUWAG MONG* ***TUTUKSUHIN*** *ANG PANGINOON MONG DIYOS.*


MULING DINALA SIYA NG DIABLO SA ISANG BUNDOK NA LUBHANG MATAAS AT IPINAMALAS SA KANYA ANG LAHAT NG KAHARIAN SA SANGLIBUTAN, AT ANG KALUWALHATIAN NILA.
MATEO 4:8-11; LUKAS 4:14


AT SINABI NIYA SA KANYA, LAHAT NG MGA BAGAY NA ITO AY IBIBIGAY KO SA IYO, KUNG IKAW AY MAGPAPATIRAPA AT SASAMBAHIN MO AKO. NGUNIT AKO AY GUSTONG MAGBIGAY NITONG LAHAT SA IYO... SA ISANG KONDISYON LAMANG. KUNG IKAW LAMANG AY LULUHOD SA ISANG BESES AT MAGSAMBA SA AKIN, IIWAN KO ANG KONTROL SA MUNDO, AT IKAW AY MAKATANGGAP NITO AT SA BAWAT ISA NITO. ANO ANG MASABI MO?


NANG MAGKAGAYO'Y SINABI SA KANYA NI JESUS , HUMAYO KA SATANAS: SAPAGKA'T NASUSULAT, SA PANGINOON MONG DIYOS SASAMBA KA, AT SIYA LAMANG ANG IYONG PAGLILINGKURAN.
NANG MAGKAGAYO'Y INIWAN SIYA NG DIABLO; AT NARITO, NAGSIDATING ANG MGA ANGHEL AT SIYA'Y PINAGLINGKURAN.

ANG 40 ARAW NA PAGSUBOK AY NATAPOS, NGUNIT SI JESUS AY SOBRANG MAHINA UPANG MAKAPAGPATULOY.



ANG MGA ANGHEL AY DUMATING NA MAY PAGKAIN AT TUBIG AT NAGSILBI SA KANYA. NANG ANG KANYANG KATAWAN AY LUMAKAS, SIYA AY BUMALIK SA KUNG SAAN SI JUAN AY NANGARAL.




MATEO 4:3-7



# KABANATA 9

# ANG UNANG MINISTERYO


TINGNAN NINYO, NANDITO ANG KORDERO NG DIYOS ANG MAGTUTUBOS SA KASALANAN NG BUONG MUNDO.
ITO ANG MESIYAS!
SIYA ANG SINABI NG MGA PROPETA.
ANO ANG KANYANG GAGAWIN?


NGUNIT HINDI KITA IIWAN, GURO
SUMUNOD KAY JESUS
HINDI AKO ANG INYONG GURO. KAILANGAN NA AKOY BUMABA HANGGANG SA WALA AT SIYA AY KAILANGANG TUMAAS HANGGANG SIYA ANG LAHAT. SIYA SA TOTOO ANG MESIYAS, ANG TAGAPAGLIGTAS SA MUNDO. SUMUNOD KAYO SA KANYA.



GURO, GUSTO NAMING SUMUNOD SA IYO AT MAGING IYONG MGA ESTUDYANTE. SAAN KA NAKATIRA?
HALIKA AT MAKITA MO.


FELIPE SUMUNOD KA SA AKIN.
OPO, GURO. KAMI AY NAGHIHINTAY SA IYO. NGUNIT KAILANGAN MUNA AKONG UMALIS AT HANAPIN SI NATHANIEL.
SIYA RIN, AY SUMUSUNOD SA MGA BATAS NG DIYOS AT NAGHIHINTAY SA MESIYAS.




JUAN 1:35-39, 43-45, 3:30-31



NATHANIEL, NASAAN KA?
NANDITO AKO, KAPATID KO.
NATHANIEL, NAKITA NA NAMIN ANG MESIYAS, SA KANYA SI MOISES AT ANG MGA PROPETA NAGSULAT- SI JESUS NA TAGA- NAZARET, ANG ANAK NA LALAKE NI JOSE.


ANG MESIYAS? KAYO BA AY NAKIPAG-USAP SA KANYA? BAKIT NAZARET? WALANG MABUTI ANG MAARING LUMABAS MULA SA NAZARET. PAANO ANG MESIYAS AY GALING SA ISANG MAHIRAP, IGNORANTENG LUGAR? SIYA SANA AY ISISILANG SA BETLEHEM SA JUDAH.
HALIKA AT MAKITA MO MISMO. SI JUAN AY NAGPAPATOTOO SA KANYA, AT SI ANDRES AY KASAMA NIYA.



SA TOTOO, NANDITO ANG ISANG ISRAELITA NA MAY PUSONG DALISAY.
FELIPE. SINABI MO BA SA KANYA ANG KAHIT ANO TUNGKOL SA AKIN?
WALA KAHIT ISANG BAGAY.


HINDI MO AKO KILALA. PAANO MO NASABI NA AKO'Y MAY PUSONG DALISAY?
NANG HINDI PA SI FELIPE TUMAWAG SA IYO, NANG IKAW AY NAKAUPO SA ILALIM SA PUNO NG IGOS, *DOON* KO IKAW NAKITA.
PAANO KA NAKAKITA SA AKIN? WALANG NAKAALAM KUNG SAAN AKO. IKAW ANG ANAK NG DIYOS. IKAW ANG HARI NG ISRAEL.


IKAW ANG MULING PAGKABUHAY AT ANG BUHAY. SIYA NA NANINIWALA SA INYO AY HINDING HINDI MAMATAY.
ITO BA AY NAGPAKINTAL SA IYO? IKAW AY MAKAKITA NG MAS MALAKING KABABALAGHAN KAYSA NITO. IKAW AY MAKAKAKITA SA LANGIT NA MABUBUKSAN AT ANG MGA ANGHEL AY UMAAKYAT AT BUMABABA SA AKIN. HALIKA. MARAMI TAYONG GAGAWIN.
JUAN 1:45-51


SI ANDRES DIN AY NAGPUNTA NA NAGHAHANAP SA KANYANG KAPATID NA LALAKE UPANG SABIHAN TUNGKOL KAY JESUS.
SIMON, NAKITA NAMIN ANG MESIYAS NA PINAPANGARAL NI JUAN.
HALIKA AT TINGNAN MO.
*KAILAN? SAAN?* SA ANO SIYA KAWANGIS? MERONG BANG IBANG SUMUSUNOD SA KANYA?



IKAW SI *SIMON* ANG ANAK NA LALAKE NI JONAS, NGUNIT IKAW AY TATAWAGING *PEDRO*.
IIWANAN KO ANG AKING BANGKA KASAMA ANG AKING PAMILYA AT SUSUNOD SA IYO.


SA DI KATAGALAN SI JESUS AY NAKAPILI NG 12 LALAKE NA TAGASUNOD SA KANYA AT NAKINIG SA KANYANG MGA PANGARAL. SILA AY TAWAGING 12 DISIPULO. SILA AY NAGPUNTA GALING SA ISANG SIYUDAD PATUNGO SA ISANG SIYUDAD NA NANGARAL NG EBANGHELYO NG KAHARIAN.


SI JESUS AT KANYANG MGA DISIPULO AY NAGPUNTA SA TEMPLO UPANG MANALANGIN, NGUNIT ITO'Y NAPUNO SA MGA TAONG NAGBEBENTA NG MGA BAGAY.
BAKIT KO PAPALITAN ANG AKING PERA BAGO KO ITO IBIGAY SA TEMPLO? PARANG KUMIKITA KA.
ANG MGA PARI ANG NAG-UTOS NITO.
ANG MGA PARI AY MASAMA. SILA AY NAGKAROON NG KITA SA BAWAT BAGAY NA IBINEBENTA SA TEMPLO.
MARK 3:16; JUAN 1:40-42, 2:12-14


ANO ANG KANYANG GINAGAWA? NAKATAYO SIYA SA ISANG LUGAR NG HALOS ISANG ORAS, NA WALANG SINASABI, GUMAGAWA NG LUBID PARA SA ISANG BAGAY.
MEDYO NAGKAROON TAYO NG MALAKINGKITA NGAYONGARAW. MAS MABUTI ITO KAY SA NAGTRABAHO SA ISANG KABUHAYAN.


ISANG PAMALO! SIYA AY GUMAGAWA NG ISANG PAMALO!


ANG BAHAY NG AKING AMA AY DAPAT ISANG LUGAR NG PANALANGINAN, NGUNIT ITO'Y GINAWA NINYO NA LUNGGA NG MGA MAGNANAKAW. LINISAN NINYO ITO. NGAYON!
BAHAY NG KANYANG AMA! SINO SIYA SA ISIP NIYA? MESIYAS?


HUWAG NINYONG GAWIN ANG BAHAY NG AKING AMA NA BAHAY NG KALAKAL. KAYO AY LUPON NG MGA MAGNANAKAW.
KRASH!
JUAN 2:15-16


SAP!
KAYO AY LAHI NG MGA *AHAS*. GINUGUTOM NINYO ANG MGA *BYUDA*.
OHHH!
SA ISIP NIYA SIYA ANG PANGULO?

MATEO 6:5-7, 12:34; JUAN 2:15-16; 1 TIMOTEO 6:10




SA SUSUNOD NA PANAHON NA KAYO AY MAGPUNTA SA BAHAY NG AKING AMA GAWIN ITONG PAGKUMPISAL NG INYONG MGA KASALANAN.


NATANDAAN MO BA ANG SIPI NA SINABI NI DAVID TUNGKOL SA MESIYAS?
ANG TURO NG MGA ESKRIBA KAPAG ANG MESIYAS AY DUMATING, SIYA AY BIGLANG DARATING SA TEMPLO.
OO, " ANG SIGASIG SA BAHAY NG DIYOS AY NAWALA DAHIL SA MGA KAAWAY NA NAKALIMOT SA SALITA NG DIYOS."


SA PALAGAY KO IKAW ITONG SI JESUS SA NAZARET NA SINASABI NI JUAN. NAKAGAWA KA NG MARAMING GULO NGAYONG ARAW. ANO ANG PALATANDAAN NA IPAKITA MO.
ANG KATIBAYAN NA AKO ANG MESIYAS AY MAKITA NANG KAYO AY SISIRA SA TEMPLO. SA TATLONG ARAW AY MULI KONG IPATAYO ITO.





SALMO 69:9, 119:139; JUAN 2:17-22


SI JESUS AT KANYANG MGA DISIPULO AY UMALIS SA JERUSALEM AT BUMALIK SA HILAGA SA NAZARET, ANG BAYAN NI JESUS.
OH *JESUS*, UMUWI KA. DALHIN ANG LAHAT NG IYONG MGA KAIBIGAN AT KAMI AY MAGHAHANDA SA KANILA NG *MABUTING PAGKAIN.*
INAY, KAMI AY NANDITO SA MAIKLING PANAHON LAMANGSA ISANG *SABBATH*.




LUKAS 4:16-21 *ANG SABBAT AY ISANG RELIHIYOSONG ARAW NG PAHINGA SA LOOB NG ISANG LINGGO NA ITINATAG NG DIYOS SA IKAPITONG ARAW AT ITINALAGA BILANG ISA SA SAMPUNG UTOS PARA SA MG JUDEO (GENESIS 2:2-3; EXODO 20:10)

SI JESUS AY NAGBASA
SA HULA NI PROPETA
ISAIAS PATUNGKOL SA
PROPESIYA SA MESIYAS.




NGAYONG ARAW NA ITO NATUPAD ANG HULA.


KALAPASTANGAN!
IKAW AY ANAK LAMANG NG ISANG KARPENTERO.
KALMA KA LANG. AALIS NA KAMI.
BATUHIN SIYA UPANG MAMATAY. INAANGKIN NIYA NA SIYA ANG MESIYAS!

SI JESUS AT ANG KANYANG MGA DISIPULO AY DUMATING SA CAPERNAUM, ISANG LUNGSOD SA DAGAT-DAGATAN KUNG SAAN NAKATIRA ANG KARAMIHAN SA KANYANG MGA DISIPULO. MULI SILANG PUMASOK SA SINAGOGA.




AT SINABI NG PROPETA NA ANG MESIYAS AY MAGIGING ILAW SA MGA HENTIL AT SILA AY SASAAMPALATAYA SA KANYA. MASAYA ANG TAO NA DALISAY ANG KANYANG PUSO, SAPAGKAT MAKIKITA NIYA ANG DIYOS. ANG DIYOS AY HINDI NAGTATAKWIL NG KAHIT SINO MAN NA LALAPIT SA KANYA, MAGING SIYA AY JUDEO O HENTIL.
IKAW NA BANAL! HAYAAN MO KAMING MAG-ISA.


ALAM KO KUNG SINO KA! IKAW ANG BANAL NG DIYOS!
SIYA AY PINAGHAHARIAN NG DIYABLO. PAALISIN NIYO SIYA DITO.


DUMATING KA BA UPANG KAMI AY PUKSAIN BAGO DUMATING ANG AMING PANAHON? IWANAN MO KAMI. ANO ANG KINALAMAN NAMIN SA IYO?
SINO ANG NAGPAPASOK SA KANYA DITO? MAG-INGAT KAYO! SIYA AY MAPANGANIB.


MGA DIYABLO, **INUUTUSAN** KO KAYONG LUMABAS SA TAONG ITO AT HUWAG NIYO NA SIYANG PAHIRAPAN PA!

LUKAS 4:28-35


LUMABAS KAYO!
EEAAHHH!



ANO ANG GINAWA MO SA KANYA?
*PATAY* NA BA SIYA?


BIGLA NA LANG, SIYA AY TUMAYO NG KANYANG PAA.
PURIHI N ANG DIYOS
ANG MGA DIYABLO AY WALA NA. MALAYA KA NA. HUMAYO KA NA NGAYON, AT HUWAG NANG MAGKASALA PA.
SI JESUS AY MAY LUBOS KAPANGYARIHAN LABAN SA MGA DIYABLO. ANG TAO AY MATINO NA.


PEDRO, DAPAT KA NANG UMUWI SABI NG ASAWA MO. MALUBHA ANG SAKIT NG KANYANG INA, MATAAS ANG LAGNAT.
PUPUNTA KAMI.


O, PEDRO, ASAWA KO, NATAKOT TALAGA AKO. ANG LAGNAT AY LALONG LUMALA.
HUWAG MATAKOT. ANG GURO AY NARITO.


BUMANGON KA, MINAMAHAL NA BABAE, WALA NA IYONG SAKIT.


MARKOS 1:25-28; LUKAS 4:35-38
*BUMABANGON NA SIYA!* SIYA AY GUMALING NA.
BUMANGON SIYA MULA SA KANYANG HIGAAN AT NAGSILBI KAY JESUS AT SA KANYANG MGA DISIPULO.


ANG BALITA NG PAGPAPAGALING AY KUMALAT, AT SILA'Y NAGDALA NG MARAMING TAO NA MAY SAKIT KAY JESUS.
GURO, ANG AKING AMA AY ***NAPARALISA*** SIMULA NG AKO AY MALIIT NA BATA PA LANG. ISANG TROSO ANG BUMAGSAK SA KANYA AT NABALI ANG KANYANG LIKOD. KUNG MAARI, TULUNGAN MO SIYA.
TUMAYO KA AT LUMAKAD.


PAPURI SA DIYOS!




MARKOS 1:30-34; LUKAS 4:38-40



GAYA NG SINABI SA KASULATAN, "ANG MGA BULAG MAKAKATANGGAP NG KANILANG MGA PANINGIN! ANG IYONG ANAK AY MAKAKAKITA NA NGAYON.


ITAY, IKAW BA IYAN?


O, ITAY, HINDI KO ALAM KUNG ANO ANG ITSURA MO, NGUNIT MAS GUWAPO KA PALA KAYSA AKING PALAGAY.


SI JESUS AT KANYANG MGA DISIPULO AY BUMABA SA JERUSALEM SA PANAHON NG MGA ARAW NG KAPISTAHAN, AT SI JESUS AY NANGARAL SA TEMPLO.
KAPAG MAY NAGMURA SA INYO, HUWAG NIYONG IBALIK ANG MURA, SUBALIT MANALANGIN NA ANG BIYAYA AY DUMATING SA KANILA. PAKITUNGUHAN NIYO ANG IBANG TAO SA PARAAN NA GUSTO NIYONG PAKIKITUNGUHAN NILA KAYO KUNG KAYO AY NASA KANILANG LUGAR.
KAPAG MAY MGA TAO NA MAGKASALA LABAN SA INYO, DAPAT NIYO SILANG PATAWARIN. KAYO AY PAGPALAIN KUNG KAYO AY MERONG DALISAY NA PUSO, SAPAGKAT MAKIKITA NINYO ANG DIYOS. KUNG KAYO AY GAGAWA NG KAPAYAPAAN, KAYO AY LALONG PAGPAPALAIN.


INYONG NARINIG NA HINDI KA DAPAT PUMATAY, SUBALIT SASABIHIN KO SA INYO NA KUNG IKAW AY NAGALIT SA IYONG KAPATID NG WALANG DAHILAN, KAYO AY MALALAGAY SA PANGANIB NG PAGHATOL NG DIYOS.
PAANO ANG TUNGKOL SA *MATA PARA SA ISANG MATA* AT ANG *NGIPIN PARA SA NGIPIN?*


KAPAG MAY ISANG TAO AY SUMAMPAL SA INYO SA ISANG PISNGI, IHARAP MO RIN ANG KABILANG PISNGI UPANG MASAMPAL NYA RIN ITO. HUWAG MAGING MARAHAS. KAPAG NAKITA NIYO NA ANG INYONG KAPITBAHAY AY NANGANGAILANGAN NG ISANG TUNIKA AT KAYO AY MERONG DALAWA, IBIGAY NIYO SA KANYA ANG ISA. KUNG SIYA'Y GUTOM, PAKAININ SIYA. ANG INYONG AMA SA LANGIT ANG MAKAKAKITA NITO AT PAGPAPALAIN KAYO DAHIL DITO.




MATEO 5:8, 21-22, 38-44, 6:12; MARKOS 1:34


NARINIG NINYONG SINABI NILA NOONG UNANG PANAHON: HUWAG KANG ***MANGALUNYA***. NGUNIT SINASABI KO SA INYO: ANG SINUMANG ***TUMINGIN*** SA ISANG BABAE NA MAY MASAMANG ***PAGNANASA*** SA KANIYA AY NAGKAKASALA NA NG ***PANGANGALUNYA*** SA KANIYANG PUSO.


SA ABA NINYO, MGA GURO NG KAUTUSAN AT MGA FARISEO, MGA MAPAGPAIMBABAW! ITO AY SAPAGKAT KAYO AY KATULAD NG MGA PINAPUTING NITSO.
ITO AY MAGANDA SA LABAS NGUNIT SA LOOB AY PUNO NG BUTO NG MGA PATAY AT LAHAT NG KARUMIHAN.GAYUNDIN NGA KAYO, SA PANLABAS AY MATUWID KAYO SA HARAP NG MGA TAO NGUNIT SA LOOB AY PUNO KAYO NG PAGPAPAIMBABAW AT HINDI PAGKILALA SA KAUTUSAN NG DIYOS.


MAY MALAPAD NA DAAN NA PATUNGO SA KAPAHAMAKAN. MARAMI ANG PATUNGO ROON.
AKO ANG PINTO SA LANGIT. ANG SINUMANG PUMASOK SA PAMAMAGITAN KO AY MALILIGTAS AT MAGKAKAROON NG BUHAY NA WALANG HANGGAN. KAPAG SINUBUKAN NINYO NA PUMASOK SA IBANG DAAN, MAMAMATAY KAYO SA INYONG MGA KASALANAN.


BAKIT KA NAGPAPAGALING SA ARAW NG SABBAT? INIUTOS NI MOISES NA KAMI AY WALANG DAPAT NA GAWIN SA SABBAT.
ANG AKING AMA ANG NAGSUGO SA AKIN SA MUNDO UPANG GAWIN ANG KANYANG GAWAIN. AKO AY GUMAGAWA LAMANG NG MGA BAGAY NA SINABI NIYANG GAWIN KO.
GINAGAWA MONG KAPANTAY NG DIYOS ANG IYONG SARILI. IYAN AY KALAPASTANGANAN; MAY PARUSANG KAMATAYAN!


KALOOBAN NG AMA SA LANGIT NA ANG LAHAT NG TAO AY DAPAT SUMAMBA AT PARANGALAN ANG ANAK TULAD NG KANILANG GINAWA SA AMA.
DARATING ANG ISANG PANAHON NA YAUNG MGA NASA LIBINGAN AY MARIRINIG ANG AKING TINIG AT BABANGON MULA SA MGA PATAY- ANG IBA AY PATUNGO SA BUHAY NA WALANG HANGGAN AT ANG IBA AY PATUNGO NAMAN SA WALANG HANGGANG KAPARUSAHAN.






MATEO 5:27-28, 7:13-14, 28-29, 23:27-28;
JUAN 5:18-19,23, 29-30, 14:6




MGA BILANG 21:5-9; JUAN 3:1-14

*ISANG KASAPI SA LUMANG SEKTA NG MGA JUDEO NA KILALA SA MAHIGPIT NA PAGSUNOD SA TRADISYON NG MGA JUDEO.



GURO, KAMING MGA PINUNO NG MGA JUDEO AY ALAM NA IKAW AY ISANG GURO NA MULA SA DIYOS. ITO AY SAPAGKAT WALANG MAKAKAGAWA NG MGA HIMALA NA IYONG GINAGAWA MALIBANG SUMASAKANIYA ANG DIYOS.
MALIBANG IPANGANAK NA MULI ANG ISANG TAO, HINDI NIYA MAAARING MAKITA ANG KAHARIAN NG DIYOS.



PAPAANO MAIPANGANGANAK ANG TAONG MATANDA NA? MAKAKAPASOK BA SIYANG MULI SA SINAPUPUNAN NG KANIYANG INA AT IPANGANAK?
ANG IPINANGANAK SA LAMAN AY LAMAN AT ANG IPINANGANAK SA ESPIRITU AY ESPIRITU. 7 HUWAG KANG MAGTAKA SA SINABI KO SA IYO, KINAKAILANGANG IPANGANAK KANG MULI.
PAPAANO MANGYAYARI ANG MGA BAGAY NA ITO?



ANG **ESPIRITUWAL NA KAPANGANAKAN** NA AKING SINASABI AY MAHIWAGA KATULAD NG HANGIN, NGUNIT PAREHO LANG NATIN ITONG NARARANASAN. KAILANGAN MAGKAROON KA NG KAPANGANAKAN NA ITO MULA SA ITAAS KUNG IKAW AY PAPASOK SA KAHARIAN NG DIYOS.
KUNG PAPAANONG ITINAAS NI MOISES ANG AHAS SA ILANG AY GAYON KINAKAILANGANG ITAAS ANG ANAK NG TAO.


NGUNIT SILA'Y NAMAMATAY DAHIL SA KAGAT NG AHAS SAPAGKAT SILA AY NAGKASALA LABAN SA DIYOS. NANG SILA'Y TUMINGIN SA TANSONG AHAS SILA AY KAAGAD NA GUMALING.


INRI
OO AT KAHIT NGAYON ANG LAHAT NG MGA TAO AY NAMAMATAY MULA SA "KAGAT NG AHAS" NG KASALANAN. NGUNIT NGAYON AKO ANG ITATAAS PARA MAKITA NG LAHAT NG MGA TAO. GAYA NG MGA NAKAGAT SA PARANG AY NALIGTAS SA PAMAMAGITAN SA PAGTINGIN SA TANSONG AHAS, YAONG MGA NAKAGAT NG KASALANAN AY MAKAKAKITA NG KALIGTASAN SA PAMAMAGITAN NG PAGSAMPALATAYA SA AKIN.


SAPAGKAT GAYON NA LAMANG INIBIG NG DIYOS ANG SANLIBUTAN, NA IPINAGKALOOB NIYA ANG KANYANG BUGTONG ISINILANG NA ANAK, UPANG SINUMANG SUMAMPALATAYA SA KANYA, AY HUWAG MAPAHAMAK, KUNDI MAGKAROON NG BUHAY NA WALANG-HANGGAN." SIYA NA NANINIWALA SA AKIN AY MAY WALANG HANGGANG BUHAY, NGUNIT SIYA NA HINDI NANINIWALA SA AKIN AY NAPARUSAHAN NA.
JUAN 3:14-18


KAYA IYONG SINASABI NA ANG BAGONG KAPANGANAKAN AY ANG TANGING GAMOT LAMANG PARA SA KASALANAN, AT IKAW AY ILALAGAY SA ISANG POSTE UPANG MAGKALOOB NG KALIGTASAN.
KAILAN MAGAGANA P ITONG BAGONG KAPANGANA KAN?
PAGKATAPOS NA AKO AY NAITAAS UPANG MAKITA NG LAHAT.


ANG MGA SAMARITANO AY NAKATIRA SA PAGITAN NG JERUSALEM AT GALILEA. ANG MGA JUDEO AY UMIIWAS SA ANOMANG PAKIKIPAG-KITA SA MGA SAMARITANO, KAHIT SA PAGDAAN SA KANILANG MGA LUNGSOD, SAPAGKAT SILAY NANINIWALA NA ANG MGA SAMARITANO AY MARUMI ANG KANILANG BUHAY ESPIRITUWAL. ISANG ARAW SI JESUS AY BINIGLA ANG KANYANG MGA DISIPULO NA NAGSASABI:
HALIKAYO, KAILANGAN KONG DUMAAN SA SAMARIA.
PANGINOON, SILA AY MGA ***MARURUMI, IGNORANTENG MGA TAO***. SILA AY PULUBI AT MGA ***IMORAL***.
KALOOBAN NG AMA NA AKOY PUMUNTA SA SAMARIA.


KATANGHALIAN NA NANG SILA AY NAKARATING SA BALON SA LABAS NG LUNGSOD.
MAIIWAN BA KAYONG NAG-IISA LAMANG DITO?
PUMUNTA KAYO SA LUNSOD AT BUMILI NG PAGKAIN. AKO'Y MAGHIHINTAY SA INYO DITO SA BALON.
OO, KAILANGAN KONG GAWIN ANG GAWAIN NG AKING AMA.


SI JESUS AY NAPAGOD, NAUUHAW, AT GUTOM. KAHIT NA HINDI ITO ANG ORAS SA ARAW NA ANG MGA BABAE AY PUMUPUNTA SA BALON, ISANG SAMARITANONG BABAE ANG DUMATING UPANG UMIGIB NG TUBIG.
JUAN 4:1-8


MAARI MO BA AKONG BIGYAN NG TUBIG NA MAIINOM MULA SA IYONG PITSEL?
*HA!* BAKIT IKAW NA LALAKENG JUDEO, AY HUMIHINGI NG INUMIN MULA SA AKIN, NA ISANG SAMARITANONG BABAE? AKALA KO ANG MGA JUDEO AY WALANG PAKI-ALAM SA AMIN?
KUNG ALAM MO LANG ANG KALOOB NG DIYOS AT KUNG SINO AKO, BAKA IKAW ANG HUMINGI SA AKIN AT BIBIGYAN KITA NG ***BUHAY NA TUBIG***.


IKAW AY NAG-AALOK SA AKIN NG TUBIG? WALA KA NAMANG PANGSALOK AT ANG BALON AY MALALIM. SAAN KA KUKUHA NG BUHAY NA TUBIG?
PAGKA IKAW AY IINUM SA BALON NA ITO IKAW AY MULING UUHAWIN. ANG TUBIG NA AKING INAALOK AY SA LOOB NG IYONG KALULUWA NA ISANG BUKAL NG BUHAY NA WALANG HANGGAN.
KUNG GAYON BIGYAN MO AKO NITONG BUHAY NA TUBIG NA MAIINOM UPANG AKO AY HINDI NA MULING UUHAWIN.



HUMAYO KA AT TAWAGIN ANG IYONG ASAWANG LALAKE AT SASABIHIN KO SA IYO ANG TUNGKOL SA TUBIG NA ITO.
AKO AY WALANG KAHIT SINO MANG ASAWANG LALAKE.
NAGKAROON KA NA NG LIMANG ASAWANG LALAKE, NGUNIT ANG LALAKE NA IYONG KINAKASAMA NGAYON AY HINDI MO ASAWA.



TIYAK NA IKAW AY ISANG PROPETA UPANG ALAMIN ANG AKING *SEKRETONG KASALANAN.*
KAYONG MGA JUDEO AY SUMASAMBA SA ***JERUSALEM*** AT ANG AMING MGA NINUNO NAMAN AY SUMASAMBA SA BUNDOK NA ITO. SAANG BUNDOK ANG TAMANG LUGAR SA PAGSAMBA?



ANG DIYOS AY **ESPIRITU**. SIYA AY HINDI SINASAMBA SA MGA TEMPLO NA GAWA NG MGA KAMAY NG MGA TAO. ANG DIYOS AY NAGHAHANAP NG MGA TAO NA **SASAMPALATAYA** SA KATOTOHANAN AT **SASAMBAHIN** SIYA SA ESPIRITU.
ALAM NAMIN NA ANG **MESIYAS** AY DARATING AT KAPAG SIYA AY DUMATING SIYA ANG MAGHAHAYAG NG **KATOTOHANAN** SA AMIN.



IKAW AY NAKIKIPAG- USAP NA SA MESIYAS.


KAILANGAN KONG HUMAYO UPANG HANAPIN ANG AKING MGA KAIBIGAN AT SABIHAN SILA!
SI JESUS AY NANATILI SA SAMARIA NG DALAWANG ARAW AT TINURUAN ANG MGA TAO SA SALITA NG DIYOS.
JUAN 4:7-29,40


ISANG PANAHON SI JESUS AT ANG KANYANG MGA DISIPULO AY NAKATAYO SA GILID NG BUROL KUNG SAAN MATATANAW ANG LAWA NG GALILEA.
KAPAG KAYO AY NAGBIGAY NG PERA SA MGA PULUBI, HUWAG NIYO ITONG GAWIN SA PUBLIKONG LUGAR NA KUNG SAAN MAKAKITA KAYO NG IBA.
ILANG LIBONG MGA TAO ANG DUMATING MULA SA MGA LUNGSOD UPANG MARINIG SIYANG MAGTURO.
KAPAG KAYO AY GUMAWA NG MGA RELIHIYOSONG BAGAY UPANG KAYO AY PURIHIN AT HANGAAN NG IBANG MGA TAO, KAYO AY HINDI GAGANTIMPALAAN NG DIYOS SA LANGIT. KAYA HUWAG IPAALAM SA KANANG KAMAY MO ANG GINAGAWA NG IYONG KALIWA.


KAPAG KAYO AY MANANALANGIN, HUWAG MAGING TULAD SA MGA RELIHIYOSONG MAPAGKUNWARI, NA NAGDARASAL SA PUBLIKO UPANG SILA AY MAKITA NG MGA TAO.
AT KAPAG KAYO AY MANANALANGIN, HUWAG GUMAMIT NG PAULIT-ULIT, GAYA NG GINAGAWA NG INYONG MGA RELIHIYOSONG PINUNO, DAHIL SILA AY NAKATAYO SA MGA PAMPUBLIKONG LUGAR PARA IPAKITA ANG KANILANG PAGKABANAL.


HUWAG GUGULIN ANG LAHAT NG IYONG LAKAS AT PANAHON UPANG MAGING MAYAMAN. ANG MGA TAONG MAYAMAN AY MAS MARAMING KAGULUHAN KAY SA IBA, AT SILAY SOBRANG MAGMAHAL SA KANILANG KAYAMANAN KAYA MAHIRAP SA KANILA NA MAKAPASOK SA SA LANGIT.
HUWAG MAG-IMPOK NG KAYAMANAN SA MUNDONG ITO, NGUNIT ILAGAK ANG KAYAMANAN SA LANGIT NA KUNG SAAN ITO AY *WALANG HANGGAN*. HINDI KA MAKAPAGSILBI SA DALAWANG PANGINOON, SA DIYOS AT SA PERA. MAUUWI KA SA PAGKAPOOT SA ISA AT INI-IBIG ANG ISA.


GURO, HAPON NA, AT ANG MGA TAO AY KASAMA NATIN NG BUONG ARAW. SILA'Y GUTOM NA, AT MALAYO SA KAHIT ANO MANG LUNGSOD PARA SILA'Y MAKABILI NG PAGKAIN.
KAILANGAN MO NA SILANG PAALISIN NGAYON UPANG SILA'Y MAKABILI NG PAGKAIN.


GURO, SA IYO NA ANG AKING PANANGHALIAN. ANG AKING INAY AY GUMAWA PARA SA AKIN NG LIMANG TINAPAY AT DALAWANG MALIIT NA ISDA.




MATEO 6:1-7, 19-21; 14:15


TINGNAN NATIN KUNG ANO ANG NANDITO. KAKAIN TAYO NG *ISDA* AT *TINAPAY*.
MAGHIRAM NG *12 MALALAKING BASKET* AT MAGHANDA UPANG IPAMIGAY ANG PAGKAIN.
NGUNIT GURO, HINDI SAPAT IYAN PARA MAPAKAIN ANG ISANG TAO, LALO NA ANG *5,000*.


PURIHIN KA, O PANGINOON NAMING DIYOS, HARI NG BUONG SANLIBUTAN, NA NAGDADALA NG TINAPAY MULA SA LUPA.


ANO ANG GINAGAWA NIYA NA BINUHOS ANG MALIIT NA PANANGHALIAN SA MALAKING BASKET?


TINGNAN NIYO! SAAN KAYA NANGGALING ANG LAHAT NG PAGKAIN NA IYAN?
MATEO 14:20-23


BINIGYAN NIYA TAYO NG PAGKAIN MULA SA LANGIT... KATULAD NI *MOISES*.
*PURIHIN ANG DIYOS!*
HINDI MANINIWALA ANG INAY AY DITO!


ANG MGA TAO AY KUMUHA NG TINAPAY AT ISDA MULA SA MGA BASKET. ANG MGA PAGKAIN AY PAULIT-ULIT NA DUMARAMI.


GURO, ANG BAWAT ISA AY NAKAKAIN NA, AT ANG MGA BASKET AY PUNO PA RIN. ***HINDI NAMING KAYANG UBUSIN ANG LAMAN.***
TIPUNIN ANG MGA NAIWAN, AT PAGKATAPOS KAYO AT ANG IBA AY SUMAKAY SA ISANG BANGKA PATUNGO SA KABILANG DAKO NG LAWA. MAGKITA TAYO MAMAYA. KAILANGAN KONG MAKAPUNTA SA BUNDOK UPANG MANALANGIN.


SI JESUS AY UMAKYAT SA BUNDOK NA NAG-IISA, AT LAHAT NG KANYANG MGA DISIPULO AY SUMAKAY SA ISANG BANGKA AT PUMUNTA SA KABILANG DAKO NG LAWA.
SI JESUS SA MARAMING BESES AY PUMUPUNTANG MAG-ISA SA PARANG PARA MANALANGIN.
MATEO 14:19-21; LUKAS 9:16-17


PAGKATAPOS NA ANG MGA DISIPULO AY NASA SA GITNA NA NG LAWA, ISANG MABANGIS NA BAGYO ANG DUMATING, AT SILA AY NATAKOT NA SILA AY LULUBOG.
HINDI PA AKO NAKAKITA NG BAGYO NA GANITO KASAMA.
HINDI NA NATIN KAYA ANG MAS HIGIT PA DITO.


LULUBOG TAYO!
TINGNAN NINYO! MAY ISANG BAGAY NA NANDOON SA IBABAW NG TUBIG!



ISANG MULTO!
ISANG MULTO ITO!
ISANG TAO NA NAGLALAKAD SA TUBIG!


PANGINOON, KUNG IKAW IYAN, KAYA PAHINTULUTAN MO AKONG SA MAKAPUNTA SA IYO NA LUMALAKAD SA IBABAW NG TUBIG, KATULAD SA GINAGAWA MO.
PEDRO, AKO ITO, HUWAG **MATAKOT**.
LUMAPIT KA SA AKIN PEDRO.
MATEO 14:24-29


PARATING NA AKO, PANGINOON.
HUWAG, PEDRO!


SI PEDRO AY TALAGANG LUMAKAD SA IBABAW NG TUBIG PATUNGO KAY JESUS.


NANG MAKITA NI PEDRO ANG MALALAKING ALON AT NAWALA SA PANINGIN NIYA SI JESUS, SIYA AY NATAKOT.




MATEO 14:29-30


PEDRO, NAGSIMULA KANG MAG-ALINLANGAN SA AKIN.


DINALA NI JESUS SI PEDRO PABALIK SA BANGKA, SILANG DALAWA AY LUMALAKAD PA RIN SA IBABAW NG TUBIG.
PEDRO, NAKALAKAD KA SA TUBIG!


KAPAYAPAAN ...KAYO AY MAGSITIGIL
PINAGWIKAAN NI JESUS ANG BAGYO AT BIGLA ITONG NAGING KALMADO.
MATEO 14:31-33


LUMAYO KA SA AKIN, O PANGINOON, DAHIL AKO AY ISANG ***MAKASALANANG*** TAO.
TIYAK NGA NA IKAW ANG ***ANAK NG DIYOS***.
AKING ***PANGINOON*** AT AKING ***DIYOS***.
ANG ***CRISTO*** NG ISRAEL.


BANDAN G HULI.
ANG MGA ARAW NG KAPISTAHANG ITO AY MASIKIP SA SOBRANG DAMING TAO. MAY MGA TAO DITO NA GALING SA BUONG BANSA; ANG IBA MULA PA SA MALAYONG LUGAR NG ROMA AT EHIPTO.
BUMABA TAYO SA GILID NG LANGUYAN.


NANDITO NA SIYA MULA PA NOON NA NATATANDAAN KO.


GUSTO MO BANG *GUMALING?*
WALANG TAO NA MAKATULONG SA AKIN.


BANGON, DALHIN ANG IYONG HIGAAN, AT *LUMAKAD*.
IKAW SI JESUS, DI BA? NARINIG KO ANG IYONG MGA HIMALA.

JUAN 5:1-8


ISANG *MALUPIT NA BIRO!* ANG PULUBING TAO NA ITO AY LUMPO NA NG *38* NA TAON.
ITO ANG ATING BANAL NA SABBAT. WALA SIYANG KARAPATAN PARA GAMBALAHIN TAYO.


NARINIG KO NA MAY ISANG PAGKILOS PARA MAPAALIS SIYA. NAKAKUHA NA SIYA NG LABIS NA PANSIN.
SINO BA SA AKALA NI JESUS ANG SARILI NIYA, ANG MESIYAS?
OO, NAGAWA NIYANG MAKOMBINSI ANG MGA TAO NA SIYA AY MAKAKAGAWA NG MGA MILAGRO.


ANG KANYANG MGA PAA! TUMUTUBO NA!


TUMATAYO NA SIYA!
HINDI ITO MAARI!


PAPURI SA *DIYOS!* PAGKATAPOS NG MARAMING TAON!
SI JESUS ANG *MESIYAS!*




LUKAS 14:5-6; JUAN 5:9-17


HAWAKAN SIYA! DAPAT SIYANG BATUHIN UPANG MAMATAY.
SABI NIYA NA ANG DIYOS ANG KANYANG AMA. GINAGAWA NIYA ANG KANYANG SARILI NA KAPANTAY ANG DIYOS.
PATAYIN SIYA!


NAGSASALITA SIYA LABAN SA ATING BATAS.
PAPATAYIN BA NINYO ANG ISANG TAO DAHIL NAGPAPAGALING SA SABBAT?
MAKINIG KUNG ANO ANG KANYANG MASASABI.
WALA SIYANG SINABI LABAN SA BATAS.


MAKINIG KAYO SA AKIN. NAMAMANGHA BA KAYO DAHIL GINAWA KO ITONG ISANG MILAGRO. MAKAKAKITA KAYO NG MARAMING MILAGRO NA MAS DAKILA PA KAYSA RITO. GAYA NG AKING AMA NA BUBUHAYIN NIYA ULI YAONG MULA SA MGA PATAY, IBINIGAY NIYA SA AKIN ANG PAREHONG OTORIDAD. ANG AMA ANG NAGLAGAY SA AKIN NA MAY KUMPLETONG OTORIDAD SA IBABAW NG MUNDONG ITO.
KUNG HINDI NIYO AKO PARARANGALAN, HINDI NIYO RIN PINARARANGALAN ANG DIYOS. TUNAY KONG SINASABI SA INYO, NA ANG SUMASAMPALATAYA SA AKIN AY NANANAMPALATAYA RIN SA NAGSUGO SA AKIN AT MAGKAKAROON NG BUHAY NA WALANG HANGGAN.
PAANO KA MAKAKAPAGBIGAY NG BUHAY NA WALANG KATAPUSAN?


MAY DARATING NA PANAHON NA ANG MGA PATAY AY MAKAKARINIG NG AKING TINIG AT LALABAS SA KANILANG MGA LIBINGAN. YAONG MGA NAKAGAWA NG MABUTI AY IBABANGON SA BUHAY NA WALANG HANGGAN, NGUNIT YAONG NAKAGAWA NG MASAMA AY ITATAPON SA WALANG HANGGANG KAPAHAMAKAN SA LAWA NA APOY.
IYAN AY KALAPASTANGANAN! WALANG TAO ANG MAKAKAPAGBANGON NG PATAY. DIYOS LAMANG ANG MAKAKAPAGBIGAY NG BUHAY NA WALANG HANGGAN.
JUAN 5:18-29


HINDI KAYO NANIWALA SA AKIN, NGUNIT SI JUAN AY NAGHULA SA AKING PAGDATING AT GANOON DIN ANG KASULATAN. SURIIN NINYO ANG KASULATAN, DAHIL MARAMING PROPESIYA ANG NAGSABI TUNGKOL SA AKIN.
HUWAG ISIPIN NA AKO AY MAGSUMBONG SA IYO SA HARAP NG DIYOS. ANG BATAS NI MOISES, NA HINDI NINYO NATUPAD, AY MAGING TESTIMONYA LABAN SA INYO.
ITO SIYA NA KANILANG GUSTONG PATAYIN, SUBALIT SIYA AY MATAPANG NA NAGSALITA AT SILA'Y WALANG NAGAWA. ALAM KAYA NG MGA PANGULO NA ITO TALAGA ANG CRISTO, ANG MESIYAS SA ISRAEL?
ANG MGA ESKRIBA NAGTURO NA DI NATIN MALALAMAN KUNG SAAN MANGGAGALING ANG MESIYAS, NGUNIT ALAM NATIN NA ANG TAONG ITO AY ISANG ANAK NG KARPENTERO MULA SA GALILEA.


SABI MO NAKAKILALA KA SA AKIN KUNG SAAN AKO GALING. HINDI AKO NAGMULA SA LUPA SA AKING SARILI. ANG AKING AMA ANG NAGPADALA SA AKIN, NGUNIT DI MO KILALA ANG AKING AMA; NGUNIT AKO'Y NAKAKAKILALA SA KANYA AT SIYA ANG NAGPADALA SA AKIN
PAANO NIYA AKO NARINIG!


ALAM NIYA ANG LAHAT NG MGA BAGAY.
ITO ANG MESIYAS NA HINULAAN NA DARATING!
MAKAASA KA BA SA MESIYAS NA GAGAWA NG HIGIT KAYSA NAGAWA NITONG TAO NA ITO.


PUNTAHAN KAAGAD AT *ARESTUHIN* ANG LAPASTANGAN.
MUKHANG MASAMA NA ITO NGAYON.
ANG MGA TAO AY NANINIWALA SA KANYA. KAILANGAN SIYANG *PATAHIMIKIN*
JUAN 5:30-39, 45, 6:42-43, 7;25-32, 40-41


MAPAPALAD ANGNANGAGUGUTOM AT NANGAUUHAW SA KATUWIRAN: SAPAGKA'T SLIA'Y BUBUSUGIN.
DATAPUWA'T ANG SINUMANG UMIINOM NG TUBIG NA SA KANYA'Y AKING IBIBIGAY AY HINDI MAUUHAW MAGPKAILAN MAN; NGUNIT ANG TUBIG NA SA KANYA'Y AKING IBIBIGAY AY MAGIGING BALON NG TUBIG NA BUBUKAL SA KABUHAYANG WALANG HANGGAN.
MAPAPALAD ANG MGA MAPAGPAYAPA: SAPAGKA'T SILA'Y TATAWAGING MGA ANAK NG DIYOS. MAHALIN ANG IYONG MGA KAAWAY AT PAGPALAIN SILA.
HINDI SIYA NAGSASALITA GAYA NG ISANG KRIMINAL.
SABI NILA SIYA ANG SAGOT SA 4000 TAON SA PROPESIYA.



BAKIT DI NINYO SIYA DINALA SA AMIN? SIYA AY NAKATAYO SA HARAPAN NINYO. BAKIT DI NINYO *SIYA DINAKIP?*
WALANG TAO ANG NAGSALITA NG KATULAD NIYA.
SIYA AY NAGSALITA NG *PAG-IBIG* AT *PAGPATAWAD.*
*HA,* KAYO RIN BA AY NALINLANG NIYA? MAY NANIWALA BA SA EDUKADONG MGA PANGULO AT MGA PARISEO SA KANYA? ANG JESUS NA ITO AY DAPAT *MAMATAY.*



SI NICODEMO, ANG TAONG NAGPUNTA KAY JESUS SA GABI, NAGSALITA.
HINAHATULAN BAGA NG ATING KAUTUSAN ANG ISANG TAO, MALIBANG SIYA MUNA'Y DINGGIN AT TALASTASIN KUNG ANO ANG KANYANG GINAGAWA?
NICODEMO, IKAW RIN BA AY ISA SA KANYANG TAGASUNOD MULA SA GALILEA? SURIIN ANG KASULATAN; ANG MESIYAS AY HINDI GALING SA ***GALILEA***. SIYA AY DAPAT MULA SA ***BETHLEHEM*** SA JUDEA, AT SIYA AY KAILANGAN ANAK NI DAVID.
MATEO 5:6, 9; JUAN 4:14, 7:45-52


SIYA AY LUMILINLANG SA KARANIWANG TAO SA PAMAMAGITAN NG MGA KASINUNGALINGAN.
SIYA AY PARANG MAY SAGOT SA BAWAT BAGAY.
BAKIT DI TAYO MAGPADALA NG ISA SA MGA MAS MATALINONG ABOGADO UPANG LITUHIN SIYA?


ALAM KO ANG ISANG ABOGADO NA GAGAWA KATULAD NIYA. SIYA AY *MATALINO* AT *WALANG-AWA.*


ANG ABOGADO AY NAGPUNTA UPANG HAMUNIN SI JESUS.
GURO, ANO ANG GAGAWIN KO PARA MAGMANA NG BUHAY NA WALANG HANGGAN?
ANO ANG SABI NG BATAS?
SABI NITO NA DAPAT AY IYONG IBIGIN ANG IYONG PANGINOONG DIYOS NG IYONG BUONG PUSO, KALULUWA, LAKAS, AT ISIPAN, AT DAPAT IBIGIN ANG IYONG KAPITBAHAY KAGAYA NG IYONG SARILI.


ANDIYAN IYONG SAGOT. ANG PAG-IBIG AY ANG PAGKATUPAD NG BATAS. KUNG KAYO AY NAGMAMAHAL SA INYONG KAPITBAHAY KAGAYA NG INYONG SARILI, IKAW AY MAKAPAGBIGAY LUGOD SA DIYOS.
OO, NGUNIT KANINONG KAPITBAHAY? HINDI IBIG SABIHIN NIYAN ANG BAWAT ISA, KAHIT NA ANG PAGANONG MGA ROMANO?
MERON AKONG ISANG KUWENTO SA IYO:


ISANG TAO ANG NAGLALAKBAY MULA SA JERUSALEM PATUNGO SA JERICO AY INATAKE NG MGA MAGNANAKAW, HINUBARAN SA LAHAT NG MGA BAGAY, AT INIWAN SIYA UPANG MAMATAY.
NANG ISANG PARI ANG DUMAAN SA TAONG NAKAHIGA SA GILID NG DAAN LUMIKO SIYA SA KANYA AT HINDI HUMINTO UPANG TUMULONG.
LUKAS 10:32-35


AT SA GAYON DING PARAAN ANG ISANG LEVITA, ISANG TAO NA PINILI UPANG MAGSILBI SA TEMPLO, AY DUMAAN AT HUMINTO NA TUMINGIN SA SUGATANG TAO, NGUNIT HINDI SIYA TUMULONG.
ANO ANG MABUTI NA MASABI NA IKAW AY MAY PAG-IBIG KUNG DI MO IPAKITA SA GAWA NG PAG-IBIG? KUNG HINDI MO IBIGIN ANG IYONG KAPITBAHAY, HINDI MO INIBIG ANG DIYOS.


PAGKATAPOS ISANG **SAMARITANO** ANG DUMAAN SA DAAN NA IYAN; ISANG TAO NA KINASUKLAMAN NG MGA JUDEO AT INISIP NA MARUMI. NANG SIYA AY NAKAKITA SA SUGATANG TAO, HINUBARAN AT NAKAHIGA SA KALSADA, HINDI NIYA INISIP NA SIYA AY JUDEO.
ANG SAMARITANO AY MAY AWA SA KANYA, AT HUMINTO UPANG TUMULONG.


NILINIS NG SAMARITANO AT BINIGKISAN ANG MGA SUGAT NG TAO. ANG KANYANG PAG-IBIG AY HINDI SA SALITA, NGUNIT SA MGA GAWA.


PAGKATAPOS ANG SAMARITANO AY SINAKAY ANG SUGATANG TAO SA KANYANG ASNO AT DINALA SIYA SA BAHAY TULUYAN AT SIYA'Y INALAGAAN..
INGAT SA PAGBABA BAKA KA MAHULOG.. DI MAGTATAGAL IKAW AY MAKAKAHIGA NA AT MAKAPAPGPAHINGA PARA GUMALING.



BAYARAN KITA PARA SA DALAWANG LINGGONG KWARTO AT PAGKAIN. KUNG ANG PAG- ALAGA SA KANYA AY MAY DAGDAG NA HALAGA PA, BABAYARAN KITA SA MULING PAGBALIK KO DITO.
LUKAS 10;25-31


NAGTANONG KAYO SA AKIN SINO ANG IYONG KAPITBAHAY. SABIHIN MO SA AKIN NGAYON SINO SA TATLONG ITO ANG KAPITBAHAY NG TAONG ITO.
SIYA NA NAGPAKITA NG AWA.
DI KAPANIWALAAN!


KAYA LUMAKAD KA AT GAWIN ANG KATULAD NITONG SAMARITANO. IIBIGIN MO ANG IYONG KAPITBAHAY.



ANG ULOL! PALABASIN MO SIYA DITO BAGO PA SI JESUS MAGPABALIK LOOB SA KANYA.
ANONG KLASENG KAHIBANGANG PAGTUTURO ITO? HINDI ITO PRAKTIKAL. MARAMING TAO ANG DI TUMUGON SA PAG-IBIG.


NARINIG NINYONG SINABI: IBIGIN MO ANG IYONG KAPWA AT KAPOOTAN MO ANG IYONG KAAWAY. NGUNIT SINASABI KO SA INYO: IBIGIN NINYO ANG INYONG MGA KAAWAY. PAGPALAIN NINYO ANG MGA NAPOPOOT SA INYO. GAWAN NINYO NG MABUTI ANG MGA NAGAGALIT SA INYO. IPANALANGIN NINYO ANG MGA UMAALIPUSTA SA INYO AT ANG MGA UMUUSIG SA INYO.
MATEO 5:43-44; LUKAS 10:36-37




KABANATA 10

# Mga Himala at mga Parabula


SA IBAYONG LUGAR MAYROONG ISANG BAYAN NG MGA KETONGIN
MARAMING ARAW NA ANG LUMIPAS MULA NANG AKO AY NAKAKAIN
SA PALAGAY KO MAMAMATAY NA MUNA AKO. NOONG ISANG TAON LAMANG AKO AY ISANG MAYAMANG TAO, NIRERESPETO NANG MABUTI SA KOMUNIDAD, TINGNAN MO AKO NGAYON.
IKAW AY MAMAMATAY KAPAG IKAW AY HINDI MATUTUTONG KUMAIN NG MGA DAGA AT MGA IPIS. ITO LAMANG ANG NATATANGING PARAAN UPANG MABUHAY.
HINDI KA NA NIRERESPETO; IKAW AY ISA LAMANG KETONGIN, ISANG PAPATON.


NOONG UNA UMASA AKONG AKO'Y GAGALING PA BALANG ARAW AT MAKAKABALIK SA AKING ASAWA'T MGA ANAK. NGUNIT WALA PA AKONG NALAMANG KAHIT ISA NA GUMALING AT BUMALIK SA LIPUNAN.


SA SIMULA DINADALA NG AKING ASAWA ANG MGA BATA AT TUMATAYO SA DI KALAYUAN AT MAKIKIPAG-USAP SA AKIN, NGUNIT PADALANG NG PADALANG ANG KANILANG PAGPUNTA DITO. ANG MGA BATA AY TIYAK MALALAKI NA NGAYON. HINDI NILA AKO MAKIKILALA KUNG AKO'Y KANILANG MAKIKITA MAS MASAHOL PA ITO KAYSA MAMATAY.


HAAY, TIGILAN MO NA IYANG PAGKAHABAG SA IYONG SARILI. WALANG NAGMAMALASAKIT KAHIT NA ANG DIYOS. TAYO NA AT TINGNAN NATIN KUNG PUWEDE TAYONG MAKAPAGPALIMOS NG MAKAKAIN.


PUPUNTA TAYO NGAYONG ARAW NA ITO SA MALAKING KALSADA. TINGNAN NATIN KUNG MAKAKAKITA TAYO NG ISANG TAO NA MAAAWA SA ATIN.
SAMA-SAMA TAYONG MAGLALAKBAY, MAS LIGTAS. MAY NAKIKITA AKONG MGA KETONGIN SA U NAHAN.


MAY NAKIKITA AKONG IILANG MANLALAKBAY NA PAPARATING.


ILAG! ANG MGA BATANG IYON NANAMAN.
MAGSI-ALIS KAYO DITO, MGA MARURUMING KETONGIN KAYO PUMUNTA KAYO SA IBANG LUGAR AT MAMATAY.
MGA MARURUMING UOD KAYO! PINAPARUSAHAN KAYO NG DIOS.
TAKBO! TAKBO!


MARURUMI! MARURUMI; KAMING LAHAT AY MGA MARURUMI.
MGA KETONGIN SILA. HUWAG NINYONG HAYAANG SILA'Y MAKALAPIT SA INYO. PUWEDE KAYONG MAHAWAAN SA SAKIT.


MAARI PO BANG KAMI AY INYONG ***KAAWAAN?*** PUPUWEDE PO BANG KAMI AY INYONG BIGYAN NG KAKAUNTING MAKAKAIN?
BIGYAN MO NA NGA SILA NANG MAKAKAIN PARA MAGSI-ALISAN NA SILA.
LUMAYO KA. ***ISA KANG MARUMI.***


UMATRAS KAYO AT IIWANAN NAMIN ITO SA LUPA.
HUWAG MUNA KAYONG LALAPIT, HAYAAN MUNA NINYO AKONG MAKALAYO.


TINAPAY!
TIRHAN NINYO AKO!
PAGKAIN!
HUWAG MONG KUNIN LAHAT!



BABOY KA!
AKIN ITO!
O DIOS KO!
TINAPAY! TINAPAY!


MAY PAPARATING NA MALAKING GRUPO NG MANLALAKBAY.
KAILANGANG MAG-INGAT TAYO; NAPAKARAMI NILA.
AT LAHAT SILA'Y MGA LALAKI...


SI HESUS NG NASARET IYAN. NAKITA KO NA SIYA MINSAN NOONG DI PA AKO NAHAWAAN SA SAKIT NA ITO. SIYA IYONG NAGPAPAGALING SA MGA TAO!


HESUS! TULUNGAN NIYO PO KAMI!
GURO, SILA'Y MGA KETONGIN.
HUWAG NIYO PONG HAYAANG SILA'Y MAKALAPIT.


KAAWAAN N'YO PO KAMI AT KAMI PO AY INYONG PAGALINGIN.
KUNG INYO PONG MAMARAPATIN, AKO PO AY INYONG GAWING MALINIS.
ANO ITONG GUSTO NINYONG GAWIN KO.


HINDI PO NINYO AKO DAPAT HAWAKAN.
ITO'Y WALANG ANUMAN. PUMUNTA KAYO SA TEMPLO AT IPAKITA NINYO ANG INYONG MGA SARILI SA SASERDOTE. MAKIKITA NIYA KAYO AY NALINIS NA AT PAHIHINTULUTAN NIYA KAYONG BUMALIK SA INYONG MGA PAMILYA.


SINABI NIYA'NG TAYO AY *MALINIS* NA.
IPAGTATABUYAN NILA TAYO KAPAG LUMAPIT TAYO SA TEMPLO.
GAGAWIN KO ANG KANYANG SINABI.
SASAMA AKO SA IYO. TAYO NA.
LUKAS 17:11–14



SINABI NI HESUS NA TAYO AY MAGALING NA.
MABUTI-BUTI NA ANG AKING PAKIRAMDAM.


NAGBABAGO TAYO!


MAGALING NA ANG AKING BALAT!
NAGAWA NI HESUS! MAGALING KA NA!
HINDI KA NA PANGIT!
KAILANGANG HANAPIN KO ANG AKING ASAWA!


PURIHIN PO KAYO, ANG ANAK NG DIYOS, ANG HARI NG ISRAEL. IYONG IBINALIK ANG AKING BUHAY. MAAWAIN ANG DIYOS AT PUNO NG BIYAYA.
HINDI BA'T SAMPU ANG PINAGALING BAKIT IISA LAMANG ANG BUMALIK UPANG MAGPASALAMAT, AT SIYA'Y HINDI JUDIO, SIYA'Y ISANG SAMARITANO.
LUKAS 17:14-19


NAGTANONG ANG ISANG TAO KAY HESUS KUNG MARAMI ANG MAKAKAPASOK SA BUHAY. SI HESUS AY SUMAGOT:
BUHAY NA WALANG HANGGAN
CARLOS
club
SINASABI KO SA IYO ANG DAAN PAPASOK PATUNGO SA BUHAY AY MAHIRAP AT MAKIPOT AT KAKAUNTI LAMANG ANG MAKAKAHANAP NITO. SUBALIT ANG DAAN PATUNGO SA KAPAHAMAKAN AY MALUWAG AT PUNO NG MGA TAONG PATUNGO SA WALANG HANGGANG KAPARUSAHAN.



MARAMI ANG MANGAGSASABI SA AKIN SA ARAW NA YAON, PAGINOON, PAGINOON, HIND BAGA NAGSIPAGHULA KAMI SA IYONG PANGALAN, SA PANGALAN MO'Y NANGAGPALAYAS KAMI NG MGA DEMONYO, AT SA PANGALAN MO'Y NAGSIGAWA KAMI NG MARAMING GAWANG MAKAPANGYARIHAN? NAGBIBIGAY AKO NG PERA PARA SA PAGSUPORTA SA RELIHIYON. AKO'Y NANGHUHULA'T NAGPAPALAYAS SA MGA DEMONYO SA IYONG PANGALAN.
club
PAGKATAPOS NITO AY IPAHAHAYAG KO SA KANILA: HINDI KO KAYO NAKIKILALA. LUMAYO KAYO SA AKIN, KAYONG GUMAGAWA NG KATAMPALASANAN.
ITO'Y ISANG LUGAR NG PAGDURUSA SA DAGAT-DAGATANG APOY NG IMPIYERNO NA KUNG SAAN ANG KANILANG MGA KALULUWA'Y HINDI MAMAMATAY.
MATEO 7:13-14, 22-23; APOKALIPSIS 14:11



NAGBIGAY SI HESUS NG ISA PANG KUWENTO:
MAY ISANG LALAKING MAYAMAN, NAKADAMIT SIYA NG KULAY UBE AT PINONG LINO. NAMUMUHAY SIYA SA KARANGYAAN ARAW-ARAW. SIYA'Y TAPAT AT PATAS, HINDI MASAMANG TAO, NGUNIT ANG KANYANG PALAGING INIISIP AY KANYANG SARILI LAMANG.
KANYANG INIIPON ANG KANYANG MGA SALAPI AT YUMAMAN NG YUMAMAN SA BAWAT ARAW.



DALHIN MO ITONG MGA MUMO SA AKING PINGGAN AT IBIGAY MO ITO SA NAMAMALIMOS NA SI LAZARUS NA NASA AKING TARANGKAHAN. AKO'Y ISANG TAO NA MAHABAGIN AT MAY MABUTING MGA GAWAIN.
OPO AKING AMO; TIYAK NA ITO'Y KANYANG IKASISIYA.


SINABI NG AKING AMO NA IBIGAY KO RAW ITONG MGA MUMO SA IYO.
PURIHIN ANG PANGINOON! ANG DIYOS AY TALAGANG NAGLALAAN PARA SA MGA KANYA. ANG MGA ITO'Y SOBRA NA SA ANONG DAPAT SA AKIN. PAKIPASALAMATAN MO PO AKO SA IYONG PANGINOON.
NAPAKARAMI NA NANG AKING KAYAMANAN; KAILANGAN KO NG MALALAKING KAMALIG *UPANG MAPAGLAGYAN* SA AKING MGA ARI-ARIAN.


IKAW NA HALING, NGAYONG GABING ITO IKAW AY MAMAMATAY AT KAILANGANG MAGBIGAY SULIT PARA SA IYONG KALULUWA.
HINDI!!!!!!
ITO'Y ITINAKDA SA MGA TAO ANG MAMATAY NA MINSAN, AT PAGKATAPOS NITO'Y ANG PAGHUHUKOM.
LUKAS 16:22


HABANG ANG PROSISYON SA PAGLIBING SA TAONG MAYAMAN PAPAALIS NG BAHAY, KANILANG NAPUNA ANG NAMAMALIMOS NA SI LAZARUS AY PATAY NA RIN.
SI *LAZARUS* ITO, ANG MATANDANG NAMAMALIMOS. SIYA RIN AY NAMATAY KAGABI. NAPAKA-PAYAPA NIYANG TINGNAN.
ANG KATAWAN NI LAZARUS AY ISINAKAY SA ISANG KARO NA WALANG SEREMONYAS PAPALABAS SA SIYUDAD, NA KUNG SAAN ITO'Y BINIGYAN NG LIBING PARA SA ISANG PULUBI. WALANG LAMAY AT WALA NI ISANG TAO ANG TUMANGIS SA KANYANG PAGPANAW.


NGUNIT DUMATING ANG MGA ANGHEL AT DINALA SI LAZARUS SA PARAISO.
*WOW! ANG GANDA NG AKING BIYAHE!* HINDI KO INISIP NA ANG PAGIGING PATAY AY SADYANG *MASAYA!*
LAZARUS, AMING KAPATID, MALIGAYANG PAG-UWI. HINDING HINDI KA NA MAGUGUTOM MULI AT ANG IYONG KATAWAN AY HINDING HINDI NA MASASAKTAN. HALIKA, MAY INIHANDA KAMING HAPAG KAINAN PARA SA IYO.


ISA SIYANG MABUTING TAO. MAY MGA PANAHON NA MALUPIT SIYA SA KANYANG MGA MINAMAHAL, NGUNIT PALAGI NATING TATANDAAN NA MAHAL NIYA ANG KANYANG BAYAN AT SIYAY TAPAT SA KANYANG PAKIKITUNGO.
SIYA'Y PUMUNTA NA SA KANYANG GANTIMPALA. NAWA'Y ANG KANYANG KALULUWA'Y MAGPAHINGA SA WALANG HANGGANG KAPAYAPAAN.
ANG TAONG MAYAMAN AY NAGKAROON NG PINAKAMAGANDANG LIBING SA ISANG MAGARANG LIBINGAN, AT LAHAT NA NAGNANAIS SA KANYANG PERA DUMALO UPANG TINGNAN KUNG ANO ANG KANYANG INIWAN PARA SA KANILA AYON SA KANYANG TESTAMENTO.


NGUNIT NG MAMATAY ANG TAONG MAYAMAN, NAKITA NIYA ANG KANYANG SARILI NA NAHUHULOG SA HUKAY NG KALALIMAN.
LUKAS 16:19-22; HEB. 9:27


TULUNGAN NINYO AKO! O DIYOS KO, KAHIT SINO TULUNGAN NINYO AKO! NANDITO AKO SA ALAB!


AMANG ABRAHAM, MAAWA PO KAYO SA AKIN. NAKIKITA KO SI LAZARUS DIYAN. SUGUIN MO SI LAZARUS NA ITUBOG NIYA ANG KANYANG DALIRI SA TUBIG AT PALAMIGIN ANG AKING DILA, SAPAGKAT AKO AY NAGHIHIRAP SA ALAS NA ITO.
ANAK, GUSTO KUNG TUMULONG SA IYO KUNG PUPUWEDE LANG SANA, NGUNIT MAYROONG ISANG MALAKING BANGIN NA NAMAMAGITAN SA ATIN, AT ANG LAWANG APOY AY NASA ILALIM. HINDI *KAMI* MAKAKATAWID UPANG TULUNGAN KA, GAYON DIN IKAW AY HINDI MAKAKATAWID DITO SA BAHAGI NAMIN.


SAMAKATUWID PO IPADALA NINYO SI LAZARUS PABALIK SA BAHAY NG AKING AMA UPANG MAGPATOTOO SA AKING LIMANG LALAKING KAPATID UPANG HINDI NILA SAPITIN ANG NAKAKASINDAK NA LUGAR NA ITO NG PAGDURUSA.


LUKAS 16:22-31
NASA KANILA NA SINA *MOISES* AT ANG MGA *PROPETA*. BAYAANG SILA'Y MANIWALA SA KASULATAN.
NGUNIT HINDI IYAN SAPAT PARA SA KANILA. KUNG KANILANG MASASAKSIHAN ANG HIMALA NG PAGKABUHAY MULI, SILA'Y MANGAGSISISI.
KUNG HINDI NILA PANINIWALAAN ANG *KASULATAN*, HINDI SILA MAHIHIKAYAT KUNG KANILANG MAKIKITA ANG ISANG TAO NA NAGBANGON MULA SA MGA PATAY. HULI NA ANG LAHAT PARA SA IYO. KAILANGAN *NILANG* GUMAWA NG SARILING DESISYON. PAUMANHIN. WALA AKONG MAGAGAWA.


HOY, MGA GUWAPO! GUSTO NINYONG MAGLIBANG? MURA LANG ANG AKING PAG-IBIG.
GURO, HUWAG MO PO SIYANG INTINDIHIN. WALA TAYONG PANAHON SA BABAENG TULAD NIYA.


ANG BANAL NA KASULATAN NAGSASABI, "HUWAG KANG *MAKIKIAPID*."
HOY, ISA AKONG RELIHIYOSON G BABAE. NANINIWALA AKO SA DIYOS.
*NALINLANG* KA NG DIYABLO, WALA KANG IBANG PUPUNTAHAN MALIBAN SA LAWANG APOY.


NARINIG MO ANG IYONG KAIBIGAN. HULI NA ANG LAHAT PARA SA AKIN. NAKIKISIPING NA AKO SA MGA LALAKI MULA NG BATA PA AKO.
HINDI PA HULI ANG LAHAT PARA SA DIYOS. KUNG SIYA'S IYONG HAHANAPIN, SIYA'Y IYONG MATATAGPUAN. PATATAWARIN NIYA ANG IYONG MGA KASALANAN AT PAGAGALINGIN ANG IYONG KALULUWA.


ANG AKING KALULUWA AY PAG-AARI NG DIYABLO. NGUNIT ITO'Y IBIBIGAY KO SA DIYOS KUNG SIYA'Y... SIYA'Y...S'YAA...S'YAA...




EXODO 20:14; LUKAS 8:2; 1 JUAN 1:9


EEEEEEE!
SATANAS, LUMABAS KA SA KANYA!


INU-UTUSAN KITANG LUMABAS SA KANYA AT HUWAG NG BABALIK MULI.
SA UTOS NI HESUS, PITONG DEMONYO ANG LUMISAN SA BABAE.



WALA NA SILA!
SINO KA?
AKO SI HESUS.


LUKAS 8:2, 11:24-26
KAILANGAN TIGILAN MO NA ANG IYONG KASALANAN AT SUMAMBA KA SA DIYOS AT KUNG HINDI, BABALIK MULI ANG MGA DEMONYO AT MAGDADALA NG IBA PANG MAS MASAHOL PA KAYSA KANILA.
GUSTO KONG MAGLINGKOD SA DIYOS. SUSUNOD AKO SA IYO AT MATUTO NG MARAMI.
ANONG NANGYARI SA KANIYA?


GURO, NAKITA KO ANG PANGYAYARI, ITO'Y *KAMANGHA-MANGHA*. ANG MGA LIDER NG ATING RELIHIYON AY BINABALEWALA SI MARIA MAGDALENA TUWING ARAW,
NGUNIT ANG IBA SA KANILA AY PUMUPUNTA SA KANYA PAGGABI. BINIGYAN MO PO SIYA NG *BAGONG BUHAY*.
MAAARI PO BANG KAYO'T INYONG MGA DISIPULO AY MAGSADYA SA AKING BAHAY AT KUMAIN? NAIS KONG ANG AKING MGA KAIBIGAN AY MAKARINIG TUNGKOL DITO.
SUSUNOD KAMI.


SABIHIN MO SA AMIN, HESUS, PAPAANO MAGING TAPAT AT BUSILAK SA LIPUNANG MASAMA? MAGUGUTOM KAMI KUNG HINDI NAMING BABALUKTUTIN NG KAUNTI ANG BATAS.
HUWAG NINYONG PAGPAGURAN ANG MGA BAGAY NA NAGLALAHO, NGUNIT ANG MGA BAGAY NA TUMATAGAL MAGPAKAILANMAN. HUWAG NINYONG ISIPIN ANG INYONG SARILING KAYAMANAN, NGUNIT ISIPIN NINYO KUNG PAPAANO KAYO MAGING ISANG PAGPAPALA SA IBA.


ANG BUHAY AY HIGIT PA KAYSA PAGKAIN AT DAMIT. KUNG DINAMITAN NG DIYOS ANG MGA LIRIO SA PARANG, DADAMITAN DIN NIYA KAYO.
DARATING ANG ORAS NA ANG BAWAT TAO AY TATAYO SA PAGHATOL SA HARAPAN NG DIYOS AT MAGBIBIGAY NG SULIT SA BAWAT GAWAIN NA NAGGAWA SA PAMAMAGITAN NG KATAWAN, MAGING ITO'Y MABUTI O MASAMA.


HUWAG NINYONG GAYAHIN ANG INYONG MGA LIDER NG RELIHIYON, DAHIL SILA'Y NAMUMUHAY TALIWAS SA KUNG ANO KANILANG PINANGANGARAL. PARA SILANG MGA MANGKOK NA MALINIS SA LABAS, *NGUNIT MARUMI SA LOOB.*
KAPAG ANG INYONG KATUWIRAN AY HINDI ***HUMIGIT*** SA KANILA, HINDING HINDI KAYO MAKAKAPASOK SA KAHARIAN.

ECLESIASTES 12:14; MATEO 23:25, 6:19-21, 25, 28-30, 12:36; LUCAS 15:1-3




MAY ISANG TAO NA MAY DALAWANG LALAKING ANAK. ANG BUNSONG ANAK AY SUWAIL AT GUSTONG MAMUHAY SA KALAYAWAN.
ABA, GUSTO KONG KUWENTONG IYAN.


KAYA'T HININGI NIYA NA KANYANG MAKUHA ANG KANYANG MANA NGAYON.
AMA, KUNG IYO LAMANG IBIGAY ANG AKING BAHAGI NG BUKID NGAYON, LULUWAS AKO NG SIYUDAD AT HAHANAPIN ANG AKING KAPALARAN.
NGUNIT ANAK, ANG LAHAT NG AKIN AY SA IYO. HINDI NA AKO MABUBUHAY NG MATAGAL PA AT IKAW AT ANG IYONG KAPATID ANG MAGMAMANA NANG LAHAT NG ITO. MAGKAKAROON KAYO NG MARAMING PERA HABANG KAYO AY NABUBUHAY. MARAMI TAYONG MGA TUPA AT BAKA. ANG ATING BUKIRIN AY HITIK SA MGA BUTIL KADA TAON. MARAMI TAYONG MGA UTUSAN AT MASAGANA...


NGUNIT GUSTO KONG LUMABAS AT MAKITA ANG MUNDO. AYOKONG TUMIRA SA BUKID AT MAGTRABAHO NA PARANG ISANG ALIPIN SA BUONG BUHAY KO. HABANG AKO'Y BATA PA GUSTO KONG MAGKAROON NG KALIGAYAHAN. ANG AKING MGA KAIBIGAN...
ANG LAHAT NG IYONG MGA KAIBIGAN NA HINDI NAGTATRABAHO AY WALANG IBANG INIISIP KUNDI ALING MGA KABAYO ANG MATUTUUN, ALING MGA ALAK ANG PINAKAMASARAP, AT ALING MGA BABAE ANG KAHALI-HALINA.


ANONG ALAM MO SA BUHAY? PALAGI KANG NANANATILI DITO SA LUMANG BUKID NA ITO. GUSTO KO ANG AKING PARTE SA BUKID NGAYON. LULUWAS AKO SA SIYUDAD AT GUMAWA NG SARILING PAMARAAN SA BUHAY.
*IBIGAY MO NA SA KANYA.* MAS BUBUTI ANG BUHAY NATIN NA WALA SIYA. HINDI NAMAN NIYA GINAGAWA ANG KANYANG TRABAHO.


IBINIGAY NG AMA SA BUNSONG ANAK ANG PARTE NG MANA. KAYA ANG ANAK UMALIS PALAYO SA IBAYONG DAGAT PAPUNTA SA MGA MALALAKING SIYUDAD KUNG SAAN SIYA MAKAKATAGPO NG KASIYAHAN.
*GANITO ANG BUHAY*- WALANG NAGSASABISA AKIN KUNG ANO ANG GAGAWIN.

LUKAS 15:13


ANG BUNSONG ANAK...
WOW, MAS MALUWALHATI PA ITO KAYSA SA AKING INIISIP. ANG LAHAT NG MGA TAO DITO AT MGA GUSALI. DITO KUNG SAAN MAGSISIMULA ANG KASAYAHAN.
KAILANGAN KONG MAKAHANAP NG ISANG MAGANDANG TIRAHAN NA MARERENTAHAN.



NAPAKAGANDA NITO. KUKUNIN KO ITO.
KUNG MAYROON PA KAYONG KAKAILANGANIN TUMAWAG LANG KAYO. PAGSISILBIHAN KA NAMIN ARAW AT GABI.


NGAYON SINO PA ANG MAG-AASAM NG MAS MAHIGIT PA DITO? BUKAS LALABAS AKO AT MAKIKI-PAGKAIBIGAN SA IILANG MGA TAO.
LUKAS 15:11-13


AY, ANO BANG MERON TAYO DITO? ISANG PROBINSIYANO? MUKHANG GUWAPO SIYA KUNG MAKIKITA LANG NATIN ANG KANYANG MUKHA.
HOY, KAIBIGAN, KUNG NAGHAHANAP KA NANG KASIYAHAN, KAILANGAN MONG MAG-AHIT AT BUMILI NG MAS MAGAGANDANG DAMIT.


PILYO KA. HINDI KA NAMAN PALA PANGIT TIGNAN SA BAGONG DAMIT.


NATUTUWA AKO'T NAKASAMA KA NAMIN SA HAPUNAN.
HINDI BA'T GUWAPO SIYA NGAYONG WALA NG MARUMING BALBAS SA KANYANG MUKHA?


ISANG TAGAY PARA SA ATING BAGONG KAIBIGAN. NAWA'Y PALAGI NIYANG MATATAGPUAN ANG KAGALAKAN AT KASIYAHAN.
AT *PAG-IBIG.*




LUKAS 15:13-15


HINDI BA TAYO PUWEDENG PUMUNTA SA IYONG APARTMENT, TAYONG DALAWA LAMANG?


AT SA GAYON, ANG BINATILYO, NA MALAYO SA TAHANAN, NAMUHAY NG MASAGANA NG MARAMING BUWAN. MARAMI SIYANG NAGING KAIBIGAN HABANG MAY PERA.
DUMATING ANG ARAW NG NAUBOS NG KALAYAWAN ANG LAHAT NIYANG YAMAN- NGUNIT MARAMI PA RIN SIYANG MGA KAIBIGAN NA MEDYO MAYAMAN.



ANONG IBIG MONG SABIHING WALA SIYANG KASALANAN? INAANGKIN NIYANG SIYA AY ANAK NG DIYOS.
OO NGA, PERO NANGANGAILANGAN NG MARAMING PERA UPANG MAMUHAY DITO, AT NAUBOS KO ANG AKING KAHULI-HULIHANG PERA SA PAGSUSUGAL NOONG NAKARAANG LINGGO. AKALA KO MAPAPARAMI KO ANG AKING PERA NGUNIT...


ANG IBIG MONG SABIHIN WALANG-WALA KA NA? PAANO MO MABIBILI ANG DAMIT NA IPINANGAKO MO SA AKIN?
AKO AY UMAASA NA MABIBIGYAN AKO NG IYONG AMA NG TRABAHO NA MANGANGASIWA SA ISA KANYANG MGA ARI-ARIAN.
TRABAHO?


HINDI AKO MAKAPANIWALA NA MAGPAPAKAIN AKO NG MGA BABOY-MGA MARURUMING HAYOP.
AKALA KO MAY MGA KAIBIGAN AKO. NI HINDI NILA AKO KINAKAUSAP. NGUNIT HAHANAP AKO NG MAS MABUTI PANG TRABAHO AT *BABALIK* SA IBABAW.
OINK
NGORK...
NGORK...

LUKAS 15:13


WALA AKONG PAKIALAM KUNG GAANO KALUBHA ANG SAKIT MO. PUMUNTA KA DOON AT ALAGAAN ANG MGA BABOY. SISISANTIHIN KITA AT KUKUHA AKO NG IBA. KUMILOS KA!
OPO, SIR. PAUMANHIN PO. NGAYON DIN PO.


NI HINDI AKO NABABAYARAN NG SAPAT NG TRABAHONG ITO UPANG MAKAKAIN NG MARANGAL. SA PALAGAY KO ANG AKING MGA KUNWARING KAIBIGAN AY KUMAKAIN NG MASARAP.


TINGNAN MO ITONG KINAHANTUNGAN KO. AKO'Y NILALAMIG, GUTOM AT PAGOD. PUWEDE KO NANG KAININ ITONG PAGKAING BABOY. ANG MGA UTUSAN NG AKING AMA AY MAYROONG SOBRA-SOBRANG PAGKAIN. KUNG PUWEDE LANG AKONG.... NGUNIT HINDI, HINDI AKO PUWEDENG BUMALIK DOON, PAGKATAPOS NG NANGYARI SA AKING PAG-ALIS. TATANGGIHAN NILA AKO.


NAPAKABALIW KO. PAPAANO KAYA KUNG BABALIK AKO BILANG ISANG UTUSAN? NAUBOS KO NA ANG LAHAT NG AKING MANA. NGUNIT MAAARI AKONG MAGING ISANG UTUSAN-KUNG TATANGGAPIN NILA AKO.


UUWI AKO.
LOKO-LOKO KA! WALA KA NANG PERA. KINAKAILANGAN MONG MAGLAKAD NANG LIBU-LIBONG MILYA.




LUKAS 15:20-22


NAKIKITA NYO BA ANG TAONG IYON NA PAPALAPIT? ANG AKING MGA MATA AY MALABO NA, NGUNIT SASABIHIN KO SA INYO ANG NAGLALAKAD NA IYON AY PARANG ANG AKING MATAGAL ***NANG NAWAWALANG ANAK.***
OO NGA PO, MEDYO MAS MATANDA, AT MAS PAYAT NGAYON, NGUNIT AKO PO AY NANINIWALA NA SIYA ***ANG INYONG ANAK.***



ANAK KO


ANAK KO, ANAK KO! IKAW AY BUMALIK!
AMA, AKO PO AY NAGKASALA SA INYONG PANINGIN...



AT HINDI NA KARAPAT-DAPAT TAWAGIN NA INYONG ANAK.


LUKAS 15:16-19
AKALA NAMIN IKAW AY PATAY NA, AT NGAYON IKAW AY MULING NABUHAY. LILINISIN KA NAMIN SA LALONG MADALING PANAHON...
HINDI KA PUWEDENG PUMASOK SA BAHAY NA GANITO ANG HITSURA. ANG AKING UTUSAN AY MAGDADALA NG PINAKA-MAGANDANG BALABAL AT SAPATOS PARA SA IYONG MGA PAA. ANG IYONG SINGSING AV NAWALA. TAMA, KINAKAILANGAN MO NG BAGONG SINGSING. ANG AKING ANAK NA MINSAN AY NAWALA NGAYON AY NAKITA.


PATAYIN ANG PINATABANG GUYA, MAGHANDA NG ISANG PIGING, MAG-IMBITA NG MGA PANAUHIN, AT TAYO AY MANGAG-KATUWA, DAHIL ITO AY ARAW NG PAGSASAYA.


AKO AY LUBOS NA NAGAGALAK KAYONG LAHAT AY NAPARITO UPANG MAKIPAGSAYA SA AKIN SA NAKAKALUGOD NA OKASYONG ITO. MAHINA PA ANG AKING ANAK DAHIL SA KANYANG SINAPIT, NGUNIT SA MGA MASUSUTANSIYANG PAGKAIN SIYA AY LALAKAS MULI. ITO ANG PINAKA-MASAYANG ARAW SA AKING BUHAY.


ANG NAKAKATANDANG KAPATID AY NAWALA NG ILANG ARAW. SA KANYANG PAGBABALIK NAKITA NIYANG ISANG PIGING ANG IDINAOS.
ANO ITONG NARIRINIG KONG KANTAHAN AT SAYAWAN?
ANG BUNSO MONG KAPATID AY NAKAUWI SA KALUNOS-LUNOS NA KONDISYON. SIYA AY MASAKITIN AT PULUBI. ANG IYONG AMA AY NAGSASAYA NA SIYA AY NAGBALIK MULI. MAGMADALI PO KAYO'T PUMASOK SA LOOB.
AYOKONG MAKILAHOK SA KAHIBANGANG ITO. SIYA AY NAMUHAY SA KASALANAN AT KAHIHIYAN.
SINABI NG UTUSAN SA AMA KUNG ANO ANG SINABI NG KANYANG ANAK, AT SIYA AY LUMABAS UPANG KAUSAPIN ANG ANAK.



SA MATAGAL NA PANAHON HINANAP KO SIYA, AKALA KO SIYA AY PATAY NA. MALAPIT NA SANA AKONG SUMUKO NGUNIT HETO SIYA NAGLALAKAD SA DAAN. MANINIWALA KA BA SA GANITONG **PAGPAPALA?** ANG *DIOS AY MABUTI!*
HINDI AKO MAKAPANIWALA NA KAYO AY NAGSASAYA KASAMA ANG MAKASALANANG KAGAYA NIYA. HINDI AKO MAKIKI-LAHOK.




LUKAS 15:23-32


MAPANGANIB ANG TAONG ITO. MAHAL SIYA NG LAHAT.
SIYA'Y NAGBIBIGAY NG PAG-ASA SA KANILA.
OO, NGUNIT ITO AY HINDI TOTOONG PAG-ASA. SINO BA ANG MAKAPAGBIBIGAY NG BUHAY NA WALANG HANGGAN? KAILANGANG SIYA AY MAMATAY. TAWAGIN ANG LAHAT. MAGTITIPON TAYO NGAYONG GABI SA BAHAY NG DAKILANG SASERDOTE.


HALIKAYO, BABALIK TAYO SA GALILEA AT MAGPAHINGA MUNA. ANG ORAS AY MALAPIT NG DUMATING NA AKO AY IPASOK NILA SA BILANGUAN. AKO AY KANILANG TUTUYAIN AT IPAPAKO SA KRUS. NGUNIT SA IKATLONG ARAW AKO AY BABANGON MULA SA MGA PATAY.
ANONG IBIG NIYANG SABIHIN, *'MAGBABANGON MULA SA MGA PATAY?'*
WALA AKONG KAALAM-ALAM. PARANG ITO AY ISANG TALINGHAGA.


GURO, ITO PO AY ISANG IMPORTANTENG BAGAY! IPINADALA AKO NI MARTHA UPANG IKAW AY HANAPIN. ANG KANYANG LALAKING KAPATID NA SI LAZARO AY MALUBHA. SIYA PO AY INYONG MAHAL NA KAIBIGAN. KUNG KAYO PO AY MAGMAMADALI, MAAABUTAN PA NINYO SIYA NA BUHAY. ALAM PO NAMIN NA MAPAPAGALING NINYO SIYA.
MAY SAKIT SI LAZARO? ***DAPAT TAYONG MAGMAMADALI!***
SABIHIN MO KAY MARIA AT MARTA NA AKO AY DARATING. AT SABIHIN MO SA KANILA NA ANG KADAHILANAN NG SAKIT NA ITO AY HINDI SA KAMATAYAN, NGUNIT UPANG ANG ***DIOS AY LUWALHATIIN.***


LUMIPAS ANG DALAWANG ARAW
GURO, DALAWANG ARAW NA PO ANG LUMIPAS NG MALAMAN NATING SI LAZARO AY MALUBHA, AT AABUTIN TAYO NG DALAWA PANG ARAW BAGO TAYO MAKAKARATING DOON. HINDI PA BA *TAYO AALIS?*
BUKAS AY AALIS TAYO. MAKIKITA NINYO ANG ***KALUWALHATIAN*** NG ***DIOS.***




MATEO 20:17-20; JUAN 11:1-15


SI HESUS AT ANG KANYANG MGA ALAGAD AY NASA LABAS NG TARANGKAHAN.
SABIHIN MO SA KANILA NA HINTAYIN NILA AKO DOON. LUBHANG MAPANGANIB PARA SA KANILA ANG PAGPASOK NA NANDIDITO ANG MGA PARISEO AT MGA SASERDOTE. HINAHANAP PA RIN NILA SIYA UPANG PATAYIN.
HINDIIII!
AAHHHHH!
KAWAWANG LAZARUS!


PANGINOON, KUNG NANDITO KA LAMANG, BUHAY PA SANA ANG KAPATID KO. SUBALIT KAHIT NGAYON MAARI MONG HINGIN ANO MANG GUSTO MO AT ITO AY GAGAWIN NG DIYOS PARA SA IYO.
BABANGON ANG IYONG KAPATID MULA SA MGA PATAY.
ALAM KO PO NA SIYA AY BABANGON SA ARAW NG PAGKABUHAY NA MAG-ULI SA KATAPUSAN NG MUNDO.


AKO ANG PAGBUHAY AT ANG *BUHAY*.
SIYA NA NANINIWALA SA AKIN, KAHIT NA SIYA AY PATAY, ***MABUBUHAY SIYANG MULI.*** AT ANG MGA BUHAY NA NANINIWALA SA AKIN AY HINDING *HINDI MAMAMATAY.* NANINIWALA KA BA DITO?


OPO, PANGINOON, AKO AY NANINIWALA NA IKAW ANG **MESIYAS**, ANG *ANAK NG DIOS*, NA **HINULAAN** NA DARATING DITO SA MUNDO.



PAGKATAPOS MAKIPAG-USAP NI MARTA KAY JESUS, IPINASUNDO NIYA SI MARIA SA ISANG UTUSAN,
HALIKAYO. PUPUNTA SIYA SA LIBINGAN UPANG TUMANGIS.
OHHHHH!
JUAN 11:32-42


PANGINOON, KUNG NANDITO LAMANG PO KAYO, HINDI MAMAMATAY ANG AKING KAPATID.
SAAN NINYO SIYA INILIBING?


NANGUNGULILA KAMI SA KANIYA.


TINGNAN NINYO KUNG GAANO KAMAHAL NI JESUS SI LAZARO.
HINDI BA SIYA NAKAKAPANGGAMOT NG BULAG AY MAARI DIN SANA NIYANG HADLANGAN ANG KAMATAYAN NG KANYANG KAIBIGAN?


PAGULUNGIN ANG BATO.
NGUNIT PANGINOON, SA ORAS NA ITO SIYA AY NANGANGAMOYNA, DAHIL APAT NA ARAW NA SIYANG PATAY.
HINDI BA SINABI KO SA INYO SA KUNG KAYO AY MANINIWALA SA AKIN MAKIKITA NINYO ANG KALUWALHATIAN NG DIOS? ALISIN ANG BATO.


AMA, AKO AY NAGPAPASALAMAT SA INYO NA AKO AY DININIG NINYO. HINDI KO PO ITO HINIHINGI PARA SA AKING KAPAKANAN, DAHIL ALAM KO PALAGI MO AKONG PAKIKINGGAN, NGUNIT AKO AY NAGSUSUMAMO UPANG SILA NA NAKATINGIN AY MANIWALA NA AKO AY IPINADALA MO. NGAYON AMA, LUWALHATIIN MO ANG IYONG SARILI.
JUAN 11:17-31


LAZARO, LUMABAS KA.
SUMUSOBRA NA SIYA NGAYON.
OO NGA, GINAGAWA NIYANG BALIW ANG SARILI NIYA.


ANG KATAWAN AY NAAGNAS NA.
SA ORAS NA MAKITA NG MGA TAO NA SIYA AY HUWAD, MAGIGING MADALI PARA SA ATIN ANG PAGHULI SA KANYA AT PATAYIN.


ANO ?
HINDI AKO MAKAPANI WALA DITO!
HINDI ITO MAAARI!


LUWALHATIIN ANG DIOS!
YEHEEEEEY!


NAGAWA NIYA, MARIA! NAGAWA NIYA!
BUHAY SIYA! MATAPOS ANG APAT NA ARAW, BUHAY SIYA.

JUAN 11:44-48


SI LAZARO, MATAPOS ANG APAT NA ARAW NA NAMATAY, LUMABAS SA LIBINGAN, NA NATATALIAN ANG KAMAY AT PAA AT NAKADAMIT PAMBUROL.
KALAGAN NYO SIYA AY HAYAAN SIYANG HUMAYO.
SINO PA ANG MAKAKAGAWA SA GANYANG BAGAY MALIBAN SA DIYOS?


ANO BA ANG PROBLEMA? ILABAS NINYO AKO DITO SA DAMIT PAMBUROL.
IKAW AY NAMATAY NG APAT NA ARAW.
GURO, AKO AY NATUTUWA NA MAKITA KA. SA AKING PALAGAY IKAW ANG MAY GAWA NA AKO'Y MAKABALIK?


OH LAZARO, KAMI AY NANGUULA SA IYO.
GUTOM NA AKO PAPAUWIIN NA ANG MGA NAGDADALAMHATI AT TAYO NANG KUMAIN.
PURIHIN KA, O PANGINOON AMING DIYOS.



MAKAKAPANIWALA KA BA SA IYONG NAKITA? HINDING-HINDI NIYA MADADAYA IYON. NAKITA KO SI LAZARO NOONG HINDI PA NILA SIYA INILIBING. TALAGANG PATAY NA SIYA, WALANG KADUDA-DUDA ITO.
SA ORAS NA MARINIG ITO NG BUONG HERUSALEM, SIYA AY GAGAWIN NILANG HARI. KAILANGAN MAYROON TAYONG GAWIN SA LALONG MADALING PANAHON.
SASABIHIN NAMIN ITO SA MGA ESKRIBA AT MGA PARISEO KAAGAD.



IYANG HESUS NA IYAN GUMAWA NG MALAKING PALABAS SA ARAW NA ITO. KAHIT NA ANG MGA TAO NA NAKAKITA AY INIISIP NA TALAGANG BUMUHAY SIYA NG TAO MULA SA MGA PATAY.
HINDI NA IMPORTANTE KUNG PAPAANO NIYA GINAWA ITO; KUNG HINDI SIYA MAPATIGIL, MABIBIHAG NIYA ANG MGA PUSO NG MGA TAO.
KUNG MAGKAKAROON NG ISA PANG REBELYON, ANG MGA TAGA-ROMA AY MAARING TANGGAUN TAYO SA KAPANGYARIHAN. INAASAHAN NILANG BABANTAYAN NATIN ANG KAPAYAPAAN.
JUAN 11:43-44



NGUNIT SI HESUS AY HINDI NAGING MABANGIS KAILAN MAN O MAY SINABING MASAMA LABAN SA ROMA.
ANG KANYANG MGA SALITA AY MABABANGIS! LANTARAN NIYA TAYONG TINAWAG NA MGA IPOKRITO. PINAGTATAWANAN TAYO NG MGA TAO. HARAP-HARAPAN NIYA TAYONG TINUTUYA.


KAILANGAN MAWALA SIYA. HINDI NIYA KAYANG BUHAYIN ANG KANYANG SARILI MULA SA MGA PATAY.
KAILANGANG MADALIIN ITO, BAGO PA NIYA MAWASAK ANG LAHAT NG RESPETO SA ATING RELIHIYON.
O BAGO PA MAYROONG GAWIN ANG MGA TAGA-ROMA SA ATIN.


TINANGGIHAN NILA AKO AT PINAGSISIKAPANG PATAYIN. HINDI NILA NAIINTINDIHAN NA AKO AY DUMATING UPANG MAGING KANILANG KALIGTASAN. SASABIHIN KO ITO SA INYO NA PAGKATAPOS NA AKO AY MAWALA, GIGIBAIN NG ROMA ANG PINAKAMAMAHAL NILANG TEMPLO. WALANG BATO NA MAIIWAN NA NAKAPATONG SA IBABAW NG ISA PANG BATO.


DARATING ANG PANAHON NA SILANG NAGMAMAHAL SA AKIN AY IPAPASOK SA BILANGGUAN. KAMUMUHIAN KAYO NG SANLIBUTAN DAHIL MAHAL NINYO AKO. ANG IILAN SA INYO AY MAMAMATAY SA KANILANG MGA KAMAY. ANG IBA NAMAN AY IPAGTATABUYAN SA KANILANG MGA TAHANAN AT HINDI PAPAYAGANG MAGTRABAHO. HUWAG KAYONG MAGULAT SA ORAS NA INYONG MAKIKITA ANG LAHAT NG ITO AY MAGAGANAP, DAHIL MAGKAKAROON NG MARAMING MGA DIGMAAN, MGA LINDOL, MGA SAKIT, MGA TAGGUTOM, AT LAHAT NG KLASENG MGA SAKUNA, NGUNIT ANG KATAPUSAN AY HINDI PA DARATING SA MGA ITO.


ANG MGA ITO AY SIMULA LAMANG NG MGA KAHIRAPAN. ANG HERUSALEM AY SASAKUPIN NG MGA HENTIL HANGGANG MATAPOS ANG PANAHON NG MGA HENTIL. AT KAPAG MAYROONG MAGSASABI SA INYO NA KAILANGAN NINYONG PUMUNTA DITO O DOON UPANG AKOY SALUBUNGIN, HUWAG KAYONG MANIWALA SA KANILA. MAYROONG MARAMING MAGPAPANGGAP NA SILA'Y SINUGO KO AT MANGANGARAL SA AKING PANGALAN.




MATEO 10:22, 24:2, 5-9, 21, 27-31; LUKAS 19:43-44, 21:8;
JUAN 11:49-53; APOCALIPSIS 2:10


GURO, IPINADALA PO AKO NI MARTHA UPANG HANAPIN KAYO. IPINAPASABI PO NIYA SA INYO NA KAYO AT INYONG MGA ALAGAD AY KATANGGAP- TANGGAP SA KANILANG TAHANAN. HINDI NA KAYO LIGTAS SA HERUSALEM. MAY IILANG TAO NA HINDI NASISIYAHAN NA BINUHAY NINYO ANG AKING PANGINOON MULASA MGA PATAY. HINDI PO BAMAAARING SUMAMA KAYO AT TUMIRA SA AMIN?
KAMI'Y NAGAGALAK NA SUMAMA. GUSTO KONG MULING MAKITA SILA ISA PANG BESES BAGO ANG ORAS NG AKING PAGLILITIS.


SINA HESUS AT ANG KANYANG MGA ALAGAD.
GURO ANG AKING BAHAY AY SA INYO. MAGSITULOY PO KAYO AT MAGPAHINGA.
LAZARO, AKING KAIBIGAN, MAS KAAYA-AYA KANG TIGNAN KAYSA HULI KITANG NAKITA. MAGANDANG PUMUNTA SA IYONG BAHAY KAYSA IYONG LIBINGAN.


MAY HINIHANDA KAMING PIGING. MAY MGA PANAUHIN NA INIMBITA.
GURO IKAW ANG MULING PAGKABUHAY AT ANG BUHAY.




MATEO 20:19, 26:2;
JUAN 12:1-2, 14:6


IKAW ANG MULING *PAGKABUHAY AT ANG BUHAY.* SIYA NA NANINIWALA SA INYO AY HINDING *HINDI MAMATAY.*


MARIA, ANONG GAGAWIN MO SA PANG-EMBALSAMONG *PABANGO NA IYAN?*


AKING PANGINOON IKAW ANG MULING PAGKABUHAY AT ANG BUHAY. KAHIT NA IKAW AY MAMATAY, IKAW AY MABUBUHAY NA MAG-ULI.


MARIA, ANG PABANGONG IYAN AY NAGKAKAHALAGA NG ISANG TAONG SAHOD, BAKIT MO ITO SINASAYANG.
NGUNIT KANYANG PINAPAHIRAN NG LANGIS ANG PANGINOON.
MAARI ITONG IPAGBILI AT ANG PERA AY IBIBIGAY SA MGA PULUBI.


PINUNASAN NI MARIA ANG MGA PAA NI HESUS NG KANYANG BUHOK.
PABAYAAN MO SIYA. GINAWA NIYA ITO PARA SA AKING INAASAHANG DARATING NA LIBING.


ANONG IBIG NIYANG SABIHIN SA LIBING?
SABI NIYA SIYA DAW AY IPAPAKO SA KRUS. NGUNIT SIGURADONG HINDI NIYA IBIG SABIHING TUNAY NA PAGPAPAKO SA KRUS HANGGANG KAMATAYAN.


SINABI KO NA SA INYO NA ANG MABUTING PASTOR AY IBIBIGAY ANG KANYANG BUHAY PARA SA MGA TUPA AKO'Y HINDI TATANGGAPIN, IPAPAKO SA KRUS, AT ILILIBING, NGUNIT SA IKATLONG ARAW AKO AY BABANGONG MULI.
INIHANDA NI MARIA ANG AKING KATAWAN PARA SA AKING LIBING. DUMATING NA ANG ORAS, ANG ORAS NA AKO AY LULUWALHATIIN. HALIKAYO, KAILANGANG PUMUNTA TAYO SA JERUSALEM, KUNG SAAN ITO MAGAGANAP.
MATEO 20:19; JUAN 12:3-8, 10:11


GURO, ANG BUONG HERUSALEM AY NAG-HIHINTAY SA INYONG PAGDATING.
HUMAYO KA, AT DALHAN MO AKO NG ISANG ASNO UPANG AKING MASAKYAN PUPUNTA TAYO SA HERUSALEM SA HULING PAGKAKATAON.


GURO, MAYROONG LIBU-LIBONG NAG-AABANG SA PAGPASOK MO SA HERUSALEM GAGAWIN KA NILANG HARI.
HINDI AKO TATANGGAPIN AT IPAPAKO SA KRUS, NGUNIT SA IKATLONG ARAW AKO AY BABANGONG MULI.


ISIGAW, HARI NG MGA JUDIO.
MAPALAD SIYA NA PUMAPARITO SA PANGALAN NG PANGINOON.
PURIHIN ANG ANAK NI DAVID.


BIGYAN NG DAAN ANG HARI NG ISRAEL.
PURIHIN ANG DIOS
ANG IPINANGAKONG TAGAPAGLIGTAS.
JUAN 12:12-13



TINATAWAG SIYA NG MGA TAO NA HARI NG MGA JUDIO
AKALA NILA SIYA ANG MESSIYAS: ANG NAG-IISANG IPINANGAKO!
BAKIT SIYA PUPUNTA SA TEMPLO ALAM BA NIYA NA NAMIMILIGRO ANG KANYANG BUHAY.
ANAK NI DAVID, ILIGTAS NINYO PO KAMI.



INAABUSO PA RIN NILA ANG BAHAY NG DIYOS NAGMUMUKHA ITONG PALENGKE KAYSA BAHAY PANALANGINAN.
PUWEDE KO ITONG IBIGAY SA IYO SA PINAKAMURANG HALAGA. MAARI NA ITONG IHANDOG.



PATAWAD, KUNG GUSTO MONG MAS MAGANDANG PRESYO NG PALITAN PUMUNTA NA LANG PO KAYO SA IBA. ITO NA PO ANG PINAKAMAGANDA KONG ALOK.
MATEO 21:11-12



GINAWA NA NAMAN NI HESUS. NILINIS NIYA ANG TEMLO SA MGA MAGNANAKAW AT SA MGA TAMPALASA.
ALISIN NINYO ITONG MGA PANINDA SA BAHAY NG AKING AMA. MGA PANGKAT KAYO NG MGA MAGNANAKAW AT MGA TULISAN
BLAG...
PUMUNTA LANG KAYO DITO UPANG KUWARTAHAN ANG MGA NAGSISIPARITO UPANG MANALANGIN SASAMA SANA ANG INYONG PERA SA INYO SA IMPIYERNO.
ILAG!


SA ANONG KAPAMAHALAAN GINAGAWA MO ITO?
BOG!
SINO KA BA SA AKALA MO?
BLAG...
HUWAG NINYONG GAWING YUNGIB NG MGA TULISAN ANG BAHAY NG AKING AMA.



GURO, ANG MGA SASERDOTE AT MGA PARISEO AY NAGPADALA NG MGA ESPIYA UPANG MAGMASID SA ATIN. MAY MGA SABI- SABING IKUKULONG KA RAW NILA BAGO PA MAGPASKUA, AT ITO'Y ILANG ARAW NA LANG MULA NGAYON.
ALAM MO BA KUNG ANO SA KANYA ANG PAGLINIS SA TEMPLO PAGKATAPOS NG MATAGUMPAY NA PAGPASOK NIYA SA HERUSALEM?


SINABI KO NA SA INYO NA AKO AY MAGHIHIRAP SA KANILANG MGA KAMAY AT IPAPAKO SA KRUS, NGUNIT PAGKATAPOS NG TATLONG ARAW AKO AY BABANGONG MULI.
OO, ANG HULA NAGSASABING SAPAGKAT “NAPUSPOS SIYA NG KASIGLAAN SA BAHAY NG DIYOS.” AT SIYA AY DARATING SA KANYANG TEMPLO NG BIGLAAN. ITO AY PAG- AANGKIN SA PAGIGING MESIYAS.
KAILANGANG MASUGPO SIYA BAGO MAGPASKUA. MAYROON TAYONG ESPIYA SA KANYANG MGA ALAGAD.
MGA AWIT 69:9; MATEO 21:12-13


BINABALAAN KO KAYO, PAGKATAPOS NA AKO AY MAWALA, IKUKULONG NILA KAYO, PAGHAHAMPASIN, AT ANG ILAN SA INYO AY KANILANG PAPATAYIN. MAGPAPATOTOO KAYO SA KANILA SA AKING PAG-IBIG AT KAPANGYARIHAN. SA ORAS NA DALHIN NILA KAYO SA HUKUMAN, AKING ILALAGAY ANG MGA SALITA SA INYONG BIBIG. ANG MGA ANAK AY MAGPAPATUNAY LABAN SA KANILANG MGA MAGULANG, AT MGA MAGULANG LABAN SA KANILANG MGA ANAK. KAMUMUHIAN KAYO DAHIL KILALA NINYO AKO. MARAMING BULAANG MGA PROPETAANG DARATING AT AANGKINING SILA AY MGA KINAKATAWAN KO. ANG BANAL NA ESPIRITU AY MAPAPASA INYO.
GURO, ANO PO ANG MGA TANDA SA INYONG PAGBALIK SA DAIGDIG AT SA KATAPUSAN NG MUNDO.


GURO, ANO PO ANG MGA TANDA SA INYONG PAGBALIK SA DAIGDIG AT SA KATAPUSAN NG MUNDO.
KUNG MAYROONG MAGSASABI NA AKO AY BABALIK SA TAKDANG ORAS, O AKO AY NASA SA ISANG LUGAR, HUWAG NINYO SIYANG PANIWALAAN. DAHIL AKO AY BABALIK, NGUNIT ITO'Y KASINGBILIS NG KIDLAT. MAGING TAPAT KAYO SA AKIN, AT SA KAHULIHAN AY MALILIGTAS KAYO SA MGA HATOL NA UKOL SA MGA MAKASALANAN. KAYA MAGMASID, DAHIL HINDI NINYO NALALAMAN ANG ARAW O ANG ORAS NA AKO AY BABALIK.


KAGAYA ITO SA PANAHON NI NOA, GAYUNDIN BAGO AKO BABALIK. ABALA ANG MGA TAO NOON SA PAGTATAMASA AT HINDI NILA ALAM HANGGA'T DUMATING ANG BAHA AT NAANOD SILANG LAHAT. AKO AY DARATING BIGLA KAGAYA NG MAGNANAKAW NA DARATING SA GABI.
DALAWANG LALAKE AY NAGTATRABAHO SA BUKID. ANG ISA AY KUKUNIN PAITAAS UPANG SALUBUNGIN AKO AT ANG ISA AY MAIIWAN UPANG MAGDUSA
DALAWANG BABAE ANG MAGKASAMANG GUMIGILING NG HARINA. ANG ISA AY KUKUNIN AT ANG ISA AY MAIIWAN. BASTA'T MAGMASID AT MAGING HANDA, DAHIL AKO AY DARATING SA ISANG ARAW NA HINDI NINYO IISIPIN.


GURO, KAILANGAN KO PONG MAKIPAGKITA SA ISANG LALAKI SA LOOB NG SIYUDAD. MAMAYA PA PO ANG BALIK.
HUMAYO KA, HUDAS, AT GAWIN ANG GUSTO MO.


KUNG BABAYARAN NINYO AKO NG SAPAT NA HALAGA, MAAARI KONG DALHIN SI JESUS SA INYONG MGA KAMAY.
NGUNIT HINDI BA IKAW SI HUDAS, ISA SA KANYANG MGA ALAGAD?
OO, AKO AY NAKASAMA NIYA SA LOOB NG TATLONG TAON, NGUNIT PAGOD NA AKO SIYA AY NAGSASALITA NA PARANG BALIW, AT KAILANGAN KO ANG PERA.


ANG ORAS AY, DUMATING NA UPANG AKO AY LUWALHATIIN. MALIBAN NA ANG ISANG BUTIL NG TRIGO AY MAHUHULOG SA LUPA AT MAMAMATAY, MANANATILI ITONG NAG-IISA. NGUNIT KAPAG ITO AY MAMATAY PAPARAMIHIN NITO ANG KANYANG SARILI NG MARAMING BUTIL.
MATEO 26:14-16; MARCOS 13:5-13; LUKAS 17:26-37; JUAN 12:23-24; 2 PETER 3:10



NGAYON ANG AKING KALULUWA AY NALILIGALIG AT ANO ANG MASASABI, "AMA, ILIGTAS NINYO PO AKO SA ORAS NA ITO?" HINDI, DAHIL PARA SA KAGANAPANG ITO AKO AY NAPARITO SA MUNDO.



AMA,
LUWALHATIIN PO NINYO
ANG INYONG SARILING
PANGALAN.


NALUWALHATI KO NA ANG AKING PANGALAN AT GAGAWIN KONG MULI.
NAPAKALAKAS NOON PARANG KULOG.
KINAUSAP SIYA NG DIYOS.
ISANG ANGHEL ANG KUMAUSAP SA KANIYA!


ANG TINIG AY HINDI PARA SA AKING KAPAKANAN, NGUNIT ITO'Y PARA SA INYO. NGAYON NA ANG ORAS NA ANG PRINSIPE NG MUNDONG ITO, SI SATANAS, MATATALO. AT KUNG AKO AY IBABAYUBAY SA KRUS UPANG MAMATAY, AKING PALALAPITIN ANG LAHAT NG TAO SA AKIN.
ALAM NAMIN NA ANG MGA PROPETA NAGASABI NA ANG MESIAS AY MABUBUHAY MAGPAKAILAN MAN, AT SINABI MO NA IKAW AY MAMAMATAY;SINO BA TALAGA ANG MESIAS?


MAKAKASAMA NINYO ANG LIWANAG SA MAIKLING PANAHON LAMANG. MANIWALA KAYO SA LIWANAG HABANG KASAMA NINYO ITO, UPANG KAYO AY MAGING MGA ANAK NG DIOS.
PARANG KALOKOHAN ITO!


KUNG ANG SINOMANG TAO ANG TUMANGGI SA AKIN AT SA AKING MGA SALITA, TINATANGGIHAN RIN NIYA ANG DIYOS. AKO ANG LIWANAG NG SANLIBUTAN. KUNG MANINIWALA KAYO SA AKIN, HINDI KAYO MANANATILI SA KADILIMAN, NGUNIT MAGKAKAROON NG BUHAY NA WALANG HANGGAN.
JUAN 12:27-36



KABANATA 11

# ANG PASKUA AT ANG PAGDURUSA NI CRISTO


HUMAYO KAYO'T MAGSIPAGHANDA SA HAPUNAN NG PASKUA NA ATING KAKAININ.


NAIS KONG MAKIPAGHAPUNAN KASAMA KAYO BAGO AKO MAGDUSA. HINDI NA AKO KAKAIN MULI HANGANG DUMATING ANG KAHARIAN NG DIYOS SA LUPA. SA GANOON KAYO AY KAKAIN SA AKING HAPAG KAINAN AT KAYO'Y UUPO SA TRONO HUHUKUMAN ANG LABINGDALAWANG TRIBO NG ISRAEL.
MAYROON AKONG SASABIHIN SA INYO UPANG KAPAG ITO'Y NAGANAP NA, KAYO'Y MAGSIPAGPANIWALA. ANG KASULATAN AY NAGHULA SA SALMO 41:9, "SIYA NA KUMAKAIN NG TINAPAY KASAMA KO NAGTAAS NG KANIYANG SAKONG LABAN SA AKIN." DAHIL SASABIHIN KO KUNG KANINONG KAMAY SA ISA SA INYO ANG KASABAY KO SA MESA AY SIYANG MAGTATAKSIL SA AKIN.
HINDI!


ITO'Y NAITAKDA NA, NGUNIT SA ABA SA TAONG GAGAWA NG GAYON.


PANGINOON AKO BA? AYOKONG MAGTAKSIL SA INYO.
PANGINOON, HINDI AKO, 'DI BA?
PANGINOON, HINDING-HINDI KITA PAGTATAKSILAN.
LUKAS 22:8-23


ISA SA INYO NA KASABAY KO SA PAGSAWSAW SA MANGKOK AY SIYA NGA.


BUMULONG SI JUAN AT NAGTANONG KAY JESUS KUNG SINO ANG MAGTATAKSIL SA KANYA. NAGSALITA SI JESUS, "SIYA NA KUNG KANINO KO IBIBIGAY ITONG PIRASONG TINAPAY PAGKATAPOS KO ITONG ISAWSAW."
LAHAT TAYO AY SUMAWSAW SA ATING TINAPAY SA MANGKOK.



PANGINOON, AKO BA?
IKAW ANG MAY SABI.


IKAW ANG MAY SABI.


GAWIN MO KAAGAD ANG GUSTO MONG GAWIN.

MATEO 26:33-35;
JUAN 13:31-38;
I CORINTO 11:24-25




NGAYON AKO LULUWALHATIIN. MGA MALILIIT NA MGA ANAK, HINDI NA MAGTATAGAL AKO AY HINDI NA NINYO MAKAKASAMA.
HINDI KAYO MAKAKAPUNTA KUNG SAAN AKO PUPUNTA. AKO AY MAGBIBIGAY SA INYO NG BAGONG KAUTUSAN, KAYO AY MAGMAHALAN SA ISA'T ISA. SA PAMAMAGITAN NITO ANG LAHAT NG TAO AY MALALALAMAN NA KAYO AY AKING MGA DISIPULO, NA KAYO AY NAGMAMAHALAN SA ISA'T ISA.
HINULAAN NI ZACARIAS ANG ORAS NA ITO NA NAGSASABING, "AKING HAHAMPASIN ANG PASTOR, AT ANG MGA TUPA AY MAKAKALAT." PAGKATAPOS KONG BUMANGON MULA SA MGA PATAY, MAUUNA AKO SA INYO DOON SA GALILEA. KAYONG LAHAT AY IPAGKAKAILA AKO NGAYONG GABING ITO.


PANGINOON, KAHIT NA ANG LAHAT AY IPAGKAKAILA KAYO, HINDING HINDI AKO.
PEDRO, BAGO PA TUMILAOK ANG TANDANG NG DALAWANG BESES, IPAGKAKAILA MO AKO NG TATLONG BESES.


MAMAMATAY MUNA AKO KASAMA KAYO BAGO KO KAYO IPAGKAKAILA.
HINDING HINDI KO PO KAYO IPAGKAKAILA.
HINDI NILA AKO KAYANG PAHIRAPAN UPANG KAYO AY AKING IPAGKAILA.


ANG MGA KASULATAN AY MALINAW: IPAGKAKAILA NINYO AKONG LAHAT. MULI, ANG PROPETA ISAIAS AY NAGSABI TUNGKOL SA AKIN: *"SIYA AY ITINURING NA PARANG SIYA AY MAKASALANAN."*
PEDRO, MATAPOS NA IKAW AY MAGKAKAROON MULI NG PANANAMPALATAYA SA AKIN, PAPAGTIBAYIN MO ANG IYONG MGA KAPATID SA PANANAMPALATAYA.




MATEO 26:23-29; JUAN 13:26-30



ANG AKING KATAWAN AY PINAGPUTOLPUT OL PARA SA INYO.


KUNIN AT KAININ ITONG LAHAT.



ANG SARO NG ALAK NA ITO AY KUMAKATAWAN SA BAGONG TIPAN SA AKING DUGO NA MABUBUHOS UPANG TUBUSIN ANG INYONG MGA KASALANAN.



PAGHATI-HATIAN NINYO ITO, AT INUMIN ITONG LAHAT. GAWIN NINYO ITO SA TUWING KAYO'Y MAGSISIINOM, SA PAG-AALAALA SA AKIN.



SAPAGKA'T SA TUWING KAININ NINYO ANG TINAPAY AT INUMIN ANG SARO, AY INIHAHAYAG NINYO ANG PAGKAMATAY NG PANGINOON HANGGANG SA DUMATING SIYA.


HUWAG MABALISA ANG INYONG MGA PUSO. NANAMPALATAYA KAYO SA DIYOS, MANAMPALATAYA RIN KAYO SA AKIN. SA BAHAY NG AKING AMA AY MARAMING TAHANAN. KUNG HINDI GAYON AY SINABI KO SANA SA INYO. AKO AY PAROROON UPANG MAGHANDA NG DAKO PARA SA INYO. KAPAG AKO AY PUMAROON AT MAKAPAGHANDA NG DAKO PARA SA INYO, AKO AY MULING BABALIK. KAYO AY AKING TATANGGAPIN SA AKING SARILI UPANG KUNG SAAN AKO NAROON AY DUMUON DIN KAYO
JUAN 14:1-3;
I CORINTO 11:24-26


NGUNIT PANGINOON, HINDI NAMIN ALAM KUNG SAAN KA PAROROON, PAANO NGANG MALALAMAN NAMING ANG DAAN PAPUNTA SA INYO?


SINABI NI JESUS SA KANIYA:
AKO ANG DAAN, ANG KATOTOHANAN AT ANG BUHAY. WALANG SINUMANG MAKAKAPUNTA SA AMA MALIBAN SA PAMAMAGITAN KO. KUNG AKO AY KILALA NA NINYO, KILALA NA RIN NINYO ANG AKING AMA. MULA NGAYON AY KILALA NA NINYO SIYA AT NAKITA NA NINYO SIYA.


PANGINOON, IPAKITA MO SA AMIN ANG AMA AT IYON AY SAPAT NA SA AMIN.
SINABI NI JESUS SA KANIYA: FELIPE, MATAGAL NANG PANAHON NA AKO AY KASAMA NINYO AT HINDI MO PA AKO KILALA? ANG NAKAKITA SA AKIN AY NAKAKITA NA SA AMA. AKO AT ANG AMA AY IISA.



HINDI KO KAYO IIWANG MAG-ISA. BABALIKAN KO KAYO. HINDI NA AKO MAKIKITA NG SANLIBUTAN, NGUNIT AKING IPAPADALA ANG BANAL NA ESPIRITU UPANG MANIRAHAN SA INYO AT AALIW SA INYO. MANANATILI SIYA SA INYO AT GAGABAYAN KAYO SA LAHAT NG KATOTOHANAN.
KUNG AKO AY INYONG INIIBIG, AY TUTUPARIN NINYO ANG AKING MGA UTOS. BIBIGYAN KO KAYO NG KAPAYAPAAN NA HINDI MAAAGAW NG SANLIBUTAN.



KUNG AKO AY INYONG INIIBIG DAPAT MAGSIPAGSAYA KAYO DAHIL AKO AY UUWI NA SA AKING AMA. SINASABI KO ANG MGA BAGAY NA ITO SA INYO BAGO PA ITO MANGYARI UPANG KAYO AY MANIWALA.
MAGSITINDIG, TAYO AY AAWIT NG ISANG HIMNO AT PAGKATAPOS PUPUNTA TAYO SA HARDIN UPANG MANALANGIN.




MATEO 26:30; JUAN 14:5-10, 15, 25-30


SUMUNOD KAYONG MATAHIMIK. PUPUNTA TAYO DOON SA ATING TAGONG LUGAR UPANG MANALANGIN.


HUWAG KAYONG MALUNGKOT DAHIL SA SINABI KONG AKO AY MAWAWALA SANDALI AT PAGKATAPOS NG MAIKLING PANAHON AKO'Y INYONG MASISILAYANG MULI.
KAHIT NA KAYO AY TUMANGIS, ANG INYONG KALUNGKUTAN AY MAGIGING LABIS NA KALIGAYAHAN, AT HINDI MAGTATAGAL AKO AY BABALIK SA KANYA.
NGAYON PO AY MALINAW ANG INYONG SINASABI NANINIWALA PO KAMI.
NGAYON NANINIWALA NA KAYO? KAUNTING SANDALI NA LANG AT AKO AY INYONG IIWANAN AT KAYO'Y MANGAGKAKALAT. DITO LANG KAYO AT AKO'Y PAPAROON SA UNAHAN NG KONTI AT MANANALANGIN.


AMA, ANG ORAS AY DUMATING NA. NATAPOS KO NA ANG GAWAIN NA IYONG IBINIGAY SA AKIN UPANG GAWIN, AT NGAYON AKO AY INYONG LUWALHATIIN SA KALUWALHATIAN NA NASA AKIN NA KASAMA MO NG HINDI PA NAGAGAWA ANG MUNDO. TINURUAN KO NA SILA TUNGKOL SA INYO AT TINANGGAP NILA ANG AKING MGA SALITA. KAKAMUHIAN SILA NG SANLIBUTAN KAGAYA SA PAGKAMUHI NITO SA AKIN, DAHIL PINAGSABIHAN KO SILA SA KATOTOHANAN TUNGKOL SA KANILANG MGA KASALANAN. SILA AY HINDI TAGA-MUNDO. HINDI KO IPINAPANALANGIN NA SILA AY KUNIN NIYO SA MUNDO, NGUNIT SILA AY INYONG ILAYO SA KANYA NA MASAMA.
KAMUMUHIAN SILA NG SANLIBUTAN KAGAYA SA PAGKAMUHI NITO SA AKIN, DAHIL PINAGSABIHAN KO SILA SA KATOTOHANAN TUNGKOL SA KANILANG MGA KASALANAN. SILA AY HINDI TAGA-MUNDO. HINDI KO IPINAPANALANGIN NA SILA AY ALISIN MO SA MUNDO, NGUNIT SILA AY ILAYO MO SA MASAMA.






MATEO 26:31, 38; JUAN 16:19-20, 17:1-10


AMA, KUNG MAAARI LANG SANA, ILAYO MO SA AKIN ANG SARO NG POOT, NA KAILANGAN KONG INUMIN.


SI JESUS AY DUMATING DITO SA MUNDO UPANG PASANIN ANG ATING MGA KASALANAN, NGUNIT NANG DUMATING ANG ORAS, KANYANG ISINANTABI ANG KAHIHIYAN SA KRUS, DAHIL ITO AY NANGANGAHULUGAN NA SIYA'Y INIHANDA UPANG MAGING KASALANAN PARA SA LAHAT NG TAO SA LAHAT NG PANAHON.
IPINAPANALANGIN KO RIN SILANG LAHAT NA SASAMPALATAYA SA AKIN SA PAMAMAGITAN NG KANILANG MGA PATOTOO. NAIS KO NA SILANG LAHAT AY MAKIKIISA SA AKIN KAGAYA NG AKING PAKIKIISA SA INYO. AMA, NAWAY ANG PAG-IBIG NA MERON KA SA AKIN SUMAKANILA AT AKOY NASA SA KANILA.



SUBALIT AYAW KONG GAWIN ANG AKING NAIS KUNDI ANG KALOOBAN MO ANG MASUNOD.
SI HESUS AY PINAGPAWISAN NG MARAMING PATAK NG DUGO.


SA ISANG KISAPMATA ANG ISANG ANGHEL AY NAGPAKITA AT PINAGSILBIHAN SI JESUS.
KABANALAN, ANG ORAS" NG IYONG PAGHIHIRAP AY DUMATING NA, NGUNIT ANG AMA AY KASAMA MO. ANG BUONG HUKBO NG KALANGITAN AY MANONOOD BUKAS HABANG IYONG PAPASANIN ANG KASALANAN NG SANLIBUTAN. SA IYONG BALIKAT.
NANDOON KAMI NG IYONG GINAWA ANG MUNDO; PAPAROON KAMI SA ORAS NA ITO AY IYONG TUTUBUSIN.


SALMO 23:5-6; LUKAS 22:41-44; HEBREO 6:6; 12:2
BUKAS SI SATANAS AY MAGAGAPI AT ANG UTANG NG TAO SA KASALANAN AY MABABAYARAN.
ITO ANG PINAKAMAHALAGANG ORAS PARA SA AKIN. MULA PA SA SIMULA IPINAGKATIWALA NG DIYOS ITONG MUNDO SA SANGKATAUHAN, NGUNIT ANG BAWAT TAO AY IBINIGAY ANG KANYANG KARAPATAN SA MUNDONG ITO SA DIABLO SA BAWAT ORAS NA SIYA AY NAGKAKASALA AT SUMUSUWAY SA DIYOS. AKO ANG TOTOONG TAGA-PAGMANA SA MUNDONG ITO DAHIL AKO ANG GUMAWA NITO, AT AKO ANG TOTOONG TAGA- PAGMANA BILANG ISANG TAONG ANAK NI ADAN. KAILANGAN AKONG SUMUNOD UPANGTALUNIN SI SATANAS.
TUMINDIG KA NA, SI ***JUDAS***, ANG ANAK NG KAPAHAMAKAN, AY DUMARATING UPANG IPAGKANULO KA.


AMA, SA GANITONG DAHILAN AKO'Y DUMATING DITO SA MUNDO.


NAKATULOG KAYO. HINDI BA KAYO MAAARING MAGBANTAY PARA SA AKIN KAHIT ISANG ORAS LAMANG? BANGON, AKO AY IPINAGKANULO SA MGA KAMAY NG MGA MAKASALANAN.


GURO, ITO AY ISANG MABUTING BAGAY NA MAKITA KAYO DITO. NGUNIT AKO AY NANGANGAMBA NA AKO AY NASUNDAN.


JUDAS, AKO BA AY *IPAGKANULO* MO SA PAMAMAGITAN NG *HALIK?*




MATEO 26:40, 45-50; JUAN 12:27, 18:1-4


SI *HESUS* ANG NASARENO.
AKO NGA SIYA.



INGAT! MAY KAPANGYARIHAN SIYA!
NATAKOT ANG MGA SUNDALO KAY HESUS AT NATUMBA NG SILA AY UMATRAS.


SIYA NA NGA IYAN. ANO BA ANG ***KINATATAKUTAN*** NINYO. ***HULIHIN SIYA.***


HINDI NINYO MAARING HULIHIN ANG AKING GURO.




JUAN 18:4-6, 10


TIGIL! WALA NG PAGTAGAS NG DUGO DITO. PEDRO, IBALIK MO NA ANG ESPADA SA KANYANG KINALALAGYAN. KUNG NANAISIN KO PUWEDE AKONG TUMAWAG NG 10,000 NA ANGHEL NA PUMUNTA DITO AT TULUNGAN AKO. ITO ANG ORAS NG KADILIMAN.
TINAPYAS NIYA ANG AKING TENGA!


PUMUNTA KAYO DITO SA AKIN NA MAY DALANG MGA ESPADA NA PARANG AKO AY ISANG KRIMINAL. KASAMA NINYO AKO DOON SA TEMPLO. BAKIT HINDI NINYO AKO HINULI DOON? SASABIHIN KO SA INYO KUNG BAKIT. NANGYARI IYON UPANG MAISAKATUPARAN ANG KASULATAN.


O DIYOS TULUNGAN MO PO AKO


AYAN, ITO AY PARANG BAGO LANG.


AKO ANG INYONG KAILANGAN. HINDI KAMI LALABAN. HULIHIN NINYO AKO AT PAKAWALAN ANG IBA.


ITO AY ISANG HIMALA! GINAMOT NIYA ANG TENGA KO!




MATEO 26:52-57; MARK 14:51-52; LUKAS 22:50-51


DALIAN MO; GUSTO NILANG MATAPOS ITONG LAHAT BAGO ITO MARINIG NG MGA TAO.


DINALA NILA SI HESUS NA KUNG SAAN NAGTITIPON-TIPON ANG MGA SASERDOTE AT MGA SAKSI.
SINABI NILA SA AKIN NA INANGKIN MO DAW NA IKAW AY ANG MESIYAS, AT ANG SABI MO PA NA ANG DIYOS AY IYONG AMA. SINABI MO NA HINDI KA GALING DITO SA DAIGDIG. SAAN KA BA GALING?
NAGTUTURO AKO SA MGA SINAGOGA AT SA TEMPLO. HINDI AKO NAGTUTURO NG PATAGO. BAKIT NINYO AKO TINATANONG? TANUNGIN NINYO SILANG NAKARINIG SA AKIN. ALAM NILA KUNG ANO ANG SINASABI KO.


BOG!


HINDI KA MAAARING SUMAGOT SA PUNONG SASERDOTE NG GANYANG PARAAN.
KUNG NAKAPAGSABI AKO NG MASAMA, PATOTOHANAN MO ANG IYONG KASAMAAN. NGUNIT KUNG AKO'Y NAGSALITA NG MABUTI, BAKIT MO AKO SINUNTOK?




JUAN 18:19-23


SINABI NIYANG GIGIBAIN NIYA ANG TEMPLO AT ITATAYO ITO PAGKATAPOS NG TATLONG ARAW NA HINDI GAMIT ANG MGA KAMAY.
HINDI, SINABI NIYA NA KUNG MAY IBANG GUMIBA SA TEMPLO, AT SAKA NIYA ITO ITATAYO.
NI WALA KA NAMAN DOON. NARINIG KO KUNG ANO ANG KANIYANG SINABI. ITINURO NIYA ANG KANYANG SARILI HABANG SIYA AY NAGSASALITA TUNGKOL SA PAG-GIGIBA SA TEMPLO. SA PALAGAY KO SIYA'Y TUMUTUKOY SA KANYANG KATAWAN NA GINIGIBA. EWAN KO. PAPAANO NIYA ITATAYO ANG TEMPLO PAGKATAPOS NG TATLONG ARAW?


KATAWA-TAWA. PAPAANO NIYA AAYUSIN ANG KANIYANG SARILING KATAWAN PAGKATAPOS NG TATLONG ARAW?
HINDI KO KILALA ANG HESUS NA IYON. GUSTO KO LANG MAKITA KUNG ANO ANG NANGYAYARI.


HINDI MO NARIRINIG SILA NA TUMUTUGIS SA IYO? HINDI KA BA SASAGOT PARA SA IYONG SARILI?


NANATILIN G TAHIMIK SI HESUS.
ANG LOKO AYAW SUMAGOT


AKO AY **NAG-UUTOS** SA IYO SA NGALAN NG BUHAY NA DIYOS NA IKAW AY MAGSALITA AT SUMAGOT KUNG IKAW BA ANG **CRISTO,** ANG ANAK NG BUHAY NA DIYOS.
AKO ANG ANAK NG DIYOS. MAKIKITA MO AKONG NAKAUPO SA KANANG KAMAY NG KAPANGYARIHAN AT BABALIK DITO SA MUNDO SA MGA ULAP NG LANGIT.




MATEO 26:67-70; LUKAS 64-65


TINGNAN KUNG SIYA AY MAKA- PANGHULA.
*BUGBUGIN SIYA!* SINIRA NIYA ANG AKING NEGOSYO SA TEMPLO.
HAYAAN SIYANG GUMAWA NG *HIMALA*.


SUNTUKIN MO SIYA ULI!


KRAK!
TINGNAN NINYO KUNG GAANO SIYA KAHINA!
BOG!
MANGHULA KA AT SABIHIN MO KUNG SINO ANG SUMUNTOK SA IYO. AKALA KO IKAW AY ISANG PROPETA.
GAMUTIN MO ANG IYONG MGA SUGAT. PAKITAAN MO KAMI NG *HIMALA*.


SAMANTALA, SA LABAS NG TEMPLO, SUMUNOD SI PEDRO KAY HESUS SA KALAYUAN.
*KILALA KITA!* NAKITA KITANG KASAMA NI HESUS NA IYON. ISA KA SA KANYANG MGA *DISIPULO*, HINDI BA?
HINDI KO KILALA ANG *HESUS* NA IYON. GUSTO KO LANG MAKITA KUNG ANO ANG NANGYAYARI.




MATEO 26:59-65


OO NGA, SIGURADONG ISA KA SA KANYANG MGA DISIPULO. NAKITA KITANG KASAMA SIYA SA MARAMING PANAHON.
$?#&!, BABAE HINDI KO PA NAKITA ANG TAONG IYAN SA BUONG BUHAY KO.


TIKTILAOK...
TIKTILAOK
HINDI BA'T NAPAKA-AGA NAMANG TUMILAOK ANG TANDANG NA IYAN?
DINADALA NA NILA SIYA PALABAS. MUKHANG BINUGBOG NILA SIYA NG HUSTO.


SINABI NILANG DADALHIN SIYA SA MAYKAPANGYARIHAN UPANG PATAWAN NG SENTENSIYA.
GUSTO NG MGA IPOKRITO NA IBA ANG GAGAWA NG KANILANG TRABAHO.
LATIGUHIN SIYA!
NARINIG NI PEDRO ANG TILAOK NG TANDANG AT NAALALA NIYA ANG MGA SINABI NI HESUS NA SA HINDI PA TITILAOK ANG TANDANG NG DALAWANG BESES, ITATAKWIL NIYA SI HESUS NG TATLONG BESES. NAHIYA SIYA SA KANYANG KADUWAGAN.
MATEO 26:71-75, 27:1-2; LUKAS 22:58-62, 23:1


LATIGUHIN SIYA SA LATIGO NA MAY SIYAM ANG BUNTOT.
O DIYOS KO, ANO ITONG NAGAWA KO? IPINAGKAILA KO SIYA NG TATLONG BESES, GAYA NG KANIYANG SINABI. BAKIT ITO NANGYAYARI? BAKIT SIYA NAGDURUSA NG GANOON?
BILISAN NINYO. HINDI NATIN PUWEDENG GAWIN ITO BUONG GABI.
AMA, BIGYAN NYO PO AKO NG LAKAS.


ANONG PAKAY MO DITO? HINDI BA BINAYARAN KA NA NAMIN NG SAPAT PARA SA PAGKANULO MO SA IYONG PANGINOON?
NAGBAGO ANG AKING ISIPAN. IBALIK NINYO AT *PAKAWALAN* SIYA AT AKING *ISASAULI ANG PERA.*
PERA SA *DUGO IYAN, MARUMI*; HINDI NAMING HIHIPUIN IYAN. ANG IYONG GURO AY MAMAMATAY BAGO MATAPOS ANG ARAW NA ITO. WALA KANG DAPAT IKATAKOT. MAAARI KA NAMING MAGAMIT SA PAGHAHANAP SA IBA PANG MGA DISIPULO.


KUNIN ANG PERA NYO. AYOKO NITO. HINDI AKO MAARING MABUHAY SA AKING KONSENSIYA.
KLING!
PING!




MATEO 27:3-6


HINDI AKO PWEDENG *MABUHAY* NG GANITO.


O DIYOS,ANO BA ANG MALI SA AKIN?


BAKIT HINDI KO MAPIGILAN ANG AKING KASAKIMAN?


MARAHIL ANG KAMATAYAN ANG MAKAPAGBIBIGAY SA AKIN NG KAPAYAPAAN...


NAKITA KO SIYA NGUNIT WALA AKONG NAGAWA UPANG *PIGILAN* SIYA.
*MAGMADALI*, KAILANGAN NATING PUTULIN PABABA; BAKA *BUHAY* PA SIYA!


NGUNIT HABANG SILA AY UMAAKYAT SA PUNONGKAHOY, ANG KALULUWA NI HUDAS AY NAHUHULOG NA PATUNGO SA MGA APOY NG PAGSUMPA.


PAGLAGLAG NIYA KAILANGAN MO SIYANG SALUHIN, O MAHUHULOG SIYA SA MATARIK NA BANGIN.
MATEO 27:5


NAPAKALAYO NIYA!


NAKAKAPANDIRI! PUMUTOK SIYA AT SUMAMBULAT SA PARANG!
YAKS! PARA AKONG MAGKAKASAKIT.
ITO AY HINULAAN DIN NG MGA PROPETA.



ANO NA NAMAN ANG DINALA NINYO SA AKIN, ISANG ***EREHE?*** DALHIN SIYA AT GAWIN SA KANIYA ANG NAAYON SA INYONG BATAS.
ANPO ANG KANYANG SALA?
SIYA AY ***KARAPATDAPAT MAMATAY*** O HINDI NAMIN SIYA DINALA SA IYO. INALIS MO SA AMIN ANG KARAPATAN NA BATUHIN ANG ISANG LAPASTANGAN HANGGANG MAMATAY, KAYA KAMI PUMUNTA DITO UPANG HINGIN ANG INYONG *PAHINTULOT*.


INANGKIN NIYANG SIYA AY ISANG *HARI*.
IKAW BA ANG HARI NG MGA JUDEO?
NGAYON ANG AKING KAHARIAN AY HINDI TAGA SANGLIBUTANG ITO. KUNG ITO TAGA DITO, ANG AKING MGA LINGKOD AY MAKIKIPAG-AWAY UPANG IPAGTANGGOL ANG AKING BUHAY.


KUNG GAYON, IKAW AY ISANG HARI?


AKO AY PUMARITO DITO SA MUNDO UPANG MAGPATOTOO SA KATOTOHANAN. ANG LAHAT NA PANIG SA KATOTOHANAN AY NAKIKINIG KUNG ANO ANG AKING SINASABI.




ZACARIAS 11:12-13; MATEO 7:8; MARKOS 15:14; LUKAS 23:1-4; JUAN 18:29-38; MGA GAWA 1:18




ANG PUSANG MAY SIYAM NA BUNTOT AY ISANG URI NG LATIGO NA MAY HAWAKAN NA KAHOY NA NASA 18 PULGADA ANG HABA NA MAYROONG SIYAM NA BALAT NG HAYOP NA NILUBID, ANG BAWAT ISA AY MAY TATLONG PIYE ANG HABA NA MAY MATUTULIS NA BATO O BUTO O BAKAL NA ITINALI SA DULO NG BAWAT LUBID.


UAAAA!
LAKASAN MO PA!
CRACK!
NASAAN NA NGAYON ANG KANYANG MGA KAIBIGAN?
HINDI SIYA NAGMAMAKA-AWA.
SA PALAGAY KO AY ITO ANG PAPATAY SA KANYA AT MATATAPOS NA SIYA SA KANYANG MGA HIMALA.


TATLUMPO'T LIMA
TATLUMPO'T ANIM
TATLUMPO'T PITO
TATLUMPO'T WALO
TATLUMPO'T SIYAM
LUKAS 23:11; JUAN 19:1


GUTAY-GUTAY NA ANG KANIYANG LIKURAN!
NOON KO PA GUSTUNG-GUSTO HUMAMPAS NG ISANG *HARI*.


SINABI NIYA NA SIYA AY ISANG HARI. ISUOT MO ITONG BALABAL NA KULAY-UBE SA KANYA.
ANG HARI AY NANGANGAILANGAN NG ISANG KORONA.


HA, HA, HA! MAGIGING ISANG MAGANDANG KORONA ITO.
ARAY!


HETO, TANGGAPIN NINYO ANG INYONG SETRO, O KADAKILAAN. *HA, HA, HA!*
ISUOT ANG KORONA SA KANYANG ULO *NANG MARIIN.*


KINOKORANAHAN KA NAMIN NA HARI NG BUONG SANLIBUTAN!
AAAAAHHHHHHHH!


NGAYON, TUMINDIG KA NG MATUWID.
ITAAS MO ANG IYONG SETRO, HARI.
HA, HA, MABUHAY ANG HARI.
OO, KAHIT NA HINDI NA MABUBUHAY BUONG GABI.

JUAN 19:1-3



ANG ISANG ROMANONG HARI AY WALANG BALBAS


NGAYON,
MAS HARI KANG
TINGNAN.


HINDI SIYA NAKAKASIYA; NI AYAW NIYANG MAGMA-KAAWA. DALHIN NATIN SIYA PABALIK KAY PILATO.


PAGMASDAN ANG INYONG HARI.
WALA KAMING HARI MALIBAN KAY CESAR.
TINGNAN NINYO ANG TAO. ANO BA ANG GUSTO NINYONG GAWIN KO SA KANYA?
IPAKO SIYA SA KRUS, IPAKO SIYA SA KRUS!



PUWEDE NA NINYO SIYANG DALHIN AT IPAKO SA KRUS. WALA AKONG NAKIKITANG KASALANAN SA TAONG ITO.


ANONG IBIG MONG SABIHING WALA *SIYANG KASALANAN?* INAANGKIN NIYANG SIYA AY *ANAK NG DIYOS.*




SALMO 22; ISAIAS 50:6, 53:5, 7;
LUKAS 23:13-22; JUAN 19:4-8


SINO KA? BAKIT AYAW MO AKONG SAGUTIN? HINDI MO BA ALAM NA MAY KAPANGYARIHAN AKONG IPAPATAY KA?
WALA KANG KAPANGYARIHAN KUNG HINDI ITO IBINIGAY NG AKING AMA SA ITAAS.


SASABIHIN KO SA INYO WALA AKONG NAKIKITANG KASALANAN SA TAONG ITO. PALALAYAIN KO SIYA.
KONG PALALAYAIN MO SIYA, HINDI KA KAIBAGAN NI CESAR.
IPAKO SIYA SA KRUS, IPAKO SIYA SA KRUS!
DALHIN SIYA AT GAWIN ANG GUSTO NINYONG GAWIN. ISUSULAT KO ANG MGA PAPELES NA MAGSASAAD NG KANYANG KRIMEN. NGUNIT WALA AKONG KINALAMAN SA DUGO NG MATUWID NA TAONG ITO.




MATEO 27:24; JUAN 19:9-17


SA TINGIN KO HINDI NA NIYA ITO MAHIHIGITAN PA.
BLAG!
KRAK


BUMANGON KA O HAHAMPASIN KITA.
HOY IKAW, HALIKA DITO! TULUNGAN MO ANG TAONG ITO NA PASANIN ANG KANYANG KRUS.
BAKIT?


ANO BA ANG KANYANG GINAWA?
MINAHAL NIYA ANG LAHAT.


O, HESUS, PATAWARIN NIYO PO KAMI.
MGA ANAK NA BABAE NG JERUSALEM, HUWAG KAYONG TUMANGIS SA AKIN. TANGISAN NINYO ANG INYONG MGA SARILI AT ANG INYONG MGA ANAK, DAHIL DARATING ANG PANAHON NA SILANG NASA JERUSALEM AY MAGSISIPAGTAGO SA TAKOT AT MANANALANGING MAMATAY.


PINASAN NI HESUS ANG KANYANG KRUS PATUNGO SA POOK NG KAMATAYAN. MAY DALAWANG MAGNANAKAW NA PASAN DIN ANG KANILANG MGA KRUS SA ARAW DING IYON.
MAY MARARAMING PATULOY NA NAGMAMAHAL KAY JESUS AT NIRERESPETO SIYA, NGUNIT SILA AY TAKOT NA TAKOT NA MAGSALITA.
MATEO 27:32; LUKAS 23:26-33


HETO, INUMIN MO ITO, PAMAMANHIRIN NITO ANG SAKIT.
HINDI, KAILANGAN KONG GAWIN ANG NAIS NG AKING AMA.
INIISIP PA RIN NIYA NA SIYA AY ANAK NG *DIYOS*.


IUNAT ANG KANYANG MGA KAMAY.
DALHIN DITO ANG MARTILYO AT MGA PAKO.



HAWAKAN MO ANG MGA BINTI NANG MAIGI. NANGANGAILANGAN NG MARAMING PALO PARA LUMUSOT ANG PAKO SA PAGITAN NG MGA BUTO.


HINDI!
ANAK KO!
BANG!
KRAK


ANO SA PALAGAY MO BAKIT NIYA NAISIP NA SIYA ANAK NG DIYOS?
MAY KINALAMAN DAW SA LUMANG MGA HULA. WALA AKONG PAKIALAM.
SALMO 22; ISAIAS 52; MATEO 27:33-34


HAWAKAN MO IYANG MGA BINTI NA IYAN NANG MAIGI. NANGANGAILANGAN NG MARAMING PALO PARA LUMUSOT ANG PAKO SA PAGITAN NG MGA BUTO.


O MARIA, HINDI AKO NANINIWALA MAKAKAYA KO ITO.
HINDI KO LUBOS MAISIP NA HAHANTONG ITO SA GANITO.
*HILA, MGA TANGA.*
KAILANGAN KO NANG KONTING *TULONG, MGA TAMAD.*


AMA, PATAWARIN MO SILA, DAHIL HINDI NILA ALAM ANG KANILANG GINAWA.
SIYA AY *TINALIKURAN* NATING LAHAT.
*JUAN,* AKO'Y NAGAGALAK NA IKAW AY NANDITO. ITO'Y SADYANG NAKAKA-PANGILABOT.
ZACARIAS 13:6; LUKAS 23:32-34


HETO ANG KANIYANG MGA DAMIT. KUKUNIN KO LANG ANG ISANG ITO.
HINDI MO PUWEDENG GAWIN IYAN. HAHATIIN NATIN IYAN NG MAKA-APAT NA PARTE.
HINDI NATIN PUWEDENG HATIIN ANG ISANG ITO. ITO AY GINANTSILYO.
IPAPAGULONG NATIN ANG DAIS PARA DIYAN.
HINULAAN NG KASULATAN NA KANILANG PAGHATI-HATIAN ANG ISANG DAMIT AT PAGSUSUGALAN ANG ISA.


ANG MAKAKUHA NG PINAKA-MATAAS AY SIYANG KUKUHA SA LAHAT.
ILAG, LEO; MAY DUGONG PUMAPATAK SA IYO.


INILIGTAS NIYA ANG IBA. *HINDI NIYA MAILIGTAS ANG SARILI.*
HOY, HESUS, SINABI MO NA KAYA MONG GIBAIN ANG TEMPLO AT ITATAYO ITO PAGKATAPOS NG TATLONG ARAW. ***ILIGTAS*** MO ANG IYONG SARILI AT BUMABA KA DIYAN SA KRUS.
HAYAAN ANG CRISTO, ANG HARI NG ISRAEL, NA BUMABA SA KRUS NGAYON UPANG KAMI AY MAKAKITA AT ***MANIWALA***.
HUWAD!
SIYA AY NANALIG SA DIYOS UPANG SIYA AY ILIGTAS. HAYAANG ANG ***DIYOS*** ANG MAGLIGTAS SA KANIYA NGAYON, NAKIKITANG SIYA AY NAGAGALAK SA DIYOS.
SALMO 22:18; MATEO 27:39-43; JUAN 19:23-24


HETO, INUMIN MO ITO AT MAIBSAN ANG IYONG SAKIT.
HINDI.



KUNG IKAW ANG ANAK NG DIYOS, IBABA MO ANG IYONG SARILI AT MAYROON TAYONG *PAPATAYING* MGA *ROMANO*.
BAKIT NAGMUMURA KA NG GANYAN? HINDI KA BA *NATATAKOT* SA DIYOS, NALALAMAN MONG MALAPIT KA NANG MAMATAY?


KARAPATDAPAT TAYO SA ATING NATATANGGAP, NGUNIT ITO AY SI *HESUS*. WALA SIYANG NAGAWANG MALI.
HESUS, ALALAHANIN MO AKO KAPAG IKAW AY DUMATING NA SA IYONG KAHARIAN.


NGAYONG ARAW DIN NA ITO, ISASAMA KITA SA PARAISO.




SALMO 69:21; LUKAS 23:36-43;
JUAN 19:25-27


ANG KALANGITAN AY DUMILIM NA PARANG GABI AT NANATILING GANITO SA LOOB NG TATLONG ORAS HABANG SI HESUS AY NAKABITIN SA KRUS. IYON AY ANG ORAS NG KADILIMAN. ANG TAONG SI CRISTO HESUS AY NAGHIHINGALO PARA SA KASALANAN NG SANLIBUTAN.


AT NANG ANG BIGAT NG KASALANAN AY BUONG LAKAS NA TUMAMBANG KAY HESUS, SIYA AY SUMIGAW:
AKING DIYOS, AKING DIYOS, BAKIT MO AKO PINABAYAAN?


GINAWA SIYA NG DIYOS NA KASALANAN PARA SA ATIN.
MATEO 27:45-50; LUKAS 23:44-46; JUAN 19:30; 2 CORINTO 5:21
AMA, IBINIBIGAY KO SA IYO ANG AKING ESPIRITU.
OH, JUAN, *MAMAMATAY* NA SIYA! HINDI AKO MAKAPANIWALA NA TALAGANG *MAMAMATAY SIYA!*
*NATAPOS NA!*
AT SIYA AY NAMATAY.


BIGLANG NAGKAROON NG NAPAKALAKAS NA LINDOL.
ITONG SI HESUS, ANG HARI NG MGA JUDIO. SIYA AY ISANG MANGGAGAWA NG MGA HIMALA.
ANONG NANGYAYARI? UNA ANG KALANGITAN AY DUMILIM NA PARANG GABI, AT NGAYON ANG LUPA AY UMUUGA.
SIYA AY HINDI NA GUMAGAWA NG HIMALA NGAYON. PATAY NA SIYA.


ANG KALANGITAN AY DUMILIM NA PARANG GABI AT NANATILING GANITO SA LOOB NG TATLONG ORAS HABANG SI HESUS AY NAKABAYUBAY SA KRUS. IYON AY ANG ORAS NG KADILIMAN. ANG TAONG SI CRISTO HESUS AY NAGHIHINGALO PARA SA KASALANAN NG SANLIBUTAN.
OO NGA, AT ITO'Y NANGYARI PAGKATAPOS MAMATAY NG TAONG ITO.


TUNAY NA ITO AY ANG ANAK NG DIYOS.


NAPAG-UTUSAN TAYO NA BALIIN ANG KANILANG MGA BINTI. GUSTO NILANG SILA AY MAMATAY AT MAKUHA SA KRUS BAGO MAG TAKIP-SILIM. BUKAS AY ISANG BANAL NA ARAW SA KANILA.
ITO AY HINULAAN NA SIYA AY MAMAMATAY SA KRUS NGUNIT WALANG BUTO SA KANIYANG KATAWAN AY MABABALI AT ITO AY NATUPAD.
HINDI NA KAILANGANG BALIIN ANG KANIYANG MGA BINTI. KAMAMATAY LANG NIYA. ALAM MO BA KUNG ANO ANG KANIYANG SINABI BAGO SIYA MAMATAY? HININGI NIYA SA KANIYANG AMA NA ***PATAWARIN*** TAYO SA PAGPATAY SA KANIYA. SINABI NILA SA AKIN NA SIYA AY ISANG BANAL NA TAO NA GUMAWA NG MGA ***HIMALA***.





SALMO 34:20; ZACARIAS 12:10;
MATEO 27:54; JUAN 19:31-37


ANG MABUTI LANG AY HINDI NILA BINALI ANG KANIYANG MGA BINTI.
MARIA, TITIGNAN KO KUNG MAKAKAKITA AKO NG MAKAKATULONG SA PAGHAHANDA SA KANIYANG LIBING.


ANG SABBATH AY MAG-UUMPISA SA TAKIP-SILIM. KAILANGAN NILANG MAGMADALING MAILIBING ANG KATAWAN.



JUAN 19:31, 38
MALAPIT NANG MAG-SABBATH. ILAGAY NATIN SIYA SA AKING BAGONG LIBINGAN.
SI JOSE, ISANG MAYAMAN, NA HINDI KASALI SA 12 DISIPULO, NAGKUSANG LOOB NA IBIGAY ANG KANYANG LIBINGAN UPANG DOON ILIBING SI HESUS.
IYAN ANG NAKAPABUTI SA IYO, JOSE. IKAW AY NAGING ISANG MABUTING KAIBIGAN.



## KABANATA 12

# ANG MULING PAG-KABUHAY AT ANG NAUNANG IGLESYA


SINABI NIYA SA AMIN ITO NG MARAMING ULIT NA ITO'Y MANGYAYARI. DI KO LANG MAINTINDIHAN KUNG BAKIT. SA GANITONG PARAAN GUSTO NIYANG MAMAMATAY. ALAM NIYA ANG ORAS AT LAHAT NG BAGAY. SINABI NIYA MULI NG NAKARAANG GABI LANG.
MAGMADALI. DUMIDILIM NA.


WALA NA KAMING PANAHON UPANG MAGHANDA NG PAMAHID PARA SA KATAWAN.
BABALIK TAYO PAGKATAPOS MAKALIPAS ANG ARAW NG MGA SABBAT.
NGUNIT IYAN AY *TATLONG ARAW* PA MULA *NGAYON!*
ITO LANG ANG LAHAT NG MAAARI NAMING GAWIN.
MAG-INGAT SA PAGHAKBANG PABABA.


ANG MGA SASERDOTE AY BUMALIK KAY PILATO.
KAMAHALAN, ANG MANLILINLANG NA IYONG IPINAPAKO AY NAGSABI NA PAGKATAPOS NG TATLONG ARAW SA LIBINGAN, SIYA AY BABANGON MULI.
MAGIGING TRAHEDYA KUNG ANG KANYANG MGA DISIPULO ANG MAKAPUSLIT AT DALHIN PALABAS ANG KANYANG KATAWAN. KAILANGANG IKAW AY MAGLAGAY NG MGA BANTAY SA LABAS NG LIBINGAN UPANG MAHADLANGAN ITO.
AKO'Y MAGPAPADALA NG MGA GWARDYA. GAWIN NIYONG SIGURADO ANG INYONG PAGBABANTAY.




MATEO 27:59-66; JUAN 19:40


HUWAG KAYONG MAG-ALALA SA INYONG PATAY NA MESIYAS NA MAKAKATAKAS. DI PA KAMI NAWALAN NG BANGKAY, DI BA MGA KASAMA?
HA, HA, HA!


TATLONG ARAW PAGKATAPOS NG PAGLIBING KAY HESUS.
ITO ANG UNANG PAGAKAKATAON NA TAYO AY NAGBANTAY NG ISANG PATAY NA TAO.
MALAPIT NANG MAGLIWANAG. MAGMADALI TAYO. HIGIT NA SA TATLONG ARAW NGAYON.


MALAPIT NANG MAGLIWANAG, AT TAYO AY PAPALITAN NA.
SANA'Y NAGAWA NATIN ITO NANG MAS MAAGA PA.




MATEO 28:2-4


ITO'Y TALAGANG MALAKAS.
PAKINGGAN NIYO ANG MGA TAONG SUMIGAW! MAARING MAY NASAKTAN.


ARAY!
ANO ANG...?



ITO'Y ISANG DIYOS.
PAPATAYIN NIYA TAYO!
GINUGULONG NIYA ANG BATO!
DIYOS KO, MAAWA KA!


HUWAG AKONG IWANAN! DIYOS KO, MAAWA KA!
HINDI ITO MAAARI!
TAKBO PARA SA INYONG BUHAY!
MATEO 28:1-2; LUKAS 24:1


NAPAKALAKI NG BATO. PAANO TAYO MAKAKAHANAP NG MGA LALAKE UPANG ILIPAT ITO?
DI KO ALAM, NGUNIT TATLONG ARAW AT GABI NA ANG NAKALIPAS. KUNG WALANG MGA PABANGO, ANG KATAWAN AY AALINGASAW.
DI NILA ALAM ANG MGA SUNDALO AY NAGBANTAY SA LIBINGAN.


ILANG MINUTO ANG NAKARAAN.
MAYROON NANG NAGPAGULONG SA BATO!


ANG KANYANG KATAWAN AY NAWALA. ANG LIBINGAN AY WALA NANG LAMAN.


OH! SINO KAYO? NASAAN ANG KATAWAN NI HESUS?
NANDIYAN PA ANG MGA DAMIT PANLIBING!
HUWAG MAMANGHA. ALAM KO NA KAYO AY NAGHAHANAP KAY HESUS, NA IPINAKO. WALA SIYA RITO. SIYA AY BUMANGON NA GAYA NG SINABI NIYA NA MANGYAYARI.
HALIKAYO TINGNAN ANG LUGAR KUNG SAAN SIYA AY NAKAHIGA AT PAGKATAPOS HUMAYO KAYO AT SABIHAN ANG KANYANG MGA DISIPULO NA SI HESUS AY MAKIKIPAGTAGPO SA KANILA SA GALILEA.


SI HESUS AY BUHAY! KAGAGALING PA LANG NAMIN SA LIBINGAN.
IYONG MGA LALAKE IYON AY MGA ANGHEL!
DALI, KAILANGAN NATING LUMAKAD AT SABIHAN ANG MGA DISIPULO.
SI JESUS AY BUHAY!
MARKOS 16:3-8


SI JESUS AY BUHAY! SABI MO SIYA AY BUMANGON MULA SA PATAY; GAYA NI LAZARO!
SI HESUS AY WALA DOON, NGUNIT MAYROONG MGA ANGHEL DOON.
NAALALA NAMIN NA SINABI NI HESUS NA SIYA AY BABANGON MULI SA IKATLONG ARAW.
SINABI NG ANGHEL NA SI HESUS AY MAKIKIPAGTAGPO SA ATIN SA GALILEA.


PEDRO, SAAN KA PAPUNTA?
SA LIBINGAN.


SUMUNOD SI JUAN, AT NAUNAHAN SA PAGTAKBO SI PEDRO.
JUAN! HINTAY; DI AKO MAKATAKBO NG KASINGBILIS MO.


WALANG LAMAN!


ANONG IBIG SABIHIN NITO?
JUAN 20:2-6


JUAN, ANG DAMIT PANLIBING AY NAKATIKLOP PA NA PARANG SIYA AY TUMAYO AT LUMAKAD.
HINDI, HINDI ITO MAAARING MANGYARI.
NGUNIT NASAAN ANG MGA ANGHEL? BAKA ISANG PANGITAIN LANG ANG NAKITA NG MGA BABAE.



NAKITA BA NINYO ANG MGA LALAKE NA NAKADAMIT NG PUTI?
WALANG MGA LALAKE, WALANG MGA *ANGHEL*, WALA. ANG KANYANG KATAWAN AY NAWALA.


HU..HU.. HU, SINGHOT... SINGHOT
BABAE, BAKIT KA UMIYAK?


DAHIL KINUHA NILA PALAYO ANG AKING PANGINOON, AT DI KO ALAM SAAN NILA SIYA INILAGAY.


MARIA.


GURO!


MARIA, HUWAG MO AKONG HAWAKAN. DI PA AKO NAKAAAKYAT SA AMA. DATAPUWAT HUMAYO KA AT SABIHAN ANG MGA DISIPULO KUNG ANO ANG IYONG NAKITA AT AKO AY MAKIKIPAGTAGPO SA KANILA SA GALILEA.
PANGINOON KO, IKAW AY BUHAY.

JUAN 20:7-17


ANG MGA DISIPULO AY HINDI NANIWALA SA BALITA NA SI HESUS AY BUMANGON MULA SA PATAY.
SI PEDRO AT JUAN AY WALANG NAKITA, KAYA SA PALAGAY KO AY MAY NAGNAKAW SA KATAWAN. YONG MGA SIRA ULONG BABAE AY KAILANGAN HUMINTO SA PAGSASALITA NG WALANG KABULUHAN. ITO'Y NAGPAPABALISA SA BAWAT ISA.
BABALIK NA KAMI SA EMMAUS. WALA NANG IBA PANG BAGAY PARA SA AMIN DITO.


ITO ANG IKATLONG ARAW.
OO, NGUNIT BAKIT PINAHINTULUTAN NIYA SILA NA PATAYIN SIYA KUNG PLANO NIYANG BUMANGON MULI MULA SA PATAY?
OO, AT KUNG GUSTO NIYANG MAGING ***HARI***, DI NIYA GAWIN ITO SA ***SEKRETO***, DI BA GAWIN NIYA?


MAARI BA AKONG LUMAKAD NA KASAMA NIYO?
ABA! TINAKOT MO AKO. SAAN KA NANGGALING?
SIGURO, MABUTI ANG ARAW NA ITO SA PAGLALAKAD.


NARINIG KONG NAG-UUSAP KAYO HABANG PAPARATING. TILA MALUNGKOT KAYO.
DI MO BA NARINIG KUNG ANO ANG NANGYARI SA NAKARAANG TATLONG ARAW TUNGKOL KAY HESUS NA TAGA-NAZARET?


INASAHAN NAMIN NA SIYA NA ANG MESIYAS, NGUNIT SIYA AY IPINAKO SA KRUS.
KANINANG UMAGA MAY MGA BABAE NA NAGTUNGO SA LIBINGAN AT NATAGPUAN NA NAWAWALA ANG KANYANG KATAWAN! PINAHAYAG NILA N NAKAKITA SILA NG MGA ANGHEL NA NAGSABI NA SIYA AY BUHAY.




SALMO 22; ZECARIAS 13:7; LUKAS 24:13-26



ANG HESUS NA ITO NA TAGA-NAZARET, NA KANILANG IPINAKO SA KRUS, ANG UMANGKIN NA SIYA ANG CRISTO, KAPANTAY NG AMA, DI BA? SINABI NI ISAIAS NA ANG CRISTO AY TATAWAGIN NA "MAKAPANGYARIHANG DIYOS, ANG WALANG HANGGANG AMA." DI BA SINABI NI HESUS NA KUNG IKAW AY NAKAKITA SA KANYA, IKAW AY NAKAKITA SA AMA? ANG KANYANG PAG-ANGKIN AY TUNAY NA PINATOTOHANAN NG BANAL NA KASULATAN.


SINABI RIN NI ISAIAS NA SI CRISTO AY DARATING SA PANAHON NA WALANG HARING JUDEYO SA ISRAEL O JUDA, AT KAYA ITO NGAYON ANG PANAHON. NAGPATULOY SIYA SA PAGSABI NA ANG MESIYAS AY IPAGLILIHI AT ISISILANG NG ISANG BIRHEN. AYON KAY PROPETA MIKAS, SIYA AY ISISILANG SA BETHLEHEM SA JUDA, KUNG SAAN DOON NGA ISINILANG SI JESUS.
MARAMING PROPESIYA ANG NAGSABI SA ATIN NA SIYA AY GALING SA PAMILYA NI HARING DAVID. SILANG DALAWA NI JOSE AT MARIA AY NAGMULA KAY DAVID.


SINABI NG PROPETA NA SI CRISTO AY BUBUKAS SA MGA MATA NG MGA BULAG AT PAKAKAWALAN ANG MGA BILANGGO, NA SIYA AY MAGIGING PASTOL NG ISRAEL, AT DARATING SA ZION BILANG *TAGAPAGLIGTAS*.


HINULAAN NI ISAIAS NA SIYA AY TATANGGIHAN NG ISRAEL. NAKITA RIN NG MGA PROPETA NOON PA ANG KANYANG PAGDURUSA. HINDI NIYA IPAGTATANGGOL ANG KANYANG SARILI SA HARAP NG MGA NAGPAPARATANG. SIYA AY MASUSUGATAN AT BUBOGBUGIN AT ANG KANYANG BALBAS AY TATANGGALIN. SILA AY TITINGIN SA KANYANG KAHUBARAN AT DUDURA SA KANYANG MUKHA. IBIBIGAY NIYA ANG KANYANG LIKOD SA MGA MANANAKIT, HANGGANG ANG KANYANG PAGMUMUKHA AY MAPINSALA NG HIGIT PA SA IBANG TAO. SIYA AY MAGIGING ISANG TUPA NA DINALA SA ISANG PATAYAN NG HAYOP, AT LAHAT NITO AY MAGRERESULTA SA KANYANG KAMATAYAN. SIYA AY ILILIBING SA LIBINGAN NG ISANG MAYAMANG TAO.


ANG PROPETA ZECARIAS AY NAGSABI SA ATIN NA ANG TAGAPAGLIGTAS AY PAGTATAKSILAN NG ISANG KAIBIGAN DAHIL SA 30 PIRASO NG PILAK. SIYA AY BUBUTASAN, SASAMPALIN, AT SUSUGATAN SA KANYANG MGA KAMAY NG KANYANG MGA KAIBIGAN.


NGUNIT HINDI ITO TRAHEDYA NA HINDI NIYA MAPIGILAN. DI BA SINABI NI HESUS NA WALANG TAONG MAKAKAKUHA NG KANYANG BUHAY MULA SA KANYA, DATAPWAT SA KANYANG SARILING KALOOBAN AY INIHAIN NIYA ITO? SINABI NI ISAIAS NA KINALUGDAN NG DIYOS NA MABUGBOG SIYA, DAHIL ANG KANYANG KALULUWA AY GINAWANG ISANG KALOOB PARA SA KASALANAN. DAHIL SA KASALANAN NG IBA SIYA AY HINAMPAS, DAHIL PINASAN NIYA ANG KASALANAN NG MARAMI, AT AARIING-GANAP ANG MARAMI SA KANYANG KAMATAYAN.
NGUNIT ANG KAMATAYAN AY HINDI KATAPUSAN. NAKITA NA NI ISAIAS NOON PA NA ANG KANYANG BUHAY AY MAGPAPATULOY PAGKATAPOS NG KAMATAYAN; SIYA AY MABUBUNYI, MALALAGAY NA MATAASAT MAGIGING NAPAKATAAS. SIYA AY MAGIGING KALIGTASAN SA KATAPUSAN NG MUNDO. SIYA AY HINDI MABIBIGO. ANG MESIYAS AY MAGIGING BAGONG KASUNDUAN.





ISAIAS7:14,16, 9:6,11:1, 40:11, 42:7, 49:7, 52:14; 53:1,3, 59:20; SALMO 22:15, 41:9, 42:4,6, 45:23, 49:6, 52:13; JEREMIAS 23:5-6; MIKAS 5:2; ZECARIAS 11:12-13, 12:10, 13:6-7; JUAN 10:18


ITO ANG AKING BAHAY. KUNG MAARI GINOO, MALAPIT NA ANG GABI. HALIKA AT TUMIRA SA AMIN SA GABING ITO. GUSTO KONG MAKARINIG PA NG MGA KARAGDAGANG HULA TUNGKOL KAY HESUS.


GINOO, IKARARANGAL NAMIN KUNG KAYO AY MANALANGIN SA ATING PAGKAIN.



PAGPALAIN KA O PANGINOON NAMING DIYOS, HARI NG SANLIBUTAN, NA NAGKALOOB NG TINAPAY MULA SA LUPA. SA PAGKAING ITO, KAMI ANAGPAPASALAMAT.


KUMUHA AT KUMAIN.
JESUS! IKAW YAN.
GURO!


SIYA'Y NAGLAHO!
NAWALA SIYA!
SA BUONG PANAHON, SI HESUS PALA!
DI KATAKATAKA NA ALAM NIYA ANG LAHAT NG MGA HULA.




LUKAS 24:28-32



SAMANTALA DOON SA HERUSALEM.
IKANDADO MONG MABUTI. ANG MGA PARI AY MAS GALIT NGAYON LALO NA ANG KATAWAN NI JESUS AY NAWALA. SINASABI NILA NA NINAKAW NATIN ANG KATAWAN.
MULA SA BUONG PULUTONG NG MGA SUNDALO?



SINABI NIYA NA SIYA AY BABANGON MULI SA IKATLONG ARAW.
DI AKO MANINIWALA NA SIYA AY BUHAY HANGGANG SA MAKITA KO SIYA AT MAILAGAY ANG AKING MGA KAMAY SA MGA BAKAS NG PAKO SA KANYANG MGA KAMAY.


ESPIRITU!
SI HESUS!
TULONG!
HUWAG MATAKOT. TOMAS, SINABI MO NA IKAW AY DI MANINIWALA HANGGANG IKAW AY MAKAKITA. NGAYON IABOT ANG IYONG KAMAY AT DAMAHIN MO ANG MGA BAKAS NG PAKO. HALIKA, HIPUIN MO ANG SUGAT SA AKING TAGILIRAN.



IKAW ANG AKING **PANGINOON** AT AKING **DIYOS**.
TOMAS, IKAW AY PINAGPALA DAHIL IKAW AY NAKAKITA AT NANIWALA, NGUNIT IYONG MGA DI NAKAKITA AT MANINIWALA PA RIN AY MAS LALONG **PAGPAPALAIN**.


GURO!
MAGDALA KAYO SA AKIN NG MAKAKAIN. MARAMING BAGAY ANG ITUTURO KO SA INYO, AT AKO'Y MAKASAMA NINYO NG IILANG ARAW LANG.
HESUS!
JUAN 20:26-31; LUKAS 24:36-43


KAILANGAN NINYONG SABIHAN ANG LAHAT NG AKING MGA DISIPULO NA MAKIPAGTAGPO SA AKIN SA GALILEA. AKO'Y MAKIKIPAGUSAP SA INYO DOON.
ITO AY NAISULAT MATAGAL NA SA KASULATAN NA SI CRISTO AY MAGDURUSA PARA SA INYONG MGA KASALANAN AT BABANGON MULA SA PATAY SA IKATLONG ARAW, AT ANG EBANGHELYO AY IPAPANGARAL SA LAHAT NG MGA BANSA, SIMULA SA HERUSALEM SA KANYANG PANGALAN. MAGHINTAY SA HERUSALEM HANGGANG SA ISUGO KO ANG BANAL NA ESPIRITU NA TITIRA SA INYO. SIYA AY MAGBIBIGAY SA INYO NG KAPANGYARIHAN SA PANGANGARAL NG EBANGHELYO.




MATEO 28:18-20;
LUKAS 24:44-49; JUAN 14:2-4


PUMUNTA SA HERUSALEM AT MAGHINTAY SA BANAL NA ESPIRITU NA SASA-INYO AT BIBIGYAN KAYO NG KAPANGYARIHAN NA MAGSALITA SA AKING PANGALAN.
BABALIK NA SIYA SA KANYANG AMA.
UMAAKYAT SIYA.


AKO'Y KASAMA NINYO PALAGI, SA DULO NG MUNDO.
WALA NA SIYA. BUMALIK NA SA LANGIT.


BAKIT PA KAYO NAKATINGIN SA LANGIT?
ANO? SINO IYAN?
SILA RIN ANG DALAWANG MGA ANGHEL NA NAKITA KO SA LIBINGAN.


SA IBANG ARAW AY BABALIK SI HESUS SA ISANG ULAP SA PARAAN KATULAD KUNG PAANO NIYO SIYANG NAKITANG UMALIS
SIYA AY BUMALIK NA SA KANYANG AMA SA LANGIT.
BUMALIK KAYO SA HERUSALEM AT HINTAYIN ANG ESPIRITU.
LUKAS 24:49-51; MGA GAWA 1:7-11



ANG MGA DISIPULO NI JESUS AY NAGPUNTA SA HERUSALEM GAYA NG INUTOS NI HESUS, AT DOON SILA NAGPATULOY SA PANANALANGIN SA LOOB NG 10 ARAW, NAGHIHINTAY SA PANGAKO NA KAPANGYARIHAN GALING SA ITAAS. SILA'Y NATAKOT NA MAGSALITA SA PUBLIKO TUNGKOL SA PAGBANGON MULI NI HESUS, BAKA SILA RIN AY PAPATAYIN.


ANG LUGAR NA KUNG SAAN SILA NANANALANGIN AY NIYANIG, AT ISANG MALAKAS NA HANGIN ANG UMIHIP SA SILID HABANG ANG MGA DILA NA APOY AY BUMABA SA BAWAT ISA SA KANILA.


SILA AY PUSPOS NG ESPIRITU AT NAGSIMULA SA PAGPURI SA DIYOS SA MARAMING MAGKAIBANG MGA WIKA NA HINDI NILA KILALA.


NANG DUMATING ANG ESPIRITU SA KANILA AY NAWALAN SILA NG TAKOT SA MGA TAO AT LUMABAS UPANG SAMBAHIN AT PURIHIN ANG DIYOS SA PUBLIKO.
PURIHIN ANG DIYOS AT AMA NG ATING PANGINOONG HESU-CRISTO.
MASASABI KONG SILANG LAHAT AY MGA LASING, SUBALIT SILA'Y NAGSASALITA NG AKING WIKA NG WALANG PAGKAKAMALI, WALANG PUNTO.


MGA GAWA 1:12-14, 2:1-13,32,36
NAGSASALITA RIN SILA NG AKING WIKA. PAANONG NATUTO ANG MGA TAONG ITO NG MAHUSAY SA LAHAT NG MGA WIKA? HINDI NAMAN SILA MGA TAONG NAG-ARAL!
KAYONG MGA TAO SA ISRAEL, KAYO AY NAKAKITA SA HIMALA NA GINAWA NI HESUS. ITO ANG PATUNAY NA ANG DIYOS AY KASAMA NIYA, AT KAHIT KAYO AY NAGPAKO SA KANYA SA KRUS, *BINANGON SIYA NG DIYOS* MULI MULA SA MGA PATAY.



ISANG LIBONG TAON ANG NAKALIPAS, SI DAVID AY NAGHULA TUNGKOL SA KANYA, "DI MO PAHINTULUTAN ANG AKING KALULUWA SA IMPIYERNO, NI MAGPAHINTULOT SA IYONG BANAL NA MAKAKITA NG ***PAGKABULOK***."
KAYA ALAMIN NGANG MAY KATIYAKAN NG LAHAT NG SAMBAHAYAN NI ISRAEL NA GINAWA NG DIYOS, ITONG SI JESUS NA INYONG IPINAKO SA KRUS, ***NA PANGINOON AT CRISTO***.


ANO ANG AMING GAGAWIN, NGAYONG NAKITA NAMIN NA AMING *PINAKO* ANG CRISTO?
MAGSISI KAYO AT MAGPABAWTISMO SA PANGALAN NI HESU-CRISTO PATUNGKOL SA PAGPAPATAWAD NG INYONG MGA KASALANAN. AT TATANGGAPIN NINYO ANG KALOOB NG ***BANAL NA ESPIRITU.***


SI JESUS AY PANGINOON
AKO AY SUMAMPALATAYA KAY JESUS. BAUTISMUHAN AKO!
KAYA ANG MGA TUMANGGAP NG KANIYANG SALITA NA MAY KASIYAHAN AY NABAWTISMUHAN. AT SA ARAW NA IYON, NADAGDAG SA KANILA ANG MAY TATLONG LIBONG KALULUWA.


MGA ILANG BUWAN ANG NAKALIPAS
PARANG KAHAPON LAMANG NA SI JESUS AY NANDITO KASAMA NATIN. OO, PERO ALAM MO, RAMDAMAN KO NA ANG KANYANG PRESENSYA AY MAS MALAKAS NGAYON KAYSA NOONG SIYA AY KASAMA NATIN.
MAY ILANG LIBO NANG MGA TAO ANG SUMUSUNOD KAY JESUS, NADADAGDAGAN PA SA BAWAT ORAS.


OO, NGUNIT ALAM NA NG DIYOS ANG BAWAT BAGAY BAGO PA ITO MANGYARI AT MAYROONG HIGIT 340 NA MGA HULA ANG IBINIGAY TUNGKOL SA MESIYAS. IYAN ANG PARAAN KUNG PAANO NAMIN ALAM NA SI HESUS ANG NAG-IISA AT TOTOONG ISINUGO MULA SA DIYOS.
SALMO 2, 16:2; MGA GAWA 2:27,37-41



KUNG MAAARI, MGA GINOO, KAHIT MALIIT NA BARYA LANG PARA SA ISANG *MAHIRAP AT PILAY?*
PEDRO, AKO'Y WALA TALAGANG PERA. MERON KA BANG MGA BARYA?
WALA RIN, NGUNIT DAHIL DUMATING NA ANG BANAL NA ESPIRITU SA ATIN, MERON PA RIN TAYONG MAIBIBIGAY SA KANYA


WALA AKONG PILAK AT GINTO. NGUNIT IBIBIGAY KO SA IYO KUNG ANO ANG NASA AKIN. SA PANGALAN NI ***HESU- CRISTO,*** TUMAYO KA AT LUMAKAD.
HUWAG MALUPIT. ANG TAO AY PILAY SIMULA NANG ISILANG. ANG KANYANG MGA PAA AY LUMIIT NA HALOS WALA NA.


PINAGALING KA NI HESU-CRISTO.


HAP!
PANGINOONG DIYOS, MAKAPANGYARIHAN SA LAHAT.
ANG KANYANG MGA BINTI AY LUMALAKI!


DI AKO MAKAPANIWALA DITO. ANG TAONG PILAY AY *NAGLALAKAD* NA.
HINDI, SIYA AY *LUMULUKSO*.
KALUWALHATIAN SA *DIYOS!* SALAMAT SA IYO *HESUS!*
MGA GAWA 3:1-11


IYAN ANG TAO NA PILAY. ANG KANYANG MGA PAA AY HALOS WALA NANG MGA LAMAN.
BAKIT KAYO NAKATINGIN SA AMIN NA PARANG KAMI ANG NAKAGAWA NG HIMALA NA ITO? ANG DIYOS NI ABRAHAM, ISAAC, AT JACOB AY NILUWALHATI ANG KANYANG ANAK NA SI *HESUS,* NA INYONG IPINAKO.
SABI NILA SIYA AY PINAGALING SA PANGALAN NI *HESUS,* ANG TAONG *IPINAKO*.
INYONG PINATAY ANG PRINSIPE NG BUHAY, NGUNIT ANG DIYOS AY *NAGBANGON* SA KANYA MULI MULA SA MGA *PATAY,* AT NAKITA NAMIN SIYA NA BUHAY. DAHIL SA PANANAMPLATAYA SA PANGALAN NI *HESUS* KAYA ANG TAONG ITO AY GUMALING.


ALAM KO NA DAHIL SA INYONG PAGKA IGNORANTE AY IPINAKO NIYO SI HESUS, NGUNIT ANG MGA PROPETA AY NAGBABALA SA ATIN NA ANG MGA BAGAY NA ITO AY MAGAGANAP.
KAYONG LAHAT AY NAKAKAKILALA SA AKIN. ANG DIYOS LAMANG ANG MAKAPAGBIGAY MULI SA AKING MGA BINTI. MANIWALA AT SUMUNOD KAYO KAY ***HESUS***.


BAGUHIN ANG INYONG MGA ISIPAN TUNGKOL KAY HESUS AT MAGING KANYANG MGA ***DISIPULO*** UPANG ANG INYONG MGA KASALANAN AY MATANGGAL.




MGA GAWA 3:12, 14-19, 4:1-3



ITO AY ISANG *HIMALA,* GAYA NG GINAWA NI JESUS NANG SIYA AY NANDITO.
NGAYON, INA-ARESTO NILA ANG MGA PILAY DAHIL SA *PAGLAKAD*.
MERON AKONG ISANG KAPITBAHAY NA UMANGKIN NA NAKAKITA KAY HESUS NA BUHAY PAGKATAPOS NG KANYANG KAMATAYAN. SABI NIYA NA SIYA AY NAGPAKITA SA MAHIGIT 500 SA ISANG PANAHON.
HAHANAPIN KO ANG IBANG MGA DISIPULO AT MATUTO NG HIGIT PA.


AKALA KO AY NAWALA NA SA ATIN ANG MGA SEKTA NG MGA HUWAD NA___ NANG ATING IPAKO ANG KANILANG PINUNO.
PAHAYAG NILA NA SIYA AY BUHAY.
KAYA PATAYIN NATIN SIYANG MULI AT ANG LAHAT NG KANYANG TAGASUNOD.
SABI NILA NA SIYA AY KASAMA NG AMA SA LANGIT
MABUTI, MALAPIT NA NIYANG MAKASAMA YUNG DALAWA.
MGA GAWA 4:3-6


ALAM NAMIN NA ANG TAONG ITO AY NAGING PILAY MULA SA KANYANG **PAGKASILANG**. PAANO NIYO NAGAWANG **PAGALINGIN** SIYA? SA KANINONG **PANGALAN** NIYO GINAWA NITO?
SA PANGALAN NI ***HESU-CRISTO*** NA TAGA NAZARET, ANG TAO NA INYONG IPINAKO SA KRUS, NA BINANGON MULI NG DIYOS MULA SA MGA PATAY, ANG TAONG ITO'Y GUMALING. TANDAAN ANG SABI NG KASULATAN, *"ANG BATO NA ITINAKWIL NG MGA TAGAPAGTAYO AY SIYANG NAGING BATONG-PANULOK."*


WALA NANG IBANG KALIGTASAN SA KANINO MAN SAPAGKAT WALANG IBANG PANGALAN SA ILALIM NG LANGIT NA IBINIGAY SA MGA TAO NA IKALILIGTAS NATIN..


ANG MGA TAONG ITO SA PALAGAY KO'Y MGA IGNORANTE. HINDI SILA NAKAPA- GARAL, SUBALIT SINIPI NILA NG MALAYA ANG MGA PROPETA.
NAKIKILALA KO SILA. SILA NGA AY NAKASAMA NI HESUS.
WALANG MAITUTULONG ANG PAGTAKWIL SA HIMALA. ANG BAWAT ISA AY NAKAALAM NA SIYA AY PINAGALING AT ALAM NILA NA ANG MGA DISIPULO NI HESUS ANG GUMAGAWA NITO SA KANYANG PANGALAN. NAGKAROON TAYO NG SULIRANIN DITO.


SALMO 118:2; MGA GAWA 4:7-21 * ANG MGA RELIHIYOSONG PINUNO NA KILALA BILANG MGA SADUCEO AY DI NANINIWALA SA PAGKABUHAY NA MAGULI NG MGA PATA (MATEO 22:23 AT MGA GAWA 23:6-8)
PALABASIN NIYO NA SILA SA LUGAR NA ITO!
KUNG KAYO AY MAGPAPATULOY SA PAGSASALITA AT SA PAGPAPAGALING SA PANGALAN NITONG PATAY NA HESUS, TATANGGAPIN NIYO RIN ANG ANG PAREHONG KAPALARAN TULAD NIYA.NAINTINDIHAN NIYO BA AKO? NGAYON, LUMAYO KAYO SA AKING PANINGIN AT HUWAG NIYO NANG HAYAAN NA MAKAKARINIG PA AKO NG KALOKOHANG ITO TUNGKOL SA ***PAGKABUHAY NA MAGULI.***
KAYO NA ANG HUMATOL KUNG MATUWID SA MGA MATA NG DIYOS ANG PAGSUNOD SA INYO KAYSA SA ***DIYOS,*** NGUNIT KAILANGAN NAMING MAGSALITA NG MGA BAGAY NA AMING NAKITA AT NARINIG.





ANG EBANGHELYO AY KUMALAT SA BUONG ISRAEL. MARAMI ANG SUMAMPALATAYA KAY HESUS AT NABAUTISMUHAN SA TUBIG.
ANG IGLESYA AY NAGING ISANG PAMILYA NA LIBO-LIBO, PUNO NG PAGIBIG AT KAPAYAPAAN.
KAYO BA AY NAKARINIG NA SA ***MABUTING*** BALITA TUNGKOL KAY ***HESU- CRISTO?***
SI HESUS AY NABUHAY NA MAGULI SA MGA ***PATAY***. SIYA AY ***BUHAY*** AT KASAMA NATIN KAHIT NGAYON.


SA IGLESYA, ANG MGA BABAE AY ITINUTURING NA MAY RESPETO AT KAHALAGAHAN.
SIMULA NANG SUMAMPALATAYA ANG AKING PAMILYA KAY HESUS, SA UNANG PAGKAKATAON MERON NANG KAPAYAPAAN SA AMING TAHANAN.


ANG MGA CRISTIANO AY UMAAWIT HABANG SILA AY NAGTATRABAHO.
ANG MGA CRISTIANO AY DUMAMI NG LIBO-LIBO AT SILA AY NAGPATULOY SA PAMAMAHAGI NG KANILANG MGA PAG-AARI AT SA ARAW-ARAW AY IPINANGANGARAL NILA SI HESUS SA BAHAY-BAHAY AT SA MGA DAANAN SA BAWAT ISA NA KANILANG NAKAKATAGPO.
MGA GAWA 4:10; 13:30-32


KAYONG MGA TAO NG ISRAEL, ALAM NINYO NA SINABI NG DIYOS SA ATING MGA NINUNO NA ANG KANILANG MGA BINHI AY DADALHIN SA ISANG DAYUHANG LUPAIN AT MAMUMUHAY DOON BILANG *MGA ALIPIN* SA LOOB NG *400* NA TAON, AT PAGKATAPOS NIYON SINABI NG DIYOS NA SIYA AY HAHATOL SA BANSA NA IYON AT *ILILIGTAS* ANG KANYANG BAYAN PATUNGO SA LUPAIN NA IBINIGAY KAY ABRAHAM.


DATAPUWAT GUMAWA SI SOLOMON NG BAHAY NG DIYOS. NGUNIT ANG PINAKAMATAAS AY DI NANINIRAHAN SA MGA *TEMPLO* NA GAWA NG MGA *KAMAY*; GAYA NG SINABI NG PROPETA: "*ANG LANGIT* AY AKING TRONO, AT ANG LUPA AY AKING TUNGTUNGAN: ANONG BAHAY ANG ITATAYO NIYO SA AKIN? SABI NG PANGINOON: O ANO ANG LUGAR ANG AKING MAGIGING PAHINGAHAN? HINDI BA NILIKHA NG *AKING KAMAY* ANG ANG LAHAT NG MGA BAGAY NA ITO?"
ESTEBAN, HUWAG GAWING HANGAL ANG IYONG SARILI.
*IKAW AY NAGSALITA LABAN SA AMING TEMPLO!*



ISAIAS 66:1;
MGA GAWA 7:1-57
KAYO AY MATIGAS ANG ULO AT REBELDE. ANG INYONG PUSO AY DI MATUWID SA DIYOS. KAYO AY LUMALABAN SA BANAL NA ESPIRITU GAYA NG GINAWA NG INYONG MGA NINUNO. KAYO AT ANG INYONG MGA NINUNO AY INUSIG AT PINATAY ANG MGA PROPETA NA HUMULA SA PAGDATING NI HESU-CRISTO, NGUNIT PINAGTAKSILAN AT PINATAY NIYO RIN SIYA.


ESTEBAN, TINAWAG MO SA IYONG SARILI NA ISANG *JUDEYO?*
SINISIRA MO SA AMING ***BATAS*** AT TRADISYON AT ANO NAMAN ANG IPAPALIT *MO DITO?* ISANG ***TAONG PATAY*** NA WALANG NANG NAKAKITA MULA NANG SIYA AY ***IPAKO*** NG MGA ROMANO?
MASDAN, NAKIKITA KO ANG KALANGITAN NA NABUKSAN, AT ANG ANAK NG TAO NA NAKATAYO SA KANANG KAMAY NG DIYOS. ***OH! ANONG KALUWALHATIAN!***


ITAKIP ANG INYONG MGA KAMAY SA INYONG MGA TAINGA. HUWAG MAKINIG SA GANYANG *PAGLAPASTANGAN!*
*KARAPATDAPAT SIYANG MAMATAY!*
DALHIN SIYA PALABAS NG LUNGSOD AT *BATUHIN* SIYA UPANG MAMATAY.


LAPASTANGAN!
NAGTANGKA SIYA NA *LIPULIN* ANG ATING *RELIHIYON*.
*IPINAKO* NAMIN SI CRISTO. *BABATUHIN* KA NAMAN NAMIN.
SI HESUS AY PANGINOON PA RIN PAGKATAPOS NINYO AKONG BATUHIN.


NILAPASTANGAN NIYA ANG ATING **RELIHIYON**. ANG SABI NAMIN SIYA AY DAPAT MAMATAY. SAUL, KAMI BA AY MAYROONG SUPORTA SA MGA OTORIDAD?
AKO ANG PIPIRMA PARA SA KATUPARAN NG KANYANG KAMATAYAN. SIYA AY ISA SA MGA TAGASUNOD SA **PATAY** NA HESUS NA TAGA NAZARET. ANG PAGLAPASTANGAN NA ITO AY DAPAT MAHINTO. IPAGPATULOY ANG PAGBABATO.


SAUL, BANTAYAN MO ANG AKING KAPA.
PANGINOONG JESUS, TANGGAPIN ANG AKING ESPIRITU, AT HUWAG MO SILANG PAPANAGUTIN SA KASALANANG ITO.
MGA GAWA 7:58-59


KLANK!


AT SA PANAHON NA IYAN MERONG MALAKING PAG-UUSIG LABAN SA IGLESYA SA JERUSALEM, AT ANG BAWAT ISA AY UMALIS SA LUNGSOD, MALIBAN SA MGA APOSTOL.
ITO'Y SIMULA PA LAMANG!
TAPUSIN ANG MGA TAO NI HESUS!
PATAYIN ANG LAPASTANGAN!


MERON PA BANG MGA TAGASUNOD NI CRISTO DIYAN SA LOOB?
HUWAG SAKTAN ANG AKING PAPA!
DAKPIN PATI RIN ANG BABAE.
ANG PARISEONG SI SAULO AY NAKIPAG- AWAY LABAN SA IGLESYA, PINASOK ANG BAWAT BAHAY AT IKINULONG ANG MGA LALAKE AT BABAE SA BILANGGUAN.
MGA GAWA 7:59-8:3


HABANG ISANG CRISTIYANO NA PINANGALANANG SI FELIPE AY NANANALANGIN, ISANG ANGHEL ANG NAGSALITA SA KANYA.
FELIPE, TUMAYO, AT BUMABA KA SA TIMOG SA MALAKING DAAN NA PATUNGO MULA JERUSALEM HANGGANG SA GAZA.


HINDI KO ALAM BAKIT GUSTO NIYA AKO DITO. NGUNIT KUNG ANG DIYOS ANG NAGSABI NA *PUMUNTA,* AKO AY *PUPUNTA*.


MUKHANG ITO NA ANG LUGAR. NGAYON, *ANO* ANG AKING GAGAWIN, PANGINOON?


PANGINOON, ANO ANG GUSTO MO?


ISANG KARAVAN!
PANGINOON, ITO BA ANG DAHILAN KUNG BAKIT MO AKO DINALA DITO? MERON BANG ISA DOON NA IYONG PINILI PARA SA IYONG SARILI?
LAKAD AT ISAMA MO ANG IYONG SARILI SA KARAVAN NA ITO.
MGA GAWA 8:26-29


NARITO ANG ISANG TAONG MAY MALAKING KAPAMAHALAAN SA SERBISYO SA REYNA NG ETIOPIA. SIYA ANG KANYANG TRESURERO, NA PINAGKATIWALAAN SA LAHAT NG YAMAN NG KAHARIAN. PUMUNTA SIYA SA JERUSALEM UPANG MAGSIMBA SA NAKAUGALIAN NG MGA JUDEYO, AT NGAYON AY PABALIK NA SA ETIOPIA, AT SIYA AY NAGBABASA NG KASULATAN.
GAYA NG ISANG TUPA NA DINALA SA PATAYAN, AT GAYA NG TUPANG NASA HARAP NG MANGGUGUPIT, GAYON MA'Y HINDI NIYA BINUKA ANG KANYANG BIBIG, SAPAGKAT INALIS SA LUPA ANG KANYANG BUHAY ...



NARINIG KO NA IKAW AY NAGBABASA MULA SA PROPETA ***ISAIAS***. ***NAINTINDIHAN*** MO BA ANG IYONG BINABASA?
IKAW AY NAKAKILALA KUNG ANO ANG AKING BINABASA. NGUNIT DI KO MAUUNAWAAN HANGGA'T MAY ISA NA ***MAGPAPALIWANAG*** SA AKIN NITO. HALIKA, SUMAKAY AT ***SUMABAY*** SA AKIN.


KAGA- GALING MO PA LANG BA SA *HERUSALEM?*
OO, AKO'Y NAGPUNTA DOON UPANG MAGSIMBA. ANG RELIHIYON NG AKING BANSA AY HINDI MAKAPAGBIGAY NG *KAPAYAPAAN*. ANG DIYOS AY PARANG NAPAKALAYO.


NAKABASA AKO NG ISANG IPINANGAKONG MESIYAS. NGAYON NANG AKO'Y PUMUNTA SA HERUSALEM MERONG ISANG LIBONG NAGPAHAYAG NA SIYA AY ***DUMATING NA,*** NGUNIT SIYA AY ***IPINAKO*** SA KRUS AT PAGKATAPOS ***BINANGON*** MULA SA ***PATAY***.
AKO'Y NAGSALIKSIK SA MGA PROPETA UPANG MAKITA KUNG MAY ANO MANG BAGAY NA HINULAAN. ALAM MO BA KUNG ANG PROPETA ISAIAS AY NAGSASALITA TUNGKOL SA KANYANG SARILI, O PATUNGKOL SA IBANG TAO?
ISAIAS 53:3-10, MGA GAWA 8:35; ROMA 2:16, 2 CORINTO 5:21


GALING KA PA LAMANG SA JERUSALEM, KAYA ALAM MO NA KAHIT GUMAWA SI HESUS NG MGA *DAKILANG* HIMALA, ANG AMING MGA PINUNO AY *TINANGGIHAN* SIYA.
ALAM MO BA, NA ANG AKLAT NI ISAIAS AY ISINULAT HALOS **800** TAON NA ANG NAKALIPAS. ANG BUONG IKA-53 NA KAPITULO AY ISA LAMANG SA MARAMING HULA TUNGKOL SA MESIYAS. SABI DOON SIYA AY *"KINASUKLAMAN AT TINANGGIHAN."*



ANG BERSIKULO 7 AY ISANG HULA NA NANG SI HESUS AY TUMAYO SA HARAP NG KANYANG MGA HUKOM HINDI NIYA IPINAGTANGGOL ANG KANYANG SARILI.
HINULAAN NI ISAIAS NA SI HESUS AY MAGDURUSA NG MGA SUGAT UPANG BAYARAN ANG ATING MGA KASALANAN. AT SA BERSIKULO 5, SINABI DITO NA ANG KAPARUSAHANG NAKATAKDA SANA PARA SA ATIN BILANG MGA MAKASALANAN AY IPAPATONG KAY JESUS.
KASAL ANAN


NAGSABI ANG BERSIKULO 8 NA SIYA AY KINUHAMULA SA BILANGGUAN AT NA SIYA AY PAPATAYIN UPANG MAGBAYAD PARA SA PAGSUWAY SA BATAS NG KANYANG BAYAN.
NAGUSTUHAN KO NG HUSTO ANG BERSIKULO 6 NA KUNG SAAN ITO ANG SINASABI, "TAYONG LAHAT NA GAYA NG MGA TUPANG NALIGAW; TAYO AY TUMUNGO BAWA'T ISA SA KANYANG SARILING DAAN; AT IPINASAN SA KANYA NG PANGINOON ANG KASAMAAN NATING LAHAT." IYAN AY NAGSASABI SA ATIN NA ANG BAWAT TAO AY LUMIHIS SA KALOOBAN NG DIYOS AT NAGTUNGO SA KANYANG SARILING MAKASALANANG DAAN, SUBALIT INILAGAY NG DIYOS ANG ATING MGA SALA KAY JESUS KAYA NANG SIYA'Y NAMATAY SIYA AY NAGBAYAD PARA SA ATING MGA PAGSUWAY.
INRI


SINABI ANG BERSIKULO 9 NA SI HESUS AY ILILIBING KASAMA NG MGA MAYAYAMAN AT SA MASASAMA.
AT NAGSABI ANG BERSIKULO 9 SA ATIN NA SI HESUS AY HINDI NAGKASALA KATULAD NG IBANG MGA TAO AT KALOOBAN NG DIYOS NA SI HESUS AY MABUGBOG AT MAGDALAMHATI, DAHIL GINAWA NI HESUS NA PAMBAYAD ANG KANYANG KALULUWA PARA SA KASALANAN.


ANG BERSIKULO 10 NAGSASABI TUNGKOL SA KANYANG PAGKABUHAY NA *MAGULI*, AT PAGKATAPOS SA GAWAIN NA MANGYAYARI.
AT MARAMING PANG IBANG MGA HULA ANG NAGSASABI SA ATIN NA PAGKATAPOS NG KANYANG PAGKABUHAY NA MAGULI, SI HESUS AY UUPO SA TRONO AT PAGKATAPOS NATING MAMATAY, TAYONG LAHAT AY TATAYO SA HARAPAN NIYA AT MAGBIBIGAY SULIT SA BUHAY NA ATING ISINABUHAY.
ISAIAS 53; MGA GAWA 8:27,30-34


AKO'Y NAKARINIG NG MARAMING BESES SA MGA ESKRIBA AT SASERDOTE NA NAGSALITA TUNGKOL SA HULA SA MESIYAS. BAKIT MARAMI SA KANILA AY HINDI *TUMANGGAP* KAY HESUS?
MAY ILAN SA MGA SASERDOTE AT MGA ESKRIBA ANG TUMANGGAP NA KAY HESUS, NGUNIT ANG IBA AY NASAKTAN NANG ITINURO NIYA ANG KANILANG BANAL NA PAGKUKUNWARI. NIAS NILA AY ISANG MESIYAS NA PAPATAY SA MGA ROMANO, HINDI NG ISANG TAO NA NAGBUNYAG NG KANILANG MGA KASALANAN. NAIS NILA ANG MAMAHALA SA ISANG *KAHARIAN,* NGUNIT DI NILA GUSTO NA ANG DIYOS ANG MAMAHALA SA KANILANG *MGA PUSO.*


MAYROON PA BANG IBANG MGA HULA NA TINUPAD NI HESUS?
ANG SALMO 22 AY ISANG HULA SA KANYANG KAMATAYAN SA PAMAMAGITAN NG *PAGPAPAKO SA KRUS.*
NGUNIT HINDI BA ANG MGA SALMO AY ISINULAT NG *1000* TAON NA ANG NAKARAAN. BAGO PA MAY GUMAMIT NG *PAGPAPAKO SA KRUS* BILANG PARUSA SA KAMATAYAN?




SA SALMO 22:16 ITO'Y NAGSASABI SA ATIN NA ANG KANYANG KAMAY AT MGA PAA AY BUBUTASAN- NA PARANG DINAANAN NG MGA PAKO. ANG BERSIKULO 14 NG SALMO 22 AY NAGSASABI SA ATIN PAANO SIYA MAUUHAW AT NA ANG KANYANG MGA BUTO AY MAWAWALA SA KASUKASUAN SA KANYANG PAGKAMATAY, NGUNIT PAGKATAPOS ANG SALMO 34:20 AY NAGSABI SA ATIN NA WALANG ISANG BUTO MAN ANG MABABALI NANG SIYA AY IPINAKO SA KRUS. AT GAYA NG INYONG NALAMAN, KAUGALIAN NA DURUGIN ANG MGA BUTO NG MGA IPINAPAKO, NGUNIT SI HESUS AY NAMATAY NA BAGO PA NILA MADUROG ANG KANYANG BUTO. ANG BERSIKULO 17 SA SALMO 22 AY NAGHULA NA SILA AY TITINGIN SA KANYANG PAGKAHUBAD AT ANG BERSIKULO 18 NAGSABI SA ATIN PAANO SILA MAGPALABUNUTAN SA KANYANG DAMIT HABANG AT ANG IBA AY HINATI NILA SA MALILIIT NA PIRASO PARA SA KANILANG MGA SARILI.

GANOON DIN SA ZECARIAS 12:10 AY NAGSASABI SA ATIN NA ANG KANYANG MGA KAMAY AY BUBUTASAN, AT SA HULI, ANG MGA JUDEYO AY MAKAKITA ANG MGA BAKAS SA KANYANG MGA KAMAY. ANG ISAIAS 50:6 AY NAGSASABI NA ANG KANYANG LIKOD AY PAPALUIN AT SASAMPALIN SIYA SA PISNGI. ANG SALMO 16:10 AY NAGSABI SA ATIN NA KAHIT SIYA AY ILIBING, ANG KANYANG KATAWAN AY HINDI MANANATILI SA LIBINGAN NANG MATAGAL UPANG MAAAGNAS. ANG MGA HULA AY NAGSASABI SA ATIN NA SIYA AY PAGTATAKSILAN NG ISANG KAIBIGAN, AT ANG MAGTATAKSIL AY MAGBIBIGTI NG KANYANG SARILI, AT MAUUWI NA ANG KANYANG KATAWAN AY MAHUHULOG AT LALABAS ANG KANYANG MGA BITUKA SA ISANG BUKID, NA GAGAMITIN DIN ITO UPANG ILIBING ANG MGA DAYUHAN. ANG LAHAT NG MGA BAGAY NA ITO AT MARAMI PA ANG NATUPAD GAYA NG PAGKASULAT NG MGA PROPETA. WALANG NANG KATANUNGAN NA ANG MESIYAS AY SI HESUS NA TAGA NAZARET, ANG TAGAPAGLIGTAS NG SANLIBUTAN.

SALMO 16:10; 22:6,17-18; 34:20;
ISAIAS 50:6, ZECARIAS 12:10


AKO AY NANINIWALA NA SI HESUS ANG MESIYAS. SIYA IPINANGAKONG CORDERO UPANG MAALIS ANG ATING MGA KASALANAN. DI NA NATIN KAILANGAN PANG MAGSAKRIPISYO. NIAS KO MAGING ISANG DISIPULO NI HESUS.



NANDITO ANG TUBIG! ANO ANG PUMIPIGIL SA AKIN UPANG MABAUTISMOHAN?
BABAUTISMOHAN KITA KUNG IKAW AY SAAMPALATAYA KAY HESUS NG IYONG BUONG PUSO.
OH! AKO AY GANOON! AKO AY SUMASAMPALATAYA!


BINA-BAUTISMOHAN KITA SA PANGALAN NG ATING PANGINOON AT TAGAPAGLIGTAS NA SI *HESU*-CRISTO.


PURIHIN ANG DIYOS!





MGA GAWA 8:36-39



# KABANATA 13

# SA BUONG MUNDO


DAHIL SA TAKOT NG KANILANG MGA BUHAY, ANG MGA CRISTIANO AY NAGTITIPON SA LIHIM UPANG MAKINIG SA PAGBASA NG SALITA NG DIYOS AT UPANG UMAWIT NG MGA PAPURI.
MGA MAHAL NAMING KAIBIGAN, ANG ATING PANGINOON AY NAGBATA UPANG ALISIN ANG ATING MGA KASALANAN. HINDI KATAKA-TAKA NA TAYO RIN AY MAGBATA PARA SA KANYA. HUWAG MAGTAKA NG LABIS SA PAG-UUSIG NA ATING NARARANASAN.
SINABI NI JESUS, "KUNG SINO MANG TAO ANG NAIS MAGING DISIPULO KO, PASANIN NIYA ANG KANIYANG KRUS AT SUMUNOD SA AKIN." ANG IBIG SABIHIN NIYAN DALHIN NATIN ANG ATING MGA KRUS SA BUROL NG PAGPAPAKO KUNG TAYO AY TINAWAG UPANG GAWIN ITO. NGAYON ANG SALMO 22 AY NAGSASABI SA ATIN...


O DIOS TULUNGAN MO KAMI. ITO ANG MAMAMATAY- TAO, SI SAULO.
MANATILI KUNG NASAAN KAYO! ITONG DAYUHANG RELIHIYON AY HINDI PAHIHINTULUTAN. KAYO AY LUMALAPASTANGAN SA ATING MGA NINUNO AT SA ATING BAYAN. KAYO AY MGA HANGAL! MAARI NIYONG ITAKWIL IYAN O MAMATAY.
DAKLUTIN ANG KANILANG PINUNO. GAGAWIN NATIN SIYANG
HALIMBAWA.


NAGKAROON NA TAYO NG LAHAT NG MGA MESIYAS NA ATING TINANGGAP. BAKIT NIYO PA SINASAMBA ANG ISANG *PATAY NA KARPENTERO?*
ANG AMING PANGINOONG HESUS AY *BUHAY* AT TAGAPAGLIKHA NG SANSINUKOB.
MAAARI KANG MAGPASIYA NA MANIWALA SA IBA KAPAG AMIN NANG NILAGAY ANG IYONG *ASAWA SA BILANGGUAN.*




MATEO 16:24; MGA GAWA 9:1-2


ETO ANG ISA PA SA INYONG MGA NAGMAMAHAL KAY CRISTO.
ALAM NATIN NA ITO'Y MAAARING MANGYARI NOONG TAYO AY NAGING MGA CRISTIYANO.


IYAN YUNG PARISEO NA PINANGALANANG SI SAUL. SIYA AY HUMIHINGA NG POOT AT PAGPATAY.
OO, KAILANGAN NATING MANALANGIN PARA SA KANYA. IPANALANGIN NA ANG DIYOS ANG MAGPALAMBOT SA KANYANG PUSO AT MAKITA NIYA ANG KATOTOHANAN.
SI SAUL AY PUNO NG POOT.
MAALALA NIYO, MARAMI SA ATIN AY NAG-AALINLANGAN NOONG UNA.


MAGALING, SAULO, SA PALAGAY KO AY NAHANAP MO NA ANG LAHAT NG TAGASUNOD NI HESUS SA JERUSALEM.
HINDI, LALO PA SILANG DUMARAMI KAPAG PINAPATAY AT BINIBILANGGO NATIN. SILA'Y KUMALAT SA IBA'T-IBANG LUNGSOD. NAPUNO NGA SA KANILA ANG MGA SINAGOGA DOON SA DAMASKO.


BIBIGYAN KITA NG MGA UTOS PARA SA PAGDAKIP SA KANILA, AT MAAARI KANG MAKAPUNTA SA DAMASKO.
PUPUNTA AKO KAAGAD.
AKALA NI SAULO AY TUNGKULIN NIYANG IPAGTANGGOL ANG KANYANG RELIHIYON AT KANYANG BANSA LABAN SA IBANG MGA PANINIWALA. SUBALIT NAGPA-LIGALIG SA KANYA NA ANG MGA CRISTIANO AY MAY TAGLAY NA KAPAYAPAAN AT LAKAS NG LOOB NA HINDI PA NIYA ALAM.


BIGLA NA LANG, ISANG LIWANAG NA MAS MAKINANG PA KAYSA ARAW ANG NAGPAKITA SA HARAP NI SAULO.
SAULO, SAULO, BAKIT MO AKO PINAG-UUSIG?
ANG KABAYO NI SAULO AY LUBHANG NATAKOT KAYA NAITAPON SIYA NITO SA DAAN AT TUMAKBO PALAYO.



SINO KA, PANGINOON, NA AKING INUUSIG?
AKO SI HESUS, NA IYONG INUUSIG KAPAG IKAW AY NAGPAPARUSA SA AKING MGA TAGASUNOD.
PANGINOON, ANO ANG GUSTO MONG GAWIN KO?
TUMINDIG KA. PUMUNTA KA SA LUNGSOD, AT PAGSASABIHAN KA KUNG ANO ANG GAGAWIN MO.
MGA GAWA 9:7-19


NARINIG MO BA ANG TINIG?
OO, NGUNIT HINDI KO MAUNAWAAN KUNG ANO ANG SINABI.
AKO RIN, HINDI. ITO'Y TUNOG TULAD NG KULOG.
ITO AY TINIG NG DIYOS!
DI AKO MAKAKITA! TULUNGAN NINYO AKO. DI AKO MAKAKITA. IHATID NINYO AKO SA LUNGSOD.


ANG AKING PANGALAN AY ANANIAS. SINABI SA AKIN NI HESUS SA ISANG PANGITAIN AT SINABIHAN AKO NA PUMUNTA SA IYO AT IBABALIK NIYA ANG IYONG PANINGIN.
TOTOO NGA NA AKO AY BULAG.


SA PANGALAN NI *HESU-CRISTO,* TANGGAPIN MO ANG IYONG ***PANINGIN***.


NAKAKAKITA NA AKO! AT SABI MO GINAWA ITO NI HESUS. SABIHIN MO SA AKIN ANG HIGIT PA TUNGKOL KAY HESUS.


KAYA BINUKSAN NI ANANIAS ANG BANAL NA KASULATAN AT IPINAKITA KAY SAULO ANG MGA HULA KAY JESUS.
OO, AKO'Y NAGING HANGAL TALAGA. ANG LAHAT NG ITO AY NANDIYAN SA KASULATAN SA BUONG PANAHON. AKO AY BINULAG NG AKING KASIGLAHAN SA RELIHIYON. GUSTO KONG MAGPABAUTISMO AT MAGING ISANG TAGASUNOD NI HESUS.
BINAGO NG DIYOS ANG PANGALANG SAULO SA PABLO.
MGA GAWA 9:3-6


SI SAULO, NGAYON AY PABLO NA, AY BAGONG TAO NA MAY BAGONG MENSAHE. HINDI NA NIYA GUSTONG PUMATAY PA NG MGA CRISTIANO. GUSTO NIYANG HIMUKIN ANG IBA UPANG MANIWALA KAY HESU-CRISTO.
NAUUNAWAAN KO ANG INYONG PAG-AALINLANGAN. AKO RIN, DI ***NANINIWALA,*** NGUNIT SINASABI KO SA INYO, SI HESUS NA TAGA-NAZARET AY NAKATUPAD SA LAHAT NG SINAUNANG HULA TUNGKOL SA ATING MESIYAS.
SUBALIT ANG PINAKA ***DAKILANG*** PRUWEBA AY BINUHAY SIYA NG DIYOS NA MAGULI MULA SA MGA ***PATAY***.



ANONG URING HANGAL KA? PAANO PINAHINTULUTAN NG MESIYAS ANG KANYANG SARILI NA PATAYIN NG ATING MGA KAAWAY?
SIYA AY KORDERO NG DIYOS, UPANG ALISIN ANG ATING MGA KASALANAN.



ANG DIYOS NAMAN AY GUMAGAWA RIN SA MGA HENTIL. MERONG ISANG ROMANONG KAWAL NA NAGHANAP SA DIYOS SA PANALANGIN.
DIYOS KO, ALAM KO NA IKAW AY IISA, ANG TAGAPAGLIKHA NG MGA TAO. ANG RELIHIYON NG AKING LAHI AY MASAMA AT HINDI ITO NAGBIBIGAY NG KAPAYAPAAN. IPAKITA MO ANG IYONG DAAN AT AKO AY LALAKAD DITO.



SINO? ANO? SINO KA? SAAN KA NANGGALING?
ANG IYONG MGA PANALANGIN AY DININIG. AKO'Y ISINUGO NG DIYOS. MAGPADALA KA NG MGA TAO SA JOPPA SA BAHAY NG ISANG TAGAPAGLUTO NG BALAT NA PINANGALANANG SIMON. MAKIKITA MO ITO NA MALAPIT SA BAYBAYIN. IPAGTANONG MO ANG ISANG TAO NA PINANGALANANG SI PEDRO. PUPUNTA SIYA DITO AT SASABIHIN SA IYO ANG KATOTOHANAN TUNGKOL SA DIYOS.


Ginawa na ng Diyos ang *KAPAYAPAAN* sa pamamagitan ng dugo sa kanyang krus.
Pedro, ang aming amo ay napaka-relihiyosong tao, isang mabuting tao, ngunit siya ay naguguluhan sa maraming bagay. Nananalangin siya sa lahat ng panahon, at nagbibigay ng pera sa mga pulubi, ngunit siya ay walang kapayapaan sa Dios.
Anong ibig sabihin niyan?
Ipapaliwanag ko ito sa iyong kapitan.



ANG KAPITAN AY SUMALUBONG KAY PEDRO SA PINTO AT YUMUKOD SA KANYA.
TUMAYO KA. HUWAG KANG MAGPAKITA NG PAGSAMBA SA AKIN. AKO RIN AY ISANG TAO KAGAYA MO. SAMA-SAMA MONG TAWAGIN ANG LAHAT AT SASABIHIN KO ANG MABUTING BALITA.


ITO'Y ISANG DAKILANG ARAW. PINADALA NG DIYOS SI PEDRO, ISA SA MGA DISIPULO NI HESUS, UPANG MAGSALITA SA ATIN TUNGKOL SA KANYA.
MGA GAWA 9:20-22, 10:1-27, 38-41
OO, AKOY LUMAKAD KASAMA SI HESUS SA LOOB NG TATLO AT KALAHATING TAON. NAKITA KO SIYA NA IPINAKO SA KRUS, AT NAKITA KO SIYA PAGKATAPOS NA SIYA AY BUMANGON NA MAGULI SA MGA PATAY. MERONG 500 SA AMIN NA NAGTITIPON SA ISANG LUGAR UPANG MAKINIG SA KANYA NA NANGARAL PAGKATAPOS NG KANYANG PAGKABUHAY MULI. KUMAIN SIYA KASAMA NAMIN AT NAHAWAKAN NAMIN SIYA. ITINURO NIYA NA MAGMAHAL SA AMING MGA KAAWAY AT MANALANGIN PARA SA KANILA NA UMUUSIG SA AMIN. ISINUGO NIYA ANG KANYANG ESPIRITO...


SI KAPITAN CORNELIO AT KANYANG BUONG SAMBAHAYAN AY NANIWALA SA EBANGHELYO NI HESU- CRISTO AT LAHAT AY NABAUTISMUHAN DIN NG ARAW NA IYON.



SI PABLO AY PUMASOK SA SINAGOGA SA ANTIOKIA AT NANGARAL SA MGA JUDEYO SA ARAW NG SABBAT.
KILALA NINYO AKO. INUUSIG KO ANG MGA CRISTIYANO UPANG MAMATAY, NGUNIT SI JESUS AY NAGPAKITA SA AKIN SA ISANG NAKAKABULAG NA LIWANAG, NA MAY ISANG TINIG GAYA NG ISANG **KULOG** NAGSABI SA AKIN NA ***IPANGARAL*** ANG KANYANG SALITA. SINIYASAT KO ANG KASULATAN TUNGKOL SA MESIYAS AT NATAGPUAN KO NA TINUPAD NI HESUS ANG LAHAT NG MGA HULA.


SINABI NG DIYOS NA SIYA AY MAGTATAYO NG ISANG ANAK NA LALAKE NI DAVID UPANG MAGING TAGPAGLIGTAS SA ISRAEL, AT ANG MGA PINUNO SA JERUSALEM AY PARURUSAHAN SIYA UPANG MAMATAY. ITO'Y NAKASULAT SA IKALAWANG SALMO, "IKAW AY AKING ANAK. SA ARAW NA ITO AY IPINANGANAK KITA."


SA IBANG SALMO SINASABI DOON NA HINDI PAHIHINTULUTAN NG DIYOS NA ANG KANYANG BANAL AY MAKAKITA NG KABULUKAN. ITO'Y ISANG HULA NA, BAGAMAN SIYA AY MAMAMATAY, ANG KANYANG KATAWAN AY HINDI MAPINSALA. DAPAT ITO AY MALAMAN NA MATATAGPUAN NIYO KAY HESUS ANG KOMPLETONG KAPATAWARAN MULA SA MGA KASALANAN, ISANG BAGAY NA HINDI MAIBIBIGAY NI MOISES.


ISINUGO NG DIYOS SI HESUS UPANG MAGING ILAW SA ***MGA HENTIL,*** ANG TAGAPAGLIGTAS NG LAHAT NG MGA BANSA.
***MGA HENTIL!*** ANG MGA HENTIL AY MARUMI. SILA AY DI MAARING MAKISALI SA PANANAMPALATA YA NG MGA JUDEYO.
IKAW AY ***LAPASTANGAN!*** SI HESUS AY HINDI TUNAY NA ANAK AYON SA BATAS. ITO'Y NAPABALITA NA ANG KANYANG INA AY BUNTIS NA BAGO PA SILA ***IKINASAL***.
SALMO 2:7, 16:10; MGA GAWA 2:27, 10:47, 13:35


IKAW AY MAARING BATUHIN UPANG MAMATAY DAHIL SA IYONG MALING PANINIWALA.
DAHIL KAYO AY TUMANGGI SA MAGANDANG BALITA NG BUHAY NA WALANG HANGGAN, DADALHIN NAMIN ANG AMING MENSAHE SA MGA HENTIL, GAYA NG IPINAHAYAG NG MGA PROPETA.


NANG ITO'Y NAGING MALINAW KAY PABLO NA ANG MGA JUDEYO BILANG ISANG BANSA AY PATULOY NA ITINATAKWIL SI CRISTO, SIYA AY NAGPATULOY SA KANYANG MGA GAWAIN SA MGA BANSANG HENTIL MALIBAN SA ISRAEL.
PAPURI SA DIYOS AT SA KANYANG ANAK NA SI HESUS. ANG KALIGTASAN AY DUMATING SA MGA HENTIL!
PABLO, BAUTISMOHAN MO AKO!
SABIHAN MO PA KAMI NG MGA HULA TUNGKOL KAY HESUS.
MARAMING MGA HENTIL ANG NANAMPALATAYA SA EBANGHELYO AT NAGPATULOY SA BIYAYA NG DIYOS.



ANG MGA JUDEYO AY NAGALIT AT PINALABAS SI PABLO AT BARNABAS SA SIYUDAD, NA PINAGBANTAAN SILA NA PAPATAYIN KUNG SILA'Y BABALIK. KAYA SI PABLO AT BARNABAS AY NAGPUNTA SA ASIA AT DINALA ANG MAGANDANG BALITA SA BAWAT ISA NA KANILANG MAKASALUBONG.
BARNABAS, KUNG AKO AY MADAPA PATULOY KANG TUMAKBO. HUWAG KANG HUMINTO.


SA LISTRA, BINATO NG MGA JUDEYO SI PABLO UPANG MAMATAY AT ITINAPON ANG KANYANG KATAWAN SA LABAS NG LUNGSOD.
DIYOS KO *PATAWARIN* MO SILA. *PINATAY NILA* SI PABLO.
MGA GAWA 14:20, 16:23-25; 2 CORINTO 11:24-25; APOKALIPSIS 4:11


SUBALIT GUMAWA ANG DIYOS ANG ISANG HIMALA AT IBINANGON SI PABLO.
PABLO, AKALA KO IKAW AY PATAY NA!
HINDI PA, IPINAKITA NG DIYOS SA AKIN ANG MARAMING BAGAY NA AKO'Y DAPAT MAGDUSA PARA SA KANYANG PANGALANAT TAYO AY NAGPASIMULA PA LAMANG. BUMALIK TAYO SA LUNGSOD.


SA FILIPOS NG MACEDONIA, SI PABLO AT SILAS AY PINALO NG 39 NA HAGUPIT AT BINILANGGO. KAHIT NA SA KANILANG PAGDURUSA, ANG KANILANG MGA PUSO AY PUNO NG KAGALAKAN, AT SA HATINGGABI SILA'Y UMAWIT NG MGA PAPURI SA DIYOS.
PANGINOON, IKAW AY KARAPATDAPAT TUMANGGAP NG KALUWALHATIAN AT KARANGALAN AT PAPURI...



AHHHH!
SI JESUS AY PANGINOON!


WAPP!
SA MGA SUMUNOD NA TAON SI PABLO AY PINALO SA PAMAMAGITAN NG ISANG PAMALO SA TATLONG MAGKAIBANG MGA PANAHON. SUBALIT SIYA AY NAGPATULOY SA PANGANGARAL KAY JESUS.
MGA GAWA 14:18-19



HABANG SI PABLO AY NAGLALAKBAY MULA SA ISANG LUGAR PAPUNTA SA ISANG LUGAR NA NANGANGARAL, TATLONG BESES ANG BARKO NA SINAKYAN NIYA AY LUMUBOG.
SA ISANG PANAHON SIYA AY NAGPALUTANG-LUTANG SA DAGAT NG ISANG ARAW AT ISANG GABI BAGO SIYA NASAGIP NG ISANG DUMADAANG BARKO.
MALIMIT NA SI PABLO AY SINALAKAY NG MGA MAGNANAKAW.
NGUNIT SIYA AY NAGPATULOY SA PANGANGARAL.

NAGBATA SI PABLO NG SAKIT, LAMIG, INIT, GUTOM, AT LAHAT NG BAGAY NG PAGTITIIS HABANG SIYA AY NAGLALAKBAY SA SANLIBUTAN NA IPINAMAMALITA SA MGA TAO ANG TUNGKOL KAY HESUS.




SI PABLO AY PUMUNTA MULA SA ISANG LUNGSOD PATUNGO SA ISANG LUNGSOD NAGBIBIGAY NG BABALA LABAN SA PAGSAMBA SA MGA DIYOS-DIYOSAN AT NAGSASALAYSAY NG MAGANDANG BALITA TUNGKOL KAY HESU-CRISTO.
KAYO AY TUMALIKOD PAPUNTA SA DIYOS MULA SA INYONG MGA *DIYOS-DIYOSAN,* AT ANG DIYOS AY INARI KAYONG GANAP SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA NA WALANG KINALAMAN SA KAUTUSAN. KAYO NGAYON AY KASAPI NA NG KANYANG KATAWAN, AT KAYO AY KABILANG NA SA SAMBAHAYAN NG *DIYOS*.
PURIHIN ANG DIYOS!

1 COR. 10:14, 12:12-13,18; 2 COR 11:25;
GALACIA 2:6; EFESO 2:19



SI JESUS AY NAGBABALA SA MGA DISIPULO. "PAGKATAPOS AY IBIBIGAY NILA KAYO SA PAGHIHIRAP AT PAPATAYIN NILA KAYO. KAPOPOOTAN KAYO NG LAHAT NG MGA BANSA DAHIL SA AKING PANGALAN. MARAMI ANG MATITISOD AT MAGKAKANULO SA ISA'T ISA AT MAPOPOOT SA ISA'T ISA. MARAMING LILITAW NA MGA BULAANG PROPETA AT ILILIGAW ANG MARAMI."






NANG TUMANDA NA YAONG MGA NAKAKITA KAY CRISTO AT ANG IGLESYA AY KUMALAT SA BUONG IMPERYO NG ROMA , ANG MGA ROMANO AY NAGSIMULANG HANAPIN ANG MGA CRISTIANO AT INUSIG SILA UPANG MAMATAY. KAPAG AYAW ITAKWIL NG MGA MANANAMPALATAYA SI CRISTO, SILA AY DINADALA SA ARENA, AT PANONOORIN NG MGA TAO HABANG SILA AY GINUGUTAY-GUTAY NG MGA LEYON AT MGA TIGRE.


GGRRRR!
IEEEE!


MINSAN ANG MGA CRISTIANO AY TINATADTAD UPANG MAMATAY SA PAMAMAGITAN NG MGA ROMANONG MANLALABAN. ANG MGA TAO AY HUMANGA DAHIL ANG MGA MANANAMPALATAYA AY HINDI TUMALIKOD SA KANILANG PANANAMPALATAYA. SILA AY HANDANG MAMATAY PARA KAY HESUS.
JASON, MAGKITA TAYO SA PARAISO.
HUWAG!
MATEO 24:9-11




NAKALIPAS ANG 40 TAON, NOONG A.D. 70, ANG MGA ROMANO AY DUMATING AT WINASAK ANG LUNGSOD AT ANG TEMPLO. NANG ANG KAHOY SA LOOB NG TEMPLO AY NASUNOG, ANG GINTO NG TEMPLO AY NATUNAW AT UMAGOS SA MGA BITAK SA PAGITAN NG MGA BATO SA SAHIG AT PUNDASYON. HABANG SINIKAP NG MGA ROMANO NA MABAWI ANG GINTO, NAKITANG NILANG KAILANGAN NA ALISIN ANG BAWAT BATO. ANG HULA NI HESUS AY NATUPAD.

ANG MGA JUDEYO SA HERUSALEM AT ISRAEL NA NATIRANG BUHAY SA DIGMAAN AY TUMAKAS PAPUNTA SA MGA HENTIL NA BANSA, NA KUNG SAAN MARAMI SA KANILANG MGA LAHI AY NAMUHAY HANGGANG SA ARAW NA ITO.





ANG MGA CRISTIANONG JUDEYO NAMAN AY TUMAKAS SA IBANG MGA BANSA NA KUNG SAAN SILA AY NANGARAL NG EBANGHELYO NI CRISTO, AT ANG IGLESYA AY LUMAGO.

KAHIT SAAN SILA TUMAKAS, MAYROON NANG MGA CRISTIANO DOON ANG MALUGOD NA TUMANGGAP SA KANILA.




MATEO 24:2; LUKAS 19:43-44


ANG MGA APOSTOL NI HESUS AY NAGPATULOY SA PANGANGARAL NG MULING PAGKABUHAY NI HESU- CRISTO HANGGANG SA KANILANG KAMATAYAN. ISA-ISA SILANG PINATAY. SILANG LAHAT AY NAMATAY NA MATAPANG, YAMANG ALAM NILA NA MAYROONG MAS MABUTING TAHANAN SILA SA LANGIT.
ANG IBA AY IPINAKO NG MGA ROMANO.
ANG IBA AY TINANGGALAN NG MGA BITUKA HABANG BUHAY PA AT PINAGPUTOL-PUTOL.


ANG IBA AY PINAKAIN SA MGA MABANGIS NA HAYOP.
ANG IBA AY BINATO UPANG MAMATAY.
ANG IBA AY PINUTULAN NG ULO.


MATEO 14:10; JUAN 21:18
SI PEDRO AY IPINAKO NG PATIWARIK.
HINDI AKO KARAPAT- DAPAT NA MAMATAY GAYA NG IYONG PAGKAMATAY, PANGINOON.
ANG IBA AY DAHAN-DAHAN NA PINAKULUAN SA LANGIS.
AKO'Y PUPUNTA SA MAS MABUTING LUGAR. SANAY PATAWARIN KAYO NG DIYOS.
SILANG LAHAT AY NAMATAY SA PANANAMPALATAYA, NA MAY KATIYAKAN NA SILA AY MAYROONG BAGONG KATAWAN AT MAS MABUTING TAHANAN NA NAGHIHINTAY.


ANIMNAPUNG TAON ANG NAKALIPAS SA MULING PAGKABUHAY NI HESUS, SI JUAN LAMANG ANG APOSTOL NA NAIWAN. SIYA AY TINAPON SA ISANG ISLA NA MABATO NA TINAWAG NA PATMOS. DINALA NG ESPIRITU SI JUAN PATUNGO SA LANGIT NA KUNG SAAN IPINAKITA SA KANYA NG DIYOS ANG HINAHARAP.
JUAN, IPAPAKITA KO SA IYO SA MGA BAGAY NA MANGYAYARI SA HINAHARAP. ISULAT MO ANO ANG IYONG NAKITA AT ILAGAY ITO SA ISANG AKLAT AT IPADALA SA PITONG IGLESYA SA ASIA.



KAPAG ANG PANAHONG ITO AY MALAPIT NA SA KATAPUSAN, SI HESUS AY BABALIK AT BUBUKSAN ANG MGA LIBINGAN NG LAHAT NG MGA NANAMPALATAYA SA KANYA. KASAMA ANG BUHAY NA MGA MANANAMPALATAYA, SILA AY BABANGON UPANG KATAGPUIN SI HESUS SA HANGIN AT MANANATILING KASAMA NA NIYA MAGPAKAILANMAN.
SA KATAPUSAN NG MGA ARAW, ANG DIYOS AY DADALAW SA SANLIBUTAN KASAMA ANG MGA NAKASISINDAK NA KALAMIDAD. ANG APOY AY MAHUHULOG AT MAGKAKAROON NG IBANG MGA SALOT NA LILIPOL SA KARAMIHAN NG MGA TAO NA NABUBUHAY SA MUNDO.

ISANG TAO ANG DARATING AT AANGKININ ANG PAGIGING MESIYAS, AT LILINLANGIN NIYA ANG MARAMING TAO. SIYA AY GAGAWA SA MGA TAO UPANG IPAKITA ANG KANILANG KATAPATAN SA KANYA AT SA KANYANG PAMAHALAAN SA PAMAMAGITAN NG ISANG MARKA SA KANILANG MGA NOO O SA LIKOD NG KANILANG MGA KANANG KAMAY.




1 TES 4:16; APO 1:16, 19:11-21, 20:10-15, 21:1-4

ANG MGA HINDI TATANGGAP SA MARKA AY PAPATAYIN SA PAMAMAGITAN NG PAGPUGOT SA KANILANG ULO. ITO AY ISANG PANAHON NG MALAKING PAGDURUSA PARA SA KANILA NA NAIWAN SA LUPA.


GAYA NG PAGKAHULA, SI HESUS AY BABALIK MULI SA HULING MGA PANAHON.
SIYA AY DARATING NG BUO NIYANG KALUWALHATIAN AT KAPANGYARIHAN AT HINDI TULAD SA ISANG MORTAL NA TAO. ANG LANGIT AY MABUBUKSAN AT SIYA AY BABABA, NA NAKASAKAY SA LIKOD NG PUTING KABAYO.
SIYA AY LILIWANAG GAYA NG ARAW AT NAKASUOT SA KANYANG ULO ANG MARAMING KORONA. HAWAK NG KANYANG KANANG KAMAY ANG PITONG BITUIN AT MULA SA KANYANG BIBIG AY LALABAS ANG TABAK NG KATOTOHANAN.

HAHARAPIN NIYA SI SATANAS AT IBUBULID NIYA SA DAGAT-DAGATANG APOY NA KUNG SAAN SIYA AY PARURUSAHAN NG WALANG KATAPUSAN AT HINDI NA MULING TUTUKSO SA TAO. IBUBULID DIN NI HESUS ANG KAMATAYAN, ANG KANYANG HULING KAAWAY, SA DAGAT-DAGATANG APOY AT ANG SANLIBUTAN AY GAGAWIN NANG BAGO.




TITIPUNIN NG DIYOS ANG LAHAT NG SUMAMPALATAYA SA KANYANG ANAK AT BIBIGYAN SILA NG BUHAY NA WALANG HANGGAN. PAPAHIRAN NG DIYOS ANG LAHAT NG MGA LUHA AT WALA NG KAMATAYAN, KALUNGKUTAN, PAG-IYAK O SAKIT, SAPAGAKAT ANG MGA DATING BAGAY AY LUMIPAS NA. SI HESUS AY MAGHAHARI BILANG HARI AT TAGAPAGLIGTAS SA KANYANG MGA MATUWID NA TAO SA ISANG MUNDO NA WALA NANG KASALANAN AT KAMATAYAN.

I TES. 4:14,16-17;2 TES. 2:3-4, APO. 1:9,11, 8:1-13, 9:18,13:16, 20:4


ANG EBANGHELYO NI HESU-CRISTO AY IPINANGARAL NA SA LOOB NG 2000 TAON. SI HESUS AY HUMULA NA ANG KANYANG MENSAHE SA KAHARIAN AY LALAGANAP NG PALIBOT SA BUONG MUNDO HANGGANG ANG BAWAT BANSA, TRIBO, AT PAMILYANG GRUPO AY MAKARINIG SA MABUTING BALITA.


MAYROOON LAMANG IISANG DIYOS AT IISA LANG ANG KANYANG ANAK NA LALAKE. MAYROON LAMANG IISANG PANANAMPALATAYA AT ISANG BANAL NA AKLAT. IISA LAMANG ANG DAAN UPANG MAKAPASOK SA PARAISO PAGKATAPOS NG BUHAY NA ITO. SI HESUS ANG DAAN, ANG KATOTOHANAN, AT ANG BUHAY, TULAD SA NATAGPUAN NG MGA TAO SA LAHAT NG BANSA.

ANG EBANGHELYO NI CRISTO AY IBA SA LAHAT NG MGA RELIHIYON SA MUNDO NA ITO AY HINDI PINAPALAGANAP SA PAMAMAGITAN NG PAGPILIT AT PANANAKOT. ITINURO NI HESUS SA KANYANG MGA TAGASUNOD NA IBIGIN ANG KANILANG MGA KAAWAY AT MAPUSPOS NG KAGALAKAN AT PAG-AWIT. NGAYON, ANG MGA TAO SA BAWAT BANSA AT WIKA AY NAGAGALAK SA KAPATAWARAN AT SA BUHAY NA WALANG HANGGAN.




GAYUN PA MAN MAHIGIT NA SA 2,000 TAON MULA NANG SI HESUS AY BINUHAY NA MAGULI SA MGA PATAY, AT MAYROON PANG MARAMI NA HINDI PA NAKARINIG SA MABUTING BALITA. KAILANGANG MAY ISA NA MAGSASABI SA KANILA.


# ANG MALAKING PUTTING TRONO NG PAGHUKOM




IKAW BA AY ISANG ANGHEL? SAAN MO AKO DADALHIN?


SIGURO TITIMBANGIN NG PANGINOON ANG AKING MGA MABUTING GAWA LABAN SA AKING MASAMANG GAWAIN.

HEBREO 9:27


TINITINGNAN NIYA KUNG ANG PANGALAN MO AY NAKASULAT SA AKLAT NG BUHAY NG KORDERO.
AT NAKITA KO ANG MGA PATAY, MALILIIT AT MALALAKI, NANAKATAYO SA HARAPAN NG LUKLUKAN: AT NABUKSAN ANGAKLAT: AT NABUKSAN ANG IBANG AKLAT, NA SIYANG AKLATNG BUHAY: AT ANG MGA PATAY AY HINATULAN AYON SAMGA BAGAY NA NASUSULAT SA MGA AKLAT, AYON SAKANILANG MGA GAWA.


KARANIWANG TAO, LUMAPIT KA SA TRONO.
HAHTULAN NG DIYOS ANG SECRETO NG TAO SA PAMAMAGITAN NI HESU CRISTO



KARANIWANG TAO, ITO AY ANG IYONG HULING ARAW SA KORTE. IKAW AY INAKUSAHAN NG MARAMING MALAKING KASALANAN. PAANO MO ITO ISUMAMO?
AKO PO AY NAGKASALA NG KAUNTI, PERO AKO AY NAGING MABUTING TAO, ITANONG NIYO PO SA MGA NAKAKILALA SA AKIN.





MGA TAGAROMA 2:6; PAHAYAG 20:12


DALHIN ANG KANYANG AKLAT.


The life of
John Doe


ANG AKLAT NA YAN AY MAY PANGALAN KO.
THE LIFE OF JOHN DOE



SIN INDEX
Lying 1-48
Lust 49-74
Hatred 75-91
Greed 92-115
Idolatry 116-132
Pride 133-175
Adultery 176-204
Unbelief 205-250
Gluttony 251-271
Murder 272
ual Acts 273-274


ANG AKLAT MO AY NAGHAYAG NA MARAMI KANG NAGAWANG KASALANAN.


TANUNGIN ANG SINUMANG NAKAKAKILALA SA AKIN; AKO AY ISANG MABUTING TAO.
HINDI DAHIL SA MGA KATUWIRAN NA GINAWA NATIN, KUNDI AYON SA KANYANG KAAWAAN AY INILIGTAS NIYA TAYO.
TITO 3:5


NAGING MABUTING TAO KA BA NANG IKAW AY NASINUNGALING?


NAGING MABUTING TAO KA BA NANG IKAW AY NAKINIG?
NAGING MABUTI KA BA NANG IKAW AY NAGPAKITA NG IYONG GALIT?


PERO HINDI AKO NAKAGAWA NG MGA KASALANAN. AKO AY ISANG RELIHIYOSONG TAO.
IKAW PA RIN AY GUMAGAWA NG DAHILAN. LAHAT NG KASALANAN AY MASAMA.
LUMISAN KAYO SA AKIN, LAHAT NG NAKAGAWA NG KASALANAN. HINDI KO KAYO KILALA.


O PANGINOON, HINDI ITO MAAARI!
PAUMANHIN. HULI NA PARA TAWAGIN ANG PANGINOON.


IEEEEEE!


ANG MASASAMA AY ITATAPON SA KALAN NG APOY, DIYAN NA ANG PAGTANGIS AT ANG PANGANGALIT NG MGA NGIPIN. MATEO 13:49-50.

# ANG HUKUMAN NI KRISTO




JOHN 11:25-26


ANG IYONG PANGALAN AY NASA AKLAT NG BUHAY.
ORAS NA PARA TANGGAPIN ANG IYONG GANTIMPALA.


"SAPAGKA'T SIYA'Y NAGTAKDA NG ISANG ARAW NA KANYANG IPAGHUHUKOM SA SANGLIBUTAN AYONSA KATUWIRAN SA PAMAMAGITAN NG LALAKING KANIYANG ITINALAGA;
NA ITO'Y PINATUNAYAN NIYA SA LAHAT NG MGA TAO, NANG SIYA'Y BUHAYIN ULIT MULA SA MGA PATAY."


MAGANDANG PAGTAPOS, AKING MABUTING TAGAPAGLINGKOD. PUMASOK KA SA KASIYAHAN NG IYONG PANGINOON.

ACTS 17:31

Our desire is that after reading *Good and Evil®* you will be motivated to read the entire Bible and that it will come alive to you. Make it a daily habit to read a portion of the Bible and then pray that God will help you understand and apply it.

Copyright © 2008, 2017
Michael and Debi Pearl.

ALL RIGHTS RESERVED.

**Author:** Michael Pearl

**Artist:** Danny Bulanadi

**Coloration:** Clint Cearley

https://goodandevilbook.com/